★ ★ ★ ★ ★ OPISYAL NA PATNUBAY NA IMPORMASYON PARA SA BOTANTE ★ ★ ★ ★ ★

Pangkalahatang Halalan sa California

Martes, Nobyembre 3, 2020

Bukas Ang Mga Lugar ng Botohan Mula 7:00 a.m. hanggang 8:00 p.m. sa Araw ng Halalan!

BUMOTO NANG LIGTAS

CALIFORNIA

Makakatanggap ang bawat nakarehistrong botante sa California ng balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo sa Pangkalahatang Halalan. Alamin pa ang tungkol sa mga pagbabago sa halalan sa loob.

Sertipiko ng Pagta-tama

Ako, si Alex Padilla, Kalihim ng Estado ng Estado ng California, ay pinatutunayan sa pamamagitan nito na ang mga panukalang isasama rito ay ihaharap sa mga manghahalal ng Estado ng California sa Pangkalahatang Halalan na gaganapin sa buong Estado sa Nobyembre 3, 2020, at ang patnubay na ito ay wastong inihanda alinsunod sa batas. Saksihan ang aking kamay at ang Dakilang Selyo ng Estado sa Sacramento, California, ngayong ika-10 araw ng Agosto, 2020.

Alex Padilla, Kalihim ng Estado

★ Maaari kayong humiling ng mga karagdagang kopya ng Opisyal na Patnubay na Impormasyon para sa Botante sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa opisyal ng halalan sa inyong county o sa pagtawag sa (800) 339-2957 ★

BUMOTO NANG LIGTAS sa mga Lokasyon ng Maagang Pagboto

Magiging bukas ang isa o higit pang lokasyon ng maagang pagboto sa maraming county nang **hindi bababa sa apat na araw** simula sa Sabado bago ang halalan sa **Nobyembre 3, 2020**. Mag-aalok ang mga lokasyon ng pagboto ng pagpaparehistro ng botante, mga pamalit na balota, mga madaling magamit na aparato sa pagboto, at tulong sa wika.

Maari kayong makatulong sa pagpapanatiling ligtas sa mga lokasyon ng pagboto para sa mga botante at manggagawa sa halalan sa tatlong paraang ito:

1 Hindi na kailangang pumila.

Maaari kayong magbalik ng mga nakumpletong balota **sa pamamagitan ng koreo** nang hindi kinakailangan ng selyo, sa ligtas na **drop box ng balota**, o sa **lokasyon ng pagboto**. Magkakaroon ng mga hiwalay na pila ang mga lokasyon ng pagboto para sa mga botanteng maghuhulog ng kanilang mga nakumpletong balota.

Maghanap ng malapit na drop box o lokasyon ng pagboto sa *CAEarlyVoting.sos.ca.gov*

2 Bumoto nang maaga.

Kung personal kayong pupunta sa isang lokasyon ng pagboto, **pumunta bago ang Araw ng Halalan** upang makatulong sa pisikal na pagdistansya. Magiging bukas ang isa o higit pang lokasyon ng pagboto sa maraming county **nang hindi bababa sa apat na araw** simula sa Sabado bago ang Araw ng Halalan.

3 Sundin ang mga pamamaraang pangkaligtasan.

Protektahan ang inyong kalusugan at ang kalusugan ng iba pang botante at manggagawa sa halalan sa pamamagitan ng pagsasagawa sa mga sumusunod na pag-iingat:

CHECKLIST NG KALIGTASAN SA LOKASYON NG PAGBOTO

- ☑ **Magsuot ng pantakip sa mukha** habang nasa lokasyon ng pagboto.
- ☑ **Magpanatili ng 2 dipang distansya** mula sa ibang tao.
- ☑ **Maghugas ng mga kamay** bago at pagkatapos pumasok sa lokasyon ng pagboto.
- ☑ **Gumamit ng hand sanitizer** pagkatapos humawak sa mga pinto o kagamitan sa pagboto.
- ☑ **Magdala ng ball pen** upang maiwasan ang paghawak sa mga surface na pinakamadalas hawakan.

Gusto ng higit pang impormasyon tungkol sa kung paano manatiling ligtas habang bumoboto?

Basahin ang mga alituntunin ng Centers for Disease Control and Prevention sa *www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/election-polling-locations.html*

Ang mga botanteng maaaring bumoto sa pamamagitan ng koreo ay makakatulong na matiyak ang ligtas na pisikal na pagdistansya sa mga lokasyon ng pagboto. Magsisimulang magpadala ang mga opisina ng halalan sa county ng mga balota para sa pagboto sa pamamagitan ng koreo sa mga botante sa California simula **Oktubre 5, 2020**. Ang mga balotang ibabalik sa pamamagitan ng koreo ay dapat malagyan ng tatak bago sumapit ang **Nobyembre 3, 2020**; ang mga balotang ibabalik sa ligtas na drop box ng balota ay dapat mailagay bago sumapit ang **8:00 p.m. sa Nobyembre 3, 2020**.

BUMOTO NANG LIGTAS gamit ang Inyong Balota sa Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo

Makakatanggap ang lahat ng botante sa California ng balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo para sa halalan sa **Nobyembre 3, 2020**. Magsisimulang magpadala ang opisina ng halalan sa inyong county ng mga balota, na katulad ng nasa larawan sa ibaba, simula **Oktubre 5, 2020**.



Ang pagboto sa pamamagitan ng koreo ay *LIGTAS* at *MADALI*.

Pagkatapos markahan ang inyong mga napili sa balota:

Sarhan ito.

Ipasok ang inyong balota sa loob ng sobre mula sa opisina ng halalan sa inyong county.

Lagdaan ito.

Tiyaking ***tumutugma ang lagda sa sobre ng inyong balota*** sa lagda sa inyong lisensiya sa pagmamaneho sa CA/ID sa estado, o ang ID na ibinigay ninyo noong nagparehistro kayo. Ikukumpara ng opisina ng halalan sa inyong county ang mga ito upang protektahan ang inyong boto.

Ibalik ito.

Sa pamamagitan ng koreo—Tiyaking malalagyan ng tatak ang inyong balota bago sumapit ang **Nobyembre 3, 2020**. Hindi kinakailangan ng selyo!

O

Personal—Ihulog ang inyong balota sa ligtas na drop box, lugar ng botohan, sentro ng pagboto, o opisina ng halalan sa county bago sumapit ang **8:00 p.m. sa Nobyembre 3, 2020**.

Subaybayan ito.

Maaari kayong mag-sign up sa *wheresmyballot.sos.ca.gov* para sa mga alerto sa pamamagitan ng text (SMS), email, o voice call, tungkol sa katayuan ng inyong balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo.

Ang mga botanteng maaaring bumoto sa pamamagitan ng koreo ay makakatulong na matiyak ang ligtas na pisikal na pagdistansya sa mga lokasyon ng pagboto. Magiging bukas ang mga lokasyon ng pagboto sa lahat ng county bago ang Araw ng Halalan. Mag-aalok ang mga lokasyon ng pagboto ng pagpaparehistro ng botante, mga pamalit na balota, mga madaling magamit na aparato sa pagboto, at tulong sa wika.

BATAS NG MGA KARAPATAN NG
BOTANTE

KARAPATAN NINYO ANG MGA SUMUSUNOD:

1. **Ang karapatang bumoto kung kayo ay rehistradong botante.** Kayo ay kuwalipikadong bumoto kung:
   - isa kayong mamamayan ng U.S. na nakatira sa California
   - 18 taong gulang na o higit pa
   - kayo ay rehistrado sa kung saan kayo kasalukuyang nakatira
   - sa kasalukuyan, hindi kayo nakapiit sa isang pang-estado o pederal na bilangguan o malaya sa bisa ng parol para sa pagkakahatol sa isang mabigat na kasalanan
   - hindi natukoy ng hukuman bilang walang kakayahan ang pag-iisip para sa pagboto sa kasalukuyan

2. **Ang karapatang bumoto kung isa kayong rehistradong botante kahit na wala ang pangalan ninyo sa listahan.** Boboto kayo gamit ang isang pansamantalang balota. Bibilangin ang inyong boto kung natukoy ng mga opisyal ng mga halalan na kwalipikado kayong bumoto.

3. **Ang karapatang bumoto kahit na nasa pila pa lang kayo kapag nagsara ang mga lugar ng botohan.**

4. **Ang karapatang magpatala ng lihim na balota** nang walang bumabagabag sa inyo o nagsasabi sa inyo kung paano bumoto.

5. **Ang karapatang makakuha ng bagong balota kung nagkamali kayo,** kung hindi pa ninyo naipapatala ang inyong balota. Maaari ninyong gawin ang sumusunod:

   Humiling sa isang opisyal ng mga halalan sa lugar ng botohan ng panibagong balota,
   Papalitan ng panibago ang inyong balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo sa isang opisina ng halalan o sa inyong lugar ng botohan, o
   Bumoto sa pamamagitan ng pansamantalang balota.

6. **Ang karapatang kumuha ng tulong sa pagpapatala ng inyong balota** mula sa sinumang inyong pinili, maliban sa taong nagpapasuweldo sa inyo o representante ng unyon.

7. **Ang karapatang ihulog ang inyong nakumpletong balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo sa anumang lugar ng botohan** sa California.

8. **Ang karapatang kumuha ng mga materyal ng halalan sa ibang wika maliban sa Ingles** kung may sapat na bilang ng mga tao sa inyong pagbobotohan na presinto na gumagamit ng kapareho ninyong wika.

9. **Ang karapatang magtanong sa mga opisyal ng mga halalan tungkol sa mga pamamaraan ng halalan** at mapanood ang proseso ng halalan. Kung hindi masagot ng inyong napagtanungan ang inyong mga katanungan, dapat niyang iharap sa inyo ang tamang taong makakasagot sa tanong ninyo. Kung kayo ay nakakaantala, maaari nilang ihinto ang pagsagot sa inyo.

10. **Ang karapatang mag-ulat ng anumang ilegal o mapanlinlang na aktibidad sa halalan** sa isang opisyal ng mga halalan o sa opisina ng Kalihim ng Estado.
    - Sa web sa **www.sos.ca.gov**
    - Sa pamamagitan ng telepono sa **(800) 339-2957**
    - Sa pamamagitan ng email sa **elections@sos.ca.gov**

KUNG NANINIWALA KAYONG IPINAGKAILA SA INYO ANG INYONG MGA KARAPATANG ITO, TUMAWAG NANG LIHIM AT WALANG BAYAD SA HOTLINE PANG-BOTANTE NG KALIHIM NG ESTADO SA **(800) 339-2957.**

TALAAN NG MGA NILALAMAN

PAHINA

MADALING MASASANGGUNING PATNUBAY 7

MGA PROPOSISYON

14 Mag-Aawtorisa ng mga Bonong Magpapatuloy ng Pananaliksik para sa Stem Cell. Batas na Inisyatiba. **16**

15 Pararamihin ang mga Pinagmumulan ng Pagpopondo para sa mga Pampublikong Paaralan, Kolehiyo ng Komunidad, at Serbisyo ng Lokal na Gobyerno sa Pamamagitan ng Pagbabago sa Pagtatasa ng Buwis para sa Pangkomersyo at Industriyal na Ari-arian. Inisyatibang Susog sa Sasaligang-Batas. **22**

16 Magpapahintulot ng Dibersidad Bilang Salik sa mga Pagpapasya sa Pampublikong Trabaho, Edukasyon, at Pagkokontrata. Pambatasang Susog sa Saligang-Batas. **26**

17 Ibabalik ang Karapatang Bumoto Pagkatapos Makumpleto ang Sentensiya sa Pagkakabilanggo. Pambatasang Susog sa Saligang-Batas. **30**

18 Babaguhin ang Saligang-Batas ng California upang Pahintulutan ang Mga Nasa Edad na 17 Taong Gulang na Bumoto sa Mga Primarya at Espesyal na Halalan Kung Sila ay Magiging 18 Taong Gulang sa Pagsapit ng Susunod na Pangkalahatang Halalan at Sa Ibang Paraan Ay Magiging Karapat-dapat Bumoto. Pambatasang Susog sa Saligang-batas. **34**

19 Babaguhin ang Mga Partikulara na Patakaran sa Buwis sa Ari-arian. Pambatasang Susog sa Saligang-batas. **38**

20 Magbibigay ng Restriksyon sa Parol para sa Ilang Pagkakasalang Kasalukuyang Itinuturing na Hindi Marahas. Mag-aawtorisa ng mga Sentensiya sa Peloni para sa Ilang Pagkakasalang Kasalukuyang Itinuturing Lamang na Maliit na Pagkakasala. Batas na Inisiyatiba. **44**

21 Palalawakin ang Awtoridad ng Lokal na Gobyerno upang Ipatupad ang Kontrol sa Upa sa Residensyal na Ari-arian. Batas na Inisiyatiba. **52**

22 Bibigyan ng Iksemsyon ang mga App-Based na Kumpanya ng Transportasyon at Deliberi sa Pagkakaloob ng mga Benepisyo ng Empleyado sa Ilang Nagmamaneho ng Sasakyan. Batas na Inisyatiba. **56**

23 Magtatatag ng mga Iniaatas ng Estado para sa mga Klinikang Dialysis para sa Kidney. Mag-aatas ng Medikal na Propesyonal sa Lugar. Batas na Inisyatiba. **60**

24 Babaguhin ang mga Batas sa Pagkapribado ng Mamimili. Batas na Inisyatiba. **66**

25 Reperendum sa Batas na Magpapalit sa Piyansang Pera ng Sistemang Batay sa Pampublikong Kaligtasan at Panganib ng Pagtakas sa Ibang Lugar. **72**

KABUUANG IDEYA SA UTANG SA BONO NG ESTADO 78

TEKSTO NG IMINUMUNGKAHING BONO 89

IMPORMASYON NG BOTANTE

Bumoto nang Ligtas sa mga Lokasyon ng Maagang Pagboto 2
Bumoto nang Ligtas gamit ang Inyong Balota sa Pagboto sa pamamagitan ng Koreo..... 3
Batas sa mga Karapatan ng Botante..... 4
Hanapin ang Inyong Lugar ng Botohan..... 5
Sulat Mula sa Kalihim ng Estado..... 6
Senso 2020..... 14
Nasaan Ang Aking Balota?..... 15
Pahayag ng mga Kandidato sa Pagkapangulo..... 80
Mga Halalan Sa California..... 80
Mga Nangungunang Nag-kontribusyon sa mga Panukala sa Balota..... 81
Pagpaparehistro ng Botante..... 82
Impormasyon Ukol sa Pagiging Pribado ng Pagpaparehistro ng Botante..... 82
Paunang magparehistro sa edad na Labing-anim..... 82
Mga Resulta ng Halalan..... 83
Paano Bumoto sa pamamagitan ng Koreo..... 83
Tulong para sa mga Botanteng May Mga Kapansanan 84
Mga Madalas Itanong..... 85
Siyasatin ang Inyong Katayuan Bilang Botante..... 88
Abiso sa Teksto ng mga Iminumungkahing Batas..... 109
Mga Opisina ng mga Halalan sa County..... 110
Mga Petsang Dapat Tandaan..... 111

Hanapin ang Inyong Lugar ng Botohan o Sentro ng Pagboto

Ang mga lugar ng botohan at sentro ng pagboto ay itinatakda ng mga opisyal ng halalan ng county. Hanapin ang adres ng inyong lugar ng botohan o maghanap ng mga lokasyon sa sentro ng pagboto sa Patnubay na Impormasyon Para sa Botante ng county na inyong natanggap sa pamamagitan ng koreo ilang linggo bago mag-Araw ng Halalan.

Maaari rin ninyong bisitahin ang website ng Kalihim ng Estado sa *vote.ca.gov* o tumawag sa walang bayad na Hotline Para sa Botante sa (800) 339-2957.

Maaari din kayong mag-text ng *Vote* sa GOVOTE (468683) upang hanapin ang lokasyon ng inyong lugar ng botohan.

Kung kayo'y nakatira sa County ng Amador, Butte, Calaveras, El Dorado, Fresno, Los Angeles, Madera, Mariposa, Napa, Nevada, Orange, Sacramento, San Mateo, Santa Clara, o Tuolumne, maaari kayong bumoto sa anumang sentro ng pagboto sa inyong county. Bisitahin ang *voterschoice.sos.ca.gov* para sa karagdagan pang impormasyon.

Kalihim ng Estado

Minamahal na Kapwa Mamamayan ng California,

Ang malaya at patas na halalan ay ang pundasyon ng demokrasiyang Amerika. Sa kabuuan ng kasaysayan ng ating bansa, naisagawa nating maghalalan sa mga panahon ng kapayapaan at panahon ng digmaan, sa mga panahon ng magandang ekonomiya at mga kapanuhanan ng pansamantalang kahirapan, at kahit sa mga nakaraang pandemya.

Sa 2020, ang mga opisyal ng halalan ng California ay kumikilos upang matugunan ang pagsubok ng COVID-19.

- Ang bawat rehistradong botante ay makakatanggap ng balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo.
- Ang bawat rehistradong botante ay maaaring lumahok upang makatanggap ng pagsubaybay sa balota sa pagboto gamit ang koreo sa text (SMS), email, o voice call.
- Magsasagawa ng mga karagdagang pamamaraan sa sanitasyon at panukala sa sosyal na pagdi-distansya sa lahat ng lokasyon ng pagboto.

Maaari ninyong bisitahin ang *vote.ca.gov* para sa karagdagang makaka-tulong na impormasyon at mga kagamitan para sa halalan sa taong ito.

Kung mayroon kayong anumang katanungan tungkol sa pagpaparehistro ng botante o pagpapatala ng inyong balota ngayong taglagas, maaari kayong makipag-ugnayan sa opisinang Kalihim ng Estado sa pamamagitan ng pagtawag sa walang bayad na (**800) 339-2957**.

Bilang Kalihim ng Estado, ang aking misyon ay tulungan ang bawat mamamayan na bumoto nang ligtas at tiyak — ngunit kailangan ko ang inyong tulong.

Dahil sa COVID-19, maaaring maging mas kaunti kaysa normal ang mga personal na lokasyon ng pagboto sa inyong county. Maaari ninyong tulungan ang inyong komunidad sa pamamagitan ng pagboto nang maaga ngayong taon, sa pamamagitan ng koreo o nang personal. Ang mas kakaunting kakapalan ng tao at mas maiikling pila sa Araw ng Halalan ay makakatulong sa mga opisyal ng halalan na magpanatili ng mga mas ligtas na lokasyon ng pagboto, at magbigay-daan sa mga manggagawa sa botohan na pagsilbihan nang mas mahusay ang mga botanteng nangangailangan ng tulong — kasama na ang ating mga kapitbahayan na may mga kapansanan, ang mga nangangailangan ng tulong sa ibang wika, o ang mga nangangailangan ng pamalit na balota.

Mangyaring gumawa na ng plano ngayon para sa pagpapatala ng inyong balota ngayong taglagas. Ang pakikilahok ng mga mamamayan — tulad ninyo — ang dahilan kung bakit matatag ang ating demokrasiya.

Pangkalahatang Halalan sa California

Martes, Nobyembre 3, 2020

Bukas Ang Mga Lugar ng Botohan Mula 7:00 a.m. hanggang 8:00 p.m. sa Araw ng Halalan!

BUMOTO NANG LIGTAS

CALIFORNIA

Ilabas ang Sangguniang Patnubay na ito at dalhin ito sa mga lugar ng botohan!

Ang pull-out na sangguniang patnubay na ito ay naglalaman ng buod at impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa bawat proposisyon ng estado na lalabas sa mga balota sa Nobyembre 3, 2020.

★

Espesyal na Paunawa

- Bukas ang mga lugar ng botohan mula 7:00 ng umaga hanggang 8:00 ng gabi sa Araw ng Halalan.
- Ang mga tagubilin kung paano bumoto ay makakamit mula sa isang manggagawa sa botohan o sa pamamagitan ng pagbasa ng Patnubay ng Impormasyon para sa Botante ng inyong county.
- Maaaring hilingin sa mga bagong botante na magbigay ng pagkakakilanlan o ibang dokumentasyon ayon sa pederal na batas. Mayroon kayong karapatang magpatala ng pansamantalang balota, kahit na hindi ninyo ibigay ang dokumentasyon.
- Ang mga karapat-dapat na botante lang ang maaaring bumoto.
- Labag sa batas ang pakialaman sa mga kagamitan sa pagboto.

MADALING MASASANGGUNING PATNUBAY

PROP 14

MAG-AAWTORISA NG MGA BONONG MAGPAPATULOY NG PANANALIKSIK PARA SA STEM CELL. BATAS NA INISYATIBA.

BUOD *Inilagay sa Balota ng mga Lagda sa Petisyon*

Mag-aawtorisa ng $5.5 bilyong bono ng estado para sa: pananaliksik para sa stem cell at iba pang medikal na pananaliksik, kabilang ang pagsasanay; konstruksyon ng pasilidad para sa pananaliksik; mga pang-administratibong gastusin. Maglalaan ng $1.5 bilyon sa mga sakit na may kinalaman sa utak. Maglalaan ng mga pera sa Pangkalahatang Pondo para sa pagbabayad. Palalawakin ang mga kaugnay na programa. Piskal na Epekto: Tumaas na mga gastusin ng estado upang bayaran ang mga bonong tinantiyang nasa mga $260 milyon kada taon sa loob ng susunod na tinatayang 30 taon.

ANG KAHULUGAN NG INYONG BOTO

OO Ang botong OO sa panukalang ito ay nangangahulugang: Maaaring magbenta ang estado ng $5.5 bilyon sa pangkalahatang obligasyong bono na pangunahing para sa pananaliksik para sa stem cell at pagpapahusay ng mga bagong medikal na paggamot sa California.

HINDI Ang botong HINDI sa panukalang ito ay nangangahulugang: Hindi maaaring magbenta ang estado ng $5.5 bilyon sa pangkalahatang obligasyong bono na pangunahing para sa pananaliksik para sa stem cell at pagpapahusay ng mga bagong medikal na paggamot sa California.

MGA PANGANGATWIRAN

PABOR Ang Prop. 14 ay magpopondo para sa higit na pagpapahusay ng mga paggamot sa mga tuluy-tuloy at malalang sakit tulad ng Kanser, Alzheimer's, Sakit sa Puso, Diyabetis, Parkinson's, at Sakit sa Bato. Magtataguyod ng 2,900 medikal na pagtuklas; magdaragdag ng akses at pagiging abot-kaya sa pasyente; magpapasigla sa ekonomiya ng California; at magtitiyak ng mahigpit na pananagutan. Ang mga Doktor, Siyentista ng Nobel Prize, at mahigit 70 nangungunang Organisasyon ng Tagapagtaguyod ng Pasyente, ay nag-uudyok ng pagboto ng OO sa 14.

KONTRA Hindi sa Prop. 14. Mangangako ng $7.8 bilyon na hindi natin kayang gastusin sa panahong krisis na ito sa ekonomiya at badyet. Magpopondo ng ahensiya ng estado na may mga hamon sa pamamahala at hindi magagandang resulta matapos gumasta ng $3 bilyon. Ang pagseserbisyo ng utang ng Prop. 14 ay maaaring magdagdag ng panggigipit para sa mas matataas na buwis o kawalan ng trabaho ng mga nars, unang tagaresponde at iba pang pampublikong empleyado.

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

PANIG

OO sa 14: Mga Taga-California para sa Pananaliksik para sa Stem Cell, mga Paggamot at Lunas
P.O. Box 20368
Stanford, CA 94309
(888) 307-3550
YESon14@CAforCures.com
www.YESon14.com

LABAN

John Seiler
P.O. Box 25683
Santa Ana, CA 92799
(714) 376-0109
writejohnseiler@gmail.com

PROP 15

PARARAMIHIN ANG MGA PINAGMUMULAN NG PONDO PARA SA MGA PAMPUBLIKONG PAARALAN, KOLEHIYO NG KOMUNIDAD, AT SERBISYO NG LOKAL NA GOBYERNO SA PAMAMAGITAN NG PAGBABAGO SA PAGTATASA NG BUWIS PARA SA PANGKOMERSYO AT INDUSTRIYAL NA ARI-ARIAN. INISYATIBONG SUSOG SA SALIGANG BATAS.

BUOD *Inilagay sa Balota ng mga Lagda sa Petisyon*

Bubuwisan ang mga naturang ari-arian batay sa kasalukuyang halaga sa merkado, sa halip na sa halaga sa pagbili. Epekto sa pananalapi: Tumaas na mga buwis sa ari-arian para sa mga pangkomersyong ari-ariang nagkakahalaga ng mahigit $3 milyon na magkakaloob ng $6.5 bilyon hanggang $11.5 bilyon sa panibagong pagpopondo sa mga lokal na gobyerno at paaralan.

ANG KAHULUGAN NG INYONG BOTO

OO Ang botong OO sa panukalang ito ay nangangahulugang: Tataas ang mga buwis sa ari-arian sa karamihan ng pangkomersiyong ari-arian na nagkakahalaga ng mahigit $3 milyon upang magbigay ng bagong pondo sa mga lokal na pamahalaan at paaralan.

HINDI Ang botong HINDI sa panukalang ito ay nangangahulugang: Mananatili ang mga buwis sa ari-arian sa mga pangkomersiyong ari-arian. Ang mga lokal na pamahalaan at paaralan ay hindi makakakuha ng bagong pondo.

MGA PANGANGATWIRAN

PABOR Ang Prop. 15 ay isang patas at balanseng repormang: mag-aayos ng mga hindi wasto sa buwis sa ari-arian na pinakikinabangan ng mayayamang korporasyon, magbabawas ng buwis para sa maliliit na negosyo, magpoprotekta sa mga may-ari ng bahay at nagrerenta, mag-aatas ng buong katapatan at babawi sa bilyun-bilyong dolyar para sa mga paaralan at lokal na komunidad. Sinusuportahan ng mga nars, guro, may-ari ng maliliit na negosyo, tagapagtaguyod ng abot-kayang pabahay at mga organisasyon ng komunidad.

KONTRA Ang Prop 15 ay $12.5 bilyong pagtaas ng buwis sa ari-arian na magtataas sa ating halaga ng pamumuhay at magpapamahal sa lahat ng binibili natin - pagkain, gasolina, utilidad, day care and pangangalagang pangkalusugan. Ang Prop 15 ay mag-aalis sa mga proteksyon sa nagbabayad ng buwis sa Prop 13. HINDI sa Prop 15!

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

PANIG

Tracy Zeluff
Mga Paaralan at Komunidad Muna—OO sa Prop 15
731 South Spring St.
Los Angeles, CA 90014
(213) 935-8009
info@schoolsandcommunitiesfirst.org
yes15.org

LABAN

Hindi sa Prop 15—Pigilan ang Mas Matataas na Buwis sa Ari-arian at Panatilihin ang Prop 13
(916) 538-0376
info@NOonProp15.org
www.NOonProp15.org

MADALING MASASANGGUNING PATNUBAY

PROP 16

MAGPAPAHINTULOT NG DIBERSIDAD BILANG SALIK SA MGA PAGPAPASYA SA PAMPUBLIKONG TRABAHO, EDUKASYON, AT PAGKOKONTRATA. PAMBATASANG SUSOG SA SALIGANG-BATAS.

BUOD *Inilagay sa Balota ng Lehislatura*

Magpapahintulot sa mga patakaran sa pagpapasya ng gobyerno na isaalang-alang ang lahi, kasarian, kulay ng balat, etnisidad, o bansang pinagmulan upang matugunan ang dibersidad sa pamamagitan ng pagpapawalang-bisa sa mga probisyon sa saligang batas na nagbabawal sa mga naturang patakaran. Piskal na Epekto: Walang direktang piskal na epekto sa mga pang-estado at lokal na entidad. Ang mga epekto ng panukala ay nakadepende sa mga pagpapasya sa hinaharap ng mga entidad ng pang-estado at lokal na gobyerno at lubhang hindi tiyak.

ANG KAHULUGAN NG INYONG BOTO

OO Ang botong OO sa panukalang ito ay nangangahulugang: Ang estado at mga lokal na entidad ay maaaring magsaalang-alang sa lahi, kasarian, kulay, etnisidad, at bansang pinagmulan sa pampublikong edukasyon, pampublikong trabaho, at pampublikong pagkokontrata sa sukdulang papayagan sa ilalim ng batas na pederal at pang-estado.

HINDI Ang botong HINDI sa panukalang ito ay nangangahulugang: Ang kasalukuyang pagbabawal sa pagsasaalang-alang ng lahi, kasarian, kulay, etnisidad, at bansang pinagmulan sa pampublikong edukasyon, pampublikong trabaho, at pampublikong pagkokontrata ay mananatiling may bisa.

MGA PANGANGATWIRAN

PABOR Ang Prop. 16 ay nagpapalawig sa patas na oportunidad sa lahat ng taga-California, at nagdaragdag ng akses sa mga patas na sahod, magagandang trabaho, at de-kalidad na paaralan para sa lahat. Ang Prop. 16 ay lumalaban sa diskriminasyon sa sahod at sistemikong rasismo, na magbubukas ng oportunidad para sa kababaihan at mga taong hindi puti. Sinusuportahan ng Liga ng mga Kababaihang Botante ng California, Pederasyon ng mga Guro ng California, Consortium ng Negosyo ng Minorya, at mga lider ng mas mataas na edukasyon ng estado. Bumoto ng YesOnProp16.org

KONTRA Gustong alisin ng mga pulitiko sa ating Saligang-batas ang pagbabawal nito sa diskriminasyon at may pinipiling pagtrato batay sa lahi, kasarian, kulay, etnisidad o bansang pinagmulan. Gusto nilang mamili ng mga paborito. Kung may anumang bagay na dapat iturin na pinakamahalaga sa ating lipunan, iyon ay ang pagtrato ng estado sa lahat ng taga-California nang pantay-pantay. BUMOTO NG HINDI.

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

PANIG

Oo sa 16, Oportunidad para sa Lahat ng Koalisyon
1901 Harrison Street, Suite 1550
Oakland, CA 94612
(323) 347-1789
info@voteyesonprop16.org
VoteYesOnProp16.org

LABAN

Ward Connerly, Presidente
Gail Heriot at Manuel Klausner, Mga Tagapangulo
Mga Taga-California para sa mga Pantay-pantay na Karapatan Hindi sa 16
P.O. Box 26935
San Diego, CA 92196
info@californiansforequalrights.org
https://californiansforequalrights.org/

PROP 17

IBABALIK ANG KARAPATANG BUMOTO PAGKATAPOS MAKUMPLETO ANG SENTENSIYA SA PAGKAKABILANGGO. PAMBATASANG SUSOG SA SALIGANG-BATAS.

BUOD *Inilagay sa Balota ng Lehislatura*

Ibabalik ang mga karapatang bumoto pagkatapos makumpleto ang sentensiya sa pagkakabilanggo ng mga taong hindi naging kuwalipikadong bumoto habang nasa bilangguan. Piskal na Epekto: Mga taunang gastusin ng county, malamang na nasa daan-daang libong dolyar sa buong estado, para sa mga materyales sa pagpaparehistro ng botante at balota. Mga pang-isang beses na gastusin ng estado na malamang na nasa daan-daang libong dolyar para sa mga card sa pagpaparehistro ng botante at sistema.

ANG KAHULUGAN NG INYONG BOTO

OO Ang botong OO sa panukalang ito ay nangangahulugang: Ang mga taong nasa parol ng estado na mamamayan ng U.S., residente ng California, at hindi bababa sa 18 taong gulang ay maaaring bumoto, kung magpaparehistro silang bumoto.

HINDI Ang botong HINDI sa panukalang ito ay nangangahulugang: Ang mga taong nasa parol ng estado ay patuloy na hindi makakaboto sa California.

MGA PANGANGATWIRAN

PABOR Ang Prop. 17 ay nagpapanumbalik sa karapatan ng isang mamamayan na bumoto pagkatapos nilang tapusin ang kanilang sentensiya sa pagkakabilanggo—na naghahanay sa California sa ibang mga estado. Natukoy ng kamakailang ulat ng komisyon ng parol na ang mga mamamayang nakatapos sa kanilang mga sentensiya sa pagkakabilanggo at nakapagpanumbalik sa kanilang karapatang bumoto ay nagkakaroon ng mas mababang posibilidad na makagawa ng krimen sa hinaharap. Oo sa Prop. 17.

KONTRA Bumoto ng HINDI sa Proposisyon 17 dahil: • Babaguhin nito ang Saligang-Batas ng California upang maggawad sa mararahas na kriminal ng karapatang bumoto bago kumpletuhin ang kanilang sentensiya habang nasa parol. • Magpapahintulot sa mga kriminal na nahatulan ng pagpatay, panggagahasa at pangmomolestya sa bata na bumoto bago bayaran ang kanilang utang sa lipunan. • Magtatanggi ng hustisya sa mga biktima ng krimen.

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

PANIG

Dana Williamson
Palayain ang Boto, Oo sa Prop. 17
1787 Tribute Road, Suite K
Sacramento, CA 95815
(916) 382-4686
YesonProp17@gmail.com
Yeson17.vote

LABAN

Ruth Weiss
Proyekto para sa Integridad ng Halalan ng California
27943 Seco Canyon Rd. #521
Santa Clarita, CA 91350
ruthweiss@eip-ca.com
www.eip-ca.com

MADALING MASASANGGUNING PATNUBAY

PROP 18

BABAGUHIN ANG SALIGANG-BATAS NG CALIFORNIA UPANG PAHINTULUTAN ANG MGA NASA EDAD NA 17 TAONG GULANG NA BUMOTO SA MGA PRIMARYA AT ESPESYAL NA HALALAN KUNG SILA AY MAGIGING 18 TAONG GULANG SA PAGSAPIT NG SUSUNOD NA PANGKALAHATANG HALALAN AT SA IBANG PARAAN AY MAGIGING KARAPAT-DAPAT BUMOTO. PAMBATASANG SUSOG SA SALIGANG-BATAS.

BUOD *Inilagay sa Balota ng Lehislatura*

Piskal na Epekto: Tumaas na mga gastusin ng county sa buong estado na malamang na nasa pagitan ng ilang daang libong dolyar at $1 milyon kada dalawang taon. Tumaas na mga pang-isang beses na gastusin sa estado na daan-daang libong dolyar.

ANG KAHULUGAN NG INYONG BOTO

OO Ang botong OO sa panukalang ito ay nangangahulugang: Ang mga karapat-dapat na 17 taong gulang na magiging 18 taong gulang sa panahon ng susunod na pangkalahatang halalan ay maaaring bumoto sa primaryang halalan at anumang espesyal na halalang sinundan ng pangkalahatang halalan.

HINDI Ang botong HINDI sa panukalang ito ay nangangahulugang: Walang mas bata sa 18 taong gulang ang maaaring bumoto sa anumang halalan.

MGA PANGANGATWIRAN

PABOR Ang Proposisyon 18 ay magpapahintulot sa mga bagong botante na makilahok sa buong yugto ng halalan sa kondisyon na sila ay nasa 18 taong gulang sa panahon ng pangkalahatang halalan. Ang panukalang ito ay kailangan upang mapasigla ang sibikong pakikipag-ugnayan ng kabataan sa ating mga halalan at makatulong na gumawa pa ng mga panghabambuhay na kalahok sa pinakamahalagang proseso ng demokrasiya.

KONTRA Ang agham at legal na kaayon ay humihiling ng botong HINDI sa Proposisyon 18. Pinagbabawalan ng batas ang mga mas batang tinedyer na manigarilyo, uminom ng alak at maging magpa-tan dahil ipinapakita ng pananaliksik na ang bahagi ng kanilang utak na may kinalaman sa lohika at pangangatwiran ay hindi pa ganap na buo. Mahalaga ang mga kakayahang iyon sa responsableng pagboto. Hindi natin dapat ibaba ang edad ng pagboto.

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

PANIG

Miyembro ng Asembleya
Kevin Mullin
info@caprop18.com
CAprop18.com

LABAN

Ruth Weiss
Proyekto para sa Integridad ng Halalan ng California
27943 Seco Canyon Rd. #521
Santa Clarita, CA 91350
(661) 313-5251
info@eip-ca.com
www.eip-ca.com

PROP 19

BABAGUHIN ANG MGA PARTIKULAR NA PATAKARAN SA BUWIS SA ARI-ARIAN. PAMBATASANG SUSOG SA SALIGANG-BATAS.

BUOD *Inilagay sa Balota ng Lehislatura*

Pahihintulutan ang mga may-ari ng bahay na mahigit sa edad na 55 taong gulang, may kapansanan, o mga biktima ng wildfire/sakuna na ilipat ang basehan ng buwis ng pangunahing tirahan sa pamalit na tirahan. Babaguhin ang pagbubuwis sa mga paglilipat ng ari-arian ng pamilya. Maaaring magtatag ng pondo para sa mga serbisyo sa proteksyon sa sunog. Piskal na Epekto: Maaaring makalikom ang mga lokal na pamahalaan ng milyun-milyong dolyar na kita sa buwis sa ari-arian kada taon, na lumago sa pagdaan ng panahon sa ilang daang milyong dolyar kada taon. Maaaring makatanggap ang mga paaralan ng mga katulad na malilikom na buwis sa ari-arian.

ANG KAHULUGAN NG INYONG BOTO

OO Ang botong OO sa panukalang ito ay nangangahulugang:
Ang lahat ng may-ari ng bahay na mahigit 55 taong gulang (o nakakatugon sa iba pang kuwalipikasyon) ay magiging karapat-dapat para sa pagtitipid sa buwis sa ari-arian kapag lumipat sila ng tirahan. Ang mga minanang ari-arian lang na ginamit bilang pangunahing tahanan o sakahan ang magiging karapat-dapat para sa pagtitipid sa buwis sa ari-arian.

HINDI Ang botong HINDI sa panukalang ito ay nangangahulugang:
Ang ilang may-ari ng bahay na mahigit 55 taong gulang (o nakakatugon sa iba pang kuwalipikasyon) ay patuloy na magiging karapat-dapat para sa pagtitipid sa buwis sa ari-arian kapag lumipat sila ng tirahan. Ang lahat ng minanang ari-arian ay patuloy na magiging karapat-dapat para sa pagtitipid sa buwis sa ari-arian.

MGA PANGANGATWIRAN

PABOR Ang Prop. 19 ay Naglilimita sa mga Buwis sa mga Nakakatanda, mga May-ari ng Bahay na May Matinding Kapansanan, at mga Biktima ng Wildfire; ISINASARA ang mga hindi makatarungan at hindi wasto sa buwis na ginagamit ng mayayamang namumuhunan sa labas ng estado; at PINOPROTEKTAHAN ang mga ipon ng Prop. 13. Maki-isa sa Karapatan ng mga May Kapansanan at Nakakatanda/mga Tagapagtaguyod ng Pabahay, mga Bumbero, mga Tagaresponde sa Medikal na Emerhensiya, Negosyo at Paggawa, mga Demokratiko at Republikano. Alamin ang mga Katotohanan sa YESon19.vote.

KONTRA Ang Proposisyon 19 ay bilyong dolyar na dagdag na buwis sa mga pamilya. Inaalis nito ang isa sa mga pinakamahusay na kasangkapan na mayroon ang mga magulang para matulungan ang kanilang mga anak—ang karapatan, na nakalagay sa Saligang-Batas ng California simula noong 1986, na ipamana ang kanilang tahanan at mga ari-arian nang walang anumang dagdag sa mga buwis sa ari-arian. BUMOTO NG HINDI SA 19.

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

PANIG

Oo sa 19
(916) 492-5210
info@Yeson19.vote
www.Yeson19.vote.

LABAN

Kapisanan ng mga Nagbabayad ng Buwis ng Howard Jarvis
921 11th St #1201
Sacramento, CA 95814
(916) 444-9950
(213) 384-9656
info@hjta.org
www.HJTA.org

MADALING MASASANGGUNING PATNUBAY

PROP 20

MAGBIBIGAY NG RESTRIKSYON SA PAROL PARA SA ILANG PAGKAKASALANG KASALUKUYANG ITINUTURING NA HINDI MARAHAS. MAG-AAWTORISA NG MGA SENTENSIYA SA PELONI PARA SA ILANG PAGKAKASALANG KASALUKUYANG ITINUTURING LAMANG NA MALILIIT NA PAGKAKASALA. BATAS NA INISYATIBA.

BUOD *Inilagay sa Balota ng mga Lagda sa Petisyon*

Lilimitahan ang pag-akses sa programa ng parol na itinatag para sa mga nagkasala ng hindi marahas na krimen na nakakumpleto ng buong sentensiya ng kanilang pangunahing pagkakasala sa pamamagitan ng pagtatanggal ng pagiging karapat-dapat para sa ilang pagkakasala. Piskal na Epekto: Ang pagtaas sa mga gastusin ng pang-estado at lokal na koreksyonal, korte, at tagapagpatupad ng batas ay malamang na nasa milyun-milyong dolyar taun-taon, depende sa pagpapatupad.

ANG KAHULUGAN NG INYONG BOTO

OO Ang botong OO sa panukalang ito ay nangangahulugang: Ang mga taong gumawa ng ilang partikular na krimen na nauugnay sa pagnanakaw (tulad ng paulit-ulit na pagnanakaw sa mga tindahan) ay maaaring makatanggap ng mga karagdagang parusa (tulad ng mas mahahabang sentensiya sa bilangguan). Isaalang-alang ang mga karagdagang salik para sa proseso ng estado para sa pagpapalaya nang maaga sa ilang partikular na preso mula sa bilangguan. Aatasan ang tagapagpatupad ng batas na mangolekta ng mga sampol ng DNA mula sa mga nasa hustong gulang na hinatulan ng ilang partikular na pagkakasala.

HINDI Ang botong HINDI sa panukalang ito ay nangangahulugang: Hindi daragdagan ang mga parusa para sa mga taong gumawa ng mga krimen na nauugnay sa pagnanakaw. Walang magiging pagbabago sa proseso ng estado para sa pagpapalaya nang maaga sa ilang partikular na preso. Patuloy na aatasan ang tagapagpatupad ng batas na mangolekta lang ng mga sampol ng DNA mula sa mga nasa hustong gulang kapag naaresto sila para sa mabigat na kasalanan o inaatasan na magparehistro bilang mga sex offender o arsonista.

MGA PANGANGATWIRAN

PABOR Ang Proposisyon 20 ay nag-aayos ng hindi wasto sa batas na nagpapahintulot ngayon sa mga hinatulang nangmolestiya ng bata, sekswal na maninila at iba pang hinatulan ng mararahas na krimen na palayain nang maaga mula sa bilangguan. Palalawakin din ng Proposisyon-20 ang pangongolekta ng DNA upang makatulong na lutasin ang mga kaso ng panggagahasa, pagpatay at iba pang malulubhang krimen, at pinapalakas nito ang mga parusa laban sa mga nakaugalian ng magnakaw na paulit-ulit na nagnanakaw.

KONTRA Ang Prop. 20 ay isang scam sa paggasta sa bilangguan. Mayroon nang matitindi at mahahabang sentensiya ang California—kasama na ang habambuhay na pagkakakulong—para sa malulubha at mararahas na krimen. Gusto kayong takutin ng mga espesyal na interes sa bilangguan na gumastos ng milyun-milyon sa mga bilangguan na maaaring magpuwersa ng matitinding pagbabawas sa rehabilitasyon, mga paaralan, kalusugan ng isip, at kawalan ng tirahan.

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

PANIG

Nina Salarno Besselman,
Tagapagtaguyod
Oo sa 20—Panatilihing Ligtas ang California
YesOn20.org

LABAN

Dana Williamson
Itigil ang Scam sa Paggasta sa Bilangguan, Hindi sa Prop 20
1787 Tribute Road, Suite K
Sacramento, CA 95815
(916) 382-4686
NoOnProp20@gmail.com
NoProp20.vote

PROP 21

PALALAWAKIN ANG AWTORIDAD NG LOKAL NA GOBYERNO UPANG IPATUPAD ANG KONTROL SA UPA SA RESIDENSYAL NA ARI-ARIAN. BATAS NA INISYATIBA.

BUOD *Inilagay sa Balota ng mga Lagda sa Petisyon*

Magpapahintulot sa mga lokal na gobyernong magtatag ng kontrol sa upa sa mga residensyal na ari-ariang mahigit 15 taon. Ang pagtataas sa mga lokal na limit ng antas ay maaaring mag-iba sa limit sa buong estado. Piskal na Epekto: Sa pangkalahatan, isang potensyal na pagbawas sa mga pang-estado at lokal na kita sa mataas na milyun-milyong dolyar kada taon sa pagdaan ng panahon. Depende sa mga aksyon ng mga lokal na komunidad, ang mga pagkawala ng kita ay maaaring maging mas mababa o higit pa.

ANG KAHULUGAN NG INYONG BOTO

OO Ang botong OO sa panukalang ito ay nangangahulugang: Pahihintulutan ng batas ng estado ang mga lungsod at county na maglapat ng mas maraming uri ng pagkontrol ng renta sa mas maraming ari-arian sa ilalim ng kasalukuyang batas.

HINDI Ang botong HINDI sa panukalang ito ay nangangahulugang: Ang batas ng estado ay magpapanatili sa kasalukuyang paglimita sa mga batas sa pagkontrol ng renta na maaaring ilapat ng mga lungsod at county.

MGA PANGANGATWIRAN

PABOR Ang Proposisyon 21 ay ang pagbabagong kailangan natin upang talakayin ang kawalan ng tirahan. Ang botong OO sa Proposisyon 21 ay isang boto na magpapanatili sa mga pamilya sa kanilang mga tirahan. Ang isang malakas na koalisyon ng mga nahalal na lider; mga tagapagkaloob ng abot-kayang pabahay; at mga tagapagtaguyod na nakatatanda, beterano, at walang tirahan ay sumasang-ayon na makakatulong ang Proposisyon 21 na maiwasan ang kawalan ng tirahan.

KONTRA Magpapalala ang Prop. 21 sa krisis sa pabahay ng California. Ang Prop. 21 ay nagbabalewala sa pinakamalakas na pambuong estada na batas sa pagkontrol ng renta sa bansa, nagbabawas ng trabaho, nagpapababa sa kahalagahan ng mga tahanan, humahadlang sa pagpapatayo ng mga bagong pabahay, at nag-aalis sa mga proteksyon sa may-ari ng bahay nang hindi nagbibigay nang proteksyon para sa mga nagrerenta, nakatatanda, beterano, at may kapansanan.

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

PANIG

Oo sa 21—Nagkakaisang Nagrerenta at May-ari ng Bahay upang Panatilihin ang mga Pamilya sa Kanilang mga Tahanan
6500 Sunset Blvd.
Los Angeles, CA 90028
(323) 962-0140
contact@YesOn21CA.org
www.YesOn21CA.org

LABAN

info@noonprop21.vote
https://noonprop21.vote/

MADALING MASASANGGUNING PATNUBAY

PROP 22

BIBIGYAN NG IKSEMSYON ANG MGA APP-BASED NA KUMPANYA NG TRANSPORTASYON AT DELIBERI SA PAGKAKALOOB NG MGA BENEPISYO NG EMPLEYADO SA ILANG NAGMAMANEHO NG SASAKYAN. BATAS NA INISYATIBA.

BUOD *Inilagay sa Balota ng mga Lagda sa Petisyon*

Ikaklasipika ang mga app-based na nagmamaneho ng sasakyan bilang "mga independiyenteng kontratista", sa halip na "mga empleyado," at magkakaloob sa mga independiyenteng kontratistang nagmamaneho ng sasakyan ng ibang kompensasyon, maliban kung natugunan ang ilang pamantayan. Piskal na Epekto: Maliit na pagtaas sa buwis sa kita ng estado na binabayaran ng mga nagmamaneho para sa kumpanya ng rideshare at deliberi at mga namumuhunan.

ANG KAHULUGAN NG INYONG BOTO

OO Ang botong OO sa panukalang ito ay nangangahulugang: Ang mga app-based na kumpanya ng rideshare at deliberi ay maaaring kumuha ng mga tsuper bilang mga independiyenteng kontratista. Maaaring magpasya ang mga tsuper kung kailan, saan, at gaano kadami ang trabaho ngunit hindi sila makakakuha ng mga benepisyo at proteksyon na kailangang ibigay ng mga negosyo sa mga empleyado.

HINDI Ang botong HINDI sa panukalang ito ay nangangahulugang: Ang mga app-based na kumpanya ng rideshare at deliberi ay kakailanganing kumuha ng mga tsuper bilang empleyado kung sasabihin ng mga hukuman na ayon sa kamakailang batas ng estado, gagawing empleyado ang mga tsuper. Magkakaroon ng mas kaunting kakayahang pumili ang mga tsuper tungkol sa kung kailan, saan at gaano kadami ang trabaho ngunit makakakuha sila ng mga benepisyo at proteksyon na kailangang ibigay ng mga negosyo sa mga empleyado.

MGA PANGANGATWIRAN

PABOR Oo sa 22 na NAGPOPROTEKTA sa mga pagpili ng mga app-based na tsuper na maging independiyenteng kontratista—sa 4:1 margin, sinusuportahan ng mga tsuper ang indepedensiya! • MAGLILIGTAS sa rideshare, mga serbisyo ng deliberi at daan-daang libu-libong trabaho • MAGBIBIGAY ng mga bagong benepisyo at garantiya sa kita sa mga tsuper • PALALAKASIN ang pampublikong kaligtasan • INIREREKOMENDA ng napakalaking mayoriya ng mga tsuper, komunidad, pampublikong kaligtasan, at mga grupo ng maliliit na negosyo • VoteYesProp22.com

KONTRA Ang Hindi sa 22 ay humahadlang sa bilyong dolyar na kumpanya sa app tulad ng Uber, Lyft, at DoorDash na magsulat ng sarili nilang iksemsyon sa batas ng California at kumita mula rito. Itinatanggi ng 22 sa mga tsuper ang mga karapatan at proteksyon sa kaligtasan na karapat-dapat nilang matanggap: sick leave, pangangalagang pangkalusugan at kawalan ng trabaho. Kumikita ang mga kumpanya; nawawalan ng mga karapatan at proteksyon ang pinagsasamantalahang mga tsuper . Bumoto ng HINDI.

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

PANIG

Oo sa 22—Iligtas ang mga App-Based na Trabaho at Serbisyo
(877) 581-8711
info@protectdriversandservices.com
www.VoteYesProp22.com

LABAN

Hindi sa Prop 22, Tapakan ang mga Preno sa Uber, Lyft at DoorDash
600 Grand Avenue #410
Oakland, CA 94610
(213) 537-4863
info@nooncaprop22.com
nooncaprop22.com

PROP 23

MAGTATATAG NG MGA INIAATAS NG ESTADO PARA SA MGA KLINIKANG DIALYSIS PARA SA KIDNEY. MAG-AATAS NG MEDIKAL NA PROPESYONAL SA LUGAR. BATAS NA INISYATIBA.

BUOD *Inilagay sa Balota ng mga Lagda sa Petisyon*

Mag-aatas sa doktor, nurse practitioner o physician assistant sa lugar sa panahon ng paggagamot na dialysis. Pagbabawalan ang klinika na bawasan ang mga serbisyo nang wala ang pag-apruba ng estado. Pagbabawalan ang mga klinikang tumanggi sa paggagamot sa mga pasyente batay sa pinagmumulan ng kabayaran. Piskal na Epekto: Tumaas na mga gastusin ng pang-estado at lokal na gobyerno na malamang nasa mababang milyun-milyong dolyar taun-taon.

ANG KAHULUGAN NG INYONG BOTO

OO Ang botong OO sa panukalang ito ay nangangahulugang: Aatasan ang mga klinika para sa tuluy-tuloy na dialysis na magkaroon ng doktor sa lugar sa lahat ng oras ng paggamot sa pasyente.

HINDI Ang botong HINDI sa panukalang ito ay nangangahulugang: Hindi aatasan ang mga klinika para sa tuluy-tuloy na dialysis na magkaroon ng doktor sa lugar sa lahat ng oras ng paggamot sa pasyente.

MGA PANGANGATWIRAN

PABOR Lalabanan ang hindi malilinis na klinika ng dialysis sa pamamagitan ng pag-aatas ng pag-uulat ng impeksyon. Magpapahusay sa paglalagay ng tauhan, kasama na ang pangangailangan ng doktor sa mga klinika habang naggagamot. Pipigil sa diskriminasyon batay sa seguro ng pasyente. Maglalapat ng mga pagpapahusay sa LAHAT ng klinika, sa mayayamang kapitbahayan man o sa mahihirap, rural, Itim o Kayumangging komunidad. Sumasang-ayon ang mga pasyente, propesyonal ng pangangalagang pangkalusugan, beterano, at lider ng pananampalataya: YesOnProp23.com

KONTRA Ang Amerikanong Kapisanan ng mga Nars\Kapisanan ng mga Nars sa California, Kapisanang Medikal ng California, at tagapagtaguyod ng pasyente ay lubos na nag-uudyok sa HINDI sa 23! Ang Prop. 23 ay magpupuwersa sa maraming klinika ng dialysis ng komunidad na magsara—at magbabanta sa mga buhay ng 80,000 pasyente sa California na kailangan ng dialysis upang mabuhay. Ang Prop. 23 ay magpapataas sa mga gastos sa pangangalagang pangkalusugan ng daan-daang milyon taun-taon; at magpapalala sa ating kakulangan sa doktor at pagsisikip sa ER. NoProposition23.com

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

PANIG

Oo sa Prop 23: Mas Mahusay na Pangangalaga para sa mga Pasyente ng Dialysis
(888) 251-5367
info@YesOnProp23.com
www.YesOnProp23.com

LABAN

Hindi sa 23—Pigilan ang Mapanganib at Magastos na Proposisyon sa Dialysis
(888) 424-0650
info@NoProposition23.com
www.NoProposition23.com

MADALING MASASANGGUNING PATNUBAY

PROP 24 — BABAGUHIN ANG MGA BATAS SA PAGKAPRIBADO NG MAMIMILI. BATAS NA INISYATIBA.

BUOD — *Inilagay sa Balota ng mga Lagda sa Petisyon*

Pahihintulutan ang mga mamimili na: pigilan ang mga negosyong magbahagi ng personal na impormasyon, itama ang hindi tumpak na personal na impormasyon, at limitahan ang paggamit ng negosyo sa "sensitibong personal na impormasyon," kabilang ang tumpak na heolokasyon, lahi, etnisidad, at impormasyon sa kalusugan. Magtatatag ng California Privacy Protection Agency (Ahensya sa Pagprotekta ng Pagkapribado ng California). Piskal na Epekto: Tumaas na mga taunang gastusin ng estado ng hindi bababa sa $10 milyon, ngunit hindi malamang na lumampas sa mababang milyun-milyong dolyar, upang ipatupad ang mga pinalawak na batas sa pagkapribado ng mamimili. Ang ilang gastusin ay mababawi sa mga multa sa paglabag sa mga batas na ito.

ANG KAHULUGAN NG INYONG BOTO

OO Ang botong OO sa panukalang ito ay nangangahulugang: Palalawakin ang mga kasalukuyang batas at karapatan sa pagiging pribado ng data ng konsyumer. Magbabago ang mga negosyong inaatasang tumugon sa mga iniaatas sa pagiging pribado. Ang isang panibagong ahensiya ng estado at ang Kagawaran ng Hustisya ng estado ay maghahati sa responsibilidad para sa pagbabantay at pagpapatupad ng mga batas sa pagiging pribado ng konsyumer ng estado.

HINDI Ang botong HINDI sa panukalang ito ay nangangahulugang: Patuloy na aatasan ang mga negosyong sumunod sa mga kasalukuyang batas sa pagiging pribado ng konsyumer. Magpapatuloy sa pagkakaroon ng kasalukuyang karapatan sa pagiging pribado ng data ang mga konsyumer. Ang Kagawaran ng Hustisya ng estado ay magpapatuloy na magbantay at magpatupad sa mga batas na ito.

MGA PANGANGATWIRAN

PABOR OO SA PROP. 24 UPANG PALAKASIN ANG MGA KARAPATAN SA PAGIGING PRIBADO Ang Mga Magulang, Common Sense Media, California NAACP at isang ekonomistang nakatanggap ng Nobel Prize ay nagsasabing bumoto ng OO sa PROP. 24. Palakasin ang mga batas sa pagiging pribado! Protektahan ang mga bata online! Palakasin ang mga batas sa pagiging pribado at panagutan ang mga korporasyon kapag nilabag nila ang inyong pinakamahahalagang karapatan. OO SA PROP. 24!

KONTRA Binabawasan ng Proposisyon 24 ang inyong mga karapatan sa pagiging pribado sa California. Ang Proposisyon 24 ay nagbibigay-daan sa mga diskarteng "magbayad para sa pagiging pribado," nagpapahintay ng mga taon sa mga manggagawa na matutunan kung anong kumpidensyal na impormasyon ang kinukuha ng mga tagapag-empleyo sa kanila, at nagpapahirap na hadlangan ang mga higanteng kumpanya ng teknolohiya mula sa pagbebenta ng inyong impormasyon. Isinulat ang Proposisyon 24 nang patago nang may mga mungkahi mula sa mga korporasyon ng social media.

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

PANIG

Robin Swanson
Mga Taga-California para sa Pagiging Pribado ng Konsyumer
1020 16th Street #31
Sacramento, CA 95814
(916) 440-0424
info@caprivacy.org
www.caprivacy.org

LABAN

Mga Taga-California Para sa Tunay na Pagiging Pribado
CaliforniansForRealPrivacy.org
mail@RealPrivacyNoOn24.org
(415) 634-0335

PROP 25 — REPERENDUM SA BATAS NA MAGPAPALIT SA PIYANSANG PERA NG SISTEMANG BATAY SA PAMPUBLIKONG KALIGTASAN AT PANGANIB NG PAGTAKAS SA IBANG LUGAR.

BUOD — *Inilagay sa Balota ng mga Lagda sa Petisyon*

Ang botong "Oo" ay mag-aapruba, at ang botong "Hindi" ay tatanggi, sa batas na papalitan ang piyansang pera ng sistemang batay sa pampublikong kaligtasan at panganib ng pagtakas sa ibang lugar. Piskal na Epekto: Tumaas na mga gastusing posibleng nasa kalagitnaan ng daan-daang milyong dolyar taun-taon para sa bagong proseso para mapalabas ng bilangguan bago ang paglilitis. Bumabang mga gastusin sa mga bilangguan ng county, posibleng nasa mataas na milyun-milyong dolyar taun-taon.

ANG KAHULUGAN NG INYONG BOTO

OO Ang botong OO sa panukalang ito ay nangangahulugang: Walang magbabayad ng piyansa upang mapakawalan mula sa bilangguan bago ang paglilitis. Sa halip, ang mga tao ay pakakawalan nang awtomatiko o batay sa kanilang tinasang panganib ng paggawa ng isa pang krimen o hindi haharap sa hukuman kung pakakawalan. Walang taong sisingilin ng mga bayarin bilang kondisyon ng pagpapalaya.

HINDI Ang botong HINDI sa panukalang ito ay nangangahulugang: Ang ilang tao ay patuloy na magbabayad ng piyansa upang mapakawalan mula sa bilangguan bago ang paglilitis. Ang ibang tao ay maaaring patuloy na mapakawalan nang hindi nagbabayad ng piyansa. Maaaring magpatuloy ang pagsingil ng mga bayarin bilang kondisyon ng pagpapalaya.

MGA PANGANGATWIRAN

PABOR Pinapalitan ng Oo sa 25 ang piyansang salapi ng mas patas, mas ligtas at hindi masyadong magastos na proseso. Sa kasalukuyan, kung kayang magbayad ng isang tao sa isang kumpanya ng bono ng piyansa, mananatili siyang malaya hanggang sa paglilitis. Kung hindi niya kayang magbayad, kahit na siya ay walang sala, mananatili siya sa bilangguan. Tahasang diskriminasyon iyon. Bumoto ng OO.

KONTRA Ang Prop. 25 ay isinulat ng mga pulitiko ng Sacramento upang alisin ang opsyon ng bawat mamamayan ng California na magbayad ng piyansa at papalitan ang karapatang ito ng isang bagong NANDIDISKRIMINANG sistema ng computer-generated na PAG-PROFILE na pangangasiwaan ng mga burukrata ng pamahalaan—na magpapagasta sa mga nagbabayad ng buwis ng daan-daangmilyong dolyar sa isang taon. Ang Prop. 25 ay hindi patas, hindi ligtas, at magastos. Bumoto ng HINDI sa Prop. 25.

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

PANIG

Oo sa Prop. 25, Ihinto ang Piyansang Salapi
1130 K Street, Suite 300
Sacramento, CA 95814
(213) 373-5225
info@yesoncaprop25.com
yesoncaprop25.com

LABAN

Hindi sa Prop. 25—Pigilan ang Hindi Patas, Hindi Ligtas, at Magastos na Proposisyon sa Balota
(916) 209-0144
info@stopprop25.com
StopProp25.com

Kumpletuhin ang 2020 Census Ngayon!

SENSUS 2020 MABILANG, CALIFORNIA

Ang paglalaan ng kaunting minuto upang sagutin ang **9 na simpleng tanong** ay nakakatulong sa pagtukoy ng mga dolyar na nagpopondo ng mahahalagang programa para sa susunod na 10 taon.

Ang Census ay nagkakaloob ng bilyon-bilyong dolyar upang makatulong na masuportahan ang mga pangunahing serbisyo ng komunidad, kabilang ang:

MGA PASILIDAD SA PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN AT MGA SERBISYONG PANG-EMERHENSIYA

MGA PROGRAMA SA NUTRISYON PARA SA KABATAAN

MGA PROGRAMA SA PABAHAY AT EDUKASYON

PAG-UNLAD NG EKONOMIYA AT PAGGAWA NG MGA TRABAHO

Makakatulong ang mga taga-California na makakamit ng kumpletong bilang sa pamamagitan ng pakikilahok sa isa sa tatlong paraan:

ONLINE SA
my2020census.gov



SA PAMAMAGITAN NG TELEPONO SA
844-330-2020

SA PAMAMAGITAN NG KOREO Kumpletuhin at ibalik ang form ng Census!

Karapat-dapat ang lahat ng komunidad sa oportunidad na umunlad at makapagbigay para sa kanilang mga pamilya.

Kumpletuhin ang Census bago ang Setyembre 30, 2020.

Ang iyong datos ng 2020 Census ay ligtas, protektado, at kumpidensyal.

CaliforniaCensus.org

@CACensus



Ang Kalihim ng Estado ng California ay nag-aalok na ngayon ng bagong paraan sa mga botante upang masubaybayan at makatanggap ng mga abiso sa katayuan ng kanilang balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo. Ang gamit na "Nasaan ang Aking Balota?" ang nagpapaalam sa mga botante kung nasaan ang kanilang balota, at ang katayuan nito, sa bawat hakbang. Mag-sign up sa *WheresMyBallot.sos.ca.gov*.

Kapag nag-sign up kayo sa "Nasaan ang Aking Balota?" makakatanggap kayo ng mga awtomatikong pagbabago kapag ang inyong opisina ng halalan sa county ay:

- **Ipinadala ang inyong balota,**
- **Natanggap ang inyong balota,**
- **Binibilang ang inyong balota, o**
- **Kung may anumang isyu sa inyong balota.**

Maaaring piliin ng mga botanteng magsa-sign up sa *WheresMyBallot.sos.ca.gov* na makatanggap ng mga awtomatikong pagbabago sa pamamagitan ng:

- **Email**
- **Mensahe sa Text (SMS)**
- **Voice Call**

Ang pagsubaybay sa inyong balota —kung kailan ito ipinadala, natanggap, at binilang— ay napakadali na ngayon.

WheresMyBallot.sos.ca.gov

PROPOSISYON
14
MAG-AAWTORISA NG MGA BONONG MAGPAPATULOY NG PANANALIKSIK PARA SA STEM CELL. BATAS NA INISYATIBA.

OPISYAL NA TITULO AT BUOD

INIHANDA NG PANGKALAHATANG ABUGADO

Makikita ang teksto ng panukalang ito sa pahina 89 at sa website ng Kalihim ng Estado sa *voterguide.sos.ca.gov.*

- Mag-aawtorisa ng $5.5 bilyon sa pangkalahatang obligasyong bono ng estado upang pondohan ang mga gawad mula sa California Institute of Regenerative Medicine (Instituto ng Medisina sa Pagbubuong Muli ng California) patungo sa mga pang-edukasyon, nonprofit, at pribadong entidad para sa: stem cell at iba pang medikal na pananaliksik, kabilang ang pagsasanay, pagbuo at paghatid ng terapiyang stem cell; konstruksyon ng pasilidad para sa pananaliksik; at mga kaugnay na pang-administratibong gastusin.
- Maglalaan ng $1.5 bilyon sa pananaliksik at terapiya para sa Alzheimer's, Parkinson's, stroke, epilepsy, at iba pang mga sakit at kondisyon sa utak at central nervous system.
- Maglalaan ng mga pera sa Pangkalahatang Pondo para sa pagbabayad sa serbisyo sa utang sa bono.
- Palalawakin ang mga programang magtataguyod sa pananaliksik para sa stem cell at iba pang medikal na pananaliksik, pagbuo at paghatid ng terapiya, at pagsasanay at mga fellowship para sa estudyante at doktor.

BUOD NG TANTIYA NG PAMBATASANG TAGASURI SA NETONG PISKAL NA EPEKTO SA PANG-ESTADO AT LOKAL NA GOBYERNO:

- Tumaas na mga gastusin ng estado upang bayaran ang mga bonong tinantiyang nasa mga $260 milyon kada taon sa loob ng susunod na tinatayang 30 taon.

Buod ng Mga Gastos ng Estado

Bagong Paghiram	
Prinsipal	$5.5 bilyon
Interes	2.3 bilyon
Kabuuang Tinatantiyang Halaga	**$7.8 bilyon**
Mga Pagbabayad	
Average na taunang halaga	$260 milyon
Ipinalagay na panahon ng pagbabayad	30 taon
Pinagmumulan ng mga pagbabayad	Pangunahing kita sa buwis ng Pangkalahatang Pondo

PAGSUSURI NG PAMBATASANG TAGASURI

BATAYAN

Gumagamit ang mga Mananaliksik ng Mga Stem Cell upang Pag-aralan at Gamutin ang Maraming Sakit. Ang mga stem cell ay mga partikular na uri ng mga cell na nasa katawan ng mga tao. Interesado ang mga mananaliksik sa mga stem cell dahil sa kanilang potensyal na makabuo ng mga bagong cell, tissue, at organ, at kung kaya may potensyal itong makatulong sa paggamot ng ilang partikular na sakit. Ang mga mananaliksik na lumalahok sa "medisina sa pagbubuong muli" ay nakatuon sa pagtugon sa maraming sakit, kabilang ang Alzheimer's disease, HIV/AIDS, stroke, diyabetis, at kanser.

Inaprubahan ng Mga Botante ang Panukala sa Balota ng Mas Maagang Stem Cell. Noong 2004, inaprubahan ng mga botante ang Proposisyon 71, na nagdagdag ng probisyon sa Saligang-Batas ng Estado na nagpapatibay ng karapatan ng mga mananaliksik sa California na magsagawa ng pananaliksik sa stem cell. Ginawa rin ng panukula ang Instituto ng Medisina sa Pagbubuong Muli ng California (California Institute for Regenerative Medicine, CIRM), na pangunahing para sa layunin ng pagkakaloob ng mga gawad sa mga unibersidad at iba pang entidad sa California upang suportahan ang pananaliksik sa stem cell, pagpapahusay ng mga bagong paggamot, mga klinikal na pagsubok, bagong pasilidad para sa pananaliksik, at iba pang nauugnay na aktibidad. Nagtatag rin ang panukala ng (1) namamahalang lupon na magpatupad ng mga patakaran ng CIRM at maglaan ng mga pondo ng gawad, (2) tatlong grupong nagtatrabaho sa pagpapayo upang matulungang gabayan ang namamahalang lupon sa ilang partikular na bagay, at (3) isang independiyenteng komite ng pangangasiwa upang bantayan ang mga pananalapi ng CIRM.

PAGSUSURI NG PAMBATASANG TAGASURI

IPINAGPATULOY

Pinahintulutan ng Panukala ang Estado na Mag-Isyu ng Mga Pangkalahatang Obligasyong Bono. Pinahintulutan ng Proposisyon 71 ang estado na magbenta ng $3 bilyon sa mga pangkalahatang obligasyong bono, na uri ng panghihiram. Binenta ng estado ang mga bono sa mga namumuhunan, at ang perang nalikom mula sa mga pagbebentang ito ang nagpondo sa mga gawad at pagpapatakbo ng CIRM. Pagkatapos magbenta ng mga bono, binayaran ng estado ang mga namumuhunan nang may interes sa loob ng maraming taon. Katulad ng karaniwan sa mga ganitong uri ng bono, ginawa ng estado ang karamihan sa mga pagbabayad sa utang mula sa Pangkalahatang Pondo—ang pangunahing account sa pagpapatakbo ng estado, na nagbabayad para sa edukasyon, mga bilangguan, pangangalagang pangkalusugan, at iba pang pampublikong serbisyo. Iniatas ng panukala na ang maliit na halaga ng interes ng mga pondo ay mabayaran mula sa mga pagbebenta ng bono. (Para sa higit pang impormasyon tungkol sa paggamit ng estado sa mga bono, tingnan ang "Kabuuang ideya sa Utang sa Bono ng Estado" sa huling bahagi ng gabay na ito.)

Nakapagpondo ang Mga Gawad ng Maraming Layunin. Ipinapakita ng Pigura 1 kung paano ginamit ng CIRM ang gawad na pagpopondo nito. Kabilang sa mga pinondohang proyekto ang pagsasagawa ng pangunahing pananaliksik sa agham (tulad ng pananaliksik sa laboratoryo sa mga stem cell), pagpapahusay ng mga potensyal na paggamot, at pagsasagawa ng mga klinikal na pagsubok. Sinuportahan din ng mga pondo ng gawad ang iba pang aktibidad, kabilang ang pagpapatayo ng mga bagong pasilidad sa pananaliksik at mga internship para sa mga esudyante ng kolehiyo. Natanggap ng Unibersidad ng California ang pinakamalaking halaga ng pagpopondo ng gawad, na sinundan ng mga pribadong nonprofit na unibersidad at institusyon (tulad ng Unibersidad ng Stanford). Bilang karagdagan sa pagtanggap ng gawad mula sa CIRM, nakakatanggap ang maraming tumatanggap ng gawad ng karagdagang pagpopondo mula sa mga ibang pinagmumulan para sa kanilang mga proyekto. Ang iba pang karaniwang pinagmumulan ng pondo ay ang mga kontribusyon ng industriya, pribadong donasyon, at pederal na gawad.

Pigura 1

Buod ng Proposisyon 71 Mga Gawad sa Stem Cell

$2.7 Bilyon ang Naigawad Simula 2004



Para sa buong teksto ng Proposisyon 14, tingnan ang pahina 89.

PAGSUSURI NG PAMBATASANG TAGASURI

Inaatasan ang Mga Tumatanggap ng Gawad na Ibahagi sa Estado ang Kanilang Kitang Nauugnay sa Imbensyon. Ang ilang pananaliksik sa stem cell ay maaaring humantong sa mga bagong imbensyon, kabilang ang mga bagong medikal na teknolohiya at paggamot. Inatasan ng Proposisyon 71 ang mga tumatanggap ng gawad na maglilisensya o magbebenta ng kanilang mga imbensyon, na magbahagi sa estado ng bahagi ng magiging resultang kita. Ang bahagi ng kita ng estado ay idedeposito sa Pangkalahatang Pondo at maaaring gamitin upang suportahan ang anumang programa ng estado. Sa paglipas ng mga taon, bumuo ang namamahalang lupon ng CIRM ng mga panuntunan kung paano ibinabahagi ang kita sa estado. Nagsimulang makatanggap ang estado ng kita mula sa mga imbensyong pinondohan ng CIRM noong 2017. Hanggang ngayon, ang mga imbensyong ito ay nakapagbigay ng kabuuan ng humigit-kumulang na $350,000 sa estado.

Nagasta Na ng CIRM ang Halos Lahat ng Magagamit na Pondo. Mula noong Hunyo 2020, nagasta na ng CIRM ang halos lahat ng pondo nito sa Proposisyon 71. Ayon sa CIRM, halos $30 milyon ang natitirang magagamit para sa mga gawad. Habang papalapit na ito sa katapusan ng pagpopondo nito, nagbabawas ang CIRM ng mga tauhan nito. Kasalukuyang may 35 full-time na tauhan ang institusyon, na bumaba mula sa pinakamataas nitong 50 full-time na tauhan. Pinaplano nitong magpanatili ng ilang tauhan para sa mga susunod na ilang taon habang kinukumpleto ang mga natitirang proyekto.

MUNGKAHI

Mag-aawtorisa ng Mga Bagong Bono para sa Mga Stem Cell na Aktibidad. Pinahihintulutan ng Proposisyon 14 ang estado na magbenta ng $5.5 bilyon sa pangkalahatang obligasyong bono. Pangunahing magpopondo ang mga bono ng mga karagdagang gawad upang suportahan ang pananaliksik at ang pagpapahusay ng mga paggamot (kabilang ang mga klinikal na pagsubok) para sa maraming sakit. Nagtatabi ang proposisyon ng hindi bababa sa $1.5 bilyon na partikular upang manaliksik at magpahusay ng mga paggamot para sa mga sakit na nakakaapekto sa utak at central nervous system (tulad ng Alzheimer's disease at Parkinson's disease). Inaatasan ng proposisyon ang CIRM na maglaan ng maliit na bahagi ng pagpopondo ng gawad para sa mga oportunidad sa pagsasanay para sa mga estudyante sa Unibersidad ng Estado ng California at mga Kolehiyo ng Komunidad ng California, pati na rin ng maliit na bahagi upang makatulong na magtatag at suportahan ang mga pasilidad na nakatuon sa pananaliksik at mga klinikal na pagsubok. Para sa ilang uri ng mga gawad, aatasan ang CIRM na tiyaking ang mga tumatanggap ng gawad ay nakatira sa buong estado at isaprayoridad ang mga aplikanteng nag-aalok ng mga katumbas na pondo. Pinahihintulutan ng proposisyon ang CIRM na gumastos ng hindi hihigit sa 7.5 porsyento ng mga pondo sa bono sa mga pang-administratibong gastusin.

Magtatatag ng Ilang Partikular na Panuntunang Nauugnay sa Mga Bono. Nililimitahan ng proposisyon ang halaga ng mga bonong maaaring ibenta ng estado sa $540 milyon kada taon, at sa gayon ay pinapalawak ang mga pagbebenta ng bono nang hindi bababa sa loob ng 11 taon. Sa unang limang taon pagkatapos maaprubahan ang proposisyon, magbabayad ang estado ng interes gamit ang mga pondo mula sa mga pagbebenta ng bono, at sa gayon ay binabawasan ang halaga ng magagamit na pagpopondo sa bono para sa mga proyekto sa pananaliksik. Simula Enero 1, 2026, hindi na gagamit ang estado ng mga pondo mula sa mga pagbebenta sa bono upang magbayad ng mga interes. Sa halip, magbabayad ang estado ng mga natitirang utang mula sa Pangkalahatang Pondo.

Gumagawa ng Maraming Pagbabago sa CIRM. Ang pinakakapansin-pansin, gumagawa ang proposisyon ng maraming pagbabagong naglalayong pahusayin ang akses ng pasyente sa mga paggamot na stem cell. Pinahihintulutan ng proposisyon ang CIRM na kumuha ng hanggang 15 full-time na empleyado partikular para sa pagbuo ng mga patakaran at programang nauugnay sa pagpapahusay ng access sa, at ang pagiging abot-kaya ng mga paggamot para sa mga pasyente. (Pahihintulutan ang institusyon ng hanggang 70 full-time na empleyado para sa iba pang layunin sa pagpapatakbo.) Isang bagong grupo ng mga eksperto na nagtatrabaho sa pagpapayo ang susuporta sa namamahalang lupon ng CIRM sa mga ganitong bagay. Higit pa rito, gagamitin ang anumang kitang nauugnay sa imbensyong idineposito sa Pangkalahatang Pondo upang makatulong na magbayad sa mga paggamot na medisina sa pagbubuong muli ng mga pasyente. Kabilang sa marami pang ibang pagbabago, daragdagan din ng proposisyon ang bilang ng mga miyembro sa namamahalang lupon ng CIRM mula 29 hanggang 35.

MGA EPEKTO SA PANANALAPI

Kabuuang Tinatantiyang Gastusin ng Estado na $7.8 Bilyon. Ang halaga upang bayaran ang mga bonong awtorisado ng proposisyong ito ay depende sa iba't ibang salik, tulad ng mga rate ng interes sa mga bono, at kung kailan babayaran ang mga ito. Tinatantiya namin na ang kabuuang halaga upang mabayaran ang mga bono ay $7.8 bilyon—$5.5 bilyon para sa prinsipal, at $2.3 bilyon para sa interes. Ang magiging average ng mga gastusin ng estado ay **humigit-kumulang na $260 milyon kada taon para sa humigit-kumulang na 30 taon**. Ang halagang ito ay mas mababa sa 1 porsyento ng kasalukuyang badyet ng Pangkalahatang Pondo ng estado.

Mahirap Magtantiya ng Kitang Nauugnay sa Imbensyong Magagamit para sa Mga Gatusin sa Paggamot ng Mga Pasyente. Hindi tiyak ang halaga ng kita mula sa mga bagong imbensyon na magagamit ng estado upang makatulong na bayaran ang mga gastusin sa mga paggamot gamit ang medisina sa pagbubuong muli ng mga pasyente. Maraming beses na hindi humahantong sa imbensyon ang pananaliksik. At, karaniwang maraming panahon ang lumilipas mula sa pagsisimula ng proyekto sa pananaliksik hanggang sa paglilisensya o pagbebenta ng kaugnay na imbensyon. Sa ngayon, nakakolekta ang estado ng ilang daang libong dolyar sa kitang nauugnay sa imbensyon. Gayunpaman, maaaring hindi tumpak na mahuhulaan ng mga nakaraang pagkolekta ng kita ang kita sa hinaharap.

Iba Pang Posibleng Epekto sa Pananalapi. Maaaring magresulta ang proposisyon sa maraming di-tuwirang epekto sa mga pang-estado at lokal na pamahalaan. Halimbawa, kung ang proposisyon ay magreresulta sa mga bagong paggamot, maaaring maapektuhan ang mga gastusin ng pang-estado at lokal na pamahalaan para sa mga programang tulad ng Medi-Cal, ang programa sa pangangalagang pangkalusugan na pinopondohan ng estado para sa mga taong may mababang kita. Hindi alam ang netong epekto sa pananalapi ng mga di-tuwirang epekto ng proposisyon ito.

Bumisita sa *http://cal-access.sos.ca.gov/campaign/measures/* para sa listahan ng mga komite na pangunahing binuo upang suportahan o tutulan ang panukalang ito.

Bumisita sa *http://www.fppc.ca.gov/transparency/top-contributors.html* upang makita ang nangungunang 10 tagaambag ng komite.

Makikita ang kopya ng buong teksto ng panukala ng estadong ito sa pahina 89 ng gabay na ito.

Para sa buong teksto ng Proposisyon 14, tingnan ang pahina 89.

★ PANGANGATWIRANG PABOR SA PROPOSISYON 14 ★

PROPOSISYON 14: MGA PAGGAMOT AT LUNAS GAMIT ANG STEM CELL AT PAGLILIGTAS NG MGA BUHAY. Halos kalahati ng lahat ng pamilya sa California ay may bata o nasa hustong gulang na may mga medikal na kondisyon na maaaring makinabang sa pananaliksik, mga paggamot, at lunas gamit ang Stem Cell.

Nagkakaloob ang Prop. 14 ng patuloy na pagpopondo upang magpahusay ng mga paggamot, magsulong ng mga klinikal na pagsubok, at makakamit ng mga bagong siyentipikong tagumpay para sa mga pasyente ng California na may Kanser, Diyabetis, Sakit sa Puso, Alzheimer's, Parkinson's, HIV/AIDS, ALS, MS, Sakit na Sickle Cell, Mga Sakit sa Baga, Sakit sa Bato, Bubble Baby Disease, Pagkabulag na Nauugnay sa Edad at Genetic na Pagkabulag, Epilepsy, Stroke, Schizophrenia, Autism, at iba pang Kondisyon sa Kalusugan ng Isip at Utak, at Mga Nakakahawang Sakit tulad ng COVID-19.

PAGDARAGDAG SA PATULOY NA TAGUMPAY: 92 KLINIKAL NA PAGSUBOK NA INAPRUBAHAN NG FDA / 2,900 MEDIKAL NA PAGTUKLAS HANGGANG NGAYON. Ang Orihinal na pagpopondo sa Stem Cell ng California, na mauubos ngayong taon, ay nagresulta na sa malaking progreso sa pagpapahusay ng mga gamot at lunas, kabilang ang 92 klinikal na pagsubok na inaprubahan ng FDA para sa mga hindi gumagaling na sakit at pinsala, mahigit 2,900 medikal na pagtuklas, at mga ipinakitang benepisyo para sa mga pasyente at pananaliksik sa mga hindi gumagaling na sakit kabilang ang: Kanser, Diyabetis, Mga Kondisyon sa Puso, Pagkabulag, HIV/AIDS, ALS, Mga Batang May Mahinang Resistensiya, Pagkaparalisa, at Sakit sa Bato.

KABILANG SA MGA KUWENTO NG TAGUMPAY NG MGA GINAMOT NA PASYENTE NG CALIFORNIA ANG: • Ang isang estudyante sa mataas na paaralan na naparalisa sa isang aksidente sa pagsisid, ay naibalik ang paggana ng itaas na bahagi ng kanyang katawan. • Ang isang inang nabulag ng genetic na sakit ay muling nakakakita. • Natuklasan ang isang lunas para sa mga nakamamatay na sakit na nagdudulot sa mga batang ipanganak nang walang gumaganang immune system. • Mga paggamot na inaprubahan ng FDA para sa dalawang uri ng nakamamatay na kanser sa dugo. Pakinggan ang marami pang pasyente sa *www.YESon14.com/successes*

SINUSUPORTAHAN NG MAHIGIT 70 ORGANISASYON NG TAGAPAGTAGUYOD NG PASYENTE. Ang botong OO sa Prop. 14 ay inirerekomenda ng Unibersidad ng California, MGA NAGWAGI NG NOBEL PRIZE, mga nangungunang tagapagtaguyod ng pasyente at medikal na agham, at mahigit 70 ORGANISASYON NG TAGAPAGTAGUYOD NG PASYENTE, kabilang ang: Kapisanan ng Amerika para sa Pananaliksik sa Kanser • Kapisanan sa Diyabetis ng Amerika • Samahan para sa Leukemia at Lymphoma • Research Foundation ng Diyabetis sa Bata • Ang Michael J. Fox Foundation para sa Pananaliksik sa Parkinson's • Kapisanan ng ALS, Sangay ng Golden West • Mga Mamamayang Nagkaisa para sa Pananaliksik sa Epilepsy (CURE—Citizens United for Research in Epilepsy) • One Mind • Foundation para sa May Mahinang Resistensiya • Kilusan ng Kababaihan sa Alzheimer's • Alzheimer's Los Angeles • Christopher & Dana Reeve Foundation para sa Paralisis • Cystic Fibrosis Research, Inc. • Arthritis Foundation • Foundation ng California para sa Sakit na Sickle Cell • Foundation para sa Paglaban sa Pagkabulag • Foundation ng San Francisco para sa AIDS

"Ang Prop. 14 ay magtataguyod ng progreso ng California sa ngayon, na tumutulong na mapabilis ang mga medikal na tagumpay sa labas ng laboratoryo at sa mga klinikal na pagsubok, kung saan makakatulong silang magpahusay at magligtas ng mga buhay ng mga pasyente."
—Dr. Adriana Padilla, Fresno

MAGDARAGDAG NG ACCESS AT PAGIGING ABOT-KAYA SA PASYENTE. Ilalaan ang mga eksperto ng "Ang Komite para sa Pagiging Accessible at Pagiging Abot-kaya ng Mga Paggamot at Lunas" upang lubos na madagdagan ang access sa mga klinikal na pagsubok at mga bagong therapy, gagawing mas abot-kaya ang mga paggamot at lunas para sa mga taga-California, at magkakaloob sa mga pasyente, sa kanilang pamilya, at caregiver ng tulong pinansyal.

PAGSIGLA NG EKONOMIYA AT PAGBABALIK NG MGA TRABAHO. Gagawa ang pagpopondong ito ng mga bagong kita, pang-ekonomiyang aktibidad at mga trabaho na mag-aambag sa pagbangon ng ekonomiya ng California. Walang pagbabayad sa bono ng Estado sa unang limang taon; *at, sa pagsuporta sa Stem Cell na programa ng California, gagastos lang ang Estado ng mas mababa sa $5 kada tao taon-taon.*

TITIYAKIN ANG STRIKTONG PANANAGUTAN AT KATAPATAN. Ang Kontroler ng California ang tagapangulo sa Komite ng Pangangasiwa ng Pinansyal na Pananagutan ng Mga Mamamayan, na nagsusuri ng mga independiyente, pinansyal, at pagtatasa sa pagganap, ng Institusyon ng pagpopondo. Sumusunod ang Institusyon sa Batas sa Bukas na Pagpupulong, Batas sa Mga Pampublikong Rekord, at ang Batas sa Politikal na Reporma ng California.

Nagpapaikli ng mga buhay ang mga hindi gumagaling na sakit, kondisyon, at pinsala, at gumagastos ang mga taga-California ng bilyon-bilyon sa mga gastusin sa pangangalagang pangkalusugan. Kailangan nating ipagpatuloy ang ating pamumuhunan, ang pagpapahusay ng mga Stem Cell na paggamot upang mapabuti ang kalusugan at bawasan ang paghihirap ng milyon-milyong taga-California.

BUMOTO NG OO SA 14. *MAAARI NITONG MAILIGTAS ANG IYONG BUHAY O ANG BUHAY NG TAONG MAHAL MO. www.YESon14.com*

ANTONI RIBAS, M.D., Ph.D., Presidente
Kapisanan ng Amerika para sa Pananaliksik sa Kanser

CYNTHIA E. MUÑOZ, Ph.D., MPH, Presidente
Kapisanan ng Amerika sa Diyabetis sa Los Angeles

ROBERT A. HARRINGTON, M.D., Tagapangulo
Kagawaran ng Medisina, Unibersidad ng Stanford

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PABOR SA PROPOSISYON 14 ★

BUMOTO NG HINDI SA PROP. 14

MALALAKING GASTUSIN

Sa nakikita ninyo mula sa pagbabasa ng pangangatwiran sa balota sa itaas, sinusubukan ng mga tagapagtaguyod na bawasan ang halaga ng inisyatibang ito.

Ang aktuwal na kabuuang halaga ay $7.3 bilyon—isang napakalaking halaga sa panahon ng krisis sa ekonomiyang ito, na may tumataas na kawalan ng trabaho at mga kakulangan sa badyet.

MGA NABIGONG PANGAKO

Gumagawa ng mga hindi tunay na pangako ang mga tagapagtaguyod tungkol sa mga kita at trabaho.

Sinuri ng *San Francisco Chronicle* ang mga katulad na pangakong ginawa sa mga botante ng California sa mga nakaraang taon—at nagpasiyang "hindi dumating ang inaasahang bagyo."

Kinuwestiyon ng mga independiyenteng eksperto at mga outlet ng balita ang pamamahala at rekord ng katapatan ng burokrasya ng estadong gagastos sa bilyon-bilyong pinahintulutan ng Prop. 14.

Kaunting pederal na inaprubahang therapy lang ang nagresulta mula sa $3 bilyong ginastos ng burokrasya ng estado hanggang ngayon.

HINDI ITO ANG SAGOT

Mahalaga ang medikal na pananaliksik. Sumasang-ayon kaming lahat na mayroong pangangailangang makahanap ng mga lunas at paggamot sa mga sakit na nagpapahirap sa marami.

Ngunit hindi ang Prop. 14 ang sagot.

Gumagastos ang pederal na pamahalaan at mga pribadong namumuhunan ng bilyon-bilyon upang makahanap ng mga lunas.

Marami nang nagawa ang nagbabayad ng buwis sa Estado ng California.

Bumoto ng HINDI sa Prop. 14.

VINCENT FORTANASCE, M.D.

PATRICK JAMES BAGGOT, M.D.

★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 14 ★

HINDI NATIN KAYANGMAGLUSTAY NG BILYON-BILYON

Sa gitna ng krisis sa ekonomiya, na may tumataas na kawalan ng trabaho at kakulangan sa badyet nang bilyon-bilyong dolyar, wala tayong perang mailulustay.

Hindi natin kayang bayaran ang $5 bilyong hinihingi ng mga tagapagtaguyod ng Prop. 14.

At bukod pa iyan sa halos $3 bilyong ginastos ng naghihikahos na ahensiya ng estadong ito sa nakalipas na 15 taon—nang may hindi magagandang resulta.

Pagkatapos ng "malawak na pagsusuri" ng paggasta ng ahensiya ng Estado sa pamimigay ng bilyon-bilyon sa mga gawad, nagpasiya ang San Francisco Chronicle na: "Hindi dumating ang inaasahang bagyo." Kaunting pederal na inaprubahang therapy lang ang nagresulta.

Huwag paniwalaan ang mga bilang ng "epekto sa ekonomiya" mula sa mga tagapagtaguyod ng Prop. 14.

Kabilang sa "epekto" na iyon ang:

Mahigit $100 milyon sa mga gawad sa mga pribadong kumpanyang may headquarter sa ibang estado.

Mahigit $2.4 na milyon sa sahod sa nakaraang dekada sa *part-time* na biseng tagapangulo ng lupon, isang dating mambabatas ng California na hindi doktor o medikal na siyentipiko.

Napakalupit.

PINOPONDOHAN NG PROP. 14 ANG ISANG BUROKRASYANG MAY MALULUBHANG PROBLEMA

Kinuwestiyon ng ilan ang "integridad at pagsasarili" ng ahensiya ng estadong nangangasiwa sa mga pondong ito.

Tinawag ng Komisyon ng Little Hoover si Robert Klein, ang dating tagapangulo ng lupon ng ahensiya, na "isang baras ng kidlat para sa mga panawagan para sa higit pang pananagutan."

Nagpasiya ang Sentro para sa Lipunan at Genetics sa Berkeley na wala sa mga pagkakamali sa orihinal na inisyatiba ng stem cell ay natugunan sa Prop. 14. Sa katunayan, napagpasiyahan nila, na mas lumala ang mga problema.

MAGAGAWA NANG MAS MABUTI NG IBA ANG TRABAHONG ITO

Nagkakaloob ang Pambansang Institusyon ng Kalusugan ng $1.5 bilyon kada taon sa mga gawad upang pondohan ang parehong uri ng pananaliksik.

Nakagawa ng malalaking hakbang ang mga pribadong namumuhunan at kumpanya, kabilang ang marami sa California, sa paggamit ng mga stem cell upang lunasan ang mga sakit—gamit ang mga pribadong pondo, hindi ng mga dolyar na buwis.

At huwag magpaloko sa mga kaunting gawad na ibinigay ng ahensiyang ito sa mga kamakailang buwan sa mga mananaliksik na nagtatrabaho sa COVID-19. Isa itong halatang pagtatangka—pagkatapos gumasta nang bilyon-bilyon sa ibang prayoridad—para linlangin ang mga botante sa gitna ng pandemyang ito.

NANGANGAHULUGAN ANG PROP. 14 NG MAS MATATAAS NA BUWIS, PAGTANGGAL SA TRABAHO—O PAREHO

Basahin ang kalapit na buod, na binabanggit ang tantiya ng di-partidistang Pambatasang Tagasuri: "Mga gastos ng estado na $7.8 bilyon upang mabayaran ang prinsipal ($5.5 bilyon) at interes ($2.3 bilyon) sa mga bono."

Ang pagbabayad sa mga gastos ng Prop.14 na $7.8 bilyon ay maaaring mangahulugan ng malalaking pagtaas sa buwis—sa panahon na naghihikahos ang ating ekonomiya.

O pagtanggal ng libu-libong nars at iba pang bayaning gumagawa ng tunay na trabaho na mapanatiling malusog ang California.

BUMOTO NG HINDI SA PROP. 14.
HINDI NATIN KAYANG MAGLUSTAY NG BILYON-BILYON

VINCENT FORTANASCE, M.D.

PATRICK JAMES BAGGOT, M.D.

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 14 ★

Pinag-aralan ng mga nagwagi ng Nobel Prize na medikal na mananaliksik, doktor, at 70 organisasyon ng tagapagtaguyod ng pasyente ang Prop. 14 at nag-uudyok ng BOTONG OO.

- Ang Pananaliksik sa Stem Cell ay isang kritikal na bahagi ng medikal na pagsulong na tumutuklas ng mga tagumpay sa therapy at mga lunas para sa mga sakit at pinsalang kasalukuyang walang lunas.
- Nakipagtulungan ang Mga Pambansang Institusyon ng Kalusugan ng Estados Unidos (United States National Institutes of Health, NIH) sa Institusyon ng Pagpopondo ng Stem Cell ng California upang magsulong ng mga therapy dahil sa napatunayang nakamit ng California sa tagumpay.
- Nanggagaling sa mga bono ang pagpopondo ng pananaliksik sa mga bagong therapy at lunas, hindi isang buwis. Ang average na gastos sa Estado ay hindi bababa sa $5 kada tao taon-taon, nang walang pagbabayad sa estado hanggang 2026, ang ika-6 na taon ng pagbangon ng ekonomiya ng California.
- Ang mga bagong paggamot at lunas ay maaaring magbalik ng kalusugan, at mabawasan ang mga gastusin sa pangangalagang pangkalusugan para sa mga taga-California.
- Mahalaga ang pagpopondo ng California; ang pagpopondo mula sa Washington, DC ay hindi matatantiya at hindi maaasahan.

Binabalewala ng mga kalaban ang progreso ng institusyon ng pagpopondo, kabilang ang mahigit 2,900 medikal na pagtuklas at 92 Klinikal na Pagsubok na Inaprubahan ng FDA, at matataas na marka mula sa Komite ng Pangangasiwa ng Pinansyal na Pananagutan ng Mga Mamamayan, kung saan ang Tagapangulo ay ang Kontroler ng California.

PAGBANGON NG EKONOMIYA SA PAMAMAGITAN NG PAGBABALIK NG TRABAHO—NAPATUNAYANG KASAYSAYAN

Ang Sentro ng Schaeffer para sa Patakaran sa Kalusugan at Ekonomika ng Unibersidad ng Timog California ay nag-isyu ng ulat mula sa 2019 na nagpapatunay sa daan-daang milyong dolyar sa bagong kita, $10.7 bilyon sa pagpapanumbalik ng ekonomiya, at libu-libong bagong trabaho, na ginawa ng pagpopondo sa Stem Cell ng California. Ipinapakita ng kasaysayang ito na magkakaloob ang Prop. 14 ng Pagbangon ng Ekonomiya sa Pamamagitan ng Pagbabalik ng Trabaho.

SINUSUPORTAHAN NG 70 ORGANISASYON NG TAGAPAGTAGUYOD NG PASYENTE, ANG UNIBERSIDAD NG CALIFORNIA, AT MGA SIYENTIPIKO, KABILANG ANG: Kapisanan ng Amerika para sa Pananaliksik sa Kanser • Kapisanan ng Amerika sa Diyabetis • Samahan para sa Leukemia at Lymphoma • Research Foundation ng Diyabetis sa Bata • Kapisanan ng ALS, Sangay ng Golden West • Mga Mamamayang Nagkaisa para sa Pananaliksik sa Epilepsy (CURE—Citizens United for Research in Epilepsy) • One Mind • Foundation para sa May Mahinang Resistensiya • Beyond Type I • Kilusan ng Kababaihan sa Alzheimer's • Alzheimer's Los Angeles • Christopher & Dana Reeve Foundation para sa Paralisis • Cystic Fibrosis Research, Inc. • Arthritis Foundation • Foundation ng California para sa Sakit na Sickle Cell • Foundation para sa Paglaban sa Pagkabulag • Foundation ng San Francisco para sa AIDS

BUMOTO NG OO SA 14. *MAAARI NITONG MAILIGTAS ANG IYONG BUHAY O ANG BUHAY NG TAONG MAHAL MO.*

TODD SHERER, Ph.D., CEO
Ang Michael J. Fox Foundation para sa Pananaliksik sa Parkinson's

LAWRENCE GOLDSTEIN, Ph.D., Kilalang Propesor
Sentro sa Pananaliksik ng Alzheimer's Disease ng Shiley—Marcos, Unibersidad ng California, San Diego

TRACY GRIKSCHEIT, M.D., Pinuno sa Mga Pag-oopera sa Mga Bata
Children's Hospital Los Angeles

PROPOSISYON

15 PARARAMIHIN ANG MGA PINAGMUMULAN NG PAGPOPONDO PARA SA MGA PAMPUBLIKONG PAARALAN, KOLEHIYO NG KOMUNIDAD, AT SERBISYO NG LOKAL NA GOBYERNO SA PAMAMAGITAN NG PAGBABAGO SA PAGTATASA NG BUWIS PARA SA PANGKOMERSYO AT INDUSTRIYAL NA ARI-ARIAN. INISYATIBANG SUSOG SA SASALIGANG-BATAS.

OPISYAL NA TITULO AT BUOD

INIHANDA NG PANGKALAHATANG ABUGADO

Makikita ang teksto ng panukalang ito sa website ng Kalihim ng Estado sa *voterguide.sos.ca.gov.*

- Pararamihin ang mga pinagmumulan ng pagpopondo para sa mga pampublikong paaralang K–12, kolehiyo ng komunidad, at mga lokal na gobyerno sa pamamagitan ng pag-aatas na buwisan ang mga pangkomersyo at industriyal na tunay na ari-arian batay sa kasalukuyang halaga sa merkado, sa halip na sa halaga ng pagbili.
- Magbibigay ng mga iksemsyon mula sa mga pagbabago sa pagbubuwis: mga residensyal na ari-arian; lupang pang-agrikultura; at mga may-ari ng mga pangkomersyo at industriyal na ari-arian na may pinagsamang halagang $3 milyon o mas mababa pa.
- Ang anumang karagdagang pagpopondo sa edukasyon ay idadagdag sa mga kasalukuyang garantiya sa pagpopondo sa paaralan.
- Magbibigay ng iksemsyon sa maliliit na negosyo mula sa buwis sa personal na ari-arian; para sa ibang mga negosyo, magkakaloob ng $500,000 na iksemsyon.

BUOD NG TANTIYA NG PAMBATASANG TAGASURI SA NETONG PISKAL NA EPEKTO SA PANG-ESTADO AT LOKAL NA GOBYERNO:

- Tumaas na mga buwis sa ari-arian para sa mga pangkomersyong ari-ariang nagkakahalaga ng mahigit $3 milyon na magkakaloob ng $6.5 bilyon hanggang $11.5 bilyon sa panibagong pagpopondo sa mga lokal na pamahalaan at paaralan.

PAGSUSURI NG PAMBATASANG TAGASURI

BATAYAN

Binubuwisan ng Mga Lokal na Pamahalaan ang Ari-arian. Nagpapataw ang mga lungsod, county, paaralan, at espesyal na distrito (gaya ng distrito ng proteksyon sa sunog) ng California ng mga buwis sa ari-arian sa mga may-ari ng ari-arian batay sa halaga ng kanilang ari-arian. Tumataas ang mga buwis sa ari-arian nang halos $65 bilyon kada taon para sa mga lokal na pamahalaang ito. Sa kabuuan, humigit-kumulang 60 porsyento ng mga buwis sa ari-arian ay napupunta sa mga lungsod, county, at espesyal na distrito. Ang natitirang 40 porsyento ay napupunta sa mga paaralan at kolehiyo ng komunidad. Ang mga bahaging ito ay iba-iba sa iba't ibang county.

Kabilang sa Ari-Arian ang Lupa, Mga Gusali, Makinarya, at Kagamitan. Nalalapat ang mga buwis sa ari-arian sa maraming uri ng ari-arian. Ang lupa at mga gusali ay nabubuwisan. Nagbabayad din ang mga negosyo ng mga buwis sa ari-arian sa halos lahat ng ibang bagay na pag-aari ng mga ito. Kabilang rito ang kagamitan, makinarya, mga computer, at muwebles. Tinatawag nating “kagamitan sa negosyo” ang mga bagay na ito.

Paano Kinakalkula ang Bayarin sa Buwis sa Ari-arian? Ang taunang bayarin sa buwis sa ari-arian ng bawat may-ari ng ari-arian ay katumbas ng nabubuwisang halaga ng kanyang ari-arian na imu-multiply sa halaga ng kanyang buwis sa ari-arian. Ang karaniwang halaga ng buwis sa ari-arian ng may-ari ng ari-arian ay 1.1 porsyento.

Ang Nabubuwisang Halaga ng Lupa at Mga Gusali ay Batay sa Orihinal na Halaga ng Pagbili. Sa taon kung kailan binili ang isang piraso ng lupa o gusali, karaniwang ang nabubuwisang halaga nito ay ang halaga ng pagbili nito. Sa bawat taon pagkatapos noon, inaakma ang nabubuwisang halaga ng ari-arian para sa pagtaas nang hanggang 2 porsyento. Kapag muling nabenta ang isang ari-arian, muling magsisimula ang nabubuwisang halaga nito sa bagong halaga ng pagbili. Ang nabubuwisang halaga ng karamihan ng mga lupa at gusali ay mas mababa kaysa sa halaga kung magkano maaaring ibenta ang mga ito. Ito ay dahil sa tumataas ang presyo kung magkano maaaring ibenta ang ari-arian nang mas mabilis sa 2 porsyento kada taon.

Ang Nabubuwisang Halaga ng Kagamitan sa Negosyo ay Batay sa Kung Magkano Ito Maaaring Ibenta. Hindi tulad ng lupa o mga gusali, binubuwisan ang kagamitan sa negosyo batay sa kung magkano ito maaaring ibenta ngayon.

Pinamamahalaan ng Mga County ang Buwis sa Ari-arian. Tinutukoy ng mga tagatasa ng county ang nabubuwisang halaga ng ari-arian. Sinisingil ng mga tagakolekta ng buwis ng county ang mga may-ari ng ari-arian. Ipinamamahagi ng mga auditor ng county ang mga kita sa buwis sa mga lokal na pamahalaan. Gumagastos ang buong bansa at mga county ng halos $800 milyon kada taon sa mga aktibidad na ito.

PAGSUSURI NG PAMBATASANG TAGASURI — IPINAGPATULOY

MUNGKAHI

Buwisan ang Mga Pangkomersyo at Industriyal na Lupa at Mga Gusali Batay sa Kung Magkano Sila Maaaring Ibenta. Iniaatas ng panukalang ito na buwisan ang pangkomersyo at industriyal (pagkatapos nito ay tatawagin na lang bilang "pangkomersyo") na lupa at mga gusali batay sa kung magkano maaaring ibenta ang mga ito sa halip na ang orihinal na halaga ng pagbili ng mga ito. Ang pagbabagong ito ay isasagawa sa paglipas ng panahon simula 2022. Hindi magsisimula ang pagbabago bago ang 2025 para sa mga ari-ariang ginagamit ng mga negosyo sa California na tumutugon sa ilang partikular na panuntunan at mayroong 50 o mas kaunting empleyado. Ang lupang pabahay at pang-agrikultura ay patuloy na bubuwisan batay sa orihinal na halaga ng pagbili nito.

Hindi Kabilang Ang Ilang Ari-ariang May Mas Mababang Halaga. Hindi nalalapat ang pagbabagong ito kung ang may-ari ay may $3 milyon o mas mababang halaga ng pangkomersyong lupa at mga gusali sa California (iaakma para sa pagtaas kada dalawang taon). Patuloy na bubuwisan ang mga ari-ariang ito batay sa orihinal na halaga ng pagbili.

Babawasan ang Mga Buwis sa Mga Kagamitan sa Negosyo. Babawasan ng panukala ang mabubuwisang halaga ng kagamitan ng bawat negosyo nang $500,000 simula sa 2024. Ang mga negosyong may kagamitang mas mababa sa $500,000 ay hindi magbabayad ng mga buwis sa mga bagay na iyon. Ang lahat ng buwis sa ari-arian sa kagamitan sa negosyo ay aalisin sa mga negosyo sa California na nakatutugon sa ilang partikular na panuntunan at may 50 o mas kaunting empleyado.

MGA EPEKTO SA PANANALAPI

Dadagdagan ang Mga Buwis sa Mga Pangkomersyong Lupa at Gusali. Karamihan sa mga may-ari ng mga pangkomersyong lupa at gusaling nagkakahalagang mahigit $3 milyon ay magbabayad ng mas mataas na buwis sa ari-arian. Ilan lang sa mga may-ari ng ari-ariang ito ang magsisimulang magbayad ng mas matataas na buwis sa 2022. Sa 2025, karamihan sa mga may-ari ng ari-ariang ito ay magbabayad ng mas mataas na buwis. Simula sa 2025, ang kabuuan ng mga buwis sa ari-arian mula sa mga pangkomersyong lupa at gusali ay malamang na magiging $8 bilyon hanggang $12.5 bilyon na mas mataas sa karamihan ng taon. Ang halaga ng pangkomersyong ari-arian ay maaaring magbago nang ilang beses bawat taon. Nangangahulugan itong ang halaga ng tumaas na buwis sa ari-arian ay maaari ring magbago nang ilang beses bawat taon.

Bababa ang Mga Buwis sa Mga Kagamitan sa Negosyo. Ang mga buwis sa ari-arian sa mga kagamitan sa negosyo ay malamang na magiging ilang daang milyong dolyar na mas mababa kada taon.

Perang Ibinukod Upang Bayaran ang Mga Gastusin ng Panukala. Nagbubukod ng pera ang panukala para sa iba't ibang gastusing ginawa ng panukala. Kabilang dito ang pagkakaloob ng **ilang daang milyong dolyar kada taon** sa mga county upang bayaran ang kanilang mga gastusin sa pagpapatupad ng panukala. Daragdagan ng panukala ang dami ng trabaho na gagawin ng mga tagatasa ng county at maaaring mangailangan ng mga pagbabago sa kung paano nila ginagawa ang kanilang trabaho. Maaaring magkaroon ng mga gastusin ang mga county mula sa panukala bago magkaroon ng bagong pera upang mabayaran ang mga gastusing ito. Magpapautang ng pera ang estado sa mga county upang mabayaran ang mga panimulang gastusing ito hanggang sa magkaroon ng bagong kita sa buwis sa ari-arian.

Bagong Pagpopondo para sa Mga Lokal na Pamahalaan at Paaralan. Sa kabuuan, $6.5 bilyon hanggang $11.5 bilyon kada taon sa mga bagong buwis sa ari-arian ang mapupunta sa mga lokal na pamahalaan. 60 porsyento ang mapupunta sa mga lungsod, county, at espesyal na distrito. Ang bahagi ng pera ng bawat lungsod, county, o espesyal na distrito ay magdedepende sa maraming bagay, kabilang ang halaga ng mga bagong buwis na babayaran ng mga pangkomersyong ari-arian sa komunidad na iyon. Hindi gagarantiyahan ng bagong pera ang lahat ng pamahalaan. Ang ilan sa mga rural na lugar ay maaaring mawalan ng pera dahil sa mas mababababang buwis sa kagamitan sa negosyo. Ang natitirang 40 porsyento ay magdadagdag ng pagpopondo para sa mga paaralan at kolehiyo ng komunidad. Ang bahagi ng pera ng bawat paaralan o kolehiyo ng komunidad ay kadalasang nakabatay sa kung gaano karaming estudyante ang mayroon ang mga ito.

Bumisita sa *http://cal-access.sos.ca.gov/campaign/measures/* para sa listahan ng mga komite na pangunahing binuo upang suportahan o tutulan ang panukalang ito.

Bumisita sa *http://www.fppc.ca.gov/transparency/top-contributors.html* upang makita ang nangungunang 10 tagaambag ng komite.

Kung gusto ninyo ng kopya ng buong teksto ng panukalang ito ng estado, pakitawagan ang Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957 o maaari kayong mag-email sa *vigfeedback@sos.ca.gov* at libreng magpapadala sa inyo ng kopya sa pamamagitan ng koreo.

PARARAMIHIN ANG MGA PINAGMUMULAN NG PAGPOPONDO PARA SA MGA PAMPUBLIKONG PAARALAN, KOLEHIYO NG KOMUNIDAD, AT SERBISYO NG LOKAL NA GOBYERNO SA PAMAMAGITAN NG PAGBABAGO SA PAGTATASA NG BUWIS PARA SA PANGKOMERSYO AT INDUSTRIYAL NA ARI-ARIAN. INISYATIBANG SUSOG SA SASALIGANG-BATAS.

★ PANGANGATWIRANG PABOR SA PROPOSISYON 15 ★

Makabubuti sa ating lahat kung mag-aambag ang lahat nang patas. Ngunit namimigay ang California ng bilyon-bilyong dolyar sa mga bentahe sa buwis sa ari-arian sa mayayamang korporasyon. Sa halip, magagamit ang mga bilyon-bilyon na ito upang matugunan ang nadaragdagang hindi pagkakapantay-pantay, patuloy na kahirapan, kawalan ng trabaho, hindi abot-kayang pabahay, kawalan ng tirahan, at mga paaralang kulang sa pondo.

Habang umiiwas ang pinakamayayamang korporasyon sa pagbabayad ng kanilang patas na ambag, ang ating mga paaralan ang may pinakamasisikip na silid-aralan sa bansa, at nahihirapan ang ating mga lokal na komunidad na tumugon sa epekto ng COVID-19.

Ang Prop. 15 ay isang patas at balanseng repormang:

- nag-aayos ng mga butas sa mga buwis sa ari-arian na napakikinabangan ng mayayamang korporasyon
- binabawasan ang mga buwis sa maliliit na negosyo
- binabawi ang bilyon-bilyong dolyar upang ipuhunan sa ating mga paaralan at lokal na komunidad.

Ang Prop. 15 ay:

Mag-aayos ng mga butas sa mga korporasyon: Nakakaiwas sa muling pagtatasa ang mayayamang korporasyon sa pamamagitan ng pagkuha ng mga abugado ng buwis at tagapagtuos na may matataas na bayad upang pagsamantalahan ang mga butas sa batas. Inaayos ng Prop. 15 ang mga butas na ito sa pamamagitan ng pag-aatas na tasahin ang itasang mga hindi pantahanang pangkomersiyong ari-arian batay sa kanilang aktwal na patas na halaga sa merkado.

- Nasa pinakamataas na 10% ng pinakamahalagang hindi pantahanang pangkomersiyong ari-arian ngCalifornia ang 92% ng mga bagong kita ng Prop. 15.

Hindi naaapektuhan ang mga may-ari ng bahay at nagrerenta: Hindi sinasama ng Prop. 15 ang lahat ng aria-ariang pantahanan, habang pinapanatili ang MGA BUONG PROTEKSYON NG PROP. 13 para sa mga may-ari ng bahay at nagrerenta.

Nagbabawas ng mga buwis para sa maliliit na negosyo: Pinoprotektahan ng Prop. 15 ang maliliit na negosyo at binabawasan ang kanilang buwis sa pamamagitan ng:

- Hindi pagsasama ng mga negosyong pinapatakbo sa tahanan at mga negosyong nagmamay-ari ng $3,000,000 o mas mababa na hindi pantahanang pangkomersiyong ari-arian
- Pagbabawas ng personal na buwis sa ari-arian sa mga kagamitan, computer, at fixture sa negosyo.

Ibabalik ang balanse sa buwis sa ari-arian: Simula noong ipinasa ang Prop. 13, tumaas ang pantahanang bahagi ng buwis sa ari-arian mula 55% hanggang 72%, at bumagsak ang hindi pantahanang pangkomersiyong bahagi ng buwis sa ari-arian. Samantala, nagbabayad tayo ng mas maraming bayarin, multa, at iba pang buwis.
Muling binabalanse ng Prop. 15 ang proporsyon.

Daragdagan ang pagpopondo para sa mga paaralan at kolehiyo ng komunidad: Makakatanggap ang bawat distrito ng paaralan at kolehiyo ng komunidad ng karagdagang pagpopondo na lampas at higit sa mga kasalukuyang garantiya sa pagpopondo. Direktang mapupunta ang mga pondo ng Prop. 15 sa edukasyon at hindi ito maiaalis ng mga pulitiko ng estado.

Mamumuhunan sa mga mahahalagang manggagawa at lokal na serbisyo: Nagbibigay ang Prop. 15 sa mga lokal na komunidad ng mga lubos na kinakailangang tagapagdulot upang makatugon ang mga mahahalagang serbisyo at manggagawa sa frontline sa mga kasalukuyang pagsubok at makapaghanda para sa mga krisis sa hinaharap, sa sunog sa gubat man, pandemya, o lindol.

Susuportahan ang pagkakapantay-pantay sa ekonomiya at lahi: Tinitiyak ng Prop. 15 na makukuha ng mga paaralang may pinakamalaking pangangailangan ang pinakamaraming tulong, at bibigyan ang mga lokal na komunidad ng mga kritikal na kinakailangang tagapagdulot upang matugunan ang mga hindi pantay-pantay na epekto ng COVID-19, kawalan ng trabaho, at gastos sa pabahay sa mga ibang lahi.

Isasaprayoridad ang buong katapatan at pananagutan sa pamamagitan ng pag-aatas sa mga paaralan at lokal na pamahalaan na ihayag sa publiko ang mga bagong kitang natatanggap nila at kung paano ginagasta ang mga ito.

Poprotektahan ang lupang pang-agrikultura: Hindi gumagawa ng anumang pagbabago ang Prop. 15 sa mga kasalukuyang batas na nakakaapekto sa pagbubuwis o pangangalaga ng lupang pang-agrikultura.

Hindi natin kayang ipagpatuloy ang negosyo gaya nang karaniwan. Muling binabalanse ng Prop. 15 ang proporsyon sa pamamagitan ng pag-aayos ng mga butas at pagsuporta sa ating mga paaralan, lokal na komunidad, at maliit na negosyo.

Isang malaking pasulong na hakbang ang Prop. 15 papunta sa mas magandang kinabukasan para sa lahat ng taga-California. Inilagay ito sa balota ng mga lagda ng mahigit 1,700,000 botante na humihiling na magbayad ang mayayamang korporasyon ng kanilang patas na ambag.

Isama ang inyong boses sa kanila: Bumoto ng Oo sa Prop. 15.

TONY THURMOND, Superintendente ng Pampublikong Pagtuturo ng California
JACQUELINE MARTINEZ, CEO
Institusyon ng Komunidad ng Latino
SASHA CUTTLER, Nars ng Pampublikong Kalusugan
Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng San Francisco

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PABOR SA PROPOSISYON 15 ★

PROP. 15: ANG LAHAT NG TAGA-CALIFORNIA ANG MAGBABAYAD PARA SA PINAKAMALAKING PAGTAAS NG BUWIS SA ARI-ARIAN SA KASAYSAYAN NG ESTADO!

INAALIS ANG MGA PROTEKSYON NG PROP. 13

Nililimitahan ng Prop 13 ang mga pagtaas ng buwis sa ari-arian sa 2% kada taon, na nagbibigay ng kasiguraduhan sa mga may-ari ng bahay at maliliit na negosyo na mababayaran nila ang kanilang mga buwis sa hinaharap. Aminado ang mga tagasuporta ng Prop 15 na isusunod nila ang mga proteksyon ng Prop 13 para sa mga tahanan - na nangangahulugan ng pagtaas ng mga buwis para sa lahat ng may-ari ng bahay!

PROP. 15: TINATAASAN ANG ATING HALAGA NG PAMUMUHAY AT PINAPALALA ANG HINDI PAGKAKAPANTAY-PANTAY SA KITA

Ang bilyon-bilyon sa mas matataas na buwis ay mapupunta sa maliliit na negosyo ng California sa anyo ng mas matataas na renta, na magpupuwersa ngayon sa mga negosyong bahagyang nakakaraos na magtanggal ng mga empleyado at magtaas ng mga presyo. Tatamaan tayong lahat ng mas matataas na presyo ng pagkain at pang-araw-araw na pangangailangan, at pinakamatatamaan nito ang mga pamilyang may mababang kita. Hindi natin kayang pataasin ang ating halaga ng pamumuhay.

PROP. 15: HINDI MALULUTAS ANG ATING KASALUKUYANG KRISIS SA BADYET Hindi malulutas ng Prop. 15 ang mga kakulangan sa badyet ngayon. Sinasabi ng di-partidistang Pambatasang Tagasuri na hindi darating ang karamihan sa pondo hanggang 2025. Dagdag pa rito, sinasabi ng Kapisanan ng Mga Tagatasa ng California na ang Prop. 15 ay aabutin nang higit $1 bilyon upang maipatupad, na nangangahulugan ng mas malalaking pagbabawas sa nakasagad nang mga badyet ng lokal na pamahalaan.

PROP. 15: MAPANLINLANG AT WALANG PANANAGUTAN

Sinasabi ng mga tagasuporta ng Prop. 15 na mas tungkol ito sa pera para sa edukasyon, ngunit halos 70% ng pera sa buwis ay hindi naman napupunta sa mga paaralan. Kaya ring ilihis ng mga pulitiko ang pera sa buwis ng lokal na pamahalaan para sa ibang layunin, tulad ng ginagawa nila sa buwis sa gasolina.

HINDI SA PROP. 15. *www.NOonProp15.org*

JON COUPAL, Presidente
Kapisanan ng Mga Nagbabayad ng Buwis ng Howard Jarvis
ALICE HUFFMAN, Presidente
Komperensya ng Estado ng California, NAACP
BETTY JO TOCCOLI, Presidente
Kapisanan ng Maliit na Negosyo sa California

 Ang mga nakalimbag na pangangatwiran sa pahinang ito ay opinyon ng mga may-akda, at hindi nasuri para sa katumpakan ng anumang opisyal na ahensiya.

★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 15 ★

ANG PROP. 15 ANG MAGIGING PINAKAMALAKING PAGTAAS NG TAUNANG BUWIS SA ARI-ARIAN SA KASAYSAYAN NG CALIFORNIA—HANGGANG $12.5 BILYON KADA TAON!

Ang malaking pagpapataas ng Prop. 15 sa taunang buwis sa ari-arian ay magkakaroon ng nakakapaminsalang epekto sa ekonomiya para sa bawat taga-California—mula sa maliliit na negosyo at konsyumer hanggang sa mga magsasaka at may-ari ng bahay.

INAALIS NG PROP. 15 ANG MGA PROTEKSYON SA NAGBABAYAD NG BUWIS SA PROP. 13

Napanatiling abot-kaya ng mga proteksyon sa nagbabayad ng buwis ng Prop. 13 ang buwis sa ari-arian sa pamamagitan ng paglilimita sa mga buwis sa ari-arian at pagtataas taon-taon, na nagbibigay ng kasiguraduhan sa mga nagbabayad ng buwis na mababayaran nila ang kanilang mga buwis ngayon at sa hinaharap. Aalisin ng Prop. 15 ang kasiguraduhang iyon para sa milyon-milyong nagbabayad ng buwis.

• "Isang direktang banta sa mga may-ari ng bahay ang Prop. 15. Hayagang inamin ng mga tagasuporta ng pagtaas ng buwis na unang hakbang pa lamang ito sa ganap na pagbubuwag sa Prop. 13, na inaprubahan ng mga botante upang pigilan ang pagtaas ng buwis sa ari-arian."—*Jon Coupal, Presidente, Kapisanan ng Mga Nagbabayad ng Buwis ng Howard Jarvis*

PINAPATAAS NG PROP. 15 ANG ATING HALAGA NG PAMUMUHAY

Ang pagpapataas ng buwis ng Prop. 15 ay magpapataas ng presyo ng lahat ng binibili ng mga tao, kabilang ang mga groseri, gasolina, utilidad, day care at pangangalagang pangkalusugan.

• "Napakaraming pamilya ang umalis sa kanilang mga kapitbahayan dahil sa tumataas na halaga ng pamumuhay. Patataasin ng Prop. 15 ang halaga ng pamumuhay para sa mga pamilya sa California nang hanggang $960 at lalo nitong maaapektuhan ang mga komunidad na mas mababa ang kita." —*Alice Huffman, Presidente, Komperensya ng Estado ng California, NAACP*

SINISIRA NG PROP. 15 ANG MGA TRABAHO AT MALILIIT NA NEGOSYO

Pitong milyong taga-California ang nagtatrabaho para sa maliit na negosyo. Milyon-milyong taga-California ang naghahain ng kawalan ng trabaho at nasa panganib na mawala ang lahat. WALANG anuman sa Prop. 15 ang pumipigil sa pagpapasa ng buwis sa mga nangungupahang maliliit na negosyo. Palalalain ng Prop. 15 ang krisis sa ekonomiya sa pamamagitan ng pagpapahirap sa maliliit na negosyo—kabilang ang mga restawran, barbero, at dry cleaner sa ating kapitbahayan.

• "Nirerentahan ng karamihan sa maliliit na negosyo ang ari-arian kung saan sila nagnenegosyo. Ang mas mataas na buwis sa ari-arian ng Prop. 15 ay mangangahulugan sa tumataas na renta sa panahong lalong hindi natin kayang bayaran ito."—*Jot Condie, Presidente, Kapisanan ng Restawran ng California*

PINAPATAAS NG PROP. 15 ANG MGA BUWIS PARA SA MGA PAMILYA NG MAGSASAKA, NA MAGRERESULTA SA MAS MATATAAS NA PRESYO NG PAGKAIN

Patataasin ng Prop. 15 ang buwis sa ari-arian sa pagsasaka—kabilang ang mga kamalig, pagawaan ng gatas, planta ng pagpoproseso at kahit na mga puno ng prutas at mani.

• "Pinahihirapan ng Prop. 15 ang mga pamilya ng magsasaka, at magbabayad tayong lahat ng mas matataas na presyo ng mga groseri tulad ng gatas, itlog, at karne."—*Jamie Johansson, Presidente, Pederasyon ng Kawanihan ng Pagsasaka ng California*

WALANG PANANAGUTAN ANG PROP. 15

Dahil sa Prop. 15, mapapagastos ang mga nagbabayad ng buwis ng $1 bilyon kada taon sa mga burukratikong gastusin, at kayang gastusin ng mga pulitiko ang kita sa mas mataas na buwis sa ari-arian sa anumang gusto nila, kabilang ang mga pang-administratibong gastusin, tagalabas na tagapayo, at mga pagtaas sa sahod.

• "Binibigyang-daan ng Prop. 15 na ilihis ng mga pulitiko ang kita sa pagtaas ng buwis sa anumang gusto ng mga espesyal na interes, tulad ng ginagawa nila sa buwis sa gasolina."—*Marilyn Markham, Miyembro ng Lupon, Liga ng Mga Nakatatandang Tagapagtaguyod ng California*

SUMASANG-AYON ANG MGA INDEPENDIYENTE, DEMOKRATIKO AT REPUBLIKANO—HINDI SA PROP. 15.

HINDI ITO ANG PANAHON UPANG MAGTAAS NG MGA BUWIS SA ARI-ARIAN SA CALIFORNIA.

ROBERT GUTIERREZ, Presidente
Kapisanan ng Mga Nagbabayad ng Buwis sa California

ALICE HUFFMAN, Presidente
Komperensya ng Estado ng California, NAACP

BETTY JO TOCCOLI, Presidente
Kapisanan ng Maliit na Negosyo sa California

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 15 ★

Ang Prop. 15 ay isang patas at balanseng repormang: - Nag-aayos ng mga butas sa buwis sa ari-arian na pinakikinabangan ng mayayamang korporasyon - Nagbabawas ng buwis para sa maliliit na negosyo - Hindi inaapektuhan ang mga may-ari ng bahay at nagrerenta - Binabawi ang mga bilyon-bilyong dolyar para sa mga paaralan at lokal na komunidad

Kailangang gawin ng California ang mga hakbang na ito ngayon upang makatiyak ng mas magandang kinabukasan para sa ating lahat.

Mula sa mayayamang may-ari ng PINAKAMAHAL NA 10% NG ARI-ARIANG NEGOSYO ang 92% ng mga kita ng Prop. 15.

Mga tagasuporta ng Prop. 15: mga guro, nars, may-ari ng maliit na negosyo, clergy, tagapagtaguyod ng abot-kayang pabahay, at organisasyon ng komunidad na gustong ayusin ang mga butas sa buwis ng korporasyon at muling ibalanse ang proporsyon.

Mga kalaban ng Prop. 15: mayayamang korporasyon at mga namumuhunan mula sa labas ng estado na sinusubukang panatilihin ang kanilang mga bentahe sa buwis sa pamamagitan ng paggamit ng mga panakot na taktika upang paguluhin ang isyu.

Basahin ninyo mismo ang panukala at tandaan, ang Prop. 15 ay:
• PINAPANATILI ANG MGA BUONG PROTEKSYON NG PROP. 13 para sa mga may-ari ng bahay at nagrerenta. • BINABAWASAN ang mga buwis ng maliliit na negosyo, AT partikular na ibinubukod ang lahat ng negosyong nakabase sa bahay, AT ibinubukod ang maliliit na negosyong nagmamay-ari ng $3,000,000 o mas mababa sa ari-ariang negosyo. • Ginagarantiya ang katapatan at pananagutan sa pamamagitan ng pag-aatas ng buong paghahayag sa publiko ng lahat ng bagong kita at kung paano iginagastos ang mga ito. • Pinapanatili ang mababang1% limitasyon ng Prop. 13, upang manatiling mas mababa sa karamihan ng mga estado ang mga buwis sa ari-ariang negosyo sa California.

Alamin pa sa *scaretactics15.org*.

Habang bumabangon tayo mula sa pagsasara dulot ng COVID-19 at naghahanda para sa mga paparating na pagsubok, hindi tayo puwedeng manatili sa karaniwan. Panahon na upang mamuhunan tayo sa mga maliit na negosyo, estudyante, malulusog na pamilya, at ligtas na kapitbahayan.

Ang Prop. 15 ay isang balanseng repormang nag-aayos ng mga butas sa korporasyon na pinakikinabangan ng pinakamataas na 10%, at ibinabalik ang mga bilyon-bilyon sa mga paaralan at komunidad—Bumoto ng Oo sa Prop. 15.

E. TOBY BOYD, Presidente
Kapisanan ng Mga Guro sa California

CAROL MOON GOLDBERG, Presidente
Liga ng mga Kababaihang Botante

TARA LYNN GRAY, CEO
Itim na Kamara de Komersyo ng Fresno Metro

PROPOSISYON

16

MAGPAPAHINTULOT NG DIBERSIDAD BILANG SALIK SA MGA PAGPAPASYA SA PAMPUBLIKONG TRABAHO, EDUKASYON, AT PAGKOKONTRATA. PAMBATASANG SUSOG SA SALIGANG-BATAS.

OPISYAL NA TITULO AT BUOD

INIHANDA NG PANGKALAHATANG ABUGADO

Makikita ang teksto ng panukalang ito sa website ng Kalihim ng Estado sa *voterguide.sos.ca.gov.*

16

- Magpapahintulot sa mga patakaran sa pagpapasya ng gobyerno na isaalang-alang ang lahi, kasarian, kulay ng balat, etnisidad, o bansang pinagmulan upang matugunan ang dibersidad sa pamamagitan ng pagpapawalang-bisa sa artikulo I, seksyon 31, ng Saligang-Batas ng California, na idinagdag ng Proposisyon 209 noong 1996.
- Sa pangkalahatan, pinagbabawalan ng Proposisyon 209 ang pang-estado at lokal na gobyerno na magdiskrimina laban sa, o maggawad ng pagturing na may pagkiling sa, mga indibidwal o grupo batay sa lahi, kasarian, kulay, etnisidad, o bansang pinagmulan sa pagpapatakbo ng pampublikong trabaho, edukasyon, at pagkokontrata.
- Hindi babaguhin ang ibang pang-estado at pederal na batas na naggagarantiya ng pantay na proteksyon at nagbabawal sa diskriminasyong labag sa batas.

BUOD NG TANTIYA NG PAMBATASANG TAGASURI SA NETONG PISIKAL NA EPEKTO SA PANG-ESTADO AT LOKAL NA GOBYERNO:

- Walang direktang piskal na epekto sa mga pang-estado at lokal na entidad dahil ang panukala ay hindi nag-aatas ng anumang pagbabago sa mga kasalukuyang patakaran o programa.
- Ang mga posibleng piskal na epekto ay magdedepende sa mga pagpapasya sa hinaharap ng mga pang-estado at lokal na entidad upang ipatupad ang mga patakaran o programang nagsasaalang-alang ng lahi, kasarian, kulay, etnisidad, o bansang pinagmulan sa pampublikong edukasyon, pampublikong trabaho, at pampublikong pagkokontrata. Lubhang hindi tiyak ang mga epekto sa pananalaping ito.

MGA PANGWAKAS NA BOTONG ITINALA NG LEHISLATURA SA ACA 5 (PROPOSISYON 16)
(KABANATA 23 NG RESOLUSYON, MGA BATAS NG 2020)

Senado:	Mga Oo 30	Mga Hindi 10
Asembleya:	Mga Oo 60	Mga Hindi 14

PAGSUSURI NG PAMBATASANG TAGASURI

BATAYAN

Ang Mga Saligang-Batas ng Estado at Pederal ay Nag-aatas ng Pantay na Proteksyon. Nagbibigay ng pantay na proteksyon sa lahat ng tao ang mga pang-estado at pederal na saligang-batas, na karaniwang nangangahulugang ang mga tao sa mga magkakatulad na sitwasyon ay tinatrato nang magkakatulad sa ilalim ng batas.

Noong 1996, ipinagbawal ng Mga Botante ng California ang Pagsasaalang-alang ng Lahi, Kasarian, Kulay, Etnisidad, o Bansang Pinagmulan sa Mga Pampublikong Programa. Noong 1996, inaprubahan ng mga botante ng California ang Proposisyon 209, na nagdagdag ng bagong seksyon sa Saligang-batas ng Estado—ang Seksyon 31 ng Artikulo I. Sa pangkalahatan, ipinagbawal ng bagong seksyong ito ang pagsasaalang-alang ng lahi, kasarian, kulay, etnisidad, o bansang pinagmulan sa pampublikong trabaho, pampublikong edukasyon, at pampublikong pagkokontrata sa California.

Mayroong Ilang Iksemsyon sa Proposisyon 209. Maaaring isaalang-alang ng mga entidad ng estado at lokal ang kasarian kapag kinakailangan ito bilang bahagi ng mga normal na pagpapatakbo. Halimbawa, maaaring isaalang-alang ng estado ang kasarian ng empleyado kapag naglalagay ng tauhan sa mga partikular na trabaho sa mga bilangguan ng estado kung saan kinakailangang pareho ang kasarian ang mga tauhan at preso. Dagdag pa rito, maaaring magsaalang-alang ang mga entidad ng estado at lokal ng mga tinukoy na katangian kapag kinakailangan upang makatanggap ng pederal na pagpopondo. Halimbawa, inaatasan ang estado na magtakda ng mga layunin para sa bahagi ng mga kontratang iginawad sa ilang partikular na grupo para sa mga pinopondohan ng pederal na pamahalaan na proyekto sa transportasyon, tulad ng mga negosyong pagmamay-ari ng mga kababaihan at ibang lahi.

Naapektuhan ng Proposisyon 209 ang Ilang Partikular na Pampublikong Patakaran at Programa. Bago ang Proposisyon 209, mayroong mga patakaran at programa ang mga entidad ng estado at lokal na nilalayong magdagdag ng mga oportunidad at pagkatawan para sa mga taong nakaranas ng mga diskriminasyon dahil sa kanilang lahi, kasarian, kulay, etnisidad, o bansang pinagmulan. Ang mga ganitong uri ng programa ay karaniwang tinatawag na "sumasang-ayong pagkilos" na programa. Halimbawa, isinaalang-alang ng ilan sa

PAGSUSURI NG PAMBATASANG TAGASURI IPINAGPATULOY

mga pampublikong unibersidad ng estado ang lahi at etnisidad bilang salik kapag nagpapasya sa mga pagtanggap at nag-aalok ang mga ito ng mga programa upang suportahan ang pang-akademikong pagkamit ng mga estudyanteng iyon. Ang mga entidad ng estado at lokal ay may mga patakaran sa trabaho at pagre-recruit na nilalayong dagdagan ang pagkuha sa trabaho ng ibang lahi at kababaihan. Nagtatag din ang estado ng mga programa upang madagdagan ang pakikilahok ng mga negosyong pagmamay-ari ng mga babae at minorya sa mga pampublikong kontrata. Nagtakda ang estado ng mga layunin para sa bahagi ng mga kontrata ng estado na iginawad sa mga ganoong uri ng negosyo. Pagkatapos aprubahan ng mga botante ang Proposisyon 209, itinigil o binago ang mga patakaran at programang ito, maliban na lang kung kwalipikado ang mga ito para sa isa sa mga iksemsyon.

Nagpapahintulot ang Pederal na Batas ng mga Patakaran at Programang Nagsasaalang-alang ng Ilang Partikular na Katangian, Batay sa mga Limitasyon. Bago ang Proposisyon 209, ang mga patakaran at programa ng estado at lokal na nagsasaalang-alang ng lahi, kasarian, kulay, etnisidad, o bansang pinagmulan ay kinailangan pa ring sumunod sa pederal na batas. Nagtatatag ang pederal na batas ng karapatan sa pantay na proteksyon at bilang resulta, nililimitahan ang paggamit ng mga pagsasaalang-alang na ito. Halimbawa, sa ilalim ng pederal na batas, maaaring isaalang-alang ng mga unibersidad ang mga katangiang ito bilang isa sa maraming salik kapag nagpapasya sa pagtanggap, sa pagsisikap na gawing mas magkakaiba ang kanilang mga campus. Upang tiyakin ang pagsunod sa pederal na batas, kailangang matugunan ng mga patakaran at programang ito ang ilang partikular na kundisyong naglilimita sa pagsasaalang-alang ng mga katangiang ito. Nilalayon ang mga kundisyong ito upang maiwasan ang diskriminasyong lumalabag sa patas na proteksyon. May ilang probisyon ding laban sa diskriminasyon ang batas ng estado na katulad ng mga nasa pederal na batas.

Mga Patakaran at Programang Ginawa o Binago Pagkatapos ng Proposisyon 209. Pagkatapos aprubahan ng mga botante ang Proposisyon 209, gumawa o nagbago ng mga patakaran ang ilang pampublikong entidad sa California upang isaalang-alang sa halip ang mga katangiang hindi ipinagbawal ng Proposisyon 209. Halimbawa, marami sa mga unibersidad ng estado ay nagbibigay ng mga outreach program at programang nagbibigay ng suporta sa mga estudyanteng una sa kanilang pamilya na pumasok sa kolehiyo. Isinasaalang-alang din ng maraming campus ng unibersidad kung saang mataas na paaralan nagtapos ang mga estudyante, at kung saan sila nakatira kapag nagpapasya sa mga pagtanggap. Tinitingnan din ng mga unibersidad ang mga patakaran at programang ito bilang mga paraan para pataasin ang pagkakaiba-iba nang hindi nilalabag ang Proposisyon 209.

MUNGKAHI

Inaalis ang Pagbabawal sa Pagsasaalang-alang ng Ilang Partikular ng Katangian sa Pampublikong Edukasyon, Pampublikong Trabaho, at Pampublikong Pagkokontrata. Kung maaaprubahan, ipapawalang-bisa ng panukala ang Proposisyon 209—Seksyon 31 ng Artikulo I ng Saligang-Batas ng California. Maaalis nito ang pagbabawal sa pagsasaalang-alang ng lahi, kasarian, kulay, etnisidad, o bansang pinagmulan sa pampublikong edukasyon, pampublikong trabaho, at pampublikong pagkokontrata. Bilang resulta, maaaring magtatag ang mga entidad ng estado at lokal ng mas malawak na hanay ng mga patakaran at programa, sa kundisyong alinsunod ang mga ito sa batas ng pederal at estado kaugnay ng patas na proteksyon.

MGA PISKAL NA EPEKTO

Walang Direktang Epekto sa Pananalapi sa mga Pampublikong Etnidad. Hindi magkakaroon ng direktang epekto sa pananalapi sa mga entidad ng estado at lokal dahil hindi mag-aatas ang panukala ng anumang pagbabago sa mga kasalukuyang patakaran o programa. Sa halip, magdedepende ang anumang epekto sa pananalapi sa mga pagpili ng mga entidad ng estado at lokal sa hinaharap upang magpatupad ng mga patakaran o programang nagsasaalang-alang ng lahi, kasarian, kulay, etnisidad, o bansang pinagmulan sa pampublikong edukasyon, pampublikong trabaho, at pampublikong pagkokontrata.

Ang Potensyal na Mga Piskal na Epekto ng Pagpapatupad ng mga Programa ay Lubhang Hindi Tiyak. Maaaring gumawa ng ilanmang pagpapasya ang mga entidad ng estado at lokal tungkol sa mga patakaran at programang nagsasaalang-alang ng lahi, kasarian, kulay, etnisidad, o bansang pinagmulan. Dahil hindi tukoy ang mga partikular na pasyang maaaring gawin ng mga entidad ng estado at lokal kung aaprubahan ng mga botante ang panukalang ito, lubhang hindi tiyak ang mga potensyal na epekto sa pananalapi.

Bumisita sa *http://cal-access.sos.ca.gov/campaign/measures/* para sa listahan ng mga komite na pangunahing binuo upang suportahan o tutulan ang panukalang ito.

Bumisita sa *http://www.fppc.ca.gov/transparency/top-contributors.html* upang makita ang nangungunang 10 tagaambag ng komite.

Kung gusto ninyo ng kopya ng buong teksto ng panukalang ito ng estado, pakitawagan ang Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957 o maaari kayong mag-email sa *vigfeedback@sos.ca.gov* at libreng magpapadala sa inyo ng kopya sa pamamagitan ng koreo.

★ PANGANGATWIRANG PABOR SA PROPOSISYON 16 ★

Ang OO sa Prop. 16 ay nangangahulugang PANTAY NA OPORTUNIDAD PARA SA LAHAT NG TAGA-CALIFORNIA.

Karapat-dapat tayong lahat sa pantay na oportunidad upang umunlad nang may patas na sahod, magagandang trabaho, at mga de-kalidad na paaralan.

Bagama't nakatira sa estadong may pinakamalaking pagkakaiba-iba sa bansa, ang mga puting lalaki pa rin ang may pinakamaraming representasyon sa mga posisyon ng kayamanan at kapangyarihan sa California. Bagama't ang kababaihan, at lalo na ang mga babaeng iba ang lahi, ang mga nasa front line ng pagtugon sa COVID-19, hindi sila ginagantimpalaan para sa kanilang mga sakripisyo. Ang mga babae ay dapat magkaroon ng pagkakataon sa tagumpay na katulad ng sa mga lalaki.

Ngayon, halos lahat ng pampublikong kontrata, at ang mga trabahong kasama ng mga ito, ay napupunta sa malalaking kumpanyang pinapatakbo ng mga nakatatandang puting lalaki. 80¢ ang kinikita ng mga puting babae sa dolyar. Mas malala ang pagkakaiba sa sahod para sa mga babaeng iba ang lahi at mga inang walang asawa. Bilang resulta, nagagawa ng mga piling iilan na mag-ipon ng kayamanan sa halip na ipuhunan ito pabalik sa mga komunidad. Ang Prop. 16 ay nagbubukas ng mga oportunidad sa pagkokontrata para sa kababaihan at ibang lahi.

Alam namin na ang maliliit na negosyo ang pangunahing sumusuporta sa ating ekonomiya. Gayunpaman, ang mga negosyo sa Main Street na pagmamay-ari ng mga babae at ibang lahi ay nawawalan ng mahigit $1,100,000,000 sa mga kontrata ng pamahalaan dahil sa kasalukuyang batas. Kailangan nating suportahan ang maliliit na negosyong iyon, lalo na habang bumabangon tayo mula sa COVID-19. Ang kayamanang pinuhunan ay babalik sa ating mga komunidad.

Ang OO sa Prop. 16 ay makakatulong na ibangon nang mas matibay ang California nang may patas na oportunidad para sa lahat.

Ang OO sa Prop. 16 ay nangangahulugang:

- Pagsusuporta sa kababaihan at mga babaeng iba ang lahi na desproporsyonadong naninilbihin bilang mahahalagang caregiver/manggagawa sa frontline sa panahon ng COVID-19
- Pagpapalawak sa pagkakaroon ng magagandang sahod, magagandang trabaho, at de-kalid na mga paaralan para sa lahat ng taga-California, anuman ang kasarian, lahi, o etnisidad
- Paggawa ng mga oportunidad para sa mga kababaihan at ibang lahi na makatanggap ng mga pampublikong kontrata na dapat nakukuha nating lahat
- Pagpapahusay sa pagkakaroon ng de-kalidad na edukasyon, sa parehong mga K–12 na paaralan at mas mataas na edukasyon, para sa lahat ng batasa California
- Pagkilos upang maiwasan ang diskriminasyon at matiyak ang pantay na oportunidad para sa lahat
- Pagpapanumbalik sa ekonomiyang tinatrato ang lahat nang pantay-pantay
- Pamumuhunan ng kayamanan pabalik sa ating mga komunidad kumpara sa pagpapatuloy na hayaan ang mayayamang mas maging mayaman
- Mananatiling may bisa ang matitibay na batas laban sa diskriminasyon
- Ipinagbabawal pa rin ang mga quota

Nabubuhay tayo sa gitna ng isang hindi kapani-paniwalang makasaysayang sandali. Ngayong 2020, nakakita tayo ng hindi karaniwang bilang ng mga taga-California na kumikilos laban sa diskriminasyon sa lahi sa sistema at naghahayag ng kanilang suporta para sa tunay na pagbabago.

Kasabay nito, ang ating mga parehong pagpapahalaga ay inaatake ng mga patakaran ng administrasyon ni Trump. Nakikita natin ang pagtaas ng lantarang diskriminasyon sa lahi: mga puting supremasistang nagmamartsa, ang araw-araw na paglalarawan sa mga imigranteng Latino bilang masasama, mga Itim na taong binabaril sa ating mga kalye, ang pagtaas ng mga krimeng dulot ng poot laban sa mga Asyano, pag-atake sa mga karapatan ng kababaihan, at pamiminsala ng COVID-19 sa mga Katutubong komunidad.

Sa pamamagitan ng pagboto ng OO sa Prop. 16, makakakilos ang mga taga-California upang labanan ang agenda ng administrasyon ni Trump na nandidiskrimina ng lahi.

Sa pamamagitan ng pagboto ng OO sa Prop. 16, makakakilos ang mga taga-California upang labanan ang diskriminasyon sa lahi at kasarian at gumawa ng mas makatarungan at patas na estado para sa lahat.

Mahalaga ang pantay na oportunidad. Oo sa Prop. 16.

VoteYesOnProp16.org

CAROL MOON GOLDBERG, Presidente
Liga ng Mga Kababaihang Botante ng California

THOMAS A. SAENZ, Presidente
Depensang Pambatas at Pang-edukasyong Pondo para sa Mehikano at Amerikano

EVA PATERSON, Presidente
Lipunan ng Pantay na Hustisya

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PABOR SA PROPOSISYON 16 ★

TOM CAMPBELL: "Ang proposisyong ito ay magbibigay-daan sa mga pampublikong unibersidad ng California na hindi tumanggap ng mga estudyante dahil sa kanilang lahi, upang matulungang makapasok ang mga estudyante ng ibang lahi. Kasalukuyang ilegal iyon. Ang paaralang pangnegosyo ng Berkeley ay binigyan ng antas bilang isa sa pinakamahusay sa pagkuha ng mga minoryang nagtapos, at ginawa namin ito nang hindi ginagamit ang lahi. Hindi rin kami nagkaroon ng may paborito sa mga anak ng mga donor, alum, o pulitiko. Mahigpit kaming bumabatay sa merito. Dapat manatili iyong ganoon. (Hindi ako Demokratiko o Republikano.)"

LEO TERRELL: "Isa akong itim na lalaki, abugado ng karapatang sibil nang 30 taon, buong buhay na Demokratiko, ngayo'y independiyente. Isang scam ang Proposisyon 16 upang gamitin ang pera ng pamahalaan upang mapakinabangan ng mga kontratistang MATAAS ANG BID na konektado sa pulitika na nagsasabing 'minorya' sila o kumukuha ng tinatawag na 'minorya' bilang panakip nila. Nababalewala ang mga nagbabayad ng buwis. At, hindi natin kailangang paboran ang isang lahi nang higit sa iba para sa mga trabaho sa pamahalaan, promosyon, o pagtatanggal. At para sa edukasyon, tulungan natin ang nangangailangan nito, anuman ang lahi!"

KALI FONTANILLA: "Isang imigrante mula sa Jamaica ang aking ama, ngunit pinalaki ako sa kahirapan ng aking nag-iisang ina. Ang aking asawa ay mula sa Mexico/Puerto Rico: ipinagmamalaki namin ang pagiging maraming lahi. Isang nagtapos sa Unibersidad ng California na may karangalan at higit sa isang degree, nagturo ako sa mga itim na estudyante sa Compton; ngayon, tinutulungan ko ang mga Latino na makapasok sa UC sa pamamagitan ng MERITO (tulad ng ginawa ko), HINDI ng mga quota! Ang Proposisyon 16, na isang malaking hakbang paatras, ay makakaapekto sa mismong mga estudyanteng gusto nating tulungan. Hindi na kailangang ibaba ang mga pamantayan! Mahal ko ang pagtuturo, ngunit lubos na masisira ng Proposisyon 16 ang K–12."

Huwag ninyo *kaming hatiin. Pagkaisahin ninyo kami. Bumoto ng HINDI!*

TOM CAMPBELL, Dating Dekano
Paaralan ng Negosyo ng Haas, Unibersidad ng California, Berkeley

LEO TERRELL, Abugado ng Karapatang Sibil

KALI FONTANILLA, Guro sa Pampublikong Paaralan

 Ang mga nakalimbag na pangangatwiran sa pahinang ito ay opinyon ng mga may-akda, at hindi nasuri para sa katumpakan ng anumang opisyal na ahensiya.

★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 16 ★

Gusto ng Lehislatura ng California na alisin ninyo ang mahahalagang salita na ito mula sa Saligang-batas ng estado: *"Ang estado ay hindi mandidiskrimina laban sa, o magbibigay ng may pinipiling pagtrato sa, sinumang indibidwal o grupo, batay sa lahi, kasarian, kulay, etnisidad o bansang pinagmulan sa pagpapatakbo ng pampublikong trabaho, pampublikong edukasyon, o pampublikong pagkokontrata."*

Huwag itong gawin! Bumoto ng HINDI.

Ang mga salitang iyon—na pinagtibay ng mga botante ng California noong 1996 bilang Proposisyon 209—ay kailangang manatiling matatag. Sa pamamagitan lang ng pagtrato sa lahat nang pantay-pantay, kayang maging patas sa lahat ang isang estadong kasing yaman ng California sa pagkakaiba-iba.

ANG PAGPAPAWALANG-BISA AY ISANG HAKBANG PAATRAS

Ang ganitong uri ng diskriminasyon ay nakakalason. Hahatiin tayo nito sa panahong lubos na kailangan nating magkaisa. Gusto ng mga pulitiko na magbigay ng piling pagtrato sa kanilang mga paborito. Sa tingin nila ay kaya nilang "ayusin" ang nakaraang diskriminasyon laban sa mga minoryang lahi at kababaihan sa pamamagitan ng pandidiskrimina laban sa *ibang* minoryang lahi at mga lalaking inosente sa anumang pagkakamali. Ang pagpaparusa sa mga inosenteng tao ay magdudulot lang ng walang katapusang hinanakit. *Ang nag-iisang paraan upang ihinto ang diskriminasyon ay ihinto ang pandidiskrimina.*

TULUNGAN ANG MGA TUNAY NA MAY KAILANGAN NITO

Hindi lahat ng Asyano Amerikano o puti ay may kalamangan. Hindi lahat ng Latino o itim ay dehado. Ang ating estado ay may matatagumpay na kalalakihan at kababaihan ng lahat ng lahi at etnisidad. Huwag nating ipagpatuloy ang estereotipo na hindi kayang magtagumpay ng mga minorya at kababaihan maliban na lang kung makatanggap ng mga espesyal na preperensya.

Kasabay nito, ang ating estado ay mayroon ding kalalakihan at kababaihan—ng lahat ng lahi at etnisidad—na kailangan rin ng dagdag na oportunidad. Ang kasalukuyang batas ay nagpapahintulot sa "sumasang-ayong pagkilos" ng ganitong uri basta't hindi ito nandidiskrimina o nagbibigay ng may pinipiling pagtrato batay sa lahi, kasarian, kulay, etnisidad o bansang pinagmulan. Halimbawa, ang mga unibersidad ng estado ay makakapagbigay ng tulong para sa mga estudyanteng mula sa mga pamilyang may mababang kita o mga estudyanteng magiging una sa kanilang pamilya na pumasok sa kolehiyo. Magagawa ng estado na tulungan ang maliliit na negosyong sinimulan ng mga indibidwal na may mababang kita o paboran ang mga indibiduwal na may mababang kita para sa mga oportunidad sa trabaho.

Ngunit kung ang mga salitang ito ay aalisin mula sa Saligang-batas ng Estado, muling magiging malaya ang Unibersidad ng California na mas piliin ang anak ng mayamang abugado kaysa anak ng magsasaka dahil siya ay mula sa isang grupong "kulang sa representasyon". *Hindi iyon makatarungan.*

BIGYAN NG PAGKAKATAON ANG MGA NAGBABAYAD NG BUWIS

Bago ang pagpasa ng Proposisyon 209, ang California at maraming lokal na pamahalaan ay nagpanatili ng magastos na burukrasya na nangailangan ng may pinipiling pagtrato sa pampublikong pagkokontrata batay sa lahi, kasarian, o etnisidad ng may-ari. Ang pinakamababang kwalipikadong taga-bid ay maaaring tanggihan. Napag-alaman mula sa isang masusi at sinuri ng peer na pag-aaral ng isang ekonomista mula sa Unibersidad ng California na ang mga CalTrans na kontratang pinamahalaan ng Proposisyon 209 ay nakatipid ng 5.6% kumpara sa mga kontratang hindi 209 sa dalawang taong panahon pagkatapos nitong magkaroon ng bisa. Kung ang mga ipon para sa ibang mga kontrata ng pamahalaan ay halos kapantay noon, ang pagpapawalang-bisa ng probisyon ng saligang-batas na ito ay maaaring mapagastos ang mga nagbabayad ng buwis ng *maraming BILYON-BILYONG dolyar*.

MAHALAGA ANG MGA PANTAY-PANTAY NA KARAPATAN

Ang pagbabawal sa may pinipiling pagtrato batay sa lahi, kasarian, kulay, etnisidad, o bansang pinagmulan ay isang mahalagang bahagi ng Amerikanong kredo. Naroon ito sa ating Saligang-batas para sa ating lahat . . . ngayon at para sa mga sumusunod na henerasyon. *Huwag itong itapon.*

BUMOTO NG HINDI.

WARD CONNERLY, Presidente
Mga taga-California para sa Pantay-pantay na Karapatan

GAIL HERIOT, Propesora ng Batas

BETTY TOM CHU, Dating Komisyonada ng Pagrebisa ng Saligang-batas ng California

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 16 ★

Manindigan para sa Ating Mga Pinahahalagahan sa California. Manindigan Laban sa Diskriminasyon.

Sumasang-ayon ang mga taga-California na karapat-dapat ang lahat sa pantay na oportunidad upang magtagumpay—anuman ang kanilang kasarian, hitsura, o kung saan sila ipinanganak. Sumasang-ayon tayo na ang mga babae ay dapat magkaroon ng sahod na pareho sa mga lalaki; na ang lahat ng bata, anuman ang kanilang pinagmulan o kulay ng balat, ay karapat-dapat na makapasok sa magagandang paaralan.

Gumagamit ang oposisyon ng mapanlinlang na wika upang sabihin na nag-aalala sila sa kinabukasan ng California. Sa katunayan, dadalhin tayo nang paatras ng kanilang paraan.

Ang mga negosyong pagmamay-ari ng mga babae at ibang lahi ay nawawalan ng $1.1 bilyon kada taon dahil ibinibigay sa ilang mayayaman ang mga kapaki-pakinabang na kontrata. 80 sentimo sa dolyar ang kinikita ng mga babae, at mas kaunti pa rito ang kinikita ng mga babaeng iba ang lahi.

Ang nag-iisang paraan upang isulong ang California ay ipasa ang Proposisyon 16—na nagpapalawak ng pantay na oportunidad para sa lahat at aktibong nilalabanan ang diskriminasyon sa lahi sa sistema.

Sa pamamagitan ng pagpapasa sa Proposisyon 16, magagawa ng mga taga-California na:

- Talakayin ang lahat ng anyo ng diskriminasyon, na nag-aalis ng mga balakid sa pantay na oportunidad
- Labanan ang diskriminasyon sa sahod na batay sa kasarian
- Bigyan ang mga babaeng iba ang lahi ng pantay na oportunidad sa mga promosyon sa trabaho at posisyon ng pamumuno
- Palawakin ang mga oportunidad sa trabaho at edukasyon sa agham at teknolohiya para sa mga batang babae

Maaaring sumali ang California sa 42 ibang estado sa pagkilos patungo sa pantay na oportunidad para sa lahat sa pamamagitan ng pagboto ng Oo sa Proposisyon 16.

Bilang mga taga-California, pinahahalagahan natin ang pagkakakaiba-iba at katarungan, alam nating nararapat gawin ang pagwawakas sa diskriminasyon at pagsulong sa pagkakapantay-pantay.

Sa hindi tiyak na panahon na ito ng COVID-19, maaari nating buuin ang California sa hinaharap na nagpapakita ng ating mga pinahahalagahan sa pamamagitan ng *pagboto ng OO sa Proposisyon 16.*

Alamin ang mga katotohanan sa VoteYesOnProp16.org

E. TOBY BOYD, Presidente
Kapisanan ng Mga Guro sa California

NORMA CHAVEZ-PETERSON, Direktor na Tagapagpaganap
ACLU ng San Diego at Mga Imperial na County

DR. BERNICE A. KING, CEO
The Martin Luther King, Jr. Center

PROPOSISYON

17 IBABALIK ANG KARAPATANG BUMOTO PAGKATAPOS MAKUMPLETO ANG SENTENSIYA SA PAGKAKABILANGGO. PAMBATASANG SUSOG SA SALIGANG-BATAS.

OPISYAL NA TITULO AT BUOD — INIHANDA NG PANGKALAHATANG ABUGADO

Makikita ang teksto ng panukalang ito sa website ng Kalihim ng Estado sa *voterguide.sos.ca.gov.*

- Babaguhin ang saligang-batas ng estado upang ibalik ang mga karapatan sa pagboto sa mga taong hindi naging kuwalipikado sa pagboto habang nakabilanggo sa oras na makumpleto ang kanilang sentensiya sa pagkakabilanggo.

17

BUOD NG TANTIYA NG PAMBATASANG TAGASURI SA NETONG PISKAL NA EPEKTO SA PANG-ESTADO AT LOKAL NA GOBYERNO:

- Mga nadagdagang taunang gastusin ng county, malamang na nasa daan-daang libong dolyar sa buong estado, para sa mga materyales sa pagpaparehistro ng botante at balota.
- Mga nadagdagang pang-isang beses na gastusin ng estado na malamang na nasa daan-daang libong dolyar sa buong estado, para sa pag-update sa mga kard sa pagpaparehistro ng botante at sistema.

MGA PANGWAKAS NA BOTONG ITINALA NG LEHISLATURA SA ACA 6 (PROPOSISYON 17)
(KABANATA 24 NG RESOLUSYON, MGA BATAS NG 2020)

Senado:	Mga Oo 28	Mga Hindi 9
Asembleya:	Mga Oo 54	Mga Hindi 19

PAGSUSURI NG PAMBATASANG TAGASURI

BATAYAN

Ang Mga Tao sa Bilangguan o Parol Ay Hindi Pinahihintulutang Bumoto. Ang Saligang-batas ng Estado ay nagpapahintulot sa karamihan ng mga mamamayan ng U.S. na residente ng California at hindi bababa sa 18 taong gulang, na bumoto, kung magpaparehistro silang bumoto. (Sa ilalim ng kasalukuyang batas ng estado, ang mga taong nakarehistrong bumoto ay pinahihintulutan ding tumakbo para sa mga katungkulan ng inihalal kung saan sila kuwalipikado.) Kabilang sa mga taong karapat-dapat na magparehistro upang bumoto ay ang mga nasa bilangguan ng county o binabantayan ng probasyon ng county sa komunidad. Gayunpaman, ang Saligang-batas ng Estado ay pumipigil sa mga tao mula sa pagpaparehistro upang bumoto, kabilang ang mga nasa bilangguan ng estado o parol ng estado. (Ang mga tao ay karaniwang binabantayan ng komunidad sa parol ng estado sa loob ng isang yugto ng panahon pagkatapos nilang magsilbi ng termino sa bilangguan ng estado para sa matindi o marahas na krimen. Kasalukuyang may humigit-kumulang 50,000 taong nasa parol ng estado.)

Ang mga Ahensiya ng County at Estado ay May Trabahong Nauugnay sa Pagboto. Pinamamahalaan ng mga opisyal ng halalan ng county ang karamihan ng mga halalan sa California. Bilang bahagi ng trabahong ito, ang mga opisyal na ito ay nagpapanatili ng mga listahan ng mga rehistradong botante at nagkakansela ng pagpaparehistro ng sinumang hindi pinahihintulutang bumoto—kabilang ang sinumang nasa bilangguan ng estado o nasa parol ng estado. Dagdag pa rito, ang mga opisyal na ito ay nagbibigay ng mga materyales sa balota sa mga rehistradong botante. May ilang ahensiya na mayroon

ding trabahong nauugnay sa pagboto. Halimbawa, nagbibigay ang Kalihim ng Estado ng mga kard sa pagpaparehistro ng botante at pagpapatakbo ng elektronikong sistema ng pagpaparehistro ng botante.

MUNGKAHI

Magpapahintulot sa Mga Tao sa Parol ng Estado na Magparehistro upang Bumoto. Babaguhin ng Proposisyon 17 ang Saligang-batas ng Estado upang pahintulutan ang mga taong nasa parol ng estado na magparehistro upang bumoto, na samakatuwid ay magpapahintulot sa kanilang bumoto. (Dahil ang kasalukuyang batas ng estado ay nagpapahintulot sa mga rehistradong botante na tumakbo para sa mga katungkulan ng inihalal, ang panukalang ito ay magreresulta sa kakayahan ng mga taong nasa parol ng estado na magawa rin ito, kung matutugunan nila ang mga kasalukuyang kuwalipikasyon tulad ng hindi pa nahahatulan ng pagsisinungaling o panunuhol.)

MGA PISKAL NA EPEKTO

Nadagdagang Tuloy-tuloy na Gastos sa County. Dahil sa Proposisyon 17, madaragdagan ang bilang ng mga taong maaaring magparehistro upang bumoto at bumoto sa mga halalan. Daragdagan nito ang tuloy-tuloy na trabaho para sa mga opisyal sa halalan ng county sa dalawang pangunahing paraan. Una, kakailanganin ng mga opisyal ng halalan na iproseso ang mga pagpaparehistro ng botante ng mga taong nasa parol ng estado na magpaparehistro upang bumoto. Ikalawa, kakailanganin ng mga opisyal ng halalan na magpadala ng mga materyales sa balota sa mga taong nasa parol ng estado na magpaparehistro upang bumoto. Tinatantiya namin na ang **taunang gastos ng county para sa trabahong ito ay malamang na maging nasa daan-daang libong dolyar sa buong estado**. Ang aktwal na halaga ay magdedepende sa bilang ng mga tao sa parol ng estado na pipiliing magparehistro upang bumoto, at ang mga partikular na gastos sa pagbibigay sa kanila ng mga materyales sa balota sa panahon ng halalan.

Nadagdagang Pang-isang Beses na Gastos ng County. Ang Proposisyon 17 ay makakagawa ng pang-isang beses na trabaho sa estado upang mag-update ng mga kard sa pagpaparehistro ng botante at mga sistema upang ipakita na ang mga tao sa parol ng estado ay maaaring magparehistro upang bumoto. Tinatantiya namin na ang trabahong ito ay magreresulta sa **pang-isang beses na gastos ng estado na malamang na nasa daan-daang libong dolyar**. Ang halagang ito ay mas mababa sa 1 porsyento ng kasalukuyang badyet ng Pangkalahatang Pondo ng estado.

Bumisita sa *http://cal-access.sos.ca.gov/campaign/measures/* para sa listahan ng mga komite na pangunahing binuo upang suportahan o tutulan ang panukalang ito.

Bumisita sa *http://www.fppc.ca.gov/transparency/top-contributors.html* upang makita ang nangungunang 10 tagaambag ng komite.

Kung gusto ninyo ng kopya ng buong teksto ng panukalang ito ng estado, pakitawagan ang Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957 o maaari kayong mag-email sa *vigfeedback@sos.ca.gov* at libreng magpapadala sa inyo ng kopya sa pamamagitan ng koreo.

★ PANGANGATWIRANG PABOR SA PROPOSISYON 17 ★

BUMOTO NG OO SA PROPOSISYON 17

Ang Proposisyon 17 ay simple—ibabalik nito ang karapatan ng taong bumoto pagkatapos makumpleto ang kaniyang termino sa bilangguan.

• Kapag nakumpleto ng isang tao ang kaniyang termino sa bilangguan, dapat siyang hikayating muling bumalik sa lipunan at maging bahagi ng kaniyang komunidad. Mangyayari ito kapag ibinalik ang kaniyang mga karapatang bumoto. Ang pakikilahok sa lipunan ay may kinalaman sa mas mababababang antas ng muling paggawa ng krimen. Kapag nararamdaman ng mga tao na sila ay mga pinahahalagahang miyembro ng kanilang komunidad, mas malamang na hindi sila babalik sa bilangguan.

• Pinapayagan ng 19 na iba pang estado na bumoto ang mga tao kapag matagumpay na nilang nakumpleto ang kanilang sentensiya sa bilangguan. Panahon na upang gawin din ito ng California.

• Nalaman sa isang pag-aaral sa Florida na ang mga taong nakakumpleto ng kanilang mga sentensiya sa bilangguan at muling nakuha ang kanilang mga karapatang bumoto ay mas malamang na hindi gagawa ng mga krimen sa hinaharap.

• Halos 50,000 taga-California na nakakumpleto ng kanilang mga sentensiya sa pagkakabilanggo ang nagbabayad ng mga buwis sa mga lokal, pang-estado, at pederal na antas. Gayunpaman, hindi sila maaaring bumoto sa anumang antas ng pamahalaan.

ANG PROP. 17 AY MAGKAKAROON NG MGA EPEKTO SA TOTOONG BUHAY—MGA KUWENTO MULA SA MGA TAGA-CALIFORNIA NA NAKAKUMPLETO NG KANILANG MGA SENTENSIYA

Pagkatapos igawad ng lupon ng parol ang kalayaan ni Richard, nagulat siya nang malaman niyang hindi pa rin siya maaaring bumoto sa California. Sa nakalipas na 20 taon, si Richard ay naging kung ano ang inilalarawan niya na "isang taong nabubuhay para sa iba"—tumutulong na makagawa ng programa ng pagpapayo para sa droga at alak habang nasa bilangguan pa rin at nagtataguyod ng mas maaayos na mga patakaran sa hustisya ukol sa krimen. "Ako ay lubos na nagsisikap, naglilingkod sa aking komunidad, nagbabayad ng mga buwis, nagbabalik ng serbisyo, at isa pa rin akong mamamayan ng bansang ito," sabi ni Richard. "Naniniwala akong dahil dito ay karapat-dapat akong muling magkaroon ng karapatang bumoto."

Si Andrew ay isang beterano ng Navy na naglingkod sa kaniyang bansa ngunit nagkaroon ng problema sa pag-inom at gumawa ng mga pagkakamaling humantong sa pagkakabilanggo. Nakatanggap siya ng parol sa pamamagitan ng pagsusumikap sa kaniyang rehabilitasyon, at ngayong kumpleto na ang sentensiya niya sa pagkakabilanggo, bumubuo siya ng bagong buhay bilang isang beteranong natututong mag-ambag sa kaniyang komunidad. Sabi ni Andrew, "Naniniwala akong dapat pagsumikapan ang gusto mong makamit sa buhay, at naniniwala akong pinagsumikapan ko ang karapatang bumoto upang maging ganap na miyembro ako ng aking komunidad."

BUMOTO NG OO SA PROPOSISYON 17

Ang parol ay nagsisilbing panahon upang maging kabilang muli sa komunidad. Ang mga taong nakaparol na nakakumpleto ng kanilang mga sentensiya sa pagkakabilanggo ay nagtataguyod ng mga pamilya, nagtatrabaho, nagbabayad ng mga buwis, at nag-aambag sa lipunan sa lahat ng paraan. Kapag ibinalik ang pagiging karapat-dapat ng isang tao na bumoto, maaalis ang stigma at makakatulong ito na mapatibay ang kanilang koneksyon sa komunidad.

Yeson17.vote #FreetheVote

CAROL MOON GOLDBERG, Presidente
Liga ng Mga Kababaihang Botante ng California

JAY JORDAN, Direktor na Tagapagpaganap
Mga Taga-California para sa Kaligtasan at Hustisya

KEVIN MCCARTY, Miyembro ng Asembleya
May-akda ng Prop. 17

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PABOR SA PROPOSISYON 17 ★

Inihahayag ng mga tagapagtaguyod na ibabalik ng Proposisyon 17 ang mga karapatan ng mga nahatulang lumabag sa batas na bumoto "pagkatapos makumpleto ang kanilang sentensiya sa pagkakabilanggo." WALA ITONG KATOTOHANAN.

ANG KATOTOHANAN: Sa California, ang parol ay legal na bahagi ng sentensiya sa pagkakabilanggo, at dapat kumpletuhin nang matagumpay ng nahatulang lumabag sa batas ang parol pagkatapos mapalaya sa pagkakakulong upang matapos ang kanilang sentensiya at maibalik ang kanilang mga karapatang bumoto. *Aalisin ng Proposisyon 17 ang mahalagang kinakailangang ito.*

Hindi sinasabi sa iyo ng mga tagapagtaguyod na nangangailangan ang 30 estado ng higit pa sa pagkumpleto ng pagkakakulong sa bilangguan, *bago maibalik ang mga karapatan ng lumabag sa batas na bumoto*. Inaatas ng karamihan ang pagkumpleto ng parol habang inaatas ng ilan ang pagdaragdag ng pagkilos ng tagapagpaganap.

Habang itinatampok ng mga tagapagtaguyod ang dalawang kuwento tungkol sa mga pinalayang kriminal, na sina "Richard" at "Andrew," hindi nila ibinabahagi sa iyo ang kasaysayan ng pagiging kriminal ng mga ito—na parang pare-pareho ang mga magnanakaw, magnanakaw na may armas, mamamatay-tao, o nangmomolestya ng bata. *Walang anumang mas hihigit sa katotohanan.*

ANG KATOTOHANAN: Sa bawat "Richard" o "Andrew" ay mayroong "Robert" o "Scott" na gumagawa ng mararahas na mabigat na kasalanan habang nakaparol. Ibabalik ng Proposisyon 17 ang mga karapatang bumoto bago makumpleto ng mga lumabag sa batas ang kanilang kritikal na sentensiya ng parol.

Ang parol ay ang panahon ng pagsasaayos kung kailan patutunayan ng mararahas na lumabag sa batas na hindi na sila banta ng karahasan sa mga inosenteng mamamayang nakatira sa isang sibil na lipunan. Binabantayan at sinusubaybayan ng mga sinanay na opisyal ng estado ang bawat galaw nila.

ANG KAHIHINATNAN: PAPAYAGAN NG PROPOSISYON 17 NA BUMOTO ANG MGA KRIMINAL NA NAHATULAN NG PAGPATAY NG TAO, PANGGAGAHASA, PANGMOMOLESTYA NG BATA, AT IBA PANG MATINDI AT MARAHAS NA KRIMEN BAGO MAKUMPLETO ANG KANILANG SENTENSIYA KASAMA NA ANG PAROL.

Hindi hustisya ang Proposisyon 17. BUMOTO NG HINDI SA PROPOSISYON 17

HARRIET SALARNO, Nagtatag
Nagkakaisang Mga Biktima ng Krimen ng California

JIM NIELSEN, Senador ng Estado ng California

RUTH WEISS, Bise Presidente
Proyekto ng Integridad ng Halalan ng California

 Ang mga nakalimbag na pangangatwiran sa pahinang ito ay opinyon ng mga may-akda, at hindi nasuri para sa katumpakan ng anumang opisyal na ahensiya.

★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 17 ★

PAPAYAGAN NG PROPOSISYON 17 NA BUMOTO ANG MGA KRIMINAL NA NAHATULAN NG PAGPATAY NG TAO, PANGGAGAHASA, SEKSWAL NA PANG-AABUSO SA MGA BATA, PAGKIDNAP, PAG-ATAKE, MGA KRIMENG GINAGAMITAN NG BARIL NG GANG, AT PAGPUPUSLIT O PAGBEBENTA NG TAO BAGO MAKUMPLETO ANG KANILANG SENTENSIYA KASAMA NA ANG PAROL.

Noong 1974, inaprubahan ng mga botante sa California ang pagbabalik ng karapatang bumoto sa mga nahatulang lumabag sa batas kapag nakumpleto na nila ang kanilang mga sentensiya (kasama na ang parol). Mas kamakailan, inilipat ng mga panukala sa reporma sa bilangguan ng California sa mga lokal na bilangguan ang mga pinakamapanganib na kriminal mula sa mga bilangguan. Ang mga taong nahatulan ng hindi mararahas na mabigat na kasalanan gaya ng pagnanakaw ng kotse o pagbebenta ng droga ay nakakulong sa mga bilangguan ng county *at may karapatan silang bumoto habang kinukumpleto ang kanilang sentensiya*. Walang parol para sa kanila.

ANG PAROL SA CALIFORNIA AY PARA SA MGA MATITINDI AT MARARAHAS NA KRIMINAL.

Ang mga kriminal sa bilangguan ay nahatulan ng pagpatay ng tao o manslaughter, pagnanakaw, panggagahasa, pangmomolestya ng bata, o iba pang matindi at marahas na krimen o sekswal na pagkakasala. Nabiktima nila ang mga mamamayang inosente at sumusunod sa batas na panghabambuhay na maaalala ang mga krimeng iyon sa bawat bangungot. Ipaaalala sa kanila ng mga partikular na tunog, amoy, at pang-araw-araw na karanasan sa paraang mental at emosyonal ang lugar ng krimen, at para sa kanila ay walang katapusan ang kanilang sentensiya. Nadaragdagan ang panghabambuhay nilang sakit at paghihirap dahil magkakaroon ng pagkakapantay-pantay sa lipunan ang mga nambiktima sa kanila bago maging ganap ang rehabilitasyon ng mga ito.

ANG PAROL AY PAGPAPATUNAY SA REHABILITASYON BAGO MAIBALIK ANG GANAP NA KALAYAAN, KASAMA NA ANG MGA KARAPATANG BUMOTO.

Kinakailangang makumpleto ang parol (karaniwan ay tatlong taon) ng mga nagkasalang pinalaya sa BILANGGUAN pagkatapos makumpleto ang sentensiya para sa matindi o marahas na mabigat na kasalanan bilang bahagi ng kanilang mga sentensiya. Ang parol ay panahon ng pagsasaayos kung kailan patutunayan ng mararahas na lumabag sa batas ang kanilang kagustuhang umakma sa pagkilos nang naaangkop sa malayang lipunan. Binabantayan at sinusubaybayan ng mga sinanay na opisyal ng estado ang bawat galaw nila. *Kung hindi sila pinagkakatiwalaan ng estado na pumili kung saan titira o pupunta, at kung kanino makikipag-ugnayan at anong mga trabaho ang gagawin, sila ay HINDI DAPAT pagkatiwalaan nito sa mga pagpapasya na makakaapekto sa mga buhay at pananalapi ng lahat ng iba pang miyembro ng lipunan.*

NAGKAKAMALI ANG KARAMIHAN SA MGA BINIGYAN NG PAROL AT 50% ANG NAHAHATULAN NG MGA BAGONG KRIMEN.

Sa kasamang-palad, gumagawa ng krimen ang halos kalahati sa mga binigyan ng parol sa loob ng tatlong taon ng pagkakalaya. Malinaw na hindi sila handang makibahagi sa lipunan ng mga mamamayang sumusunod sa batas. Dapat na pagsikapan ang at maging karapat-dapat para sa mga gantimpala at pribilehiyo sa buhay. Ang pagbibigay sa mararahas na kriminal ng karapatang bumoto bago nila makumpleto nang matagumpay ang kanilang buong sentensiya, kung saan KASAMA ANG PANAHON NG PAROL, ay parang pagbibigay sa mga estudyante ng diploma ng mataas na paaralan sa katapusan ng ika-10 antas. Wala itong saysay, at naaapektuhan nito ang kanilang kinabukasan at ang buong lipunan.

HUMIHILING ANG HUSTISYA NG BOTONG HINDI SA PROPOSISYON 17.

Nararapat na bigyan ng hustisya ang mga biktima ng krimen. Hindi hustisya ang pagbibigay sa mararahas na kriminal ng karapatang bumoto bago ang pagkumpleto ng kanilang sentensiya. Nararapat ding bigyan ng hustisya ang mga nagkasala. Nakadepende ang kanilang respeto sa sarili sa pag-alam na ganap nilang napagbayaran ang kanilang mga krimen at nabigyan sila ng pangalawang pagkakataon. Nararapat na bigyan ng sistema ng hustisya ang mga taga-California sa sistema kung saan pagbabayaran ng mga nagkasala ang kanilang mga krimen, patutunayan nila ang kanilang rehabilitasyon, at pababalikin sa sibil na lipunan kapag natapos lang ito. HINDI hustisya ang Proposisyon 17.

BUMOTO NG HINDI SA PROPOSISYON 17

HARRIET SALARNO, Nagtatag
Nagkakaisang Mga Biktima ng Krimen ng California

JIM NIELSEN, Tagapangulo
Mga Termino sa Bilangguan ng Lupong California (Ret.)

RUTH WEISS, Bise Presidente
Proyekto para sa Integridad ng Halalan ng California

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 17 ★

BUMOTO NG OO SA PROP. 17

Gumagamit ng mga taktika sa pananakot ang mga kalaban ng prop. 17 upang subukan na pigilan kang isaayos ang halos 50 taon at lumang patakaran sa pagboto.

ANG MGA KATOTOHANAN:

- Ibabalik lang ng Prop. 17 ang karapatan ng mga mamamayan na bumoto pagkatapos makumpleto ang kaniyang sentensiya sa pagkakabilanggo na magtutulad ng California sa 19 na iba pang estado na gumagawa na nito.
- Pagkatapos baguhin ang isang katulad na batas sa Florida, nalaman ng pag-aaral ng komisyon ng parol na ang mga taong nakakumpleto ng kanilang mga sentensiya sa pagkakabilanggo at muling nakuha ang kanilang mga karapatang bumoto *ay mas malamang na hindi gumawa ng krimen sa hinaharap*.
- Ang parol ay nagsisilbing panahon upang maging kabilang muli sa komunidad. Ang mga taong nakaparol na nakakumpleto ng kanilang mga sentensiya sa pagkakabilanggo ay nagtataguyod ng mga pamilya, nagtatrabaho, nagbabayad ng mga buwis, at nag-aambag sa lipunan sa lahat ng paraan.
- Halos 50,000 taga-California na nakakumpleto ng kanilang mga sentensiya sa pagkakabilanggo ang nagbabayad ng mga buwis sa mga antas na lokal, estado, at pederal, at sa kabila nito, hindi pa rin sila maaaring bumoto sa anumang antas ng pamahalaan.

HUWAG MANIWALA SA MGA KALABAN AT SA KANILANG MGA TAKTIKA SA PANANAKOT. SINUSUPORTAHAN NG MGA DEMOKRATIKO AT REPUBLIKANO ANG PROP. 17

- Mahigit dalawang-katlo ng lehislatura ng estado—Mga Demokratiko at Republikano, ang sumuporta sa paghiling sa mga botante sa California na pag-isipan ang Prop. 17.
- Walang gagawing pagbabago ang Prop. 17 sa termino sa bilangguan ng kahit sino kasama na ang mga nahatulan ng matitindi at mararahas na krimen.

BUMOTO NG OO SA PROP. 17!

CAROL MOON GOLDBERG, Presidente
Liga ng Mga Kababaihang Botante ng California

JAY JORDAN, Direktor na Tagapagpaganap
Mga Taga-California para sa Kaligtasan at Hustisya

ABDI SOLTANI, Direktor na Tagapagpaganap
Unyon ng Mga Sibil na Kalayaan sa America (American Civil Liberties Union o ACLU)—Hilagang California

PROPOSISYON

18

BABAGUHIN ANG SALIGANG-BATAS NG CALIFORNIA UPANG PAHINTULUTAN ANG MGA NASA EDAD NA 17 TAONG GULANG NA BUMOTO SA MGA PRIMARYA AT ESPESYAL NA HALALAN KUNG SILA AY MAGIGING 18 TAONG GULANG SA PAGSAPIT NG SUSUNOD NA PANGKALAHATANG HALALAN AT SA IBANG PARAAN AY MAGIGING KARAPAT-DAPAT BUMOTO. PAMBATASANG SUSOG SA SALIGANG-BATAS.

OPISYAL NA TITULO AT BUOD — INIHANDA NG PANGKALAHATANG ABUGADO

Makikita ang teksto ng panukalang ito sa website ng Kalihim ng Estado sa *voterguide.sos.ca.gov.*

- Kasalukuyang pinahihintulutan ng Saligang-Batas ng California ang mga indibidwal na hindi bababa sa edad na 18 taong gulang sa petsa ng halalan na bumoto sa halalang iyon.
- Babaguhin ang saligang-batas upang pahintulutan ang mga nasa edad na 17 taong gulang na magiging hindi bababa sa 18 taong gulang at sa ibang paraan na magiging karapat-dapat na bumoto sa panahon ng susunod na pangkalahatang halalan upang bumoto sa anumang primarya o espesyal na halalan na mangyayari bago ang susunod na pangkalahatang halalan.

BUOD NG TANTIYA NG PAMBATASANG TAGASURI SA NETONG PISKAL NA EPEKTO SA PANG-ESTADO AT LOKAL NA GOBYERNO:

- Tumaas na mga gastusin para sa mga county na malamang na nasa pagitan ng ilang daang libong dolyar at $1 milyon kada dalawang taon, upang ipadala at iproseso ang mga materyales sa pagboto sa mga karapat-dapat na rehistradong nasa edad na 17 taong gulang.
- Tumaas na mga pang-isang beses na gastusin sa estado sa daan-daang libong dolyar upang i-update ang mga kasalukuyang sistema sa pagpaparehistro ng botante.

MGA PANGWAKAS NA BOTONG ITINALA NG LEHISLATURA SA ACA 4 (PROPOSISYON 18)
(KABANATA 30 NG RESOLUSYON, MGA BATAS NG 2020)

Senado:	Mga Oo 31	Mga Hindi 7
Asembleya:	Mga Oo 56	Mga Hindi 13

PAGSUSURI NG PAMBATASANG TAGASURI

BATAYAN

Mga halalan sa California. Sa mga taon na may numerong even, magsasagawa ang California ng dalawang halalan sa buong estado—ang primarya at ang pangkalahatang halalan. Sa bawat halalang ito, ang mga botante ay (1) magmumungkahi o maghahalal ng mga kandidato sa mga pang-estado o pederal na katungkulan at (2) magsasaalang-alang ng mga panukala sa balota sa buong estado. Sa primaryang halalan, na isinasagawa sa tagsibol, tutukuyin ng mga botante kung sinong mga kandidato ang makikipagkumpitensya para sa katungkulan ng inihalal sa pangkalahatang halalan. Sa pangkalahatang halalan sa Nobyembre, tutukuyin ng mga botante kung sino ang mananalo ng mga katungkulan ng inihalal. Maaaring isaalang-alang sa parehong primarya at pangkalahatang halalan ang mga panukala sa balota sa buong estado. Sa labas ng dalawang taong yugtong ito, maaaring manawagan ang Gobernador ng espesyal na halalan upang punan ang mga bakanteng posisyon sa Kapulungan ng mga Kinatawan ng U.S. Bilang karagdagan sa mga halalan sa estado, magsasagawa ang mga lokal na pamahalaan ng mga halalan upang maghalal ang mga botante ng mga hahawak ng lokal na katungkulan at magsaalang-alang ng mga lokal na panukala sa balota. Sa karaniwan, nagaganap ang mga lokal na halalan kasabay ng mga halalan sa estado.

Tagapagpatupad ng Halalan sa California. Ipatutupad ng mga opisyal sa halalan ng county ang karamihan ng mga halalan sa California. Bilang bahagi ng trabahong ito, magpapanatili ang mga opisyal na ito ng listahan ng mga rehistradong botante at magbibigay sila ng mga materyales sa pagboto sa mga rehistradong botante, gaya ng mga balota at iba pang impormasyon ng botante. May mga responsibilidad ding nauugnay sa pagboto ang ilang ahensiya ng estado. Halimbawa, pinangangasiwaan ng Kalihim ng Estado ang mga

PAGSUSURI NG PAMBATASANG TAGASURI IPINAGPATULOY

halalan, kung saan kasama ang pagbibigay ng mga kard sa pagpaparehistro ng botante at pagpapatakbo ng elektronikong sistema ng pagpaparehistro ng botante.

Karapatang Bumoto sa California. Karaniwang maaaring magparehistro at bumoto ang isang tao sa California kung ang tao ay mamamayan ng U.S. na hindi bababa sa 18 taong gulang at residente ng estado. Ipinagbabawal ng batas ng estado na bumoto ang ilang tao, kasama na ang mga nasa bilangguan o nakaparol. (Sa ilalim ng kasalukuyang batas, maaaring kumandidato ang mga taong rehistradong bumoto para sa mga katungkulan ng inihalal hangga't natutugunan nila ang lahat ng iba pang kasalukuyang kinakailangan sa pagiging karapat-dapat.)

Paunang Pagpaparehistro na Bumoto sa California. Karaniwang maaaring gawin ng tao ang paunang pagpaparehistro na bumoto sa California kung ang tao ay isang mamamayan ng U.S. at nasa edad na 16 o 17 taong gulang. (Ipinagbabawal ng batas ng estado sa ilang tao ang paunang pagpaparehistro na bumoto, kasama na ang mga nasa bilangguan o nakaparol.) Kapag ang isang tao ay paunang nagparehisto na bumoto, awtomatiko siyang magiging rehistradong bumoto kapag naging 18 taong gulang na siya. Simula noong Hunyo 29, 2020, mayroon nang halos 108,000 nasa edad na 17 taong gulang na ang paunang nagparehistro na bumoto sa California.

MUNGKAHI

Pahihintulutan ang Ilang Mamamayang Nasa Edad na 17 Taong Gulang na Bumoto. Pahihintulutan ng panukala na bumoto ang mga karapat-dapat na nasa edad na 17 taong gulang na magiging 18 taong gulang sa pagsapit ng Nobyembre na petsa ng susunod na pangkalahatang halalan. Ang ibig sabihin nito, maaaring bumoto ang mga nasa edad na 17 taong gulang sa anumang espesyal na halalan o primaryang halalan na magaganap bago ang susunod na pangkalahatang halalan. (Dahil pinahihintulutan ng kasalukuyang batas ng estado ang mga rehistradong botante na kumandidato para sa katungkulan ng inihalal, magreresulta ang panukalang ito sa pagkandidato rin ng mga nasa edad na 17 taong gulang na magiging 18 taong gulang, kung matutugunan nila ang lahat ng iba pang kinakailangan sa pagiging karapat-dapat para sa inihalal sa katungkulan.)

MGA PISKAL NA EPEKTO

Maliliit na Gastusin para sa Mga Opisyal sa Halalan ng County. Dadagdagan ng panukalang ito ang bilang ng mga taong karapat-dapat na bumoto sa mga primarya at espesyal na halalan. Dadagdagan nito ang trabaho para sa mga opisyal sa halalan ng county. Magpapadala at magpoproseso ng mga materyales sa pagboto ang mga opisyal sa halalan sa mga rehistradong nasa edad na 17 taong gulang sa mga primarya at anumang espesyal na halalang mauuna sa pagkalahatang halalan. Ang gastos para sa nadagdagang trabaho ay magdedepende sa bilang ng mga karapat-dapat na nasa edad na 17 taong gulang na magpaparehistrong bumoto bago ang mga primarya at espesyal na halalan. Maaaring dagdagan ng nadagdagang trabaho ang **gastusin ng county sa buong estado na malamang na nasa pagitan ng ilang daang libong dolyar at $1 milyon kada dalawang taon ng siklo ng halalan**.

Maliliit na Pang-isang Beses na Gastusin ng Estado. Bubuo ang panukalang ito ng pang-isang beses na trabaho upang ma-update ng estado ang mga kasalukuyang sistema sa pagpaparehistro ng botante. **Ang mga pang-isang beses na gastusin ng estado para sa trabahong ito ay malamang na maging dadan-daang libong dolyar**. Mas mababa ito sa 1 porsyento ng kasalukuyang paggasta ng Pangkalahatang Pondo ng estado.

Bumisita sa *http://cal-access.sos.ca.gov/campaign/measures/* para sa listahan ng mga komite na pangunahing binuo upang suportahan o tutulan ang panukalang ito.

Bumisita sa *http://www.fppc.ca.gov/transparency/top-contributors.html* upang makita ang nangungunang 10 tagaambag ng komite.

Kung gusto ninyo ng kopya ng buong teksto ng panukalang ito ng estado, pakitawagan ang Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957 o maaari kayong mag-email sa *vigfeedback@sos.ca.gov* at libreng magpapadala sa inyo ng kopya sa pamamagitan ng koreo.

PROPOSISYON
18
BABAGUHIN ANG SALIGANG-BATAS NG CALIFORNIA UPANG PAHINTULUTAN ANG MGA NASA EDAD NA 17 TAONG GULANG NA BUMOTO SA MGA PRIMARYA AT ESPESYAL NA HALALAN KUNG SILA AY MAGIGING 18 TAONG GULANG SA PAGSAPIT NG SUSUNOD NA PANGKALAHATANG HALALAN AT SA IBANG PARAAN AY MAGIGING KARAPAT-DAPAT BUMOTO. PAMBATASANG SUSOG SA SALIGANG-BATAS.

★ PANGANGATWIRANG PABOR SA PROPOSISYON 18 ★

Pahihintulutan ng Proposisyon 18 ang mga taong magiging 18 gulang sa panahon ng pangkalahatang halalan na makilahok sa primaryang halalan sa taon na iyon kung sila ay 17 taong gulang sa panahon ng primarya. Hindi lang pahihintulutan ng mahalagang reporma sa halalang ito ang mga unang beses na botante na makilahok sa buong yugto ng halalan, kundi may potensyal din itong pabutihin ang pakikilahok ng kabataan sa ating mga halalan.

Kailangan natin ng mga boses ng kabataan na kakatawanin sa kahon ng balota. Ang pagpapahintulot sa ilang nasa edad na 17 taong gulang na bumoto sa mga primaryang halalan, kung magiging 18 taong gulang sila sa pagsapit ng pangkalahatang halalan, ay isang simpleng paraan upang palakasin ang mga boses ng kabataang botante sa buong California at hahantong ito sa mas komprehensibong proseso ng halalan para sa lahat ng estado sa kabuuan.

Nahuhuli ang California pagdating sa isyung ito. Pinahihintulutan na ng halos kalahati ng mga estado sa U.S. ang mga nasa edad na 17 taong gulang na makilahok sa mga primarya at caucus. Kung plano ng indibidwal na makilahok sa pangkalahatang halalan bilang unang beses na botante, naaangkop lang na mabigyan siya ng pagkakataong ayusin ang mga pagpipiliang lalabas sa balota ng pangkalahatang halalan sa pamamagitan ng pakikilahok sa primarya. Iniuugnay ng Proposisyon 18 ang pakikilahok ng 17 taong gulang sa edad ng karamihan sa pamamagitan ng pag-aatas na ang indibidwal ay 18 taong gulang sa panahon ng pangkalahatang halalan.

Ayon sa pananaliksik na isinagawa ng Proyekto ng Pakikilahok sa Lipunan ng California, sa pangkalahatang halalan ng 2020 sa California, binuo ng mga botanteng kabataan (ang mga nasa edad na 18 hanggang 24 na taong gulang) ang 14.5% ng populasyong karapat-dapat bumoto, ngunit halos 6% lang sa mga ito ang bumoto sa halalan. Labis na kulang ang kumakatawan sa kabataan sa ating proseso na may kaugnayan sa halalan kahit na lubos silang naaapektuhan ng mga patakarang ginawa ng mga inihalal.

Hindi lang isinasaad ng pananaliksik na ang populasyon ng kabataan ang may pinakamababang antas ng mga resulta sa anumang demograpiko ng edad, kundi ipinapakita rin ng mga pag-aaral na ang pagboto ay nagiging gawi—kapag bumoto ang isang indibidwal sa isang halalan, mas malamang na muli siyang boboto. Sa dahilang ito, dapat bigyan ng mataas na prayoridad ang maagang pakikilahok sa proseso na may kaugnayan sa halalan para sa mga unang beses na botante.

Isang oportunidad ang Proposisyon 18 upang palakasin ang mga pinakabatang botante ng California at hikayatin silang maging mga panghabambuhay na kalahok sa pinakamahalagang aksyon ng demokrasiya. Mangyaring suportahan ng Proposition 18.

KEVIN MULLIN, Miyembro ng Asembleya
Asembleya ng CA Distrito 22

EVAN LOW, Miyembro ng Asembleya
Asembleya ng CA Distrito 28

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PABOR SA PROPOSISYON 18 ★

Mapanlinlang ang pahayag na "halos kalahati" ng mga estado ang nagpapahintulot na bumoto ang mga nasa edad na 17 taong gulang sa primarya. 18 LANG ANG NAGPAPAHINTULOT NITO, at iba ang mga primarya ng mga ito sa primarya ng California. Dahil sa mga Proposisyon 13 at 218, may karapatang bumoto ang mga taga-California sa mga mungkahi sa buwis, na kadalasang nasa balota ng primarya. Halos walang karanasan ang mga nasa edad na 17 taong gulang na kumita ng pera para mamuhay at magbayad ng mga buwis. Mahalaga para sa pagboto ang karanasan sa tunay na buhay. Hindi mabuting dahilan ang suhestyon na "lohikal lang" na ang mga nasa edad na 17 taong gulang ay dapat na bumoto sa Primarya kung boboto sila sa Pangkalahatan.

Dahil nalipat ang primarya ng California sa simula ng Marso, magbibigay ang Proposisyon 18 ng karapatang bumoto sa mga menor de edad sa mataas na paaralan na WALA PA SA EDAD NA 17 TAONG GULANG dahil lang magiging 18 taong gulang sila PAGKALIPAS NG WALONG BUWAN.

Mga menor de edad ang mga nasa edad na 17 taong gulang, para sa maraming dahilan:

- Pinatutunayan ng agham na ang bahagi ng makatwirang pag-iisip at lohika ng kanilang mga utak ay HINDI GANAP NA BUO.
- Sila ay mga audience na napipilitang makinig (5+ oras sa bawat araw, 5 araw sa bawat linggo) sa mga guro na inaasahan nila para sa tagumpay sa kasalukuyan at hinaharap, na dahilan kung bakit sila ay MADALING MAAPEKTUHAN NG MAY KINIKILINGANG IMPLUWENSIYA.
- WALA silang KARANASAN SA TOTOONG MUNDO. Hindi kinailangan ng karamihan na magtrabaho upang suportahan ang kanilang sarili, o gumawa ng sarili nilang paraan upang makapagbayad ng mga buwis, renta, pagkain, atbp. Wala silang sanggunian upang gawin ang mahahalagang pagpapasya na ginagawa ng mga botante para sa kanilang sarili at ng iba pang miyembro ng lipunan kapag bumoboto sila.

Maaaring sabik na bumoto ang mga nasa edad na 17 taong gulang, ngunit hindi pa sila handa. BUMOTO ng HINDI sa PROPOSISYON 18.

RUTH WEISS, Bise Presidente
Proyekto para sa Integridad ng Halalan ng California

JON COUPAL, Presidente
Kapisanan ng Mga Nagbabayad ng Buwis ng Howard Jarvis

LARRY SAND, Retiradong Guro

Ang mga nakalimbag na pangangatwiran sa pahinang ito ay opinyon ng mga may-akda, at hindi nasuri para sa katumpakan ng anumang opisyal na ahensiya.

★ PANGANGATWIRAN LABAN SA PROPOSISYON 18 ★

Bumoto ng HINDI sa Proposisyon 18.

*"*Pinagpapasyahan sa mga balota ng primarya at espesyal na halalan ang maraming panukala sa pagtataas ng buwis at utang sa bono. Iyon ang dahilan kung bakit ang mga nasa hustong gulang lang ang dapat bumoto."*—Jon Coupal, Presidente, Kapisanan ng Mga Nagbabayad ng Buwis ng Howard Jarvis*

ANG MGA NASA EDAD NA 17 TAONG GULANG AY HINDI MGA LEGAL NA NASA HUSTONG EDAD

Itinakda ng parehong pederal na pamahalaan at mga pamahalaan ng California ang edad na mayroong nang legal na responsibilidad sa 18 taong gulang. Sa California, ang indibiduwal *kahit na isang araw na mas bata* sa 18 taong gulang ay hindi maaaring pumasok sa legal na kontrata, o kahit na gumamit ng salon para sa pagpapa-tan. *Hindi rin maaaring sumama sa field trip ng paaralan ang mga nasa edad na labimpitong taong gulang* nang walang papel ng pahintulot na nilagdaan ng magulang o tagapangalaga.

Naglalagay ang batas sa California ng mga karagdagang panuntunan at paghihigpit sa mga lisensya sa pagmamaneho ng mga nasa edad na 16 at 17 taong gulang dahil sa mga alalahanin tungkol sa *maturidad at desisyon*. Nawawala ang mga paghihigpit sa lisensya *nang eksakto* sa ika-18 kaarawan, *at hindi bago nito*.

Ipinapakita ng batas sa California ang siyentipikong batayan na ang pag-unlad ng pag-iisip na nauugnay sa edad ay konektado sa kakayahang magdesisyon, sumuri, at umunawa ng dahilan at epekto. Pinagkasunduan nila na ang edad ng makatwirang pag-iisip, sa parehong estado at bansa, ay 18 taong gulang.

ANG MGA NASA EDAD NA 17 TAONG GULANG AY MGA AUDIENCE NA NAPIPILITANG MAKINIG SA PAARALAN

Dapat marinig ng mga botante ang *lahat ng panig ng isyu* upang gumawa ng *matalinong* pasya. Nasa mataas na paaralan pa rin ang karamihan sa mga nasa edad na 17 taong gulang, at umaasa sila sa mga guro para sa mga marka at liham ng rekomendasyon na mahalaga sa kanilang kinabukasan. Sila ay *mga audience na napipilitang makinig* nang limang araw sa isang linggo, na may matibay na motibasyong gawin ang anumang irerekomenda ng mga guro at tagapayo.

Kadalasang kasama sa balota ng primarya ng California ang *mga panukala sa buwis at bono ng paaralan* para sa pag-apruba ng botante. Hindi tulad ng mga nasa hustong gulang na botante, ang mga nasa edad na 17 taong gulang na nasa mataas na paaralan pa rin ay malamang na naririnig lang ang isang panig ng mga isyung ito. Halimbawa, noong 2019, lumahok ang Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Los Angeles sa kampanyang "nagbibigay ng impormasyon" upang ipasa ang iminumungkahing pagtataas ng buwis, at Panukala EE, sa isang espesyal na halalan. Ang mga paaralan ay nagpaskil ng malalaking banner sa campus, namigay ng mga flyer at literaturang iuuwi ng mga estudyante, at namahagi pa ng mga sample na post sa social media upang maimpluwensyahan ang mga estudyante at kanilang mga pamilya.

Kung pahihintulutan ang mga nasa edad na 17 taong gulang na bumoto sa mga primarya at espesyal na halalan, marahil kahit ang tamang pagpupunan sa mail-in na balota sa silid-aralan, ang mga estudyanteng ito ay maaaring *magbigay ng margin upang aprubahan ang bagong utang at mga buwis na labis na magpapahirap sa kanilang mga magulang at lahat ng nagbabayad ng buwis*.

ANG PAMPULITIKANG PAKIKILAHOK AY BUKAS PARA SA LAHAT; ANG PAGBOTO AY IBA

May karapatan ang lahat na magbigay ng opinyon, magtaguyod ng mga isyu, mag-organisa ng mga taong may parehong pag-iisip, at magboluntaryo sa mga kampanya. Gayunpaman, ang karapatang bumoto ay nakareserba para sa mga mamamayang residente ng estado, na hindi mga lumabag sa batas sa bilangguan, at nasa edad na hindi bababa sa 18 taong gulang sa Araw ng Halalan.

Seryosong responsibilidad ang pagboto. Sa mga halalan sa California, nagpapasya ang mga botante kung sino ang hahawak ng kapangyarihang gumawa at magpatupad ng mga batas, upang mag-apruba man ng bagong utang na babayaran ng mga nagbabayad ng buwis, upang magtaas man ng mga buwis, at marami pang ibang kumplikadong isyu.

Ang mahahalagang pagpapasya ay dapat gawin ng mga botanteng legal na nasa hustong gulang, at hindi ng mga menor de edad sa mataas na paaralan.

BUMOTO ng HINDI sa Proposisyon 18.

RUTH WEISS, Kasamang Nagtatag
Proyekto para sa Integridad ng Halalan ng California

JON COUPAL, Presidente
Kapisanan ng Mga Nagbabayad ng Buwis ng Howard Jarvis

LARRY SAND, Retiradong Guro

★ SAGOT SA PANGANGATWIRAN LABAN SA PROPOSISYON 18 ★

Nagtatrabaho na at nagbabayad ng mga buwis ang mga nasa edad na 17 taong gulang, at maaari silang magpatala sa militar. Kung ang kabataan sa edad na ito ay nagboboluntaryong ilagay sa panganib ang kanilang mga buhay para sa ating bansa at nag-aambag sa lipunan sa paraang pinansyal, dapat silang makalahok sa buong yugto ng halalan sa taon kung kailan sila magiging 18 taong gulang. Pahihintulutan ng Prop. 18 ang mga nasa edad na 17 taong gulang na bumoto sa mga primaryang halalan kung sila ay magiging 18 taong gulang sa pagsapit ng pangkalahatang halalan.

Mahirap na proseso sa unang pagkakataon ang pag-alam kung paano bumoto, saan boboto, at ano ang nasa balota. Kapag binigyan ang kabataan ng panahong matutunan ito sa taon na magiging 18 taong gulang sila, matitiyak na magiging matagumpay ang unang karanasan sa pagboto. Matitiyak ng pagpapalawak ng oportunidad ng kabataan na maging nakikilahok sa lipunan na susundin ng mga henerasyon sa hinaharap ang mga gawi sa pagboto nang maaga at dadalhin nila ang mga ito sa pagpasok sa kolehiyo, pagsali sa militar, o pagiging mga manggagawa.

Sa primarya noong Marso 2020, na nakakita ng pinakamaraming boto sa pang-presidenteng primarya sa California, 38% lang ng mga karapat-dapat na botante ang bumoto sa balota. Mayroon tayong problema sa pakikilahok sa lipunan, at kailangan nating magtatag ng kultura ng pagboto para sa mga henerasyon sa hinaharap nang mas maaga kaysa sa mas huli. Ang pagboto sa isang halalan ay maaaring madagdagan ang probabilidad ng pagboto sa susunod na halalan nang mahigit 25%. Pinakamaaapektuhan ang kabataan sa mga isyu gaya ng krisis sa klima, utang ng estudyante, pangangalagang pangkalusugan, at kinabukasan ng ating ekonomiya, at responsibilidad nating bigyan sila ng mga sapat na oportunidad upang gumawa ng mga panghabambuhay na gawi sa pagboto. Ang boto para sa Prop. 18 ay boto para sa ating demokrasiya.

MARY CREASMAN, Punong Opisyal na Tagapagpaganap
Liga ng Mga Botante para sa Konserbasyon ng California (California League of Conservation Voters , CLCV)

SENADOR RICHARD D. ROTH, Major na Heneral
USAF (Retirado)

SENADOR THOMAS J. UMBERG, Koronel
Army ng U.S. (Retirado)

PROPOSISYON

19

BABAGUHIN ANG MGA PARTIKULAR NA PATAKARAN SA BUWIS SA ARI-ARIAN. PAMBATASANG SUSOG SA SALIGANG-BATAS.

OPISYAL NA TITULO AT BUOD

INIHANDA NG PANGKALAHATANG ABUGADO

Makikita ang teksto ng panukalang ito sa website ng Kalihim ng Estado sa *voterguide.sos.ca.gov.*

- Pahihintulutan ang mga may-ari ng bahay na mahigit sa edad na 55 taong gulang, may malubhang kapansanan, o ang mga bahay ay nasira ng wildfire o sakuna, na ilipat ang halaga ng basehan ng buwis ng pangunahing tirahan sa pamalit na tirahang nasa anumang halaga, saanman sa estado.
- Lilimitahan ang mga benepisyo sa buwis para sa ilang paglilipat ng tunay na ari-arian sa pagitan ng mga miyembro ng pamilya.
- Palalawakin ang mga benepisyo sa buwis para sa mga paglilipat ng mga bukirin ng pamilya.
- Ilalaan ang karamihan sa magiging resultang kita at ipon (kung mayroon) ng estado sa mga serbisyo sa proteksyon sa sunog at ibabalik sa mga lokal na gobyerno para sa mga pagbabagong nauugnay sa pagbubuwis.

BUOD NG TANTIYA NG PAMBATASANG TAGASURI SA NETONG PISKAL NA EPEKTO SA PANG-ESTADO AT LOKAL NA GOBYERNO:

- Maaaring makakalikom ang mga lokal na gobyerno ng milyun-milyong dolyar sa kita sa buwis sa ari-arian kada taon. Ang mga malilikom na ito ay maaaring lumago sa pagdaan ng panahon sa ilang daang milyong dolyar kada taon.
- Maaaring makatanggap ang mga paaralan ng milyon-milyong dolyar sa kita sa buwis sa ari-arian kada taon. Ang mga malilikom na ito ay maaaring lumago sa pagdaan ng panahon sa ilang daang milyong dolyar kada taon.
- Ang mga kita mula sa ibang mga buwis ay maaaring tumaas ng milyun-milyong dolyar kada taon para sa parehong pang-estado at lokal na gobyerno. Karamihan sa bagong kita ng estadong ito ay gagastusin sa proteksyon sa sunog.

MGA PANGWAKAS NA BOTONG ITINALA NG LEHISLATURA SA ACA 11 (PROPOSISYON 19)
(KABANATA 31 NG RESOLUSYON, MGA BATAS NG 2020)

Senado:	Mga Oo 29	Mga Hindi 5
Asembleya:	Mga Oo 56	Mga Hindi 5

PAGSUSURI NG PAMBATASANG TAGASURI

BATAYAN

Binubuwisan ng Mga Lokal na Pamahalaan ang Ari-arian. Nagpapataw ang mga lungsod, county, paaralan, at espesyal na distrito (gaya ng distrito ng proteksyon sa sunog) ng California ng mga buwis sa ari-arian sa mga may-ari ng ari-arian batay sa halaga ng kanilang ari-arian. Tumataas ang mga buwis sa ari-arian nang halos $65 bilyon kada taon para sa mga lokal na pamahalaang ito.

Paano Kinakalkula ang Bayarin sa Buwis sa Ari-arian? Ang taunang bayarin sa buwis sa ari-arian ng bawat may-ari ng ari-arian ay katumbas ng nabubuwisang halaga ng kanyang ari-arian na imu-multiply sa halaga ng buwis sa ari-arian. Ang karaniwang halaga ng buwis sa ari-arian ng may-ari ng ari-arian ay 1.1 porsyento. Sa taon kung kailan ililipat ang ari-arian sa bagong may-ari, ang nabubuwisang halaga nito sa karaniwan ay ang presyo nito noong binili. Sa bawat taon pagkatapos noon, inaakma ang nabubuwisang halaga ng ari-arian para sa

PAGSUSURI NG PAMBATASANG TAGASURI

IPINAGPATULOY

pagtaas nang hanggang 2 porsyento. Kapag muling nagbago ang pagmamay-ari sa isang ari-arian, muling magsisimula ang nabubuwisang halaga nito sa bagong presyo nito noong binili.

Tumataas ang Mga Buwis sa Ari-arian Kapag Nagbago ang Pagmamay-ari sa Ari-arian. Ang nabubuwisang halaga ng karamihan ng mga ari-arian ay mas mababa kaysa sa halaga kung magkano maaaring ibenta ang mga ito. Ito ay dahil sa tumataas ang presyo kung magkano maaaring ibenta ang ari-arian nang mas mabilis sa 2 porsyento kada taon. Dahil dito, kapag nagbago ang pagmamay-ari sa ari-arian, magsisimulang muli ang nabubuwisang halaga nito sa mas mataas na halaga. Humahantong ito sa mas mataas na bayarin sa buwis sa ari-arian para sa ari-ariang iyon. Ang ibig sabihin nito, karaniwang nagbabayad ang mga taong lilipat ng mas matataas na buwis sa ari-arian para sa kanilang bagong bahay kaysa sa ibinabayad nila sa kanilang dating bahay.

Mga Espesyal na Panuntunan para sa Ilang May-ari ng Bahay. Sa ilang sitwasyon, pinapayagan ng mga espesyal na panuntunan ang mga kasalukuyang may-ari ng bahay na lumipat sa ibang bahay nang hindi nagbabayad ng mas matataas na buwis sa ari-arian. Nalalapat ang mga espesyal na panuntunang ito sa mga may-ari ng bahay na mas matanda sa 55 taong gulang o may matinding kapansanan o naapektuhan ang ari-arian ng kalamidad o kontaminasyon. Tutukuyin natin ang mga taong ito bilang “mga karapat-dapat na may-ari ng bahay.” Ang isang karapat-dapat na may-ari ng bahay ay maaaring lumipat sa loob ng parehong county at patuloy na magbayad ng parehong halaga ng mga buwis sa ari-arian kung ang kanyang bagong bahay ay hindi mas mahal kaysa sa kasalukuyan niyang bahay. Pinahihintulutan din ng ilang county na mailapat ang mga panuntunang ito kapag lumipat sa county ng mga ito ang karapat-dapat na may-ari ng bahay mula sa ibang county. Ang mga espesyal na panuntunang ito ay karaniwang maaari lang gamitin ng mga may-ari ng bahay na mas matanda sa 55 taong gulang o may matinding kapansanan nang isang beses sa buong buhay nila. Nalalapat ang limitasyong ito sa mga ari-ariang naapektuhan ng kalamidad o kontaminasyon.

Mga Espesyal na Panuntunan para sa Mga Minanang Ari-arian. Pinahihintulutan ng mga espesyal na patakaran na mailipat ang mga ari-arian sa pagitan ng mga magulang at anak nang walang pagtaas sa bayarin sa buwis sa ari-arian. Nalalapat din ang mga panuntunang ito sa mga lolo o lola at apo kung ang mga magulang ng mga apo ay namatay na. Tutukuyin natin bilang "minanang ari-arian" ang mga ari-ariang inilipat sa pagitan ng mga magulang at anak, o mga lolo o lola at apo. Nalalapat ang mga panuntunan sa bahay ng magulang o ng lolo o lola at sa limitadong halaga ng ibang uri ng ari-arian.

Pinamamahalaan ng Mga County ang Buwis sa Ari-arian. Tinutukoy ng mga tagatasa ng county ang nabubuwisang halaga ng ari-arian. Sinisingil ng mga tagakolekta ng buwis ng county ang mga may-ari ng ari-arian. Ipinamamahagi ng mga auditor ng county ang mga kita sa buwis sa mga lokal na pamahalaan. Gumagastos ang buong bansa at mga county ng halos $800 milyon kada taon sa mga aktibidad na ito.

Nagmumula ang Mga Pondo ng Paaralan sa Mga Buwis sa Lokal na Ari-arian at Mga Buwis ng Estado. Nakatatanggap ang mga paaralan ng pagpopondo mula sa mga buwis sa lokal na ari-arian at mga buwis ng estado. Isinasaad ng batas ng estado na dapat makatanggap ang mga paaralan ng minimum na halaga ng kabuuang pondo mula sa dalawang pinagkukunang ito.

MUNGKAHI

Gagawa ang panukalang ito ng mga pagbabago sa mga espesyal na panuntunan para sa mga karapat-dapat na may-ari ng bahay at minanang ari-arian.

Mga Pinalawak na Espesyal na Panuntunan para sa Mga Karapat-dapat na May-ari ng Bahay. Mula Abril 1, 2021, palalawakin ng panukala ang mga espesyal na panuntunan para sa mga karapat-dapat na may-ari ng bahay. Sa partikular, ang panukala ay:

- ***Pahihintulutan ang Mga Paglipat sa Saanmang Lugar sa Estado.*** Maaaring panatilihin ng mga karapat-dapat na may-ari ng bahay ang kanilang mas mababang bayarin sa buwis sa ari-arian kapag lumipat sa ibang bahay saanman sa estado.

PAGSUSURI NG PAMBATASANG TAGASURI IPINAGPATULOY

- ***Pahihintulutan ang Pagbili ng Mas Mahal na Bahay.*** Maaaring gamitin ng mga karapat-dapat na may-ari ng bahay ang mga espesyal na panuntunan upang makalipat sa mas mahal na bahay. Tataas pa rin ang kanilang bayarin sa buwis sa ari-arian ngunit nang hindi katulad ng magiging bayarin sa buwis sa ari-arian ng ibang may-ari ng bahay.
- ***Dadagdagan ang Bilang ng Mga Pagkakataong Maaaring Gamitin ng Mga May-ari ng Bahay ang Mga Espesyal na Panuntunan.*** Ang mga espesyal na panuntunang ito ay karaniwang maaari lang gamitin ng mga may-ari ng bahay na mas matanda sa 55 taong gulang o may matinding kapansanan nang tatlong beses sa buong buhay nila.

Lilimitahan ang Mga Espesyal na Panuntunan para sa Mga Minanang Ari-arian. Mula Pebrero 16, 2021, lilimitahan ng panukala ang mga espesyal na panuntunan sa mga minanang ari-arian. Sa partikular, ang panukala ay:

- ***Tatapusin ang Mga Espesyal na Panuntunan para sa Mga Ari-arian na Hindi Ginagamit bilang Bahay o para sa Pagsasaka.*** Malalapat lang ang mga espesyal na panuntunan sa dalawang uri ng minanang ari-arian. Una, malalapat ang mga panuntunan sa mga ari-ariang ginagamit bilang pangunahing bahay ng anak o apo. Pangalawa, malalapat ang mga panuntunan sa mga bukirin. Ang mga ari-ariang ginagamit para sa ibang layunin ay hindi na maaaring gumamit ng mga espesyal na panuntunan.
- ***Mag-aatas na Pataasin ang Bayarin sa Buwis para sa Mga Minanang Bahay at Bukiring Mataas ang Halaga.*** Tataas ang bayarin sa buwis sa ari-arian para sa minanang bahay o bukirin kung ang presyo kung magkano maaaring ibenta ang ari-arian ay lampas sa nabubuwisang halaga ng ari-arian nang mahigit sa $1 milyon (iaakma para sa pagtaas kada dalawang taon). Sa sitwasyong ito, tataas ang bayarin sa buwis ngunit hindi katulad ng magiging bayarin sa buwis kung ibebenta ang ari-arian sa ibang tao.

Itatakda ang Partikular na Pera para sa Proteksyon sa Sunog. Maaaring makabuo ang panukala ng bagong pagpopondong magagamit ng estado. Tatalakayin ang bagong pagpopondong ito sa susunod na seksyon. Iaatas ng panukalang ito na magasta ang karamihan sa mga bagong pondo sa proteksyon sa sunog. Bukod pa rito, iaatas ng panukalang ito na maibigay ang mas maliit na bahagi ng mga bagong pondo sa mga partikular na lokal na pamahalaan.

MGA PISKAL NA EPEKTO

Pinataas na Mga Buwis sa Ari-arian Mula sa Mga Nilimitahang Panuntunan sa Mga Minanang Ari-arian. Ang paglilimita sa mga espesyal na panuntunan para sa mga minanang ari-arian ay hahantong sa mas matataas na buwis sa ari-arian sa mga minanang ari-arian. Patataasin nito ang mga buwis sa ari-arian para sa mga lokal na pamahalaan at paaralan.

Binawasang Mga Buwis sa Ari-arian Mula sa Mga Pinalawak na Panuntunan para sa Mga Karapat-dapat na May-ari ng Bahay. Kapag pinalawak ang mga espesyal na panuntunan sa mga karapat-dapat na may-ari ng bahay, maaaring mabago ang pangongolekta ng buwis sa ari-arian sa maraming paraan. Higit sa lahat, maaaring makatanggap ng mga ipon sa buwis sa ari-arian ang mas maraming may-ari ng bahay kapag lumipat ng bahay. Babawasan nito ang mga buwis sa ari-arian para sa mga lokal na pamahalaan at paaralan.

Sa kabuuan, Mas Maraming Buwis sa Ari-arian para sa Mga Lokal na Pamahalaan at Paaralan. Patataasin ng ilang bahagi ng panukala ang mga buwis sa ari-arian. Babawasan ng ibang bahagi ang mga ito. Sa kabuuan, malamang na tataas ang mga buwis sa ari-arian para sa mga lokal na pamahalaan at paaralan. Sa mga unang taong, maaaring makalikom ang lokal na pamahalaan ng milyon-milyong dolyar kada taon. Ang mga malilikom na kitang ito ay maaaring lumago sa pagdaan ng panahon sa ilang daang milyong dolyar kada taon. Maaaring makatanggap ang mga paaralan ng mga katulad na malilikom na buwis sa ari-arian.

Posibleng Pagbabawas sa Mga Gastusin ng Estado para sa Mga Paaralan nang Ilang Taon. Sa mga limitadong sitwasyon, ang kabuuang pagpopondo ng paaralan mula sa mga buwis sa ari-arian at mga buwis ng estado ay maaaring maging halos katumbas nang ilang taon sa kabila ng mga malilikom sa buwis sa ari-arian ng paaralan. Ito ay dahil sa maaaring

PAGSUSURI NG PAMBATASANG TAGASURI

IPINAGPATULOY

magdulot ang kasalukuyang batas ng estado ng pagbaba ng pagpopondo ng estado para sa mga paaralan nang halos katulad sa halaga ng malilikom sa buwis sa ari-arian ng mga ito. Kung mangyayari ito, magkakaroon ng ipon sa gastusin ang estado sa mga taong iyon. Ang mga ipon na ito ay magiging katulad sa halaga ng malilikom sa buwis sa ari-arian. Isinasaad ng panukala na karamihan sa mga pagtitipid na ito ay kailangang igasta sa proteksyon sa sunog.

Ibang Maliliit na Pagbabago sa Mga Pangongolekta ng Buwis. Pinahihintulutan ng panukala ang mas maraming tao na bumili at magbenta ng mga bahay nang hindi nakakaranas ng nagtaas na bayarin sa buwis sa ari-arian. Dahil dito, malamang na patataasin ng panukala ang bilang ng mga bahay na maibebenta kada taon. Patataasin nito ang perang mapupunta sa mga pang-estado at lokal na pamahalaan mula sa marami pang buwis na makokolekta sa pagbebenta ng bahay. Ang mga pagtataas na ito ay malamang na milyon-milyong dolyar bawat taon. Isinasaad ng panukala na karamihan sa mga pagtataas sa kita sa buwis ng estado na ito ay kailangang igasta sa proteksyon sa sunog.

Mas Matataas na Gastusin para sa Mga County. Malamang na kailanganin ng mga county na kumuha ng mga bagong tauhan at mag-upgrade ng mga computer upang maipatupad ang panukala. Patataasin nito ang mga gastusin para sa mga county nang **sampu-sampu sa milyon-milyong dolyar kada taon**.

Bumisita sa *http://cal-access.sos.ca.gov/campaign/measures/* para sa listahan ng mga komite na pangunahing binuo upang suportahan o tutulan ang panukalang ito.

Bumisita sa *http://www.fppc.ca.gov/transparency/top-contributors.html* upang makita ang nangungunang 10 tagaambag ng komite.

Kung gusto ninyo ng kopya ng buong teksto ng panukalang ito ng estado, pakitawagan ang Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957 o maaari kayong mag-email sa *vigfeedback@sos.ca.gov* at libreng magpapadala sa inyo ng kopya sa pamamagitan ng koreo.

★ PANGANGATWIRANG PABOR SA PROPOSISYON 19 ★

OO sa 19. Mga Naipon na Buwis at Tulong sa Pabahay para sa MGA NAKATATANDA, BIKTIMA NG WILDFIRE, at TAONG MAY MGA KAPANSANAN. Poprotektahan ng Proposisyon 19 ang mga apektadong taga-California, isasara nito ang mga hindi patas na butas sa buwis, at lilikom ito ng kinakailangang kita para sa proteksyon sa sunog at pagtugon sa medikal na emerhensiya.

1) LILIMITAHAN ANG MGA BUWIS SA ARI-ARIAN PARA SA MGA MATANDA, BIKTIMA NG WILDFIRE, AT MAY KAPANSANANG MAY-ARI NG BAHAY. PROP. 19: • Aalisin ang mga hindi patas at palaging nagbabagong paghihigpit sa lokasyon sa kasalukuyang batas upang mailipat ng mga may-ari ng bahay na matanda, may kapansanan, o biktima ng wildfire angmga naipon na buwis sa Prop. 13 ng kanilang mga bahay sa isang kapalit na bahay saanman sa California. • Magbibigay ng kaluwagan sa pabahay para sa milyun-milyong matanda, kung saan ang nakararami sa kanila ay nakakaramdam na nakakulong sila sa mga bahay na hindi nila mapanatili, na mayroong napakaraming hagdan, at masyadong malayo sa pamilya o pangangalagang medikal—na pinalala ng mga panganib sa kalusugan ng coronavirus. • Gagawa ng napakaraming pagkakataon sa pagmamay-ari ng bahay para sa mga nangungupahan at bagong may-ari ng bahay sa buong estado dahil libo-libong bahay ang magagamit sa unang pagkakataon sa loob ng ilang dekada. • "Pagkatapos masira ng dalawang wildfire ang 15,155 bahay, naharap ang mga biktima sa matinding pagtaas ng buwis para lang sa paglipat sa lugar na ilang milya ang layo. Inaalis ng Prop. 19 ang mga hindi patas na paghihigpit sa lokasyon upang matanggal ang mga biglaang pagtaas ng buwis para makalipat ang mga biktima ng wildfire sa kapalit na bahay saanman sa California."—*Kristy Militello, Nakaligtas sa Tubbs Wildfire*

2) ISASARA ANG MGA HINDI PATAS NA BUTAS SA BUWIS NA GINAGAMIT NG MGA NAMUMUHUNAN, ARTISTA, AT MAYAMANG TAGAPAGMANA NG TRUST FUND NG EAST COAST SA MGA BAHAY-BAKASYUNAN AT PAUPAHAN: • Inihayag ng mga ulat ng balita at talaan ng ari-arian na ang mga tuntunin na naglalayong limitahan ang mga buwis sa mga pangunahing tirahan ng pamilya ay sinasamantala ng mga propesyonal, artista, at mayamang tagapagmanang nasa labas ng estado upang maiwasang bayaran ang kanilang patas na bahagi sa mga buwis sa mga bahay-bakasyunan at paupahan. [*Los Angeles Times,* 8/17/18] • Sinasamantala nila ang mga butas na nagresulta sa bilyun-bilyong nawalang kita para sa mga paaralan at county, na pinupuwersa ang mga may-ari ng bahay sa California na magbayad ng singil na buwis na 10 beses na mas mataas kaysa sa mga paupahang bahay sa parehong kapitbahayan na pagmamay-ari ng mga tagapagmana, ang marami ay naninirahan sa malayo gaya ng Florida o New York.

POPROTEKTAHAN NG PROP. 19 ANG MGA BAHAY NG PAMILYA—at mababang antas ng buwis—para sa mga batang magmamana ng at maninirahan sa mga pangunahing tirahan gaya ng nilalayon sa ilalim ng batas; AALISIN ANG MGA BUTAS SA BUWIS sa mga bahay na ginawang paupahan . . . dahil madaling matatakpan ng kita sa paupahan ang anumang problema sa mga buwis sa ari-arian.

3) PAPATAASIN ANG PONDO SA PROTEKSYON SA SUNOG, PAGTUGON SA EMERHENSIYA, AT PAGPOPONDO SA PAARALAN SA PAMAMAGITAN NG: • Pagbuo ng Pondo sa Proteksyon sa Sunog at Pagtugon sa Medikal na Emerhensiya: nakatalagang kita para sa mga distrito ng sunog sa mga nayon at lungsod na komunidad para ayusin ang mga hindi pagkakapantay-pantay na nagbabanta sa mga nakakapagsalba ng buhay na oras ng pagtugon sa mga wildfire at medikal na emerhensiya. • Pagpapaganda ng ekonomiya para sa mga paaralan at county na nahihirapang balansehin ang mga badyet dahil sa coronavirus, gamit ang pangmatagalang panahong kita para sa pagtugon sa emerhensiya, abot-kayang pabahay, mga programa para sa kawalan ng tirahan, pangangalagang pangkalusugan, at iba pang lokal na serbisyo. • Pagbuo ng daang milyong kita para sa mga paaralan at lokal na pamahalaan na magmumula sa mga pagbebenta ng bahay ng matanda at pagsasara ng mga butas sa mga minanang ari-ariang hindi ginagamit bilang pangunahing tirahan.

4) SINUSUPORTAHAN NG MGA DEMOKRATIKO AT REPUBLIKANO ANG PROP. 19: "Poprotektahan ng Prop. 19 ang mga naipon na buwis at benepisyo para sa mahihinang taga-California, kabilang ang mga matanda, may kapansanang may-ari ng bahay, at biktima ng wildfire."—*Jim Brulte, Dating Tagapangulo ng Republikanong Partido ng CA*

"Bumoto kasama ang mga pang-estado at lokal na Demokratiko upang isara ang mga hindi patas na butas at ibigay ang kinakailangang tulong sa pabahay para sa mga matanda at nagtatrabahong pamilya."—*Alexandra Rooker, Dating Tagapangulo ng Demokratikong Partido ng CA*

MANGYARING SAMAHAN ANG MGA BUMBERO, TAGATUGON SA EMERHENSIYA, GRUPO NG MGA KARAPATAN NG MATANDA AT MAY KAPANSANAN, ITIM NA KAMARA DE KOMERSIYO NG CALIFORNIA, CALASIAN NA KAMARA, HISPANIC NA KAMARA, MGA LOKAL NA DEMOKRATIKO AT REPUBLIKANO.

YESon19.vote

BRIAN RICE, Presidente
Mga Propesyonal na Bumbero ng California

KATHLEEN BARAJAS, Presidente
Mga Taga-California para sa Mga Karapatan ng May Kapansanan

GEORGE MOZINGO, Miyembro ng lupon
Liga ng Mga Nakakatandang Tagapagtaguyod ng California

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PABOR SA PROPOSISYON 19 ★

Inaalis ng Prop. 19 ang isa sa mga pinakamagandang kagamitang mayroon ang mga magulang upang tulungan ang kanilang mga anak.

Iyon ang karapatan, na nakasaad sa Saligang-Batas ng California mula pa noong 1986, upang ipasa ang kanilang bahay at hanggang $1 milyon ng iba pang ari-arian nang hindi binabago ang pagtatasa ng buwis ng Prop. 13. Ang muling pagtatasa ay maaaring mangahulugan ng nakakagipit na pagtaas ng buwis. Kaya ang paglilipat ng magulang sa anak ng bahay at limitadong iba pang ari-arian, tulad ng maliit na negosyo, ay pinoprotektahan sa muling pagtatasa ng Proposisyon 58, na naipasa nang may 76% ng boto noong 1986.

INAALIS NG PROPOSISYON 19 ANG PROPOSISYON 58. Awtomatikong tatasahin ang mga paglilipat ng bahay ng pamilya maliban na lang kung may lilipat na anak sa loob ng isang taon.

Mangongolekta ng mga bagong buwis ang Prop. 19 kapag ang mga pamilya sa California ay NAPILITANG IBENTA ANG KANILANG ARI-ARIAN DAHIL SA MAS MATATAAS NA BUWIS. Nangangako ng pera ang mga sumusuporta rito para sa lahat ng uri ng programa. Ang lahat ng sinasabi ng mga sumusuporta sa Prop. 19 na babayaran nito ay babayaran sa pamamagitan ng PAGTATAAS NG MGA BUWIS sa paglilipat ng magulang sa anak ng ari-arian ng pamilya.

Sinasabi ng mga sumusuporta sa Prop.19 na "libo-libong bahay" ang magagamit upang gumawa ng mga pagkakataon sa pagmamay-ari ng bahay. Inaasahan ng mga sumusuporta sa Prop. 19 na magpapasimula ito ng pagbebenta ng mga lote ng mga bahay ng pamilya. Nakakagulat iyon!

Napakakaunti lang ng mga kagamitan ng mga magulang ngayon upang tulungan ang kanilang mga anak sa pananalapi. Kahit sa mga panahon ng kasaganahan, mahirap para sa susunod na henerasyon na makayanang manatili sa California, ang lugar na kanilang kinalakihan.

Hindi kailangan ang Proposisyon 19. Isa itong malaking atake sa kakayahan ng sinumang magulang sa California na alagaan ang kanilang mga anak.

BUMOTO NG HINDI SA PROPOSISYON 19.

MIYEMBRO NG ASEMBLEYA KEN COOLEY, Distrito 8

SENADOR PATRICIA BATES, Distrito 36

JON COUPAL, Presidente
Kapisanan ng Mga Nagbabayad ng Buwis ng Howard Jarvis

 Ang mga nakalimbag na pangangatwiran sa pahinang ito ay opinyon ng mga may-akda, at hindi nasuri para sa katumpakan ng anumang opisyal na ahensiya.

★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 19 ★

BUMOTO NG HINDI SA PROPOSISYON 19.

"Ang Proposisyon 19 ay isang pagtatangka ng mga pulitiko sa Sacramento na itaas ang mga buwis sa ari-arian sa pamamagitan ng pag-aalis sa Saligang-Batas ng Estado ng dalawang proteksyon ng nagbabayad ng buwis na inaprubahan ng botante. Mag-aatas ang panukalang ito ng *muling pagtatasa sa halaga sa merkado* ng ari-ariang inilipat ng mga magulang sa mga anak, at ng mga lolo at lola sa mga apo."—*Jon Coupal, Presidente, Kapisanan ng Mga Nagbabayad ng Buwis ng Howard Jarvis*

INAALIS ng Proposisyon 19 ang mga proteksyon na nauugnay sa PROPOSISYON 13 na mayroon ang mga pamilya sa California sa ilalim ng Saligang-Batas ng Estado at pinapalitan nito ang mga ito ng *pagtaas ng buwis*. BUMOTO ng HINDI sa Proposisyon 19.

Sa ilalim ng kasalukuyang batas, ang paglilipat ng ilang partikular na ari-arian sa pagitan ng mga magulang at anak ay hindi kasama sa muling pagtatasa, na nangangahulugang *mananatiling ganoon pa rin ang sinisingil na buwis sa ari-arian* pagkatapos mailipat ang ari-arian. Totoo din ito para sa ilang partikular na paglilipat sa pagitan ng mga lolo at lola at apo.

Idinagdag ng mga botante ang mga labis na sikat na probisyong ito sa Saligang-Batas ng Estado sa pamamagitan ng Proposisyon 58 noong 1986 at Proposisyon 193 noong 1996.

Sa ilalim ng Prop. 58, maaaring maglipat ang mga magulang ng bahay na anuman ang halaga at hanggang $1 milyon ng tinasang halaga ng iba pang ari-arian sa kanilang mga anak nang walang pagtaas sa mga buwis sa ari-arian. KUNG MAWAWALA SA ATIN ANG PROPOSISYON 58, maaaring mapilitan ang mga anak na *ibenta ang ari-arian ng kanilang pamilya dahil sa mas mataas na buwis,* gaya ng isang maliit na negosyong nagbigay sa pamilya ng seguridad sa pananalapi, at ng matagal na panahon nang bahay ng kanilang pamilya kung hindi sila makakalipat kaagad doon.

INAALIS NG PROPOSISYON 19 ANG PROPOSISYON 58, KAHIT NA INAPRUBAHAN ITO NG 75.7% NG MGA BOTANTE!

Inilagay ang Proposisyon 19 sa balota sa pamamagitan ng last-minute na palihim na kasunduan sa Lehislatura, sa kabila ng pagsalungat ng Mga Demokratiko at Republikano.

Ipipilit ng Proposisyon 19 ang *muling pagtatasa sa halaga sa merkado* ng ari-arian na inilipat sa mga pamilya maliban na lang kung gamitin ito bilang pangunahing tirahan ng bagong may-ari.

ANG PROPOSISYON 19 AY ISANG MATINDI AT BILYONG DOLYAR NA PAGTAAS NG BUWIS PARA SA MGA PAMILYA SA CALIFORNIA.

Ipinapahayag ng hindi partidistang Tanggapan ng Pambatasang Tagasuri na posibleng gumastos ng humigit-kumulang *dalawang bilyong dolyar taon-taon* ang mga pamilya sa California dahil sa Proposisyon 19 sa mas matataas na buwis sa ari-arian.

TINANGGIHAN NA NG MGA BOTANTE ANG MGA PROBISYON SA PAGLILIPAT SA PROPOSISYON 19.

Pinapahintulutan ng kasalukuyang batas (Proposisyon 60 at 90) ang mga may-ari ng bahay na may edad na 55 at mas matanda na lumipat sa kapalit na bahay at ilipat sa kanilang bagong ari-arian ang kanilang pagtatasa ng buwis sa ari-arian sa batayang taon mula sa kanilang dating bahay. Pinapahintulutan ng kasalukuyang batas ang paglilipat na ito nang isang beses, sa parehong county o sa isang county na tumatanggap ng mga paglilipat, at tanging kung kapantay o mas mababa ang halaga ng kapalit na ari-arian. Noong 2018, iniharap sa mga botante ang Proposisyon 5, na magpapahintulot sana ng mas maraming pagkakataon sa paglilipat, ngunit napagpasyahan ng mga botante na patas ang kasalukuyang sistema at mariin nilang tinanggihan ang Proposisyon 5.

Ngayon, iniaalok ulit ng mga pulitiko sa Sacramento ang mungkahing ito, pero sa pagkakataong ito nagdagdag sila ng *matinding pagtaas ng buwis* sa minanang ari-arian. Ito ay isang hindi magandang kasunduan para sa mga pamilya sa California.

Malinaw na ipinahayag ng mga botante sa California na ayaw nilang tasahin ulit ang ari-arian sa halaga sa merkado kapag inilipat ito sa pagitan ng mga magulang at anak, o, kung namatay ang mga magulang ng mga anak, sa pagitan ng mga lolo at lola at apo.

Ngayon, sinusubukan ng mga pulitiko sa Sacramento na alisin sa mga pamilya sa California ang mga proteksyong ito para makapagtaas ulit sila ng mga buwis. Huwag ninyo itong hayaang mangyari.

BUMOTO NG HINDI SA PROPOSISYON 19.

JON COUPAL, Presidente
Kapisanan ng Mga Nagbabayad ng Buwis ng Howard Jarvis

SENADOR PATRICIA BATES, Distrito 36

MIYEMBRO NG ASEMBLEYA KEN COOLEY, Distrito 8

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 19 ★

Huwag Paniwalaan ang Mga Makasarili at Gawa-gawang Kuwento na Nakalimbag sa Itaas

KUNIN ANG MGA KATOTOHANAN:

KATOTOHANAN: Magbibigay ang Prop. 19 ng mga limitasyon sa buwis/tulong sa pabahay para sa mga matanda. KATOTOHANAN: Isasara ng Prop. 19 ang butas sa buwis na ginagamit ng mga namumuhunang nasa labas ng estado. KATOTOHANAN: Iingatan ng Prop. 19 ang Prop. 13 para sa mga may-ari ng bahay. KATOTOHANAN: Poprotektahan ng Prop. 19 ang mga buhay/bahay mula sa mga wildfire.

Basahin ninyo mismo ang inisyatiba: • "Pagkakapantay-pantay sa Buwis sa Ari-arian para sa Mga Matanda, May Malalang Kapansanan, at Biktima ng Mga Wildfire at Natural na Kalamidad" *[Prop. 19, Seksyon 2.1(b)]*. • "Pagprotekta sa karapatan ng mga magulang at lolo at lola na ipasa ang bahay ng kanilang pamilya sa mga anak nila" *[Prop. 19, Seksyon 2.1(a)(2)]*. • "Pag-aalis ng hindi patas na butas sa buwis na ginagamit ng mga namumuhunan, artista, mayamang hindi residente ng California, at tagapagmana ng trust fund sa East Coast para maiwasang bayaran ang patas na bahagi sa mga buwis sa ari-arian" *[Prop. 19, Seksyon 2.1(a)(2)]*. • "Limitahan ang pagkasira sa mga bahay dahil sa mga wildfire sa pamamagitan ng nakatalagang pondo para sa proteksyon sa sunog at pagtugon sa emerhensiya" *[Prop. 19, Seksyon 2.1(a)(1)]*.

Magbasa pa dito: *www.sos.ca.gov/elections/ballot-measures/qualified-ballot-measures*

Anong mga katotohanan ang sadyang hindi isiniwalat ng mga sumasalungat? • Nagmamay-ari ang isang pulitiko ng tatlong bahay—at inamin niya kamakailang sinamantala niya ang mismong butas sa buwis na aalisin ng Prop. 19. *[Talumpati sa Pagpupulong sa Kapitolyo ng Estado, 6/26/20]* • Ang isa pang pulitiko naman, gamit ang butas sa buwis ay nagbayad ng $2,034 sa mga buwis sa isang paupahang bahay na nagkakahalaga ng MILYONG DOLYAR—MAS MABABA NG $10,000 kaysa sa kung ano ang binabayaran sa mga katulad na bahay sa kapitbahayan. *[Mga Pampublikong Talaan, County ng San Diego]* • Inamin ng abugado para sa espesyal na interes na si Jon Coupal na hindi nilalayon ng mga botanteng magbigay ng bentahe sa buwis para sa mga tagapagmanang nasa labas ng estado sa mga milyon-milyong paupahan. *[Los Angeles Times]* • "Nagiging isang makina ng pera ang grupo ng Jarvis . . . Inaatupag ni Coupal ang negosyo ng pagtataguyod ng mga inisyatiba at layunin." [Sacramento Bee Columnist]

MAKIISA SA MILYON-MILYONG MATANDA, MAY KAPANSANANG MAY-ARI NG BAHAY, BIKTIMA NG WILDFIRE, BUMBERO, TAGATUGON SA EMERHENSIYA, MAGSASAKANG PAMILYA, AT MASIPAG NA TAGA-CALIFORNIA.

www.YESon19.vote

KRISTY MILITELLO, Nakaligtas sa Tubbs Wildfire

DAVID WOLFE, Dating Pambatasang Direktor,
Kapisanan ng Mga Nagbabayad ng Buwis ng Howard Jarvis

SALENA PRYOR, Presidente
Kapisanan ng Itim na Maliit na Negosyo sa California

Ang mga nakalimbag na pangangatwiran sa pahinang ito ay opinyon ng mga may-akda, at hindi nasuri para sa katumpakan ng anumang opisyal na ahensiya.

PROPOSISYON

20

MAGBIBIGAY NG RESTRIKSYON SA PAROL PARA SA ILANG PAGKAKASALANG KASALUKUYANG ITINUTURING NA HINDI MARAHAS. MAG-AAWTORISA NG MGA SENTENSIYA SA PELONI PARA SA ILANG PAGKAKASALANG KASALUKUYANG ITINUTURING LAMANG NA MALILIIT NA PAGKAKASALA. BATAS NA INISYATIBA.

OPISYAL NA TITULO AT BUOD

INIHANDA NG PANGKALAHATANG ABUGADO

Makikita ang teksto ng panukalang ito sa website ng Kalihim ng Estado sa *voterguide.sos.ca.gov.*

- Lilimitahan ang pag-akses sa programa ng parol na itinatag para sa mga nagkasala ng hindi marahas na krimen na nakakumpleto ng buong sentensiya ng kanilang pangunahing pagkakasala sa pamamagitan ng pagtatanggal ng pagiging karapat-dapat para sa ilang partikular na pagkakasala.
- Babaguhin ang mga pamantayan at iniaatas na namamahala sa mga pagpapasya sa parol sa ilalim ng programang ito.
- Mag-aawtorisa ng mga kasong peloni para sa mga tinukoy na krimen ng pagnanakaw na kasalukuyang makakasuhan lang bilang maliit na pagkakasala, kasama ang ilang krimen sa pagnanakaw kung saan ang halaga ay nasa pagitan ng $250 at $950.
- Mag-aatas sa mga taong nasentensiyahan ng tinukoy na maliit na pagkakasala na makolektahan ng mga sampol ng DNA para sa database ng estado.

BUOD NG TANTIYA NG PAMBATASANG TAGASURI SA NETONG PISIKAL NA EPEKTO SA PANG-ESTADO AT LOKAL NA GOBYERNO:

- Ang tumaas na mga pang-estado at lokal na gastusin sa koreksyonal ay malamang na nasa milyun-milyong dolyar taun-taon na ang pangunahing dahilan ay ang pagtataas ng mga populasyon sa bilangguan ng county at mga antas ng pangangasiwa sa komunidad.
- Tumaas na mga gastusing may kaugnayan sa pang-estado at lokal na korte na maaaring maging mas mahigit sa ilang milyong dolyar taun-taon.
- Ang tumaas na mga gastusin sa pang-estado at lokal na pagpapatupad ng batas ay malamang na hindi humigit sa ilang milyong dolyar taun-taon na mauugnay sa pagkolekta at pagproseso ng mga sampol ng DNA.

PAGSUSURI NG PAMBATASANG TAGASURI

PANGKALAHATANG-TANAW

May apat na pangunahing probisyon ang Proposisyon 20. Layunin nito ang:

- Baguhin ang batas ng estado upang pataasin ang mga parusa sa kriminal para sa ilang krimeng nauugnay sa pagnanakaw.
- Baguhin kung paano binabantayan sa komunidad ang mga taong napalaya mula sa bilangguan ng estado.
- Magsagawa ng ilang pagbabago sa prosesong binuo ng Proposisyon 57 (2016) para sa pagsasaalang-alang sa paglaya ng mga bilanggo mula sa kulungan.
- Atasan ang pang-estado at lokal na tagapagpatupad ng batas na mangolekta ng DNA mula sa mga nasa hustong gulang na nakasuhan ng ilang partikular na krimen.

Sa ibaba, tinatalakay namin ang bawat isa sa mga pangunahing probisyon at inilalarawan namin ang mga epekto sa pananalapi ng proposisyon.

MGA PARUSA SA KRIMINAL PARA SA ILANG PARTIKULAR NA KRIMENG NAUUGNAY SA PAGNANAKAW

BATAYAN

Peloni ang pinakamatinding uri ng krimen. Inilalarawan ng batas ng estado ang ilang peloni bilang “marahas” o “seryoso,” o pareho. Kasama sa mga halimbawa ng peloning inilalarawan bilang marahas at seryoso ang pagpatay, panloloob, at panggagahasa. Kasama sa mga peloning hindi inilalarawan bilang marahas o seryoso ang human trafficking at pagbebenta ng mga droga. Ang isang maliit na pagkakasala ay isang hindi gaanong malalang krimen.

PAGSUSURI NG PAMBATASANG TAGASURI

Kasama sa mga maliit na pagkakasala ang mga krimen gaya ng pag-atake at paglalasing sa publiko.

Pagsesentensiya sa Peloni. Ang mga taong nakasuhan ng mga peloni ay maaaring sentensiyahan ng mga sumusunod:

- ***Bilangguan ng Estado.*** Ang mga taong may mga seryoso, marahas na krimen, o krimen sa pakikipagtalik sa kanilang mga kasalukuyan o nakaraang kaso ay maaaring masentensiyahan sa bilangguan ng estado.
- ***Bilangguan ng County at/o Pagbabantay sa Komunidad.*** Ang mga taong walang kasalukuyan o dating kaso para sa mga seryoso, marahas na krimen, o krimen sa pakikipagtalik ay karaniwang sinesentensiyahan sa bilangguan ng county o binabantayan ng mga opisyal sa probasyon ng county sa komunidad, o pareho.

Pagsesentensiya sa Maliit na Pagkakasala. Maaaring masentensiyahan ang mga taong nakasuhan ng maliliit na pagkakasala sa bilangguan ng county, pagbabantay sa komunidad ng county, multa, o ilang kumbinasyon ng tatlo. Karaniwang mas mababa ang parusa nila kaysa sa mga taong nakasuhan ng mga peloni. Halimbawa, hindi maaaring lumampas sa isang taon sa bilangguan ang sentensiya sa maliit na pagkakasala habang maaaring mag-atas ang sentensiya sa peloni ng mas matagal na panahon sa bilangguan o kulungan. Dagdag pa, karaniwang binabantayan sa komunidad sa loob ng ilang taon ang mga taong nakasuhan ng mga maliit na pagkakasala at maaaring hindi sila gaanong bantayan nang malapitan ng mga opisyal sa probasyon.

Pagsesentensiya sa Wobbler. Sa kasalukuyan, ang ilang krimen—gaya ng pagnanakaw ng pagkakakilanlan—ay maaaring kasuhan bilang peloni o maliit na pagkakasala. Kilala ang mga krimeng ito bilang "mga wobbler." Karaniwang batay ang pasya sa mga partikular na detalye ng krimen at kasaysayan ng paggawa ng krimen ng tao.

Mga Binabaang Parusa para sa Ilang Partikular na Krimen ng Proposisyon 47. Noong Nobyembre 2014, inaprubahan ng mga botante ang Proposisyon 47, na nagresulta sa ilang partikular na krimeng nauugnay sa pagnanakaw na pinaparusahan bilang maliliit na pagkakasala sa halip na mga peloni. Halimbawa, sa ilalim ng Proposisyon 47, ang pagnanakaw na kinasasangkutan ng ari-ariang nagkakahalaga ng $950 o mas mababa ay karaniwang itinuturing na maliit na pagnanakaw at pinaparusahan bilang isang maliit na pagkakasala—sa halip na isang peloni na maaari noon (gaya ng kung ninakaw ang isang sasakyan). Karaniwan ding iniaatas ng Proposisyon 47 na kasuhan bilang isang maliit na pagkakasala ang pang-uumit na kinasasangkutan ng $950 o mas mababa—sa halip na isang peloni na maaari noon.

MUNGKAHI

Papataasin ang Mga Parusa para sa Ilang Partikular na Krimeng Nauugnay sa Pagnanakaw. Lumilikha ang Proposisyon 20 ng dalawang bagong krimeng nauugnay sa pagnanakaw:

- ***Sunod-sunod na Pagnanakaw.*** Ang sinumang taong may dalawa o higit pang dating kaso para sa ilang partikular na krimeng nauugnay sa pagnanakaw (gaya ng panloloob, pamemeke, o pagnanakaw ng sasakyan) na napatunayang nagkasala ng pang-uumit o maliit na pagnanakaw na kinasasangkutan ng ari-ariang nagkakahalaga ng mahigit $250 ay maaaring makasuhan ng sunod-sunod na pagnanakaw.
- ***Oganisadong Pagnanakaw sa Tinging Tindahan.*** Ang sinumang taong may ibang kasabwat na magkakasala ng maliit na pagnanakaw o pang-uumit nang dalawa o higit pang beses kung saan ang kabuuang halaga ng ari-ariang ninakaw sa loob ng 180 araw ay lalampas sa $250 ay maaaring makasuhan ng organisadong pagnanakaw sa tinging tindahan.

Ang dalawang bagong krimeng ito ay magiging mga wobbler, na maaaring maparusahan nang hanggang tatlong taon sa bilangguan ng county, kahit na ang taong iyon ay may dating kaso para sa seryoso, marahas na krimen, o krimen sa pakikipagtalik.

Dagdag pa, pinapahintulutan ng Proposisyon 20 ang ilang umiiral na krimeng nauugnay sa pagnanakaw na karaniwang pinaparusahan bilang mga maliit na pagkakasala sa ilalim ng Proposisyon 47 na maparusahan bilang mga peloni.

Halimbawa, sa ilalim ng kasalukuyang batas, karaniwang ipinag-aatas na maparusahan bilang maliit na pagkakasala ang pagnanakaw ng lahat ng ari-ariang nagkakahalaga ng mas mababa sa $950 mula sa isang tindahan. Sa ilalim ng Proposisyon 20, ang mga taong magnanakaw ng mas mababa sa $950 na hindi ipinagbibili (gaya ng kaha ng pera) mula sa isang tindahan ay maaaring makatanggap ng mga sentensiya sa peloni. Maaari nitong mapataas ang tagal ng panahon sa bilangguan ng mga taong makakasuhan ng mga krimeng ito. Halimbawa, sa halip na mabilanggo nang hanggang anim na buwan sa kulungan ng county, maaari silang mabilanggo nang hanggang tatlong taon sa kulungan ng county o bilangguan ng estado.

Tinataya naming maaaring maapektuhan ng mga pagbabago sa itaas ang ilang libong tao kada taon. Gayunpaman, nakabatay ang tantiyang ito sa limitadong data na magagamit, at magdedepende ang aktwal na bilang ng mga taong maaapektuhan sa mga pipiliin ng mga taga-usig at hukom. Bilang resulta, maaaring lubhang mas mataas o mas mababa ang aktwal na bilang.

MGA KASANAYAN SA PAGBABANTAY SA KOMUNIDAD

BATAYAN

Ang mga taong pinalaya mula sa bilangguan ng estado pagkatapos masentensiyahan para sa isang seryoso o marahas na krimen ay binabantayan sa loob ng isang yugto ng panahon sa komunidad ng mga ahente sa parol ng estado. Ang mga taong pinalaya mula sa bilangguan pagkatapos masentensiyahan para sa iba pang krimen ay karaniwang binabantayan sa komunidad ng mga opisyal sa probasyon ng county—karaniwang tinatawag na Pagbabantay sa Komunidad Pagkatapos Lumaya (Post-Release Community Supervision, PRCS). Kapag nilabag ng mga taong nasa ilalim ng parol ng estado o PRCS ang mga tuntuning iniaatas sa kanilang sundin habang binabantayan sila—tinutukoy bilang paglabag sa "mga panuntunan ng pagbabantay sa kanila"—maaaring piliin ng mga ahente sa parol ng estado o opisyal sa probasyon sa county na humiling sa isang hukom na baguhin ang mga panuntunan ng kanilang pagbabantay. Maaari itong magresulta sa mga mas mabigat na sentensiya o paglalagay sa bilangguan ng estado.

MUNGKAHI

Babaguhin ang Mga Kasanayan sa Pagbabantay sa Komunidad. Gumagawa ang proposisyong ito ng ilang pagbabago sa parol ng estado at mga kasanayan sa PRCS. Halimbawa, iniaatas nito sa mga opisyal sa probasyong humiling sa isang hukom na baguhin ang mga panuntunan ng pagbabantay para sa mga taong nasa PRCS kung nilabag nila ang mga ito sa pangatlong pagkakataon. Dagdag pa, iniaatas ng proposisyon sa mga kagawaran ng parol ng estado at probasyon ng county na magpalitan ang mga ito ng higit pang impormasyon tungkol sa mga taong binabantayan ng mga ito.

PROSESO SA PAGSASAALANG-ALANG NG PAGLAYA NG PROPOSISYON 57

BATAYAN

Ang mga tao sa bilangguan ay nakasuhan ng pangunahing krimen. Karaniwang ito ang krimen kung saan nakatanggap sila ng pinakamahabang panahon sa bilangguan. Kadalasang nadaragdagan ang tagal nila sa bilangguan dahil sa mga detalye ng kanilang mga kaso (gaya ng kung gumamit sila ng baril) o para sa iba pang mas maliit na krimeng kung saan nahatulan silang nagkasala sa iisang pagkakataon. Halimbawa, ang mga taong dating nakasuhan ng isang seryoso o marahas na krimen ay karaniwang dapat masentensiyahan nang dalawang beses na mas matagal para sa anumang bagong peloning magagawa nila.

Noong Nobyembre 2016, inaprubahan ng mga botante ang Proposisyon 57, na bumago sa Saligang-Batas ng Esado upang maging karapat-dapat na maisaalang-alang para sa paglaya ang mga bilanggong nakasuhan ng hindi marahas na peloni pagkatapos matapos ang kanilang sentensiya para sa kanilang mga pangunahing krimen. Isinasaalang-alang

PAGSUSURI NG PAMBATASANG TAGASURI IPINAGPATULOY

ang mga bilanggo para sa paglaya ng Lupon ng Mga Pagdinig ng Parol (Board of Parole Hearings, BPH) ng estado. Partikular na sinusuri ng miyembro ng mga tauhan ng BPH ang iba't ibang impormasyon sa mga file ng bilanggo, gaya ng kasaysayan ng paggawa ng krimen at gawi sa bilangguan, upang matukoy kung papalayain ang bilanggo. Isinasaalang-alang din ng BPH ang anumang sulat na isusumite ng mga taga-usig, ahensya ng tagapagpatupad ng batas, at biktima tungkol sa bilanggo. Nakikipag-ugnayan ang Kagawaran ng Mga Pagwawasto at Rehabilitasyon ng California (California Department of Corrections and Rehabilitation, CDCR) sa mga biktimang nakarehistro sa estado upang abisuhan silang maaari silang magsumite ng mga ganitong sulat. Pinapalaya ang bilanggo maliban na lang kung magpapasya ang BPH na nagdadala ng hindi makatuwirang panganib ng karahasan ang bilanggo. Kung hindi mapapalaya, maaaring humiling ang bilanggo ng pagsusuri ng pasya. Ang mga bilanggong tinanggihang mapalaya ay isinasaalang-alang sa susunod na taon, bagama't madalas na nakukumpleto nila ang kanilang mga sentensiya at napapalaya sila bago ito. Noong 2019, nagsaalang-alang ang BPH ng halos 4,600 bilanggo at inaprubahan nila ang humigit-kumulang 860 (19 na porsyento) para sa paglaya.

MUNGKAHI

Babaguhin ang Proseso sa Pagsasaalang-alang ng Paglaya ng Proposisyon 57. Gagawa ang Proposisyon 20 ng ilang pagbabago sa proseso sa pagsasaalang-alang ng paglaya ng Proposisyon 57. Ang mahahalagang pagbabago ay:

- Hindi pagsasama ng ilang bilanggo sa proseso—gaya ng mga nakasuhan ng ilang uri ng pag-atake at pang-aabuso sa tahanan.
- Pag-aatas sa BPH na tanggihang lumaya ang mga bilanggong nagdadala ng hindi makatuwirang panganib ng paggawa ng mga peloning magreresulta sa mga biktima, sa halip na iyong mga nagdadala lang ng hindi makatuwirang panganib ng karahasan.
- Pag-aatas sa BPH na isaalang-alang ang mga karagdagang isyu, gaya ng saloobin ng mga bilanggo hinggil sa kanilang mga krimen, kapag nagpapasya kung papalayain sila.
- Pag-aatas sa mga bilanggong tinanggihang lumaya na maghintay nang dalawang taon (sa halip na isa) bago maisaalang-alang ulit ng BPH.
- Pagpapahintulot sa mga taga-usig na humiling na magsagawa ang BPH ng isa pang pagsusuri ng mga pasya sa paglaya.
- Pag-aatas sa CDCR na subukang hanapin ang mga biktima para abisuhan sila tungkol sa pagsusuri kahit na hindi sila nakarehistro sa estado.

PAGKOLEKTA NG DNA

BATAYAN

Sa California, dapat magbigay ng mga sampol ng DNA ang mga (1) nasa hustong gulang na naaresto dahil sa, nakasuhan ng, o nahatulan ng peloni; (2) kabataang nagkasala ng peloni; at (3) taong inaatasang magparehistro bilang mga sex offender o arsonista. Kinokolekta ng pang-estado at lokal na ahensiya ng tagapagpatupad ng batas ang mga sampol na ito at isinusumite ang mga ito sa Kagawaran ng Katarungan ng California (Department of Justice, DOJ) para sa pagpoproseso. Kasalukuyang nakakatanggap ang DOJ ng 100,000 sampol ng DNA kada taon. Nag-iimbak ang DOJ ng mga DNA profile sa isang pambuong estadong database ng DNA at isinusumite nila ito sa pambansang database. Ginagamit ng tagapagpatupad ng batas ang mga database na ito para siyasatin ang mga krimen.

MUNGKAHI

Palalawakin ang Pagkolekta ng DNA. Aatasan ng proposisyong ito ang pang-estado at lokal na tagapagpatupad ng batas na magkolekta rin ng DNA mula sa mga nasa hustong gulang na nakasuhan ng ilang partikular na malit na pagkakasala. Kasama sa mga krimeng ito ang pang-uumit, pamemeke ng mga tseke, at ilang partikular na krimen ng pang-aabuso sa tahanan.

MGA EPEKTO SA PANANALAPI

Magkakaroon ang proposisyong ito ng iba't ibang epekto sa pananalapi ng pang-estado at lokal na pamahalaan. Gayunpaman, magdedepende sa ilang salik ang mismong lawak ng mga epektong tinatalakay sa ibaba. Ang isang mahalagang salik ay ang mga pagpapasya ng mga hukuman at iba pa (gaya ng mga kagawaran ng probasyon ng county at taga-usig) tungkol sa kung paano ipapatupad ang proposisyon. Halimbawa, nilalayon ng proposisyong baguhin ang pagiging karapat-dapat ayon sa saligang-batas ng ilang partikular na bilanggo para maisaalang-alang para sa paglaya sa ilalim ng Proposisyon 57 nang hindi binabago ang Saligang-Batas ng Estado. Kung uusisahin ang proposisyon sa hukuman, maaaring ihatol ng isang hukom na hindi maaaring pairalin ang ilang partikular na probisyon. Pinagpapalagay ng aming mga tantiya sa ibaba tungkol sa mga epekto sa pananalapi sa pang-estado at lokal na pamahalaan na ganap na ipinapatupad ang proposisyon. Sa kabuuan, ang tinatayang pagtaas sa mga gastusin ng estado ay nagpapakita ng mas mababa sa isang porsyento ng kasalukuyang badyet sa Pangkalahatang Pondo ng estado. (Ang Pangkalahatang Pondo ay ang pangunahing account ng estado sa papapatakbo, na ginagamit nito upang magbayad para sa edukasyon, mga bilangguan, pangangalagang pangkalusugan, at iba pang serbisyo.)

Mga Gastusin sa Pang-estado at Lokal na Pagwawasto. Papataasin ng proposisyon ang mga gastusin sa pang-estado at lokal na pagwawasto sa tatlong paraan.

- Una, ang pagtaas ng mga parusa para sa mga krimeng nauugnay sa pagnanakaw ay magpapataas sa mga gastusin sa pagwawasto na pangunahing sa pamamagitan ng mga tumataas na populasyon sa bilangguan ng county at antas ng pagbabantay sa komunidad para sa ilang tao.
- Pangalawa, papataasin ng mga pagbabago sa mga kasanayan sa pagbabantay sa komunidad ang mga gastusin ng estado at lokal sa iba't ibang paraan. Halimbawa, ang pag-aatas na nilalayon ng mga opisyal sa probasyon ng county na baguhin ang mga panuntunan sa pagbabantay para sa mga tao sa PRCS na lalabag sa mga ito sa pangatlong pagkakataon ay maaaring magpataas ng populasyon sa bilangguan ng county kung magdudulot ito ng pagkakabilanggo ng mas maraming tao.
- Pangatlo, papataasin ng mga pagbabagong gagawin sa proseso sa pagsasaalang-alang ng paglaya ng Proposisyon 57 ang mga gastusin ng estado sa pamamagitan ng pagpapababa ng bilang ng mga bilanggong mapapalaya sa kulungan at sa pangkalahatan ito ay magpapataas sa gastusin sa proseso.

Tinataya naming mahigit ilang libong tao ang maaapektuhan ng proposisyon kada taon. Bilang resulta, tinataya naming ang pagtaas ng mga gatsusin sa **pang-estado at lokal na pagwawasto ay aabot sa milyon-milyong dolyar taon-taon**. Magdedepende ang aktwal na pagtaas sa ilang hindi tiyak na salik, gaya ng partikular na bilang ng mga taong maaapektuhan ng proposisyon.

Mga Gastusing Nauugnay sa Pang-estado at Lokal na Hukuman. Papataasin ng proposisyon ang mga gastusin sa pang-estado at lokal na hukuman. Ito ay dahil magreresulta ito sa paghatol sa ilang tao ng peloni para sa ilang partikular na krimeng nauugnay sa pagnanakaw sa halip na maliliit na pagkakasala. Dahil mas matagal ang pangangasiwa sa mga peloni sa mga hukuman kaysa sa mga maliit na pagkakasala, darami ang gawain ng mga hukuman, taga-usig ng county at pampublikong tagapagtanggol, at sheriff ng county (na nagbibigay ng seguridad). Dagdag pa, ang pag-aatas sa mga opisyal sa probasyong hilingin sa mga hukom na baguhin ang mga panuntunan ng pagbabantay para sa mga tao sa PRCS pagkatapos ng kanilang pangatlong paglabag ay magreresulta sa karagdagang gawain sa hukuman. Tinataya naming ang mga **gastusing ito na nauugnay sa hukuman ay maaaring mahigit ilang milyung dolyar taun-taon**, depende sa aktwal na bilang ng mga taong naapektuhan ng proposisyon.

Mga Gastusin sa Pang-estado at Lokal na Tagapagpatupad ng Batas. Papataasin ng proposisyon ang mga gastusin ng pang-estado at lokal na tagapagpatupad ng batas sa pamamagitan ng pagpapalawak ng bilang ng mga taong inaatasang

PAGSUSURI NG PAMBATASANG TAGASURI

magbigay ng mga sampol ng DNA, na posibleng sampu-sampu sa libu-libo kada taon. Tinataya naming ang pagtaas sa **mga gastusin sa pang-estado at lokal na tagapagpatupad ng batas ay malamang na hindi hihigit sa ilang milyong dolyar taon-taon**.

Iba Pang Epekto sa Pananalapi. Maaaring magkaroon ng iba pang hindi alam na epekto sa pananalapi sa mga pang-estado at lokal na pamahalaan dahil sa proposisyon. Halimbawa, kung mapapababa ang krimen dahil sa pagtaas ng mga parusa, maaaring maiwasan ang ilang gastusin sa sistema ng katarungan para sa kriminal. Hindi alam ang lawak ng pangyayari nito o ng iba pang epekto.

Bumisita sa *http://cal-access.sos.ca.gov/campaign/measures/* para sa listahan ng mga komite na pangunahing binuo upang suportahan o tutulan ang panukalang ito.

Bumisita sa *http://www.fppc.ca.gov/transparency/top-contributors.html* upang makita ang nangungunang 10 tagaambag ng komite.

Kung gusto ninyo ng kopya ng buong teksto ng panukalang ito ng estado, pakitawagan ang Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957 o maaari kayong mag-email sa *vigfeedback@sos.ca.gov* at libreng magpapadala sa inyo ng kopya sa pamamagitan ng koreo.

MAGBIBIGAY NG RESTRIKSYON SA PAROL PARA SA ILANG PAGKAKASALANG KASALUKUYANG ITINUTURING NA HINDI MARAHAS. MAG-AAWTORISA NG MGA SENTENSIYA SA PELONI PARA SA ILANG PAGKAKASALANG KASALUKUYANG ITINUTURING LAMANG NA MALILIIT NA PAGKAKASALA. BATAS NA INISYATIBA.

★ PANGANGATWIRANG PABOR SA PROPOSISYON 20 ★

"Sinugatan niya ako gamit ang isang kutsilyo at sinubukan niya akong patayin," sabi ni Terra Newell, na nakaligtas sa pag-atake gamit ang kutsilyo ng sociopath na si Dirty John. "Brutal iyon at nakakatakot—pero sa California, ang kanyang pag-atake ay hindiisang marahas na krimen."

Sa ilalim ng batas ng California, ang pag-atake gamit ang isang nakamamatay na sandata ay kinaklasipika bilang isang "hindi marahas" na pagkakasala—kasama ng panggagahasa pagkatapos ng pakikipagkita, pagbebenta ng mga bata para sa pakikipagtalik, at 19 na iba pang malinaw na marahas na krimen.

Ang lahat ng ito ay "hindi marahas" sa ilalim ng batas.

Inaayos ito ng Proposisyon 20.

"Kasama sa mga hindi marahas" na krimen sa California ang pang-aabuso sa tahanan, pagpapasabog ng bomba, pamamaril sa isang bahay na may layuning pumatay o maminsala ng mga tao, panggagahasa sa walang malay na tao, at napakarahas na pambubugbog sa bata na maaaring magresulta sa coma o kamatayan.

Karaniwang binubugbog, ginagahasa, at pinapagamit ng droga ng mga sex trafficker ang kanilang mga biktima bago sila ibenta para makipagtalik. Pero sa California, ang trafficking ay isang "hindi marahas" na pagkakasala. Pati ang mga krimen ng pagkamuhi ay itinuturing na "hindi marahas."

Bilang resulta, libu-libong nahatulang nagkasala ng 22 marahasna krimeng ito, kasama ang mga sex offender at molestiyador ng bata, ang karapat-dapat para sa maagang paglaya sa bilangguan, nang HINDI tinutupad ang kanilang buong sentensiya, at nang HINDI ipinaaalam sa kanilang mga biktima.

PINIPIGILAN ng Proposisyon 20 ang maagang paglaya ng mga marahas na nagkasala at sexual predator sa pamamagitan ng padedeklara sa 22 marahas na krimeng ito bilang "marahas" sa ilalim ng batas, at iniaatas nitong maabisuhan ang mga biktima kapag pinalaya ang mga nagkasala sa kanila.

Nalalapat LANG ang probisyong "buong sentensiya" ng Proposisyon 20 sa mga marahas na bilanggo na nagsasapanganib sa pampublikong kaligtasan, anuman ang kanilang lahi o etnisidad. HINDI ito nalalapat sa mga drug offender at mababaw na krimen, at HINDI ito nagpapadala ng mas maraming tao sa kulungan.

"Mali ang mga paratang na nagsasabing pupunuin ng Proposisyon 20 ang ating mga bilangguan ng libu-libong bagong preso," sabi ni Michele Hanisee, presidente ng Kapisanan ng Mga Kinatawang Abugado ng Distrito. "Hindi ito nagpapadalang panibagong tao sa bilangguan. Inaatasan lang nito ang mga marahas na nagkasala at sexual predator na tapusin ang kanilang buong sentensiya."

Pinoprotektahan nito ang mga biktima at binibigyan nito ang mga nagkasala ng mas matagal na akseso sa pagpapayo, pamamahala sa galit, at iba pang programa ng rehabilitasyon.

"Pinoprotektahan ng Proposisyon 20 ang mga bata laban sa pisikal na pang-aabuso at sekswal na pananamantala," ani ng tagapagtayo ng Klaas Kids Foundation na si Marc Klaas. "Sa wakas, kikilalanin na ang trafficking ng bata bilang marahas na krimen na siyang tunay na anyo nito."

Nagbibigay ang Proposisyon 20 ng karagdagang proteksyon laban sa marahas na krimen sa pamamagitan ng pagpapahinulot ng pagkolekta ng DNA mula sa mga taong nakasuhan ng pagnanakaw o pagkakasalang nauugnay sa droga, na ipinahayag ng maraming pag-aaral na nakakatulong na makalutas ng mga mas malala at marahas na krimen tulad ng panggagahasa, pagnanakaw, at pagpatay.

Binabaan ng California ang mga parusa nito para sa pagnanakaw noong 2014. Magmula noon, tumaas nang 25% ang malaking pagnanakaw, na nagdulot ng pagkawala ng bilyon-bilyong dolyar sa mga groser, may-ari ng maliit na negosyo, nagtitingi, may-ari ng bahay, at mamimili. Naging sobrang pangkaraniwan na ang pang-uumitna minsan na lang ito inuulat.

Pinapatindi ng Proposisyon 20 ang mga parusa laban sa sunod-sunod na pagnanakaw ng mga umuulit na kriminal—para makatulong na ihinto ang panloloob sa sasakyan, pang-uumit, panloloob sa bahay, at iba pang matinding pagnanakaw.

Ang krisis ng California sa pagkalulong sa droga ang nagbubunsod sa malaking bahagi ng pagnanakaw na ito. Sa pamamagitan ng pagpapatindi ng mga parusa laban sa pagnanakaw, nakakatulong ang Proposisyon 20 na maialis ang mga adik (na 75% ng walang tirahang populasyon ng California) sa mga kalye at maipasok sila sa mga programa para sa pag-abuso sa droga at kalusugan ng isip na lubos nilang kailangan.

Ang pagboto ng "OO" sa Proposisyon 20 ay isang boto laban sa pagkamuhi at karahasan.

Ito ay boto para sa mga bata, mga biktima, at mga nakaligtas.

Ito ay boto para sa pantay na katarungan at mas ligtas na California.

PATRICIA WENSKUNAS, Tagapagtatag
Crime Survivors, Inc.

NINA SALARNO BESSELMAN, Presidente
Mga Nagkakaisang Biktima ng Krimen ng California

CHRISTINE WARD, Direktor
Alyansa ng Mga Biktima ng Krimen

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PABOR SA PROPOSISYON 20 ★

HINDI SA PROP. 20—ITO AY ISANG MAPANLINLANG NA PAGGASTA SA BILANGGUAN

Tayo ay mga taga-usig ng at nakaligtas sa mga marahas na krimen. Mali ang mga tagasuporta ng Prop. 20, narito ang katotohanan:

ANG MGA BATAS NA NAGSESENTENSIYA PARA SA MGA MARAHAS NA KRIMEN AY MALINAW AT MATATAG

Ang mga taong nakakagawa ng mga marahas na krimen ay nakakatanggap ng malala at mahabang sentensiya, madalas ay habambuhay na pagkakulong. HINDI iyonang layunin ng Prop. 20.

SINASAYANG NG PROP. 20 ANG MILYON-MILYON SA MGA DOLYAR NG INYONG MGA NAGBABAYAD NG BUWIS SA MGA BILANGGUAN

Ayon sa di-partidistang Pambatasang Tagasuri, gagastos ng "sampu-sampu sa milyon-milyong dolyar" kada taon sa Prop. 20 na maaaring makapagdulot ng malalaking pagbabawas sa:

- Rehabilitasyon sa bilangguan para sa mga taong lalaya
- Napatunayang nakakapagbawas ng pag-uulit ng krimen ang mga programa para sa kalusugan ng isip
- Mga paaralan, pabahay, at kawalan ng tirahan
- Suporta para sa mga biktima

LABIS ANG PROP. 20

Nangangahulugan ang Prop 20 na ang maliliit na krimen—pagnanakaw ng bisikleta—ay maaaring kasuhan bilang peloni. Labis iyon kumpara sa iba pang estado at nangangahulugan itong mas maraming Black, Latino, at maymababangkitang tao ang makukulong nang ilang taon para sa isang mababa ang antas at hindi marahas na krimen.

IBINABALIK TAYO NG PROP. 20 SA NAKARAAN

Bumoto ang mga taga-California para mabawasan ang aksayang paggasta sa bilangguan. Binabaligtad ng Prop. 20 ang pag-usad na iyon. Ang pagpunta ng mga tao sa rehabiitasyon bago lumaya sa kulungan ay ang pinaka-mabisang paraan para mapahusay ang pampublikong kaligtasan. Maaaring maalis ng Prop. 20 ang pondo para sa kung ano ang gumagana, at sasayangin nito ang pera sa mas maraming bilangguang hindi natinkailangan.

Sinasalungat ng mga pinuno ng tagapagpatupad ng batas, eksperto sa badyet, tagareporma ng katarungan para sa kriminal, taga-usig, at biktima ng krimen ang mapanlinlang na paggasta sa bilangguang ito.

NoProp20.Vote

DIANA BECTON, Abugado ng Distrito
County ng Contra Costa

RENEE WILLIAMS, Punong Direktor
Pambansang Sentro para sa Mga Biktima ng Krimen

TINISCH HOLLINS, Direktor ng California
Mga Nakaligtas sa Krimen para sa Kaligtasan at Hustisya

 Ang mga nakalimbag na pangangatwiran sa pahinang ito ay opinyon ng mga may-akda, at hindi nasuri para sa katumpakan ng anumang opisyal na ahensiya.

★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 20 ★

IHINTO ANG MAPANLINLANG NA PAGGASTA SA BILANGGUAN—BUMOTO NG HINDI SA PROP. 20!

May mahahabang sentensiya at mahihigpit na parusa na ang California para sa malala at marahas na krimen. Sinusubukan ng mga sumusuporta sa Prop. 20 na takutin kayong bawiin ang mga umiiral na reporma sa katarungan para sa kriminal na ipinasa mo na, upang gastusin ang milyon-milyon sa mga dolyar ng inyong mga nagbabayad ng buwis sa mga bilangguan.

Huwagmagpaloko. Kada taon, libu-libo ang nagkakasala ng peloni at nabibigyan ng mahahabang sentensiya. Ang problema ay hindiang pagsesentensiya, kung hindi ang kung ano ang nangyayari sa bilangguan para ihanda ang mga tao sa paglaya. Maaaring bawasan ng Prop 20 ang mga programa para sa paggamot at rehabilitasyon ng kalusugan ng isip—ang mga napatunayang pamamaraan upang mapababa ang pag-uulit ng krimen. Ilalagay tayo nito sa panganib.

Sinasalungat ng mga biktima ng krimen, pinuno ng tagapagpatupad ng batas, maging ng mga eksperto sa badyet at rehabilitasyon ang Prop. 20 dahil magsasayang ito ng milyon-milyon sa mga bilangguan habang binabawasan nito ang mga programa para sa rehabilitasyon at suporta para sa mga biktima ng krimen. Ang Prop. 20 ay isang mapanlinlang na paggasta sa bilangguan na nagdadala sa atin sa nakaraan.

SINASAYANG NG PROP. 20 ANG INYONG PERA SA MGA BILANGGUAN.

Gagasta ang Prop. 20 ng milyun-milyon sa mga dolyar ng inyong mga nagbabayad ng buwis—inyong pera—sa mga bilangguan. Humaharap ang California sa malaking pagbabawas sa mga paaralan, pangangalagang pangkalusugan, at iba pang mahalagang serbisyo. Ang paggasta ng milyon-milyong dolyar para sa mga bilangguan sa ngayon ay isang mapag-aksayang panlilinlang.

ISINASAWALANG BAHALA NG PROP. 20 ANG KAWALAN NG TIRAHAN, MGA PAARALAN, KALUSUGAN NG ISIP, AT PABAHAY.

Dapat lagi tayong magsumikap pa para matugunan ang krimen, pero mapapalala ng Prop. 20 ang mga bagay. Sinasayang ng Prop. 20 ang milyon-milyon sa mga dolyar ng inyong mga nagbabayad ng buwis sa mga bilangguan, na mas dapat gastusin sa mga paaralan, kawalan ng tirahan, paggamot ng kalusugan ng isip, at abot-kayang pabahay.

LABIS ANG PROP. 20.

Ang Prop 20 ay nangangahulugang maaaring makasuhan bilang peloni ang pagnanakaw na mahigit $250. Labis iyon at higit pa kumpara sa ibang estado, at nangangahulugan itong mas maraming Black, Latino, at may mababang kitang tao ang maaaring makulong nang ilang taon dahil sa mababang antasat hindimarahas na krimen.

HINAHADLANGAN NG PROP 20 ANG PAGGAMIT NG REHABILITASYON—NA NAGLALAGAY SA ATIN SA PANGANIB.

Ang rehabilitasyon ay isang napatunayang pamamaraan upang bawasan ang pag-uulit ng krimen, upang maging masunurin sa batas, produktibo, at nagbabayad ng buwis na mamamayan ang mga tao. Maaaring mahadlangan ng Prop 20 ang rehabilitasyon—na nangangahulugang mas kaunting tao ang magiging handa para bumalik sa lipunan kapag nakalaya na sila, na magdadala ng panganib sa pampublikong kaligtasan.

BINABAWASAN NG PROP. 20 ANG KINAKAILANGANG SUPORTA PARA SA MGA BIKTIMA NG KRIMEN.

Habang labis na gumagastos sa mga bilangguan, babawasan ng Prop. 20 ang suporta sa pananalaping ginagamit para tulungan ang mga biktima ng krimen na makabangon sa trauma.

IBINABALIK TAYO NG PROP. 20 SA NAKARAAN.

Umusad na ang California, maingat itong nagpapatupad ng mga katamtamang reporma para bawasan ang aksayang paggasta sa bilangguan, at pinapalawig nito ang rehabilitasyon at iba pang alternatibong napatunayang sulit at mabisa sa pagbabawas ng at pagpil sa krimen. Humihingi ang mga tao ng higit na pagbabago para ayusin ang mga hindi patas na patakaran na labis na nakakapinsala sa mahihirap at iba ang lahi. Ipapawalang-bisa ng Prop. 20 ang pag-usad na nagawana natin at ibinabalik tayo nito sa nabigo, mapag-aksaya, at hindi patas na patakaran ng nakaraan.

SUMASANG-AYON ANG MGA EKSPERTO SA KRIMEN, PAGGASTA, AT KATARUNGAN PARA SA KRIMINAL.

HINDI gagawing mas ligtas ng Prop. 20 ang ating mga komunidad. MAGSASAYANG ang Prop. 20 ng milyon-milyon sa mga dolyar ng INYONG mga nagbabayad ng buwis sa mga bilangguan—na nagdudulot ng MGA PAGBABAWAS sa mga mahalagang serbisyong kailangan ng mga tao.

ITIGIL ang Mapanlinlang na Paggasta sa Bilangguan. BUMOTO ng HINDI sa Prop. 20!

NoProp20.vote

#ItigilangMapanlinlangnaPaggastasaBilangguan

TINISCH HOLLINS, Direktor ng California
Mga Nakaligtas sa Krimen para sa Kaligtasan at Hustisya

WILLIAM LANDSDOWNE, Hepe ng Pulis (ret.)
Lungsod ng San Diego

MICHAEL COHEN, Direktor ng Pananalapi (dati)
Estado ng California

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 20 ★

Hindi pinapansin ng mga sumasalungat ang kung ano talaga ang ginagawa ng Proposisyon 20—PINIPIGILAN nito ang maagang paglaya sa bilangguan ng mga nakulong na molestiyador ng bata, sexual predator, at iba pang marahas na bilanggo.

Sa ilalim ng kasalukuyang batas, karapat-dapat na ngayon ang mga bilanggong ito para sa maagang paglaya dahil ang kanilang mga marahas na krimen ay kinaklasipika bilang "hindi marahas."

Isinasara ng Proposisyon 20 ang mga butas na ito, ang mga krimen tulad ng panggagahasa pagkatapos ng pakikipagkita, child trafficking, pambubogbog ng asawa, at pag-atake gamit ang isang nakamamatay na sandata ay ginagawa nitong "marahas" sa ilalim ng batas.

"HINDI nagpapadala ang Proposisyon 20 ng panibagong tao sa bilangguan," sabi ni Michael Rushford, Presidente ng Legal na Pundasyon ng Katarungan para sa Kriminal. "HINDI ito naglalaan ng pondo para sa mga bagong bilangguan, o nagbabawas ng pondo para sa mga programa para sa kalusugan ng isip at rehabilitasyon. Mga MALING pangangatwiran ang mga ito."

Sinasabi ng mga sumasalungat na ginagawa ng Proposisyon 20 ang maliit na pagnanakaw na "malalang peloni," at sinasabi nitong ang mga lumalabag ay "ay maaaring makulong sa bilangguan ng estado sa loob ng ilang taon."

Hindi totoo ang mga paratang na ito.

Basahin ang inisyatiba. Partikular na pinupuntirya ng Proposisyon 20 ang mga MADALAS at PAULIT-ULIT na nagnanakaw. At partikular na IPINAGBABAWAL nitong maipadala sa bilangguan ng estado ang mga nagkasala. Sa halip, ididirekta sila sa lokal na bilangguan o mga programa ng rehabilitasyon.

Sa pamamagitan ng pagpuntirya lang sa mga marahas na nagkasala at paulit-ulit na kriminal, pinoprotektahan ng Proposisyon 20 ang LAHAT ng taga-California, kasama na ang iba ang lahi, na ipinapakita ng mga pag-aaral na hindi patas na nagdurusa sa marahas na krimen.

Gusto nating lahat na ireporma ang ating sistema ng katarungan. Pero ang pagpapahintulot sa mga marahas na nagkasalang lumaya nang maaga ay hindi reporma. Isa itong panganib sa pampublikong kaligtasan.

Ang Proposisyon 20 ay TUNAY na reporma na pumoprotekta sa mga biktima at tinitiyak nito ang pantay na katarungan.

Bumoto ng OO sa Proposisyon 20!

FRANK LEE, Presidente
Organisasyon para sa Katarungan at Pagkakapantay-pantay

ERIC R. NUÑEZ, Presidente
Kapisanan ng mga Hepe ng Pulisya ng California

PATRICIA WENSKUNAS, Tagapagtatag
Crime Survivors, Inc.

PROPOSISYON

21

PALALAWAKIN ANG AWTORIDAD NG LOKAL NA GOBYERNO UPANG IPATUPAD ANG KONTROL SA UPA SA RESIDENSYAL NA ARI-ARIAN. BATAS NA INISYATIBA.

OPISYAL NA TITULO AT BUOD

INIHANDA NG PANGKALAHATANG ABUGADO

Makikita ang teksto ng panukalang ito sa website ng Kalihim ng Estado sa *voterguide.sos.ca.gov.*

- Babaguhin ang batas ng estado upang pahintulutan ang mga lokal na gobyernong magtatag ng kontrol sa upa sa mga residensyal na ari-ariang mahigit 15 taon. Magpapahintulot ng mga lokal na limit sa mga taunang pagtataas ng upa na mag-iiba sa kasalukuyang limit sa buong estado.
- Magpapahintulot ng mga pagtataas ng upa sa mga ari-ariang may kontrol ng upa sa hanggang 15 porsyento sa loob ng tatlong taon sa simula ng bagong pangungupahan (mataas sa anumang pagtataas na pinahihintulutan ng lokal na ordinansa).
- Bibigyan ng iksemsyon ang mga indibidwal na nagmamay-ari ng hindi hihigit sa dalawang tirahan mula sa mga bagong patakaran sa pagkontrol ng upa.
- Alinsunod sa batas ng California, ipagbabawal sa pagkontrol ng upa ang paglabag sa mga karapatan ng nagpapaupa sa patas na pinansyal na kita.

BUOD NG TANTIYA NG PAMBATASANG TAGASURI SA NETONG EPEKTO SA PANANALAPI NG ESTADO AT LOKAL NA PAMAHALAAN:

- Sa pangkalahatan, isang potensyal na pagbawas sa mga pang-estado at lokal na kita sa mataas na milyun-milyong dolyar kada taon sa pagdaan ng panahon. Depende sa mga aksyon ng mga lokal na komunidad, ang mga pagkawala ng kita ay maaaring maging mas mababa o higit pa.

PAGSUSURI NG PAMBATASANG TAGASURI

BATAYAN

Mahal ang Paupahang Bahay sa California. Ang mga nangungupahan sa California ay kadalasang nagbabayad ng mahigit 50 porsyento para sa pabahay kaysa sa ibang nangungupahan sa iba pang estado. Sa ilang bahagi ng estado, nagkakahalaga ang mga renta ng mahigit doble ng pambansang average. Malaki ang renta sa California dahil walang maibibigay na sapat na pabahay ang estado para sa lahat ng gustong manirahan dito. Ang mga taong gustong manirahan dito ay dapat makipagkumpitensya para sa pabahay, na nagreresulta sa pagtaas ng mga renta.

Ang Ilang Lungsod ay May Mga Batas sa Pagkontrol ng Renta. Ang ilang lungsod sa California—kabilang ang Los Angeles, San Francisco, at San Jose—ay may mga batas na naglilimita kung gaano kalaki ang maaaring itaas ng mga nagpapaupa sa mga renta para sa pabahay mula isang taon hanggang sa susunod. Ang mga batas na ito ay kadalasang tinatawag na pagkontrol ng renta. Tinatayang isan-kalima ng mga taga-California ang naninirahan sa mga lungsod na may pagkontrol ng renta. Ang mga lokal na lupon ng pagrenta ang nagpapatupad ng pagkontrol ng renta. Binabayaran ang mga lupong ito sa pamamagitan ng mga bayad sa mga nagpapaupa.

Nililimitahan ng Mga Kautusan ng Hukuman ang Lokal na Pagkontrol ng Renta. Iniatas ng mga hukumang dapat pahintulutan ng mga batas sa pagkontrol ng renta ang mga nagpapaupa na makatanggap ng "patas na rate of return." Nangangahulugan itong dapat pahintulutan ang mga nagpapaupang magtaas ng mga renta na sapat para makatanggap sila ng kaunting tubo kada taon.

Nililimitahan ng Batas ng Estado ang Lokal na Pagkontrol ng Renta. Nililimitahan ng isang batas ng estado, na kilala bilang Batas sa Paupahang Pabahay sa Costa-Hawkins (Costa-Hawkins), ang mga lokal na batas sa pagkontrol ng renta. Gumagawa ang Costa-Hawkins ng tatlong pangunahing limitasyon. Una, hindi malalapat ang pagkontrol ng renta sa anumang bahay na pang-isang pamilya. Pangalawa, hindi kailanman malalapat ang pagkontrol ng renta sa anumang kakatayo lang na bahay na natapos noong Pebrero 1, 1995 o pagkatapos nito. Pangatlo, hindi maaaring iatas ng mga batas sa pagkontrol ng renta sa mga nagpapaupa kung magkano ang maaari nilang singilin sa bagong mangungupahan sa paglipat nito.

Nililimitahan ng Batas ng Estado ang Mga Pagtaas ng Renta. Dagdag pa sa lokal na pagkontrol ng rentang pinapahintulutan ng Costa-Hawkins, nililimitahan ng isang bagong batas ng estado ang mga pagtaas ng renta para sa karamihan ng paupahang bahay sa California. Hindi maaaring taasan ng mga nagpapaupa ang renta nang mahigit 5 porsyento at dagdagan ng implasyon sa loob ng isang taon, o 10 porsyento, alinman ang mas mababa. Nalalapat ito sa karamihan ng pabahay na mahigit 15 taong gulang. Tatagal ang batas na ito hanggang Enero 1, 2030.

Mga Kita sa Buwis ng Estado at Lokal na Pamahalaan. Tatlong buwis ang pinakamalaking pinagkukunan ng kita sa buwis para sa estado at mga lokal na pamahalaan sa California—buwis sa personal na kita, buwis sa ari-arian, at buwis sa pagbebenta. Nangongolekta ang estado ng buwis sa personal na kita mula sa mga kinita—kasama na ang rentang natanggap ng mga nagpapaupa—na kinita sa loob ng estado. Nagpapataw ang mga lokal na pamahalaan ng mga buwis sa ari-arian sa mga may-ari ng ari-arian batay sa halaga ng kanilang ari-arian. Nangongolekta ang estado at mga lokal na pamahalaan ng mga buwis sa pagbebenta sa tinging benta ng mga produkto.

MUNGKAHI

Nagpapahintulot sa Pagpapalawig ng Pagkontrol ng Renta. Binabago ng panukalang ito ang tatlong pangunahing limitasyon ng Costa-Hawkins, na nagpapahintulot sa mga lungsod at county na maglapat ng pagkontrol ng renta sa mas maraming ari-arian sa ilalim ng kasalukuyang batas.

PAGSUSURI NG PAMBATASANG TAGASURI

Partikular na makakapaglapat ang mga lungsod at county ng pagkontrol ng renta sa karamihan ng pabahay na mahigit 15 taong gulang. Hindi kasama rito ang mga bahay na pag-isang pamilyang pagmamay-ari ng mga taong may dalawa o mas kaunting ari-arian. Dagdag pa, maaaring limitahan ng mga lungsod at county kung gaano kalaki ang maaaring itaas ng nagpapaupa sa mga renta kapag may bagong mangungupahan. Dapat pahintulutan ng mga komunidad na gumagawa nito ang isang nagpapaupang magtaas ng mga renta nang hanggang 15 porsyento sa unang tatlong taon pagkatapos lumipat ng bagong nangungupahan.

Nag-aatas ng Makatarungang Rate of Return. Inaatas ng panukala na pahintulutan ng mga batas sa pagkontrol ng renta na magkaroon ang mga nagpapaupa ng makatarungang rate of return. Dahil dito nagawang batas ng estado ang mga dating pasya ng hukuman.

MGA PISKAL NA EPEKTO

Mga Epekto sa Ekonomiya. Kung tutugon ang mga komunidad sa panukalang ito sa pamamagitan ng pagpapaigting sa kanilang mga batas sa pagkontrol ng renta na higit pa sa mga kasalukuyang proteksyon para sa mga nangungupahan, maaari itong humantong sa ilang epekto sa ekonomiya. Ang mga pinakaposibleng epekto ay:

- Upang maiwasan ang regulasyon sa pagrenta, ibebenta ng ilang nagpapaupa ang kanilang paupahang bahay sa mga bagong magmamay-aring maninirahan doon.
- Ang halaga ng paupahang bahay ay bababa dahil hindi gugustuhing magbayad ng mga potensyal na nagpapaupa ng malaking halaga para sa mga ari ariang ito.
- Ang ilang nangungupahan ay gagastos ng mas maliit sa renta at ang ilang nagpapaupa naman ay makakatanggap ng mas maliit na kita sa pagpaparenta.
- Ang ilang nangungupahan ay bihirang lilipat sa ibang mauupahan. Halimbawa, mas kaunting nangungupahan ang lilipat dahil maaaring tumaas ang kanilang mga renta.

Magdedepende ang lawak ng mga epekto sa kung ilang komunidad ang magpapasa ng mga bagong batas, ilang ari-arian ang sinasaklaw, at magkano ang rentang nililimitahan.

Mga Pagbabago sa Mga Kita ng Estado at ng Lokal. Ang mga epekto sa ekonomiya ng panukala ay makakaapekto sa buwis sa ari-arian, buwis sa pagbebenta, at mga kita sa buwis sa kita. Ang mga pinakamalaki at pinaka-posibleng epekto ay:

- ***Mas Mababang Buwis sa Ari-arian na Babayaran ng Mga Nagpapaupa.*** Ang pagbaba ng halaga ng mga paupahang ari-arian ay hahantong sa pagbaba ng mga pagbabayad ng buwis sa ari-arian ng mga kaukulang may-ari ng mga ari-ariang iyon sa paglipas ng panahon. Bahagyang babawiin ang mga nawalang buwis sa ari-ariang ito sa pamamagitan ng mas mataas na bayad sa buwis sa ari-arian na magmumula sa mga benta ng paupahang bahay. Ito ay dahil kadalasang dinudulot ng benta sa ari-arian na mailagay sa mas mataas na antas ang mga singil na buwis sa ari-arian. Magiging mas malaki ang mga nawalang kita mula sa mga ari-ariang may mas mababang halaga kaysa sa mga tinubong kita mula sa mga tumaas na benta. Dahil dito, mababawasan ng panukala ang mga kabuuang bayad sa buwis sa ari-arian.
- ***Higit na Buwis sa Pagbebenta na Binabayaran ng Mga Nangungupahan.*** Gagamitin ng mga nangungupahang nagbabayad ng mas maliit na renta ang ilan sa kanilang mga naipon para bumili ng mga nabubuwisang produkto.
- ***Pagbabago sa Mga Buwis sa Kita na Binabayaran ng Mga Nagpapaupa.*** Magbabago ang mga bayad sa buwis sa kita ng mga nagpapaupa sa maraming paraan, tataas ito at bababa. Hindi malinaw ang kabuuang epekto sa kita mula sa buwis sa kinita ng estado.

Sa kabuuan, malaki ang posibilidad na mababawasan ang mga pang-estado at lokal na kita sa paglipas ng panahon dahil sa panukala. Pinaka-maaapektuhan ang mga buwis sa ari-arian. Ang halaga ng mawawalang kita ay magdedepende sa maraming salik, lalong lalo na sa kung paano tutugon ang mga komunidad sa panukalang ito. Halimbawa, kung paiigtingin ng mga komunidad na mayroon nang pagkontrol ng renta ang kanilang mga panuntunan upang isama ang mga mas bagong bahay at pang-isang pamilyang bahay, maaaring umabot ang mga mawawalang kita sa ilang milyong dolyar kada taon. Kung maraming komunidad ang bubuo ng mga bagong panuntunan sa pagkontrol ng renta, maaaring mas malaki ang mawawalang kita. Kung kaunting komunidad ang gagawa ng mga pagbabago, maliit lang ang mawawalang kita.

Mga Lumalaking Gastos ng Lokal na Pamahalaan. Kung gagawa ang mga lungsod o county ng mga bagong batas sa pagkontrol ng renta o papalawakin nila ang mga kasalukuyang batas, haharap ang mga lokal na lupon sa pagrenta sa mga tumataas na gastusin. Depende sa mga pipiliin ng lokal na pamahalaan, ang mga gastusing ito ay maaaring **napakaliit hanggang sa umabot sa milyon-milyong dolyar kada taon**. Ang mga gastusing ito ay malamang na bayaran sa pamamagitan ng mga bayarin sa mga may-ari ng mga paupahang bahay.

Bumisita sa *http://cal-access.sos.ca.gov/campaign/measures/* para sa listahan ng mga komite na pangunahing binuo upang suportahan o tutulan ang panukalang ito.

Bumisita sa *http://www.fppc.ca.gov/transparency/top-contributors.html* upang makita ang nangungunang 10 tagaambag ng komite.

Kung gusto ninyo ng kopya ng buong teksto ng panukalang ito ng estado, pakitawagan ang Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957 o maaari kayong mag-email sa *vigfeedback@sos.ca.gov* at libreng magpapadala sa inyo ng kopya sa pamamagitan ng koreo.

★ PANGANGATWIRANG PABOR SA PROPOSISYON 21 ★

BUMOTO NG OO SA PROPOSISYON 21! PANATILIHIN ANG MGA PAMILYA SA KANILANG MGA BAHAY, PANGALAGAAN ANG ABOT-KAYANG PABAHAY, IHINTO ANG KAWALAN NG TIRAHAN, AT TIPIRIN ANG PERA NG NAGBABAYAD NG BUWIS.

Saan dapat tumira ang mga tao sa California? Lumalala ang krisis sa pabahay dahil sa patuloy na lumolobong renta at naiiwan ang nakakarami dahil sa hindi tumataas na kita. Nararamdaman ng lahat ang mga epekto. Pilit na pinapalayas ang magkakapitbahay sa mga komunidad, humaharap sa kawalang katiyakan ang mga umuupa, at napupunta sa mga kalye ang pinaka-mahihinang tao. Nagigipit ang maliliit na negosyo dahil mas kaunti ang ginagastos ng mga umuupa sa kanilang mga komunidad at humaharap sa mas matatagal na pagbibiyahe ang mga manggagawa.

Dahil pinagkakasya lang ng mga guro, clerk sa grocery, at nurse ang kanilang sahod sa araw-araw, mahirap para sa kanilang makabili ng bahay sa mga komunidad kung saan sila naglilingkod, nang may sapat pa ring pera para sa mga pangunahing pangangailangan tulad ng mga grocery, gas, at pangangalaga sa bata. At ang mga lumolobong renta ang nagtulak sa mahigit 150,000 taong walang bahay na manirahan sa mga kalye.

Lumalala lang ang krisis. Dahil sa pandemya ng coronavirus, milyun-milyong manggagawa ang walang trabaho at nanganganib na mawalan ng tirahan. Ayon sa pag-aaral ng UCLA, humaharap tayo sa pagtaas ng kawalang tirahan.

Sa pamamagitan ng pagtalakay sa isa sa mga ugat ng krisis, Prop. 21:

• *MATITIPID ANG PERA NG MGA NAGBABAYAD NG BUWIS*

Napag-alaman ng isang pag-aaral noong 2017 na ang kahit 5 porsyentong pagtaas sa renta ang nagtutulak sa 2,000 residente ng Los Angeles na mawalan ng tirahan. Ang pasakit ng tumataas na kawalan ng tirahan sa California ay binabayaran ng mga nagbabayad ng buwis. Ang gastos sa kawalan ng tirahan, na tinatayang $35,000 hanggang $45,000 kada taong walang tirahan, ay hindi maipagpapatuloy. Tinitiyak ng Prop. 21 na mas kaunting tao ang mawawalan ng kanilang mga bahay, na makakatipid sa pera ng mga nagbabayad ng buwis.

• *MAGPAPANATILI SA MGA PAMILYA SA KANILANG MGA TIRAHAN*

Tutulungan ng Prop. 21 ang mga bata, magulang, nakakatanda, at mahalagang manggagawang manatili sa kanilang mga bahay. Sa ngayon, hindi nakakapag-aral ang mga bata, napipilitang bumiyahe nang matagal ang mga magulang, at humaharap ang mga nakakatanda sa mga hindi abot-kayang renta. Dumarami ang napapalayas at napupunta sa mga kalye. Nagbibigay ang Proposisyon 21 ng makatuwiran at madaling matayang pagtaas ng renta para sa mga miyembro ng ating komunidad.

• *MAGHAHATID NG KATATAGAN SA MGA NAKAKATANDA AT BETERANO*

Nahihirapan ang mga nakakatanda at beterano sa mga nakakapanlumong mataas na renta, at dahil dito ay kaunti na lang ang natitira nilang pera para sa pagkain, pangangalagang medikal, at iba pang pangangailangan. Binibigyang-daan ng Prop. 21 ang mga lokal na komunidad na limitahan ang mga pagtataas nila ng renta at panatilihin ang abot-kayang pabahay. Nakakatulong ito sa mga nakakatanda at beterano na manatili sa kanilang mga tirahan.

• *POPROTEKTAHAN ANG MGA MAY-ARI NG BAHAY NA PANG-ISANG PAMILYA*

Hindi kasama ang mga may-ari ng bahay na pang-isang pamilya ayon sa Prop. 21. Kung wala ka sa negosyo ng pagpapaupa ng bahay, HINDI ka maaapektuhan ng Prop. 21.

• *PAPANATILIHING MURA ANG GASTOS SA PABAHAY*

Nahihirapan ang mga pamilya, guro, at nurse na humanap ng pabahay dahil sa mga lumolobong renta. Binibigyang-daan ng Prop. 21 ang ating mga komunidad na panatilihin ang abot-kayang pabahay at hinihikayat nito ang konstruksiyon ng mga bagong bahay. Gagawin nitong abot-kaya ang pabahay para sa lahat.

• *GAGARANTIYA NG TUBO SA MGA NAGPAPAUPA*

GAGARANTIYA ang Prop. 21 ng tubo sa mga nagpapaupa. Patas ito para sa mga maliit na paupahanat umuupa.

Ang OO sa Prop. 21 ay sinusuportahan ng malawak na koalisyon ng mga nahalal na opisyal, unyon ng manggagawa, sibikong organisasyon, pambansang grupo ng katarungang panlipunan, unyon ng mga nangungupahan sa lokal, at organisasyon ng legal na tulong. Tinutulungan ng Proposisyon 21 ang mga pamilya, anak, nakakatandang mamamayan, at beteranong manatili sa kanilang mga bahay. Matuto pa sa *yeson21ca.org*.

DOLORES HUERTA, Presidente
The Dolores Huerta Foundation

KEVIN DE LEÓN, Pansamantalang Presidente Emeritus
Senado ng Estado ng California

CYNTHIA DAVIS, Tagapangulo ng Lupon ng Mga Direktor
AIDS Healthcare Foundation

21

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PABOR SA PROPOSISYON 21 ★

MAS PAPALALAIN NG PROP. 21 ANG KRISIS SA PABAHAY

Habang milyon-milyong tao ang walang trabaho at nahihirapang manatili lang sa kanilang mga bahay, ang bagay na hindi natin dapat gawin ay ipawalang-bisa ang mga proteksyon sa paupahang bahay ng California nang walang solusyon.

Ito ang dahilan kung bakit sinasalungat ng mga pinuno ng karapatang sibil, tagapagtaguyod ng abot-kayang pabahay, nakatatanda, beterano, at malawak na koalisyon ng mga organisasyon ng negosyo at manggagawa ang Prop. 21.

"Hinihikayat ng Prop. 21 ang mga nagpapaupang palayasin ang mga umuupa, at magreresulta ito sa mas mababang suplay ng paupahang bahay, mas mataas na gastos sa pabahay, at higit na kawalang tirahan."—*Alice Huffman, Presidente, Komperensya ng Estado ng California ng NAACP*

MGA DAHILAN PARA BUMOTO NG HINDI SA PROP. 21

Dapat tanggihan ng mga taga-California ang pamamaraang ito na nagpapalala sa krisis sa pabahay. Prop. 21: •Papahinain ang pinakamalakas na pambuong estadong batas sa pagkontrol ng renta sa bansa •Makakaapekto sa mga trabaho at ihihinto ang konstruksiyon ng abot-kayang pabahay •Aalisin ang mga pangunahing proteksyon ng may-ari ng bahay • Babawasan ang halaga ng mga bahay nang hanggang 20 porsyento •Walang iaalok na proteksyon para sa mga nakakatanda, beterano, o may kapansanan. • Wala nilalamang probisyon para pababain ang mga renta o pigilan ang kawalan ng tirahan •Papahintulutan ang mga hindi inihalal na lupon na magpataw ng mga labis na pagkontrol ng presyo •Babawasan ang pang-estado at lokal na pondo nang ilang milyong dolyar taon-taon para sa mga priyoridad tulad ng mga lokal na paaralan at kaligtasan sa sunog

SINASALUNGAT NG MGA BIPARTISAN NA PINUNO AT ORGANISASYON ANG PROP. 21

Kasama sa mga sumasalungat ang: •Komperensya ng Estado ng California ng NAACP •Konseho ng California para sa Abot-Kayang Pabahay •Koalisyon ng Mga May-ari ng Maliit na Paupahang Ari-arian • American Legion, Kagawaran ng California •Kamara de Komersyo ng California •Alyansa ng Mga Kababaihang Beterano •Halos 50 lokal na unyon •Nagkaisang Boto ng Mga Latino •Kapisanan ng Mga Nagbabayad ng Buwis sa California.

MAG-DEMANDA NG MGA TUNAY NA SOLUSYON

Matinding tinanggihan ng mga botante ang ganitong nabigong pamamaraan dalawang taon na ang nakalipas. Bumoto ng HINDI sa 21 at mag-demanda ng mga tunay na solusyon sa ating krisis sa pabahay, tulad ng pagpapabalik ng mga tao sa trabaho sa pamamagitan ng paggawa ng abot-kaya at panggitnang-uring pabahay. Kunin ang mga pangunahing kaalaman sa *NoOnProp21.vote*

ALICE HUFFMAN, Presidente
Komperensya ng Estado ng California ng NAACP

MARILYN MARKHAM, Miyembro ng Lupon
Liga ng Mga Nakatatandang Tagapagtaguyod ng California

ROBERT GUTIERREZ, Presidente
Kapisanan ng Mga Nagbabayad ng Buwis sa California

 Ang mga nakalimbag na pangangatwiran sa pahinang ito ay opinyon ng mga may-akda, at hindi nasuri para sa katumpakan ng anumang opisyal na ahensiya.

★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 21 ★

ANG PROP. 21 AY ISANG LUBOS NA MALING PAMAMARAAN NA MAGPAPATAAS SA MGA GASTUSIN SA PABAHAY AT MAKAKAPINSALA SAPAGBANGON NG PANGKABUHAYAN NG CALIFORNIA

Kung mukhang pamilyar ang Prop. 21, itoaydahil tinanggihan ng halos 60% ng mga botante sa California ang ganitong hindi maayos na pamamaraan noong 2018.

Sinalungat ng mga nakakatanda, beterano, at eksperto sa abot-kayang pabahay ang Prop. 21 dahil gagawin nitong limitado at mahal ang pabahay sa panahon kung saan milyon-milyong taga-California ang nahihirapang bumalik sa trabaho at manatiling may bahay.

Tinatawag ng Konseho ng California para sa Abot-kayang Pabahay ang Prop. 21 na "may kamaliang ideya." Naritokung paano mapapa-lala ng Prop. 21 ang mga bagay:

IPAPAWALANG BISA ANG BATAS SA PABAHAY NANG WALANG SOLUSYON

Walang gagawin ang Prop. 21 upang tugunan ang kakulangan sa pabahay sa California. Sa halip, papahinain nito ang pinakamalakas na pambuong estadong batas sa pagkontrol ng renta sa bansa na nilagdaan ni Gob. Newsom at na ipinatupad noong nakaraang taon lang nang walang plano upang magtayo ng abot-kaya at panggitnang-uring pabahay o nang hindi tinutugunan ang lumalalang problema sa kawalan ng tirahan sa ating mga kalye.

MAG-AALIS SA MGA PROTEKSYON NG MAY-ARI NG BAHAY

Aalisin ng Prop. 21 ang mga pangunahing proteksyon para sa mga may-ari ng bahay at pinapayagan nito ang mga kumokontrol na sabihin sa mga may-ari ng bahay na pang-isang pamilya kung magkano ang maaari nilang singilin para paupahan ang isang kuwarto. Milyun-milyong may-ari ng bahay ang tatratuhing tulad ng mga kumpanyang nagpapaupa at maipapailalim sa mga regulasyon at pagkontrol ng presyong ipinapatupad ng mga hindi naihalal na lupon.

BABAWASAN ANG HALAGA NG MGA BAHAY NANG HANGGANG 20%

Tinataya ng mga hindi partisan na mananaliksik sa MIT na ang mga ganitong matinding hakbang sa pagkontrol ng renta ay magreresulta sa pagbaba ng halaga ng mga bahay nang hanggang sa average na 20%. Iyonay hanggang $115,000 na mababawas na halaga para sa karaniwang may-ari ng bahay. Hindi kakayanin ng mga taga-Californiana magkaroon ng isa pang problema habang nanganganib ang halaga ng kanilang mga tirahan at ipon dahil sa pagbagsak ng ekonomiya.

WALANG IAALOK NA PROTEKSYON PARA SA MGA NAKAKATANDA, BETERANO, O MAY KAPANSANAN

Walang proteksyon ang Prop 21 para sa mga nakakatanda, beterano, o may kapansanan, at wala itong probisyon para pababain ang mga renta. Ang mga beterano, nakakatanda, organisasyon ng katarungang panlipunan, at ang American Legion, Kagawaran ng California, ay sumasang-ayong hindi natin ito kailangan sa ngayon.

MAGPAPAHINTULOT NG MGA MATINDING REGULASYON

Pinapayagan ng Prop. 21 ang mga lokal na gobyernong bumuo ng mga matindi at permanenteng regulasyon sa halos lahat ng aspeto ng pabahay. Halimbawa, kahit na pagkatapos umalis ang nangungupahan, hindi magagawa ng may-ari ng ari-ariangitakda ang mga renta sa mga antas sa pamilihan o magbayad ng mga pamumuhunan para sa mga pagkukumpuni o pagpapahusay. Talagang labis ito.

PALALALAIN ANG KRISIS SA PABAHAY

Nakakaranas ang mga taga-California ng matinding krisis sa pagiging abot-kaya ng pabahay sa pinakamahirap na emerhensiya sa ekonomiya at pampublikong kalusugan sa ating mga buhay. Hindi natin dapat gawin ang magpasa ng inisyatiba na pipigil na maitayo ang bagong pabahay, makakaapekto sa mga trabaho, at makakapinsala sa pagbangong pangkabuhayan.

SINASALUNGAT NG MALAWAK NA BIPARTISAN NA KOALISYON

Sumasang-ayon ang Mga Demokratiko at Republikanong papalalain ng Prop. 21 ang krisis. Kasama sa mga sumasalungat ang: Konseho ng California para sa Abot-Kayang Pabahay •Mga May Kapansanang Beteranong Amerikano, Kagawaran ng California •Asosasyon ng Pabahay sa California •Mga Beterano sa Vietnam ng America, Konseho ng Estado ng California •Kamara de Komersyo ng California

MAGDEMANDA NG MGA TUNAY NA SOLUSYON

Dapat tayong bumoto ng "HINDI" sa Prop. 21 at mag-demanda ng mga tunay na solusyon.

BUMOTO NG HINDI SA PROPOSISYON 21

Matuto pa sa *NoOnProp21.vote*

EDWARD J. GRIMSLEY, Pinuno ng Estado
American Legion, Kagawaran ng California

LORRAINE J. PLASS, ika-3 Biseng Pinuno
AMVETS, Kagawaran ng California

PATRICK SABELHAUS, Punong Direktor
Konseho ng California para sa Abot-Kayang Pabahay

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 21 ★

PROP. 21—ANG PAGBABAGONG KAILANGAN NATIN UPANG TALUNIN ANG KAWALAN NG TIRAHAN

Ang botong OO sa Proposisyon 21 ay isang boto para mapanatiling magkakasama ang mga pamilya. Ang isang malakas na koalisyon ng mga nahalal na lider; mga tagapagkaloob ng abot-kayang pabahay; at mga tagapagtaguyod na nakakatanda, beterano, at walang tirahan ay sumasang-ayon na makakatulong ang Proposisyon 21 na panatilihin ang mga pamilya sa kanilang mga tirahan. Prop. 21:

• Poprotektahan ang milyon-milyong nakakatanda, beterano, at naghahanapbuhay na pamilya • Makakatipid sa pera ng mga nagbabayad ng buwis sa pamamagitan ng pagpigil sa kawalan ng tirahan • Mangangalaga sa abot-kayang pabahay • Poprotekta sa mga may-ari ng bahay na pang-isang pamilya

"Tumutulong ang Proposisyon 21 sa mga nakakatanda na manatili sa kanilang mga tirahan. Pinoprotektahan sila nito para hindi sila mawalan ng tirahan at binibigyang-daan sila nitong mamuhay nang may dignidad at malapit sa pamilya at mga kaibigan."—*Ernie Powell, Social Security Works California*

"Binibigyan ng mga karagdagang kagamitan ng Prop. 21 ang ating mga komunidad upang panatilhin ang mga mahinang pamilya sa kanilang mga tirahan. Tutulungan ng Proposisyon 21 ang mga nakakatanda, beterano, at manggagawa."—*Ben Allen, Senador sa Estado ng California*

"Marami pang beterano ang nawawalan ng tirahan kada taon dahil sa mahal na gastos sa pabahay. Tutulong ang Proposisyon 21 na maiiwas ang mga beterano sa kawalan ng tirahan."—*Jillynn Molina-Williams, Caucus ng Mga Beterano, Tagapangulo ng Demokratikong Partido ng California*

"Ang nag-iisang pinakamahalagang bagay na magagawa mo upang matulungan ang mga nurse, guro, bumbero, manggagawa sa grocery, at manggagawa sa hotel na manatili sa kanilang mga tirahan ay BUMOTO NG OO SA PROPOSISYON 21."—*Ada Briceño, Katuwang na Presidente, UNITE HERE Local 11*

"Bilyon-bilyong dolyar ang ginagastos ng estado dahil sa kawalan ng tirahan. Ipinapasa ang gastos na ito sa mga nagbabayad ng buwis. Natitipid ng Prop. 21 ang pera ng mga nagbabayad ng buwis sa pamamagitan ng pagpapanatili sa mga pamilya sa kanilang mga tirahan."—*Jamie Court, Presidente, Consumer Watchdog*

KAILANGAN NG CALIFORNIA ANG PROP. 21

Bumoto ng OO sa Proposisyon 21 para panatilihin ang mga pamilya sa kanilang mga tirahan!

Matuto pa sa *Yeson21CA.org*.

DAVID CAMPOS, Tagapangulo
Demokratikong Partido ng San Francisco

ERNIE POWELL
Social Security Works

JAMIE COURT, Presidente
Bantay ng Mamimili

PROPOSISYON

22

BIBIGYAN NG IKSEMSYON ANG MGA APP-BASED NA KUMPANYA NG TRANSPORTASYON AT DELIBERI SA PAGKAKALOOB NG MGA BENEPISYO NG EMPLEYADO SA ILANG NAGMAMANEHO NG SASAKYAN. BATAS NA INISYATIBA.

OPISYAL NA TITULO AT BUOD

INIHANDA NG PANGKALAHATANG ABUGADO

Makikita ang teksto ng panukalang ito sa website ng Kalihim ng Estado sa *voterguide.sos.ca.gov.*

- Ikaklasipika ang mga nagmamaneho ng sasakyan para sa mga app-based na kumpanya ng transportasyon (rideshare) at paghahatid bilang mga independiyenteng kontratista," hindi "mga empleyado," maliban kung ang kumpanya ay: magtatakda ng mga oras ng mga nagmamaneho, mag-aatas ng pagtanggap ng mga espesipikong kahilingan sa pagsakay o paghahatid, o magbibigay ng restriksyon sa pagtatrabaho sa iba pang kumpanya.
- Hindi saklaw ang mga independiyenteng kontratista ng iba't ibang batas sa pagtatrabaho—kabilang ang pinakamababang sahod, overtime, unemployment insurance, at kompensasyon para sa mga manggagawa.
- Sa halip, ang mga independiyenteng kontratistang nagmamaneho ng sasakyan ay magiging karapat-dapat sa sa ibang kompensasyon—kabilang ang mga pinakamababang kita, subsidyo sa pangangalagang pangkalusugan, at insurance sa sasakyan.
- Magbibigay ng restriksyon sa ilang lokal na regulasyon sa app-based na nagmamaneho ng sasakyan.
- Gagawing krimen ang pagpapanggap bilang mga nagmamaneho ng sasakyan.

BUOD NG TANTIYA NG PAMBATASANG TAGASURI SA NETONG PISKAL NA EPEKTO SA PANG-ESTADO AT LOKAL NA GOBYERNO:

- Maliit na pagtaas sa buwis sa kita ng estado na binabayaran ng mga nagmamaneho para sa kumpanya ng rideshare at deliberi at mga namumuhunan.

PAGSUSURI NG PAMBATASANG TAGASURI

BATAYAN

App-Based na Pagsakay at Paghahatid. Pinapayagan ng ilang kumpanya ang mga kostumer na kumuha ng mga pagsakay o mag-order ng pagkaing ihahatid sa isang app sa telepono. Madalas na tinatawag ang mga kumpanyang ito na mga kumpanya ng rideshare at paghahatid. Ang karamihan ng kumpanya ng rideshare at paghahatid ay may headquarter sa California. Sa kabuuan, ang mga kumpanyang ito ay katumbas ng pinagsama-samang halaga ng Ford, General Motors, at Fiat Chrysler.

Kumukuha ang Mga Kumpanya ng Rideshare at Paghahatid ng mga Tsuper bilang Mga Independiyenteng Kontratista. Ang isang independiyenteng kontratista ay isang taong nagtatrabaho para sa isang negosyo pero hindi empleyado ng negosyo. Ang mga tsuper para sa kumpanya ng rideshare at paghahatid ang pumipili kung kailan, saan, at gaano kadalas magtatrabaho. Ginagamit ng mga tsuper ang kanilang mga sariling sasakyan at binabayaran nila ang kanilang mga sariling gastusin.

Karamihan ng Mga Tsuper ay Nagtatrabaho nang Part Time. Ang karamihan ng mga tsuper ay nagtatrabaho nang part time at maraming tsuper ang sandali lang nagtatrabaho o paminsan-minsan lang nagmamaneho. Binabayaran ng mga kumpanya ng rideshare at paghahatid ang mga tsuper ng bahagi ng pamasahe o singil sa paghahatid na binabayaran ng mga kostumer para sa mga app-based na serbisyo. Ginugugol ng mga tsuper ang tinatayang isang-katlo ng kanilang oras sa paghihintay ng mga pagsakay at paghahatid at hindi sila binabayaran sa oras na ito. Kumikita ang karamihan ng tsuper ng sa pagitan ng $11 at $16 kada oras, pagkatapos ibawas ang mga oras ng paghihintay at gastusin sa pagmamaneho.

Sinasabi ng Estado na Dapat Kunin ng Mga Kumpanya ng Rideshare at Paghahatid ang Mga Tsuper bilang Mga Empleyado. Nagpasa kamakailan ang estado ng batas na naglilimita sa kakayahan ng mga kumpanyang kumuha ng mga manggagawa bilang mga independiyenteng kontratista. Sinasabi ng Pangkalahatang Abugado ng estado na nangangahulugan ang batas na dapat kunin ng mga kumpanya ng rideshare at paghahatid ang mga tsuper bilang mga empleyado. Hindi sumasang-ayon ang mga kumpanya ng rideshare at paghahatid na ginagawang mga empleyado ng bagong batas ng estado ang kanilang mga tsuper. Patuloy na kumukuha ang mga kumpanya ng mga tsuper bilang mga independiyenteng kontratista. May idinemanda kamakailan ang Pangkalahatang Abugado na dalawang kumpanya ng rideshare upang puwersahin silang kunin ang kanilang mga tsuper bilang mga empleyado. Kung sasang-ayon ang hukuman sa Pangkalahatang Abugado, kakailanganin ng mga kumpanyang kumuha ng mga tsuper bilang mga empleyado.

Bilang Mga Empleyado, Makakakuha ang Mga Tsuper ng Mga Karaniwang Benepisyo at Proteksyon. Bilang mga empleyado, makakakuha ang mga tsuper ng mga karaniwang benepisyo at proteksyon sa trabaho na hindi nakukuha ng mga independiyeteng kontratista. Halimbawa, dapat bayaran ang mga empleyado ng hindi bababa sa pinakamababang sahod na may dagdag na bayad para sa overtime. Dapat ding payagan ang mga empleyadong magpahinga at gumamit ng may bayad na pahinga kung may sakit sila. Kasabay nito, bilang mga empleyado, mas kaunti ang

PAGSUSURI NG PAMBATASANG TAGASURI IPINAGPATULOY

opsyon ng mga tsuper tungkol sa kung kailan, saan, at gaano kadalas sila magtatrabaho.

MUNGKAHI

Gagawing Mga Independiyenteng Kontratista ang Mga Tsuper. Ginagawang mga independiyenteng kontratista ng panukalang ito ang mga tsuper ng app-based na rideshare at paghahatid. Hindi malalapat sa mga tsuper ang bagong batas ng estado na naglilimita sa kakayahan ng mga kumpanyang kumuha ng mga independiyenteng kontratista.

Bibigyan ang Mga Tsuper ng Ilang Partikular na Benepisyo. Inaatasan ng panukalang ito ang mga kumpanya ng rideshare at paghahatid na magbigay ng ilang partikular na benepisyo:

- ***Pinakamababang Sahod.*** Inaatasan ng panukalang ito ang mga kumpanya na magbayad ng 120 porsyento ng lokal na pinakamababang pasahod para sa bawat oras na ginugugol ng tsuper sa pagmamaneho, pero hindi sa oras na ginugol sa paghihintay.
- ***Stipend sa Insurance sa Kalusugan.*** Para sa mga tsuper na karaniwang nagtatrabaho nang mahigit 15 oras kada linggo (hindi kasama ang oras ng paghihintay), iniaatas ng panukalang itong tumulong ang mga kumpanyang bayaran ang insurance sa kalusugan.
- ***Babayaran ang Mga Gastusin Kapag Nasaktan ang Tsuper sa Trabaho.*** Iniaatas ng panukalang itong bayaran ng mga kumpanya ang mga gastusing medikal at palitan ang ilang nawalang kita kapag nasaktan ang isang tsuper habang ito'y nagmamaneho o naghihintay.
- ***Patakaran sa Pagpapahinga.*** Ipinagbabawal ng panukalang ito ang pagtatrabaho ng mga tsuper ng mahigit 12 oras sa 24 na oras na yugto para sa iisang kumpanya ng rideshare o paghahatid.
- ***Iba pang Ipinag-aatas.*** Ipinagbabawal ng panukalang ito ang pandidiskrimina sa lugar ng trabaho at inaatasan nito ang mga kumpanyang: (1) bumuo ng mga patakaran sa sekswal na panliligalig, (2) magsagawa ng mga pagsusuri ng nakaraan para sa anumang krimen, at (3) mag-atas ng pagsasanay sa kaligtasan para sa mga tsuper.

Maglilimita sa Kakayahan ng Lokal na Gobyernong Magtakda ng Mga Karagdagang Panuntunan. Nililimitahan ng panukalang ito ang kakayahan ng mga lunsod at county na maglagay ng mga karagdagang panuntunan sa mga kumpanya ng rideshare at paghahatid.

MGA EPEKTO SA PANANALAPI

Pinagpapasyahan pa rin sa mga hukuman kung ang mga tsuper ng rideshare at paghahatid ay mga empleyado o independiyentng kontratista. Ipinagpapalagay ng mga epekto sa pananalapi sa ibaba na sumasang-ayon ang mga hukuman sa estado na ang mga tsuper ay mga empleyado sa ilalim ng bagong batas.

Mga Mas Mababang Gastusin at Mas Mataas na Tubo para sa Mga Kumpanya ng Rideshare at Paghahatid. Pinapahintulutan ng panukalang ito ang mga kumpanya ng rideshare at paghahatid na kumuha ng mga tsuper bilang mga independiyenteng kontratista sa halip na mga empleyado. Hindi kakailanganin ng mga kumpanya na bayaran ang mga gastusin sa pagbibigay ng mga karaniwang benepisyo at proteksyon ng empleyado, na karaniwang bumubuo ng 20 porsyentong gastusin sa empleyado. Bibigyang-daan nito ang kumpanyang maningil ng mas murang pamasahe at bayarin sa paghahatid. Sa pamamagitan ng mas mababababang presyo, higit na sasakay at mag-o-order ang mga pasahero. Maaaring mapataas nito ang mga tubo ng kumpanya. Mapapataas ng mas matataas na tubo ang mga halaga ng stock ng mga kumpanya.

Magbabayad ng Higit na Buwis sa Kita ang Mga Tsuper at Stockholder. Dahil mas sasakay at mag-o-order ang mga tao, higit na kikita ang mga tsuper bilang isang grupo. Nangangahulugan itong tataas ang mga buwis sa kita ng estado na binabayaran ng mga tsuper. Maaari ding kumita ng mas malaki ang mga taga-California na nagmamay-ari ng stock ng kumpanya ng rideshare at paghahatid kapag ibinenta nila ang stock. Magbabayad sila ng mga buwis sa kita ng estado ayon sa mga tumaas na kitang ito. Hindi alam ang halaga ng tumaas na personal na buwis sa kita ng estado na binabayaran ng mga tsuper at stockholder, pero malamang na maliit lang ito.

BUOD NG MGA PISKAL NA EPEKTO

Ang panukalang ito ay magkakaroon ng sumusunod na epekto sa pananalapi:

- Maliit na pagtaas sa mga buwis sa kita ng estado na binabayaran ng mga tsuper ng kumpanya ng at namumuhunan para sa rideshare at paghahatid.

Bumisita sa *http://cal-access.sos.ca.gov/campaign/measures/* para sa listahan ng mga komite na pangunahing binuo upang suportahan o tutulan ang panukalang ito.

Bumisita sa *http://www.fppc.ca.gov/transparency/top-contributors.html* upang makita ang nangungunang 10 taga-ambag ng komite.

Kung gusto ninyo ng kopya ng buong teksto ng panukalang ito ng estado, pakitawagan ang Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957 o maaari kayong mag-email sa *vigfeedback@sos.ca.gov* at libreng magpapadala sa inyo ng kopya sa pamamagitan ng koreo.

PROPOSISYON

22

BIBIGYAN NG IKSEMSYON ANG MGA APP-BASED NA KUMPANYA NG TRANSPORTASYON AT DELIBERI SA PAGKAKALOOB NG MGA BENEPISYO NG EMPLEYADO SA ILANG NAGMAMANEHO NG SASAKYAN. BATAS NA INISYATIBA.

★ PANGANGATWIRANG PABOR SA PROPOSISYON 22 ★

PROBLEMA: NAGBABANTA ANG DRASTIKONG BAGONG PAGBABATAS NA GAGAWIN NITONG ILEGAL PARA SA MGA APP-BASED NA TSUPER NA MAGTRABAHO BILANG MGA INDEPENDIYENTENG KONTRATISTA

Kamakailang ipinasa ng mga pulitiko ng Sacramento ang batas na nagbabanta sa pag-aalis sa kakayahan ng mga mamamayan ng California na piliing magtrabaho bilang mga independiyenteng kontratista na nagkakaloob ng mga serbisyo ng app-based na rideshare, deliberi ng pagkain at groseri.

Sa 4:1 agwat, ipinapakita sa mga independiyenteng survey ang *napakalaking bilang ng nagnanais* na app-based na tsuper na magtrabaho bilang independiyenteng kontratista, hindi mga empleyado. Ang mga tsuper na ito ay may iba pang trabaho, obligasyon sa pamilya, o isyu sa kalusugan at kailangang maka-akma para maipagpatuloy ang trabaho at karagdagang kita na ito para suportahan ang kanilang mga pamilya.

INAALIS NG PAGBABAWAL SA PAGTATRABAHO SA INDEPENDIYENTENG KONTRATA PARA SA MGA APP-BASED NA TSUPER ANG DAAN-DAANG LIBONG TRABAHO

"Ang pag-aalis sa mga tsuper ng kakayahang magtrabaho bilang mga independiyenteng kontratista ang tatapos sa kakayahang makaakma ng karamihan sa pangangailangan ng tsuper, na labis na makakapinsala sa napatunayang on-demand na modelong mabilis na nagtutugma sa mga kostumer sa mga tsuper. Mas matagal ang paghihintay sa resulta, mas tataas ang presyo ng mamimili, at ang permanenteng pagsasara ng mga serbisyo sa maraming lugar—na nag-aalis ng daan-daang libong trabaho."—*William Hamm, dating di-partidista Pambatasang Tagasuri ng Estado*

SOLUSYON: OO SA PROP. 22 NA PINOPROTEKTAHAN ANG KAKAYAHAN NG MGA TSUPER NA MAGTRABAHO BILANG MGA INDEPENDIYENTENG KONTRATISTA AT MAGKALOOB NG MGA BAGONG BENEPISYO

OO SA 22:

1. *PINOPROTEKTAHAN* ang pagpili ng mga app-based na tsuper na magtrabaho bilang mga independiyenteng kontratista—INILILIGTAS ANG MGA TRABAHO SA CALIFORNIA sa kabila ng milyon-milyon ang nahihirapan sa pananalapi.

2. *PINAPAHUSAY* ang app-based na trabaho sa pamamagitan ng pag-aatas sa mga kumpanya na magkaloob ng mga bagong benepisyo, kabilang ang: garantisadong pinakamababang kita • pagpopondo para sa mga benepisyo sa kalusugan • saklaw para sa medikal at may kapansanan para sa mga pinsala habang nasa trabaho • mga karagdagang proteksyon laban sa panliligalig at diskriminasyon.

3. *GUMAGAWA* NG PINALAWAK NA MGA PROTEKSYON SA KALIGTASAN, kabilang ang: pag-aatas ng mga kasalukuyang pagsusuri sa pinagmulan at pamamaraan sa kaligtasan • paghihigpit sa mga pagkakasala kaugnay ng gamot at alkohol • parusang pangkriminal para sa pagpapanggap bilang tsuper.

OO SA 22: SA 4:1 AGWAT NG MGA APP-BASED NA TSUPER ANG GUSTONG MAGING INDEPENDIYENTE

Mahigit 80% ng mga tsuper ang nagtatrabaho nang mas mababa sa 20 oras sa isang linggo, mayroong iba pang trabaho o responsibilidad, at hindi makakapagtrabaho sa mga nakatakdang shift gaya ng mga empleyado: • Mga magulang na nagtatrabaho habang nasa paaralan ang mga anak; • Mga miyembro ng pamilya na nagtatrabaho sa hindi karaniwang oras para maalagaan nila ang kanilang mga tumatandang magulang o iba pang mahal sa buhay; • Mga nagtatrabahong pamilya, retirado, at mag-aaral na kailangan ng karagdagang kita.

"Isa akong may kapansanang beterano at babalik ako sa paaralan para paghandaan ang isang bagong karera. Lubos kong sinusuportahan ang Prop. 22 dahil pinoprotektahan nito ang kakayahang makaakma na kailangan ko para isaayos ang aking mga medikal na tipanan at ang aking edukasyon."—*Matthew Emerson, Betarano ng Navy at Drayber ng Deliberi ng Pagkain*

"Isaakong ina ng limang bata na may full-time na trabaho. Kailangan ko ng nai-aakma at independiyenteng trabaho nang ilang oras sa isang linggo bilang pandagdag sa aking kita. Kung hindi, mahihirapan sa pananalapi ang aking pamilya."—*Brenda Vela, Ina at Drayber ng Rideshare*

OO SA PROP. 22 SA PAGPAPANATILING HANDA NA MAPAKINABANGAN, ABOT-KAYA, AT LIGTAS NG MGA SERBISYO NG RIDESHARE AT DELIBERI NG PAGKAIN

Pinapanatili ng Prop. 22 ang mga serbisyo ng deliberi na milyon-milyon ngayon ang umaasa para magdala ng mga groseri, gamot, at maiinit na pagkain sa mga tahanan, at rideshare na nagpapahusay sa kakayahang paglibot at iniiwas ang mga lasing na tsuper sa ating mga kalsada.

OO SA 22: SINUSUPORTAHAN NG MGA TSUPER, MALIIT NA NEGOSYO, TAGAPAGTAGUYOD NG HUSTISYANG PANLIPUNAN, PAMPUBLIKONG PINUNO SA KALIGTASAN AT IBA PA

Sinusuportahan ng napakaraming app-based na tsuper. • Kapisanan ng Maliit na Negosyo sa California • Estado ng California NAACP • Kapisanan ng Mga Opisyal na Pangkapayapaan • Pambansang Hispanikong Konseho sa Pagtanda • Liga ng Mga Nakatatandang Tagapagtaguyod ng California • 100+ pang organisasyon.

www.VoteYesProp22.com

BETTY JO TOCCOLI, Presidente
Kapisanan ng Maliit na Negosyo sa California

JIM PYATT, Presidente
Independiyenteng Alyansa ng Mga Drayber ng California

MINNIE HADLEY-HEMPSTEAD, Presidente
NAACP Los Angeles

22

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PABOR SA PROPOSISYON 22 ★

Ako si Jerome Gage. Isa akong tsuper ng Lyft sa loob ng limang taon. Gusto ko ang kakayahan nitong umakma. Bago ang COVID-19, nagmamaneho ako nang 40 oras sa isang linggo. Mas kaunti na ang pagmamaneho ko ngayon pero nauunawaan ko kung bakit.

Ang hindi ko nauunawaan ay kung bakit tinatanggihan ng Uber at Lyft na tratuhin ako bilang isang empleyado samantalang isa iyong batas ng California.

Sa ngayon, hindi sila nagbabayad ng pinakamababang sahod o overtime. Hindi nila kami binibigyan ng may bayad na sick time. Inililipat nila ang gastos ng pagnenegosyo sa amin. Mali iyon.

Bumoto ng HINDI sa 22.

Hindi rin nila naiisip na karapatan kong magkaroon ng pangangalagang pangkalusugan o mga proteksyon ng isang "mahalagang" empleyado. Noong magkaroon ng COVID-19, hindi man lang nila sinagot ang aking mga benepisyo sa kawalan ng trabaho.

Pero nagbayad sila ng $5,000,000 para ilagay ang 22 sa balota. At sinabi nilang gagasta sila ng isa pang ISANG DAANG MILYON para ipasa ito.

Magagamit na ng mga tsuper na katulad ko ang perang iyon para sa PPE o mas maraming istasyon ng sanitasyon para maprotektahan ang aming sarili at panatilihing ligtas ang aming mga kostumer. Kung magkakasakit kami, magkakaroon pa kami ng pangangalagang pangkalusugan.

Inihahayag ng Uber at Lyft na gusto kong maging "independiyente." Ang talagang gusto ko ay maging ligtas at mabayaran ng nakakabuhay na sahod. Bibigyan ako nito ng sariling pagpapasya.

Makikita sa mga kamakailang pag-aaral na 70% ng mga tsuper ng Uber at Lyft ang nagtatrabaho nang 30 o higit pang oras sa isang linggo—katulad ko—at MAS BABABA ang aming mga sahod sa ilalim ng Prop. 22. Paano iyon naging patas?

Hindi dapat pinipili ng mga kumpanyang kumikita ng bilyong dolyar ang mga batas na kanilang susundin o hindi sila dapat magsulat ng kanilang sariling batas, tulad ng Prop. 22.

Mangyaring samahan ako at ang mga grupo ng tsuper na kumakatawan sa mahigit 50,000 na tsuper: BUMOTO NG HINDI sa Prop. 22.

JEROME GAGE, Tsuper ng Lyft

Ang mga nakalimbag na pangangatwiran sa pahinang ito ay opinyon ng mga may-akda, at hindi nasuri para sa katumpakan ng anumang opisyal na ahensiya.

★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 22 ★

Nagbayad ang Uber, Lyft, at DoorDash para ilagay ang Proposiyon 22 sa balota sa Nobyembre. Nagpasok sila ng mga abugado para isulat ang mapanlinlang na inisyatibang ito at nagbayad ng milyon-milyon sa mga pampulitikang operatiba para kolektahin ang mga kinakailangang lagda ng botante.

Bakit?

Para gumawa ng espesyal na iksemsyon para sa kanilang mga sarili na legal na mag-aalis sa kanilang mga tsuper ng mga pangunahing karapatan at proteksyon sa trabaho tulad ng may bayad na sick leave; sahod ng mga manggagawa, o mga benepisyo sa kawalan ng trabaho.

Nalalapat LANG ang Prop. 22 sa Uber, Lyft, DoorDash, at iba pang app-based na kumpanya ng deliberi at transportasyon. Ang kanilang layunin ay TUMUBO. Ang mga kumpanyang ITO lang ang magkakaroon ng tubo mula sa espesyal na iksemsyong ito.

Inaatasan ng kasalukuyang batas ang Uber, Lyft, at DoorDash na pagkalooban ang kanilang mga tsuper ng pinakamababang sahod, pangangalagang pangkalusugan, may bayad na sick leave, benepisyo sa kawalan ng trabaho, at saklaw ng kabayaran sa mga manggagawa, tulad ng lahat ng iba pang negosyo sa California.

Kamakailan lang ay kinasuhan ng Pangkalahatang Abugado ang mga ito dahil sa paglabag sa batas at patuloy na pag-iwas sa responsibilidad sa kanilang mga tsuper sa loob ng ilang taon. Gamit ang inyong boto, makakatulong kayo na pigilan sila! Bumoto ng HINDI sa Prop. 22.

Bakit dapat na bumoto ng HINDI sa Proposisyon 22?

- Gumagawa ang Prop. 22 ng espesyal na iksemsyon na nag-aalis sa mga pangunahing benepisyo sa lugar ng trabaho at pinapalitan ang mga ito ng mga bagong MAS MABABANG "garantiya sa kita" at bayad sa "subsidyo sa pangangalagang pangkalusugan" na idinisenyo para makatipid ng pera ang mga kumpanya.
- Naglalaman ang Prop. 22 ng mapanlinlang na pananalita para subukang kumbinsihin tayo na pinatitibay ng mga ito ang mga proteksyon ng tsuper. Sa katotohanan, inaatasan NA ang Uber at Lyft na magsagawa ng mga pagsusuri sa pinagmulan, at AALISIN ng mga bagong probisyon ang kinakailangang pagsasanay tungkol sa sekswal na panliligalig at ang mga obligasyon ng Uber at Lyft na imbestigahan ang mga habol sa sekswal na panliligalig ng mga kustomer at tsuper.
- Ang bottom line: Ang Prop. 22 ay tungkol lang sa pera. Hindi ito tungkol sa pagtulong sa mga tsuper na nakakasalamuha ninyo kung ginagamit ninyo ang mga app na ito.

Higit pang inilantad ng paglaganap ng COVID-19 ang pagtanggi ng mga kumpanyang ito na tratuhin nang patas ang mga tsuper ng mga ito.

Kamakailan lang ay isinulat ng lupon ng editor ng *The New York Times* na ang mga kumpanyang ito ay "nabigong ipatupad ang tumutugmang hakbang sa kaligtasan sa panahon ng pandemya, kabilang ang pagbibigay ng sapat na bilang ng mga mask o gabay sa social distancing, habang tinutulak ang mga manggagawa na mag-sagawa ng mas malalaking bilang ng order para makasabay sa tumataas na demand para sa mga deliberi ng pagkain."

MAHALAGA ang mga tsuper na ito, 78% sa mga taong ito ay mula sa ibang lahi. Nakatulong sila sa California sa pandemya, at may karapatan silang tratuhin nang mas maayos.

Naniniwala kaming ang mga app-based na tsuper, na marami ay Latino, Itim, o mula sa iba pang komunidad ng kulay, ay DAPAT na magkaroon ng sick leave, pangangalagang pangkalusugan, mga benepisyo sa kawalan ng trabaho, AT kakayahang iakma ang kanilang pag-iskedyul.

Kaya huwag hayaang lituhin ng Uber, Lyft, at DoorDash ang isyu. Inihahayag ng mga ito na tungkol ito sa "kakayahang umakma" para sa mga "part-time" na tsuper. Gayunpaman, hindi nililimitahan ng kasalukuyang batas ang kakayahang umakma ang tsuper sa anumang paraan.

Sa katotohanan, napag-alaman sa isang pag-aaral sa Unibersdad ng California na karamihan sa mga tsuper ay hindi part-time, at mahigit 70 porsyento ng mga tsuper ng Uber at Lyft ang nagtatrabaho 30 o higit pang oras kada linggo.

Huwag maniwala sa aming salita. Basahin mo ito mismo sa *transform.ucsc.edu/on-demand-and-on-the-edge*.

Isinulat ng Uber, Lyft, at DoorDash ang Prop. 22 para sa Uber, Lyft, at DoorDash, HINDI ang mga tsuper ng mga ito. Kaya libo-libong mga tsuper ang sumali sa amin para isulong ang pagboto ng HINDI.

Huwag hayaan ang Uber, Lyft, at DoorDash na isulat ang sariling nilang espesyal na batas.

Bumoto ng Hindi sa Proposisyon 22.

NOonCAProp22.com

ALVARO BOLAINEZ, Tsuper ng Uber

NOURBESE FLINT, Ehekutibong Direktor
Proyekto ng Pagkilos sa Kapakanan ng Itim na Kababaihan

ART PULASKI, Ehekutibong Kalihim-Ingat Yaman
Pederasyon ng Paggawa ng California

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 22 ★

LUBOS NA SINUSUPORTAHAN NG MGA APP-BASED NA TSUPER ANG PROPOSISYON 22

Sa 4:1 agwat, makikita sa mga survey na nais ng mga app-based na tsuper na magtrabaho bilang independiyenteng kontratista. Ang walumpung porsyento ay nagtatrabaho nang mas mababa sa 20 oras kada linggo, at karamihan ay nagtatrabaho nang mas mababa sa 10 oras kada linggo. Ang mga magulang na kailangan ng trabahong naiaakma sa mga iskedyul ng mga bata, mga taong kailangan ng karagdagang kita, mga pamilyang nag-aalaga ng may sakit o tumatandang mahal sa buhay, at mga mag-aaral na nag-iipon habang pumapasok sa klase.

Pero inihahayag ng mga pulitiko at espesyal na interes sa likod ng oposisyon sa Prop. 22 na alam nila ang pinaka-mainam para sa mga tsuper. Ipinasa nila ang pagbabatas ng estado na nagbabantang *gagawin nitong ilegal* ang mga tsuper na nagtatrabaho bilang mga independiyenteng kontratista.

Kaya sinusuportahan ng mga tsuper ang Prop. 22—para protektahan ang mga nai-aakmang oportunidad na kumita at *inililigtas ang daan-daang libong trabaho*.

INILILIGTAS NG PROP. 22 ANG MGA APP-BASED NA TRABAHO AT SERBISYO

Pinoprotektahan ng Prop. 22 ang pagpili ng mga tsuper na magtrabaho bilang independiyenteng kontratista. Pinapanatili ng Prop. 22 ang mga serbisyo ng deliberi na milyon-milyon ang umaasa para sa ligtas na akseso sa pagkain at mga groseri at rideshare na pinapahusay ang kakayahang paglibot at iniiwas ang mga lasing na tsuper sa ating mga kalsada.

INIAATAS NG PROP. 22 SA MGA KUMPANYA NA BIGYAN ANG MGA TSUPER NG MGA MAKASAYSAYANG BAGONG BENEPISYO

- Mga garantiya sa kita na hindi bababa sa $21 bawat oras.
- Mga benepisyo ng pangangalagang pangkalusugan nang 15 oras kada linggo.
- Seguro para sa mga pinsala habang nasa trabaho.
- Pinatitibay ang mga proteksyon laban sa diskriminasyon at panliligalig.

NAGDARAGDAG ANG PROP. 22 NG MGA MAHIGPIT NA BAGONG PROTEKSYON SA KALIGTASAN NG KONSUMER

Nagkakaloob ang Prop. 22 ng: mga mahigpit na kasalukuyang pagsusuri sa pinagmulan ng tsuper. • paghihigpit sa mga pagkakasala kaugnay ng gamot at alkohol • pagtukoy na krimen ang pagpapanggap bilang tsuper.

SUMALI SA MGA APP-BASED NA TSUPER, PINUNO SA HUSTISYANG PANLIPUNAN, MALIIIT NA NEGOSYO, AT PAMPUBLIKONG KALIGTASAN: OO SA 22!

VoteYesProp22.com

JIM PYATT, Presidente
Independiyenteng Alyansa ng Mga Tsuper ng California

FREDDYE DAVIS, Presidente
County ng Hayward South Alameda NAACP

JULIAN CANETE, Presidente
Kamara de Komersyo ng Hispaniko ng California

PROPOSISYON

23 MAGTATATAG NG MGA INIAATAS NG ESTADO PARA SA MGA KLINIKANG DIALYSIS PARA SA KIDNEY. MAG-AATAS NG MEDIKAL NA PROPESYONAL SA LUGAR. BATAS NA INISYATIBA.

OPISYAL NA TITULO AT BUOD

INIHANDA NG PANGKALAHATANG ABUGADO

Makikita ang teksto ng panukalang ito sa website ng Kalihim ng Estado sa *voterguide.sos.ca.gov.*

- Mag-aatas ng hindi bababa sa isang lisensyadong doktor sa lugar sa panahon ng paggagamot sa mga outpatient na klinika para sa dialysis ng kidney; mag-aawtorisa sa California Department of Public Health (Kagawaran Ng Pampublikong Kalusugan ng California) na bigyan ng iksemsyon ang mga klinika sa pag-aatas na ito kung mayroong kakulangan sa mga kuwalipikadong lisensyadong doktor at ang klinika ay may hindi bababa sa isang nurse practitioner o physician assistant sa lugar.
- Mag-aatas sa mga klinikang iulat ang datos tungkol sa impeksyong nauugnay sa dialysis sa mga pang-estado at pederal na gobyerno.
- Pagbabawalan ang klinika na magsara o bawasan ang mga serbisyo nang wala ang pag-apruba ng estado.
- Pagbabawalan ang mga klinikang tumanggi sa paggagamot sa mga pasyente batay sa pinagmumulan ng kabayaran sa pangangalaga.

BUOD NG TANTIYA NG PAMBATASANG TAGASURI SA NETONG PISKAL NA EPEKTO SA PANG-ESTADO AT LOKAL NA GOBYERNO:

- Tumaas na mga gastusin ng pang-estado at lokal na gobyerno na malamang na nasa mababang milyun-milyong dolyar taun-taon.

PAGSUSURI NG PAMBATASANG TAGASURI

BATAYAN

PAGGAMOT SA DIALYSIS

Pagpalya ng Bato. Sinasala ng malulusog na bato ang dugo ng isang tao para alisin ang dumi at sobrang likido. Ang sakit sa bato ay tumutukoy sa hindi paggana nang maayos ng bato ng isang tao. Sa paglipas ng panahon, maaaring pumalya ang bato ng isang tao, na tinatawag ding "end-stage renal disease." Nangangahulugan itong hindi na gumagana nang sapat ang mga bato para mabuhay ang isang tao nang walang pag-transplant ng bato o nang hindi sumasailalim sa paggagamot na tinatawag na "dialysis".

Ginagaya ng dialysis ang Normal na Paggana ng Bato. Artipisyal na ginagaya ng dialysis ang pag-gana ng malulusog na bato. Karamihan sa mga taong nagda-dialysis ay sumasailalim sa hemodialysis. Inaalis ng uring ito ng dialysis ang dugo mula sa katawan, sinasala ito sa pamamagitan ng makina para alisin ang dumi at sobrang likido, at pagkatapos ay ibinabalik ito sa katawan. Umaabot ang isang panggagamot nang halos apat na oras at nangyayari nang halos tatlong beses kada linggo.

Ang Karamihan ng mga Pasyenteng Nagda-dialysis ay Ginagamot sa mga Klinika. Karamihan sa mga taong may kondisyong pagpalya ng bato ay nakakatanggap ng dialysis sa mga klinika ng tuloy-tuloy na dialysis (Chronic Dialysis Clinic, CDC), pero ang ilan ay nakakatanggap ng paggamot sa mga ospital o sa kanilang mga bahay. Halos 600 lisensyadong CDC sa California ang nagbibigay ng dialysis sa halos 80,000 pasyente kada buwan. Gaya ng kung gaano kadalas kailangan ng mga pasyente ang dialysis at gaano katagal ang inaabot ng mga panggagamot, madalas na nag-aalok ang mga klinika ng mga serbisyo anim na araw kada linggo at madalas na bukas sa labas ng mga karaniwang oras ng pagpapatakbo ng negosyo.

Mga Sariling Doktor ng Mga Pasyente ang Mangangasiwa sa Panggagamot. Kapag ang pasyente ay may kondisyong pagpalya ng bato, bumubuo ang doktor ng pasyente ng plano sa kalusugan, na maaaring may kasamang reperal para sa dialysis. Idinidisenyo ng doktor ng pasyente ang plano sa panggagamot ng dialysis, kabilang ang mga partikular na aspeto gaya ng frequency, tagal, at mga kaugnay na gamot. Isasagawa ng mga CDC ang panggagamot. Ipagpapatuloy ng doktor ng pasyente na pangasiwaan ang pangangalaga ng pasyente. Sa ilalim ng mga pederal na panuntunan, dapat na bisitahin ng doktor ang pasyente sa panahon ng panggagamot na dialysis sa CDC nang hindi bababa sa isang beses kada buwan.

Iba't ibang Entidad na Nagmamay-ari at Nagpapatakbo ng Mga CDC, na May Dalawang Entidad na Nagmamay-ari/ Nagpapatakbo sa Karamihan sa Mga Ito. Ang dalawang pribadong nagtutubong kumpanya—DaVita, Inc. at Fresenius Medical Care—ay ang "namamahalang entidad" na humigit-kumulang tatlong kapat ng mga lisensyadong CDC sa California. (Tinutukoy ng panukala ang namamahalang entidad bilang entidad na nagmamay-ari at nagpapatakbo sa CDC.) Ang natitirang mga CDC ay pagmamay-ari at pinapatakbo ng iba't ibang di-nagtutubo at nagtutubong namamahalang entidad. Karamihan sa iba pang namamahalang entidad na ito ay

PAGSUSURI NG PAMBATASANG TAGASURI IPINAGPATULOY

mayroong maraming CDC sa California, habang kaunti ang bilang ng nagmamay-ari o nagpapatakbo ng isang CDC. Sa kasalukuyan, karamihan sa mga kita ng CDC ay lumalampas sa mga gastos, habang mas maliit na bahagi ng mga CDC ay tumatakbo nang palugi. Maaaring gamitin ng namamahalang entidad na nagmamay-ari o nagpapatakbo ng maraming CDC ang CDC nito na mas mataas ang kita para tulungang suportahan ang mga CDC nito na papalugi na.

PAGBABAYAD PARA SA DIALYSIS

Ang Bayad para sa Dialysis ay Nanggagaling sa Ilang Pangunahing Mapagkukunan. Natatantiya natin na ang mga CDC ay may kabuuang kita na higit sa $3 bilyon taon-taon mula sa kanilang mga operasyon sa California. Ang mga kitang ito ay binubuo ng mga bayad para sa dialysis mula sa ilang pangunahing mapagkukunan, o "mga tagapagbayad":

- ***Medicare.*** Ang programang ito na pinopondohan ng pederal na pamahalaan ay nagbibigay ng saklaw sa kalusugan sa karamihan ng mga nasa edad na 65 pataas at sa ilang partikular na mas batang tao na may mga kapansanan. Sa pangkalahatan, ginagawang kwalipikado ng pederal na batas ang mga taong may kondisyong pagpalya ng bato para sa saklaw ng Medicare anuman ang kanilang edad o katayuan sa pagiging may kapansanan. Binabayaran ng Medicare ang panggagamot na dialysis para sa karamihan ng mga taong nagda-dialysis sa California.
- ***Medi-Cal.*** Ang programang Medicaid ng pederal na pamahalaan at estado, na kilala bilang Medi-Cal sa California, ay nagkakaloob ng pagsaklaw sa kalusugan sa mga taong mababa ang kita. Naghahati ang estado at pederal na pamahalaan sa mga gastusin ng Medi-Cal. Ang ilang tao ay kwalipikado sa parehong Medicare at Medi-Cal. Para sa mga taong ito, sinasaklaw ng Medicare ang karamihan ng mga pagbabayad para sa dialysis bilang pangunahing nagbabayad at ang Medi-Cal naman ang sumasaklaw sa iba pa. Para lang sa mga taong nakatala sa Medi-Cal, ang programang Medi-Cal ang tanging responsable sa pagbabayad para sa dialysis.
- ***Panggrupo at Pang-indibidwal na Seguro sa Kalusugan.*** Maraming tao sa estado ang may panggrupong saklaw ng seguro sa kalusugan sa pamamagitan ng taga-empleyo o ibang organisasyon (gaya ng unyon). Ang ibang tao naman ay bumibili ng seguro sa kalusugan nang indibidwal. Kapag nagkaroon ng kondisyong pagpalya ng bato ang isang nakasegurong tao, ang taong iyon ay kadalasang makakalipat sa saklaw ng Medicare. Iniaatas ng pederal na batas na manatili ang tagasegurong grupo bilang pangunahing tagapagbayad para sa paggamot na dialysis sa isang "panahon ng koordinasyon" na tumatagal nang 30 buwan.

Ang pamahalaan ng estado ng California, ang dalawang sistema ng pampublikong pamantasan ng estado, at maraming lokal na pamahalaan sa California ay nagkakaloob ng pagsaklaw sa seguro sa kalusugan para sa kanilang mga kasalukuyang manggagawa, kwalipikadong retiradong manggagawa, at sa kanilang mga pamilya.

Ang Mga Grupo at Indibidwal na Tagaseguro ng Kalusugan ay Karaniwang Mas Malaki ang Ibinabayad para sa Dialysis Kaysa sa mga Programa ng Pamahalaan. Ang halagang binabayaran ng Medicare at Medi-Cal para sa panggagamot na dialysis ay malapit sa average na gastusin para sa mga CDC para magkaloob ng panggagamot na dialysis. Madalas na tinutukoy ang mga presyong ito sa pamamagitan ng regulasyon. Sa kabilang banda, ang mga grupo at indibidwal na tagaseguro sa kalusugan ay nakikipagnegosasyon sa mga CDC at kanilang mga namamahalang entidad para itakda ang mga presyo. Nakadepende ang malaking bahagi ng mapagkakasunduang presyo sa kung gaano karaming tao ang saklaw ng tagaseguro at kung gaano karaming tao ang ginagamot ng mga CDC ng namamahalang entidad. Sa average, magbabayad ang mga panggrupo at indibidwal na tagaseguro sa kalusugan nang maraming beses sa mga ibinabayad ng mga programa ng pamahalaan para sa panggagamot na dialysis.

PAANO KINOKONTROL ANG MGA CDC

Nililisensyahan at Pinapatunayan ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan (California Department of Public Health, CDPH) ang Mga Klinika ng Dialysis. Responsable ang CDPH sa paglilisensya sa mga CDC para magpatakbo sa California. Binibigyan din ng CDPH ng patunay ang mga CDC sa ngalan ng pederal na pamahalaan, na nagbibigay-daan sa mga CDC na makatanggap ng bayad mula sa Medicare at Medi-Cal. Sa kasalukuyan, pangunahing umaasa ang California sa mga pederal na regulasyon bilang batayan ng programa ng paglilisensya nito.

Mag-aatas ang Mga Pederal na Regulasyon ng Medikal na Direktor sa Bawat CDC. Iniaatas ng mga pederal na regulasyon ang bawat CDC na magkaroon ng medikal na direktor na isang pinatunayan ng lupon na doktor. Responsable ang medikal na direktor para sa pagtitiyak sa kalidad, tauhan sa edukasyon at pagsasanay, at pagpapaunlad at pagpapatupad ng mga patakaran at pamamaraan ng klinika. Hindi iniaatas ng mga pederal na regulasyon ang mga medikal na direktor na gumastos ng partikular na panahon sa CDC; gayunpaman, isinasaad ng gabay ng pederal na pamahalaan na ang mga responsibilidad ng medikal na direktor

PAGSUSURI NG PAMBATASANG TAGASURI IPINAGPATULOY

ay sumasalamin sa halos isang-kapat ng full-time na posisyon.

Dapat na Iulat ng Mga CDC ang Impormasyong Nauugnay sa Impeksyon sa Pambansang Network. Para makatanggap ng mga bayad mula sa Medicare, dapat iulat ng mga CDC ang natukoy na impormasyong tungkol sa impeksyong nauugnay sa dialysis sa Pambansang Network sa Kaligtasan ng Pangangalagang Pangkalusugan sa pederal na Centers for Disease Control. Halimbawa, dapat iulat ng mga CDC kapag nagkaroon ang pasyente ng impeksyon sa daluyan ng dugo at ang pinaghihinalaang dahilan ng impeksyon.

MUNGKAHI

Kabilang sa panukala ang ilang probisyon na nakakaapekto sa mga CDC, gaya ng tinatalakay sa ibaba. Nagbibigay ito ng mga tungkulin sa CDPH na magpatupad at mangasiwa ng panukala, kabilang ang paggamit ng mga regulasyon sa loob ng isang taon pagkatapos magkaroon ng bisa ang batas. Kung hindi matutugunan ng CDPH ang takdang petsa, maaari itong maglabas ng mga regulasyon na emerhensiya kapag nakumpleto nito ang regular na proseso.

Mag-aatas sa Bawat CDC na Magkaroon ng Doktor sa Sityo sa Buong Oras ng Panggagamot. Inaatasan ng panukala ang bawat CDC na panatilihin, sa sarili nitong gastos, ang hindi bababa sa isang doktor sa sityo sa lahat ng oras ng pagtanggap ng pasyente ng mga panggagamot sa CDC na iyon. Responsable ang doktor sa kaligtasan ng pasyente at sa probisyon at kalidad ng medikal na pangangalaga. Maaaring humiling ang CDC ng iksemsyon mula sa CDPH kung mayroong balidong kakulangan sa mga doktor sa bahagi ng CDC. Kung aaprubahan ng CDPH ang iksemsyon, matutugunan ng CDC ang kinakailangan sa pamamagitan ng nurse practitioner o assistant ng doktor, sa halip na isang doktor. Tumatagal nang isang taon ang iksemsyon.

Mag-aatas sa Mga CDC na Iulat ang Impormasyong Nauugnay sa Impeksyon sa CDPH. Iniaatas ng panukala sa bawat CDC—o sa namamahalang entidad nito—na iulat ang impormasyon tungkol sa impeksyong nauugnay sa dialysis sa CDPH bawat tatlong buwan. Dapat tukuyin ng CDPH kung aling impormasyon ang dapat iulat ng mga CDC, at kung paano at kailan dapat mag-ulat ng impormasyon. Dapat mag-post ang CDPH ng bawat impormasyon tungkol sa impeksyon ng CDC sa website ng CDPH, kabilang ang pangalan ng namamahalang entidad ng CDC.

Sisingilin ng Mga Parusa kung Hindi Makakapag-ulat ang Mga CDC ng Impormasyong Nauugnay sa Impeksyon. Kung hindi iuulat ng CDC o ng namamahalang entidad nito ang impormasyon tungkol sa impeksyon o kung hindi tumpak ang impormasyon, maaaring maglabas ang CDPH ng parusa laban sa CDC. Maaari umabot nang hanggang $100,000 ang parusa depende sa kung gaano ka-lala ang paglabag. Maaaring humiling ang CDC ng pagdinig kung sasalungat ito sa parusa. Anumang parusang makokolekta ay gagamitin ng CDPH para isagawa at ipatupad ang mga batas kaugnay ng mga CDC.

Mag-aatas sa Mga CDC na Mag-abiso o Kumuha ng Form ng Pahintulot Bago Isara o Bawasan ang Mga Serbisyo. Kung babalakin ng CDC na isara o bawasan ang mga serbisyo nito, iaatas ng panukala sa CDC o sa namamahalang entidad nito na abisuhan ang CDPH sa pamamagitan ng sulat at kumuha ng nakasulat na pahintulot ng CDPH. Pinapayagan ng panukala ang CDPH na magpasya kung papahintulutan ito o hindi. Pinapayagan nito ang CDPH na ibase ang desisyon nito sa naturang impormasyon bilang mga pinansyal na mapagkukunan ng CDC at plano ng CDC sa pagtitiyak sa tuloy-tuloy na dialysis na pangangalaga ng mga pasyente. Maaaring sumalungat ang CDC sa desisyon ng CDPH sa pamamagitan ng paghiling ng pagdinig.

Ipinagbabawal ang Pagtanggi ng Mga CDC sa Pangangalaga sa isang Pasyente Base sa Kung Sino ang Magbabayad para sa Panggagamot ng Pasyente. Sa ilalim ng panukala, dapat mag-alok ang mga CDC at mga namamahalang entidad ng mga ito ng parehong kalidad ng pangangalaga sa lahat ng pasyente. Hindi sila maaaring tumangging mag-alok o magkaloob ng pangangalaga base sa kung sino ang magbabayad ng mga panggagamot ng mga pasyente. Ang tagapagbayad ay maaaring ang pasyente, pribadong entidad, tagaseguro sa kalusugan ng pasyente, Medi-Cal, Medicaid, o Medicare.

MGA PISKAL NA EPEKTO

NAKAKAAPEKTO ANG PAGTAAS NG MGA GASTUSIN PARA SA MGA KLINIKA PARA SA DIALYSIS SA MGA GASTOS NG ESTADO AT LOKAL NA PAMAHALAAN

Paano Pinapataas ng Panukala ang Mga Gastusin para sa Mga CDC. Sa pangkalahatan, papataasin ng mga probisyon ng panukala ang mga gastusin para sa mga CDC. Sa partikular, papataasin ng pag-aatas ng panukala sa bawat CDC na magkaroon ng doktor sa sityo sa buong oras ng panggagamot ang mga gastos ng bawat CDC ng ilang daang libong dolyar taon-taon sa average. Hindi papataasin ng iba pang kinakailangan ng panukala ang mga gastusin ng CDC.

Maaaring Tumugon ang Mga Klinika sa Mas Matataas na Gastos sa Iba't ibang Paraan. Makakaapekto ang gastos para magkaroon ng doktor sa sityo sa mga indibidwal na CDC nang magkakaiba depende sa kanilang mga pananalapi. Karamihan sa mga CDC ay pinapatakbo sa ilalim ng namamahalang entidad na nagmamay-ari/

PAGSUSURI NG PAMBATASANG TAGASURI

nagpapatakbo ng maraming CDC kaya maaaring ipalaganap ng namamahalang entidad ang mga gastusin sa maraming lokasyon. Maaaring tumugon ang mga namamahalang entidad sa isa o higit pa sa mga sumusunod na paraan:

- ***Pakikipagnegosasyon Sa Pagtaas Ng Mga Presyo Sa Mga Tagapagbayad.*** Una, maaaring subukan ng mga namamahalang entidad na makipagnegosasyon sa mas matataas na presyo sa mga entidad na nagbabayad para sa panggagamot na dialysis para saklawin ang ilan sa mga gastos na ipinapataw ng panukala. Partikular na, maaaring makipagnegosasyon ang mga namamahalang entidad sa mas matataas na presyo sa mga pribadong kumpanya ng pangkomersyong seguro at mas mababa sa mga planong pangkalusugang pinapamahalaan ng Medi-cal.
- ***Pagpapatuloy sa Mga Kasalukuyang Operasyon, pero Sa Mas Mababang Tubo.*** Para sa ilang namamahalang entidad, maaaring bawasan ng mas matataas na gastos dahil sa panukala ang kanilang mga tubo, pero maaari silang patuloy na magpatakbo sa mga kasalukuyang antas nang hindi isinasara ang mga klinika.
- ***Isasara ang Ilang mga Klinika.*** Dahil sa mas matataas na gastos dahil sa panukala, ang ilang namamahalang entidad, partikular na ang mas kaunting klinika, ay maaaring magpasyang isara ang ilang klinika.

Maaaring Pataasin ng Panukala ang Mga Gastusin sa Pangangalagang Pangkalusugan ng Estado at Lokal na Pamahalaan nang Milyon-Milyong Dolyar Taon-taon. Sa ilalim ng panukala, ang mga gastusin ng Medi-Cal ng estado, at ang gastos sa seguro sa kalusugan ng mga empleyado at retirado ng estado at lokal ay maaaring tumaas dahil sa:

- Mga namamahalang entidad na nakikipagnegosasyon sa mas matataas na presyo ng bayad.
- Mga pasyenteng nangangailangan ng paggagamot sa mga mas mahal na lugar tulad ng mga ospital (dahil sa mas kaunting CDC).

Sa pangkalahatan, pinaka-malamang na sitwasyon ay magagawa ng mga CDC at ang kanilang mga namamahalang entidad na: (1) makipagnegosasyon sa ilang tagapagbayad para makatanggap ng mas matataas na presyo ng bayad para saklawin ang ilan sa mga bagong gastusing ipinapataw ng panukala at (2) patuloy na magpapatakbo (na may bawas na kita), na may mga limitadong indibidwal na pagsasara ng CDC. **Maaaring humantong ang sitwasyong ito sa pagtaas ng mga gastusin ng estado at lokal na gobyerno nang milyon-milyong dolyar taun-taon.** Kinakatawan nito ang maliit na pagtaas sa kabuuang paggasta ng estado ng Medi-Cal at estado at lokal na pamahalaan sa saklaw sa kalusugan ng empleyado at retirado. Mas mababa ang gastusing ito nang 1 porsyento sa paggasta ng Pangkalahatang Pondo ng estado. Sa mas bihirang sitwasyon na mas malaki ang bilang ng mga saradong CDC, maaaring magkaroon ang estado at lokal na pamahalaan ng mga karagdagang gastusin sa maikling panahon. Maaaring malaking halaga ang mga karagdagdang gastusing ito, pero hindi tiyak.

PAGTAAS NG MGA ADMINISTRATIBONG GASTUSIN PARA SA CDPH NA SAKLAW NG MGA BAYARIN SA CDC

Mag-aatas ang panukalang ito ng mga bagong responsibilidad sa CDPH. **Ang taunang gastos ng mga bagong responsibilidad na ito ay malamang na hindi lalampas sa ilang milyong dolyar taon-taon.** Iniaatas ng panukala sa CDPH na isaayos ang taunang bayarin sa paglilisensya na binabayaran ng mga CDC para saklawin ang mga gastusing ito.

Bumisita sa *http://cal-access.sos.ca.gov/campaign/measures/* para sa listahan ng mga komite na pangunahing binuo upang suportahan o tutulan ang panukalang ito.

Bumisita sa *http://www.fppc.ca.gov/transparency/top-contributors.html* upang makita ang nangungunang 10 tagaambag ng komite.

Kung gusto ninyo ng kopya ng buong teksto ng panukalang ito ng estado, pakitawagan ang Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957 o maaari kayong mag-email sa *vigfeedback@sos.ca.gov* at libreng magpapadala sa inyo ng kopya sa pamamagitan ng koreo.

★ PANGANGATWIRANG PABOR SA PROPOSISYON 23 ★

Mga Pansagip-Buhay na Pagbabago para sa Mga Pasyenteng Nagda-dialysis

Tatlong beses kada at bawat linggo, 80,000 taga-California na may End Stage Renal Disease ang pumupunta sa isa o mahigit 600 sentro ng pangkomersiyong dialysis sa estado kung saan inaabot sila ng tatlo hanggang apat na oras na nakakonekta sa makina na nag-aalis ng kanilang dugo, nililinis ito, at ibinabalik ito sa kanilang mga katawan. Literal na ang dialysis ang nagpapanatili sa kanilang buhay, at dapat nilang ipagpatuloy ang panggagamot sa kanilang buong buhay o hanggang sa makatanggap sila ng transplant ng bato.

Dahil ang mga buhay ng ating mga kapwa taga-California ay nakadepende sa dialysis na parehong ligtas at mabisang isinasagawa, ibinibigay namin ang aming ganap na suporta para sa *Batas sa Pagprotekta ng Mga Buhay ng Mga Pasyenteng Nagda-dialysis (Protect the Lives of Dialysis Patients Act)*, isang inisyatiba na lalabas sa balota sa Nob. 3. Ang inisyatibong ito ay gagawa ng matatalinong pagpapahusay sa panggagamot na dialysis na poprotekta sa ilan sa karamihan ng mga medikal na nasa panganib na tao sa ating lipunan.

Ang inisyatiba ay may apat na pangunahing bagay na ginagawa:

Una, inaatasan nito ang doktor o nurse practitioner na manatili sa klinika anumang oras habang ginagamot ang mga pasyente, na kasalukuyang hindi inaatas. Ang dialysis ay isang mapanganib na pamamaraan, at kung magkakaproblema, dapat na may malapit na doktor o lubos na sinanay na nars.

Pangalawa, madaling magkaroon ng mga impeksyon ang mga pasyenteng nagda-dialysis mula sa kanilang mga panggagamot na maaaring humantong sa mas malulubhang karamdaman o pagkamatay. Inaatas ng inisyatibang ito sa mga klinika na mag-ulat ng tupmak na datos tungkol sa mga impeksyon sa mga pang-estado o pederal na pamahalaan para matukoy at malutas ang mga problema para maprotektahan ang mga pasyente.

Pangatlo, tulad ng lahat ng iba pang pansagip-buhay na pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan, isinasaad ng inisyatiba na hindi maaaring isara ng mga korporasyon para sa dialysis ang mga klinika o bawasan ang kanilang mga serbisyo maliban kung aaprubahan ng estado. Idinisenyo rin ito para protektahan ang mga pasyente, partikular na sa mga rural na komunidad, para tiyaking may akseso sila sa panggagamot na dialysis, at para ihinto ang korporasyon ng dialysis mula sa paggamit ng mga pagsasara para palakihin ang kanilang kita.

Pang-apat, ipinagbabawal nito ang pandidiskrimina ng mga klinika laban sa mga pasyente dahil sa uri ng seguro na mayroon sila, at pinoprotektahan nito ang mga pasyente sa bawat klinika. Kahit nasa mayamang kapitbahayan sila o sa mahirap, rural, komunidad ng Itim o Kayumanggi, kakailanganin ng lahat ng klinika na magkaroon ng doktor o nurse practitioner sa sityo, kakailanganin ng lahat ng klinika na iulat ang kanilang antas ng impeksyon sa pang-estado o pederal na pamahalaan, at ipagbabawal sa lahat ng korporasyon ng dialysis ang pandidiskrima laban sa mga pasyente dahil sa uri ng seguro na mayroon sila.

Huwag makinig kapag ipinapahayag ng industriya ng dialysis na bubuo ang inisyatiba ng malalaking bagong gastusin o isinasaad na malalagay sa panganib ang mga pasyente o ipinapahayag na gagawa ito ng kakulangan ng mga doktor—idinisenyo lang ang mga pekeng pangangatwirang iyon para gamitin ang mga pasyente at ang pandemya ng coronavirus bilang panakot sa kanilang mga hindi tapat na kampanya sa pampublikong relasyon. Sa katotohanan, ang mga korporasyong ito ay madaling makakagawa ng mga pagbabago at magagawa pa ring kumita ng daan-daang milyong dolyar sa isang taon nang hindi nasisira ang ating sistema ng pangangalagang pangkalusugan.

Gagawin ng Proposisyon 23 ang mga pagbabagong kailangan natin para tunay na maprotektahan ang mga pasyenteng nagda-dialysis. Isinusulong naming bumoto kayo ng OO!

MEGALLAN HANDFORD, Rehistradong Nars ng Dialysis

PASTOR WILLIAM D. SMART, JR.
Southern Christian Leadership Conference ng Southern California

CARMEN CARTAGENA, Pasyenteng Nagda-dialysis

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PABOR SA PROPOSISYON 23 ★

Ang Proposisyon 23 ay isang MAPANGANIB AT MAGASTOS NA PANUKALA na pinondohan ng isang grupong may espesyal na interes na walang karanasan sa dialysis. Mahigit 100 nangungunang organisasyon ang lubos na isinusulong ang: HINDI sa 23.

- BINABALAAN NG KAPISANAN NG MGA NARS NG AMERIKA\ CALIFORNIA NA MAPANGANIB ANG PROP. 23: *"Halos 80,000 mamamayan ng California na may kondisyong pagpalya ng bato ang umaasa sa dialysis para mabuhay. Magdaragdag ang Prop. 23 ng mga hindi kailangan at magastos na kinakailangan na maaaring magpasara sa daan-daang klinikang dialysis—mapanganib na binabawasan ang akseso sa pangangalaga at inilalagay ang libo-libong mahihinang pasyente sa malubhang panganib."*
- ISINUSULONG NG MEDIKAL NA KAPISANAN NG CALIFORNIA ANG HINDI SA PROP. 23: *"Aalisin ng Proposisyon 23 ang libo-libong doktor mula sa mga ospital at klinika—kung saan sila kinakailangan—at ilalagay sila sa mga burukratikong trabaho sa mga klinikang dialysis na hindi nararapat sa kanila. Papalalain ng Prop. 23 ang ating kakulangan ng doktor at mas paghihintayin tayong lahat para makapagpatingin sa ating mga doktor."*
- MGA MAMAMAYANG PASYENTENG NAGDA-DIALYSIS, ISANG ORGANISASYONG NAGTATAGUYOD NG PASYENTE NA KUMAKATAWAN SA 28,000 PASYENTE: *"Nagbabanta ang Prop. 23 sa access sa pangangalaga, na mas naglalagay sa mga pasyenteng nagda-dialysis sa panganib ng pagkamatay dahil sa mga nakaligtaang panggagamot."*
- NAACP CALIFORNIA: *"Desproporsyonadong nakakaapekto ang sakit sa bato sa mga taong iba ang lahi. Pinaka-pinapahirapan ng Prop. 23 ang mga minoryang pasyente at ang mga nasa dehadong komunidad."*
- KOMITE NG PROTEKSYON SA MGA NAGBABAYAD NG BUWIS NG CALIFORNIA: *"Papataasin ng Prop. 23 ang mga gastusin sa pangangalagang pangkalusugan sa $320,000,000 taun-taon. Papahirapan ng malaking pagtaas na ito ang mga mamamayan ng California na nahihirapan na sa pananalapi."*

WALANG SAYSAY ANG PROP. 23

Nasa ilalim na ng pangangalaga ang bawat pasyenteng nagda-dialysis ng kanilang sariling doktor sa bato. At ibinibigay ang mga panggagamot na dialysis ng mga espesyal na sinanay na nars at technician ng dialysis. Dagdag pa rito, malawak na kinokontrol ng pederal at pang-estadong pamahalaan ang mga klinikang dialysis at klinika sa California na nahihigitan ang iba pang estado sa kalidad ng klinika.

SAMAHAN ANG MGA DOKTOR, NARS, TAGAPAGTAGUYOD NG HUSTISYA AT PASYENTE: HINDI SA 23!

www.NoProposition23.com

MARKETA HOUSKOVA, DNP, RN, Ehekutibong Direktor
Kapisanan ng Mga Nars ng Amerika\California

DEWAYNE COX, Pasyenteng Nagda-dialysis para sa Bato

PETER N. BRETAN, MD, Presidente
Medikal na Kapisanan ng California

 Ang mga nakalimbag na pangangatwiran sa pahinang ito ay opinyon ng mga may-akda, at hindi nasuri para sa katumpakan ng anumang opisyal na ahensiya.

★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 23 ★

ISINUSULONG NG MGA NARS, DOKTOR, AT PASYENTE ANG HINDI SA 23—ANG PROPOSISYONG MAPANGANIB AT MAGASTOS NA DIALYSIS

Halos 80,000 mamamayan ng California na may kondisyong pagpalya ng mga bato ang nakakatanggap ng panggagamot na dialysis tatlong araw sa isang linggo para manatiling buhay. Ginagawa ng panggagamot na dialysis ang tungkulin ng mga bato na alisin ang mga lason sa katawan. Ang pagliban sa isang panggagamot ay nagpapataas sa panganib ng pagkamatay ng pasyente sa 30%.

Malubhang inilalagay sa panganib ng Prop. 23 ang akseso sa pangangalaga para sa libo-libong mamamayan ng California na kailangan ng dialysis para manatiling buhay. Kaya naman ang Kapisanan ng mga Nars ng Amerika\ California, Medikal na Kapisanan ng California, at tagapagtaguyod ng pasyente ay SUMASALUNGAT sa Prop. 23.

PUPUWERSAHIN NG PROP. 23 ANG MGA KLINIKANG DIALYSIS NG KOMUNIDAD NA ITIGIL ANG MGA SERBISYO AT MAGSARA—NA NAGLALAGAY SA MGA BUHAY NG PASYENTE SA PANGANIB

Pupuwersahin ng Proposisyon 23 ang mga klinikang dialysis na magkaroon ng tagapangasiwang doktor sa sityo sa lahat ng oras, kahit na hindi sila ang magbibigay ng pangangalaga sa mga pasyente. Ang bawat pasyenteng nagda-dialysis ay nasa ilalim na ng pangangalaga ng kanilang personal na doktor sa bato at ibinibigay ang mga panggagamot na dialysis ng espesyal na sinanay at may karanasang nars at technician.

Papataasin ng walang saysay na burukratikong mandatong ito ang mga gastusin ng klinika nang daan-daang milyon taon-taon, na naglalagay sa kalahati ng lahat ng klinika sa panganib ng pagsasara.

"Mapanganib na binabawasan ng Prop. 23 ang akseso sa pangangalaga, naglalagay sa mga mahihinang pasyenteng nagda-dialysis sa malubhang panganib."*—Marketa Houskova, Doktor ng Kasanayan ng Nars, RN, Kapisanan ng Mga Nars ng Amerika\California*

MAS PAPALALAIN NG PROP. 23 ANG ATING KAKULANGAN NG DOKTOR AT HAHANTONG SA MAS PAGDAMI NG TAO SA EMERGENCY ROOM

"Aalisin ng Proposisyon 23 ang libo-libong doktor mula sa mga ospital at klinika—kung saan sila kinakailangan—at ilalagay sila sa mga burukratikong trabaho sa mga klinikang dialysis na hindi nararapat sa kanila. Hindi ito ang oras para palalain ang ating kakulangan ng doktor." *—Dr. Peter N. Bretan, MD, Presidente, Medikal na Kapisanan ng California*

Lubos na sumasalungat ang mga doktor sa emergency room sa Prop. 23. Pupuwersahin nito ang mga klinikang dialysis na magsara—nagdadala ng daan-daang mahihinang pasyente sa mga emergency room, gumagawa ng mas matagal na paghihintay sa ER, at binabawasan ang kakayahang humarap sa malulubhang emergency.

PAPATAASIN NG PROP. 23 ANG MGA GASTUSIN SA PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN NANG DAAN-DAANG MILYON

Ayon sa pag-aaral ng Grupo ng Mananaliksik ng Berkeley, papataasin ng Prop. 23 ang mga gastos sa pangangalagang pangkalusugan nang $320 milyon taon-taon. Ang malaking pagtaas na ito ay nakakapinsala lalo na sa maraming mamamayan ng California na nahihirapan sa pananalapit.

MAHIGPIT NA KINOKONTROL NG MGA KLINIKANG DIALYSIS AT NAGKAKALOOB NG DE-KALIDAD NA PANGANGALAGA

Malawakang kinokontrol ng pederal at pang-estadong pamahalaan ang mga klinikang dialysis. Ayon sa mga pederal na Centers for Medicare & Medicaid Services, nahihigitan ng mga klinikang dialysis sa California ang iba pang estado pagdating sa kalidad ng serbisyo ng klinika at pagkakuntento ng pasyente.

"Ang bawat pasyenteng nagda-dialysis ay nasa ilalim na ng pangangalaga ng espesyalistang doktor sa bato, at ibinibigay ang mga panggagamot na dialysis ng mga espesyal na sinanay na nars at technician. Walang saysay ang pag-aatas sa mga tagapangasiwang doktor sa sityo nang full-time." *—Dr. Jeffrey A. Perlmutter, MD, Presidente, Kapisanan ng mga Doktor sa Renal, kumakatawan sa 3,500 doktor sa bato*

ISA PANG ESPESYAL NA INTERES NA AABUSO SA ATING SISTEMA NG INISYATIBA

Ang parehong grupong nagsusulong sa Prop. 23 ay gumasta ng $20,000,000 sa huling halalan na nagsusulong ng katulad na panukala na tinanggihan ng mga botante. Muli nila itong ginagawa, nagsusulong ng isa pang proposisyong mapanganib na dialysis.

MGA DOKTOR, NARS, AT TAGAPAGTAGUYOD NG PASYENTE: HINDI SA 23!

• Kapisanan ng Mga Nars ng Amerika\California • Medikal na Kapisanan ng California • Koalisyon ng Tuluy-Tuloy na Sakit • NAACP California • Kapisanan para sa Diyabetes ng Latino • Alyansa ng Mga Kababaihang Beterano • Institusyon ng Kalusugan ng Minorya

www.NoProposition23.com

MARKETA HOUSKOVA, DNP, RN, Ehekutibong Direktor
Kapisanan ng Mga Nars ng Amerika\California

LETICIA PEREZ, Pasyenteng Nagda-dialysis para sa Bato

PETER N. BRETAN, MD, Presidente
Medikal na Kapisanan ng California

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 23 ★

NAIS PROTEKTAHAN NG MGA KORPORASYON NG DIALYSIS ANG KANILANG MGA TUBO

Noong 2018, gumasta ang industriya ng dialysis ng California ng rekord na *$110 milyon* para talunin ang isang inisyatiba para pahusayin ang mga kondisyon sa mga klinikang dialysis at protektahan ang mga pasyente mula sa malaking pagsingil.

Bakit sila gumasta nang napakalaki? *Para protektahan ang kanilang malaking $468 milyong tubo sa California noong 2018.*

Para sa mga pasyente, nakakasagip ng buhay ang dialysis. Pero para sa mga ehekutibo ng industriya, isa itong malaking pagkakakitaan, kaya muli nila itong ginagawa, nagdaragdag ng takot sa pamamagitan ng pagbabanta ng pagsasara ng mga klinika kung maipapasa ang Prop. 23 at mananagot sila sa mas matataas na pamantayan. Ginagamit ulit nila ang mga pasyenteng nagda-dialysis na may malubhang karamdaman para pagtakpan ang kanilang mga karagdagang kita at milyong dolyar na sahod.

Maling ipinapahayag nila na magdudulot ang inisyatiba ng malaking gastos, *batay sa kaduda-dudang "pag-aaral" na binayaran NILA.*

Ipinapahayag nila na salungat ang mga doktor dito, *pero marami sa mga doktor na iyon ay kanilang empleyado.*

Sinasabi nilang magdudulot ito ng mga kakulangan ng doktor at pagdami ng tao sa mga emergency room, *pero hindi tumatao ang mga doktor sa bato sa mga ER.*

Sinasabi nila na lubos nang kinokontrol ang mga klinikang dialysis, *pero humaharap sila sa mas kaunting inspeksyon kumpara sa iba pang pasilidad ng kalusugan, at kahit na ganoon, madalas na hindi inihahayag ang mga pagkukulang.*

Gumagawa ang Prop. 23 ng matatalinong pagpapahusay para maprotektahan ang mga buhay ng mga pasyente, tulad ng pagkakaroon ng doktor sa sityo para harapin ang mga emergency, pag-aatas sa mga sentro na mag-ulat ng datos tungkol sa impeksyon, pagwawakas sa diskriminasyon laban sa ilang pasyente batay sa uri ng seguro na mayroon sila, at pag-aatas sa estado na aprubahan ang anumang pagsasara ng klinika para hindi mapabayaang hindi nagagamot ang mga pasyente.

Panghuli, mapoprotektahan ng mga taga-California ang mahihinang pasyenteng nagda-dialysis sa pamamagitan ng pagboto sa *YesOnProp23.com.*

EMANUEL GONZALES, Technician ng Dialysis
PASTOR WILLIAM D. SMART, JR.
Southern Christian Leadership Conference ng Southern California

ROBERT VILLANUEVA, Pasyenteng Nagda-dialysis

PROPOSISYON

24

BABAGUHIN ANG MGA BATAS SA PAGKAPRIBADO NG MAMIMILI. BATAS NA INISYATIBA.

OPISYAL NA TITULO AT BUOD — INIHANDA NG PANGKALAHATANG ABUGADO

Makikita ang teksto ng panukalang ito sa website ng Kalihim ng Estado sa *voterguide.sos.ca.gov.*

- Magpapahintulot sa mga mamimili na: (1) pigilan ang mga negosyong magbahagi ng personal na impormasyon; (2) itama ang hindi tumpak na personal na impormasyon ; at (3) limitahan ang paggamit ng negosyo sa "sensitibong personal na impormasyon" — kabilang ang tumpak na heolokasyon; lahi; etnisidad; relihiyon; datos na henetiko; mga pribadong komunikasyon; sekswal na oryentasyon; at tinukoy na impormasyon sa kalusugan.
- Magtatatag ng California Privacy Protection Agency (Ahensya sa Pagprotekta ng Pagkapribado ng California) upang higit pang ipatupad at isagawa ang mga batas sa pagkapribado ng mamimili at magpataw ng mga multa.
- Babaguhin ang pamantayan kung saan dapat sumunod sa mga batas ang mga negosyo.
- Pagbabawalan ang patuloy na paghawak ng negosyo sa personal na impormasyon ng mas matagal sa kailangan sa makatuwirang paraan.
- Gagawing triple ang mga pinakamalaking multa sa mga paglabag na nauugnay sa mga mamimiling mas bata sa 16 na taong gulang.
- Mag-aawtorisa ng mga multang sibil para sa pagnanakaw ng impormasyong pag-log in ng mamimili, gaya ng nakasaad.

BUOD NG TANTIYA NG PAMBATASANG TAGASURI SA NETONG PISKAL NA EPEKTO SA PANG-ESTADO AT LOKAL NA GOBYERNO:

- Tumaas na mga gastusin ng estado ng hindi bababa sa $10 milyon taun-taon para sa isang bagong ahensya ng estado upang pangasiwaan at ipatupad ang mga batas sa pagkapribado ng mamimili.
- Tumaas na mga gastusin ng estado na malamang na hindi lalampas sa mababang milyun-milyong dolyar taun-taon, para sa madadagdagang gawain ng korte at pagpapatupad ng Department of Justice (Kagawaran ng Katarungan). Ang ilan o lahat ng gastusing ito ay mababayaran sa pamamagitan ng mga multang nakolekta para sa mga paglabag sa mga batas sa pagkapribado ng mamimili.
- Hindi batid na epekto sa mga pang-estado at lokal na kita sa buwis dahil sa mga epekto sa ekonomiyang nagreresulta mula sa mga bagong iniaatas sa mga negosyo upang protektahan ang mga datos ng mamimili.

PAGSUSURI NG PAMBATASANG TAGASURI

BATAYAN

KINOKOLEKTA AT GINAGAMIT NG MGA NEGOSYO ANG DATOS NG MAMIMILI

Kinokolekta ng mga negosyo ang datos tungkol sa mga mamimili mula sa iba't ibang mapagkukunan. Kabilang sa mga ito ang (1) pampublikong mapagkukunan, (2) ang mismong mamimili (gaya ng kapag gumagawa ng account ang mga mamimili), o (3) iba pang negosyo (gaya ng sa pamamagitan ng pagbili ng datos). Ginagamit ng mga negosyo ang datos sa iba't ibang paraan, gaya ng pagpapahusay sa kanilang mga benta o serbisyo sa kustomer. Maaari ding gamitin ng mga negosyo ang datos para magbigay ng mga serbisyo sa iba pang negosyo. Halimbawa, ilang kumpanya ng Internet na nagbibigay ng mga libreng serbisyo at nangongolekta ng datos sa mga mamimili na gumagamit sa mga ito. Ginagamit ng mga kumpanyang ito ang datos para pagtuunan ang mga ad at mamimili para sa iba pang negosyo. Panghuli, kung minsan, ginagamit ng mga negosyo ang datos para gumawa ng mga panghuhula tungkol sa mga pananaw at kagustuhan ng mga mamimili (gaya ng kanilang paraan ng pamumuhay).

DAPAT MATUGUNAN NG ILANG PARTIKULAR NA NEGOSYO ANG MGA KINAKAILANGAN SA PAGKAPRIBADO NG DATOS NG MAMIMILI

Sa ilalim ng pang-estadong batas, dapat na matugunan ng ilang partikular na negosyo na pinapatakbo sa California at nangongolekta ng personal na datos ang mga kinakailangan sa pagkapribado ng datos ng namimimili. (Kabilang sa personal na datos ang impormasyon gaya ng mga pangalan, aktibidad sa Internet o pagbili, at panghuhula tungkol sa mga mamimili.) Ang mga negosyong ito ay karaniwang (1) mas kumikita ng higit sa $25 milyon sa taunang kita; (2) bumibili, nagbebenta, o nagbabahagi ng personal na datos ng 50,000 o higit pang mamimili, sambahayan, o device taun-taon; o (3) kumikita ng 50 porsyento o higit pa sa kanilang taunang kita mula sa pagbebenta ng personal na datos.

PAGSUSURI NG PAMBATASANG TAGASURI

Partikular na, ang mga negosyong ito ay dapat:

- ***Abisuhan ang Mga Mamimili sa Pagkolekta ng Datos.*** Sa pangkalahatan, dapat na ipaalam ng mga negosyo sa mga mamimili kung kokolektahin o ibebenta nila ang personal na datos. Dapat din nilang ipaalam sa mga mamimili kung paano nila gagamitin ang datos.
- ***Sumunod sa Mga Karapatan sa Pagkapribado ng Personal na Datos.*** Nagbibigay ang pang-estadong batas sa mga mamimili ng ilang partikular na karapatan na dapat sundin ng mga negosyo. Halimbawa, maaaring humiling ang mga mamimili ng mga libreng ulat sa kanilang personal na datos na kokolektahin o ibebenta ng negosyo. Karaniwang maaari ding sabihing mga mamimili sa mga negosyo na burahin ang kanilang personal na datos (gaya ng mga pangalan o grado ng mag-aaral at resulta ng pagsusulit). Panghuli, maaaring ipaalam ng mga mamimili sa mga negosyo na huwag ibenta ang kanilang personal na datos. Dapat na ipaalam ng mga negosyo sa mga mamimili ang kanilang mga karapatan sa personal na datos.
- ***Huwag Tratuhin Nang Iba Ang Mga Mamimiling Ginagamit Ang Kanilang Mga Karapatan.*** Halimbawa, hindi maaaring maningil ang mga negosyo ng ibang presyo o magbigay ng ibang antas ng serbisyo sa mga mamimili na ginagamit ang kanilang mga karapatan sa personal na datos. Gayunpaman, maaaring hikayatin ng mga negosyo ang mga mamimili na payagan silang kolektahin at ibenta ang personal na datos, gaya ng sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga bayad at diskuwento sa mga mamimili.

Maaaring humarap ang mga negosyo sa mga multang hanggang $2,500 para sa bawat paglabag sa mga kinakailangang ito. Maaaring pataasin ang mga multa nang hanggang $7,500 para sa mga sinasadyang paglabag. Maaari lang mailapat ang mga multa kung mabibigo ang mga negosyo na tugunan ang paglabag sa loob ng 30 araw pagkatapos ipaalam ang paglabag. Maaaring hilingin ng Kagawaran ng Hustisya ng California (DOJ) lamang ang mga multang ito. Karaniwang idinedeposito ang mga kita sa multa sa Pondo sa Pagkapribado ng Mamimili (CPF) ng estado. Dapat munang gamitin ang mga kita ng CPF para bayaran ang hukuman ng paglilitis ng estado at mga gastusin ng DOJ kaugnay ng ilang partikular na batas sa pagkapribado ng mamimili. Maaaring ilaan ng Lehislatura ang anumang natitirang pondo para sa iba pang layunin.

DAPAT NA MATUGUNAN NG MGA NEGOSYO ANG MGA KINAKAILANGAN SA PAGLABAG SA DATOS

Nagkakaroon ng paglabag sa datos kapag na-akseso ng mga tao ang impormasyon, gaya ng datos ng mamimili, nang walang pahintulot. Iniaatas ng batas ng estado sa mga negosyo na magsagawa ng mga makatwirang hakbang para protektahan ang datos ng mamimili mula sa mga paglabag. Dapat ding ipaalam ng mga negosyo sa mga tao kung na-akseso ang kanilang datos sa isang paglabag sa datos. Maaaring magresulta ang mga paglabag sa ilang partikular na personal na datos sa mga multa na $100 hanggang $750 kada mamimili sa bawat sitwasyon o mga aktwal na pinsala—kung alinman ang mas mataas. Maaaring hilingin ng mamimiling apektado ng naturang paglabag na kolektahin ang mga multang ito kung hindi matutugunan ng negosyo ang paglabag sa loob ng 30 araw pagkatapos itong sabihin sa kanila. Karaniwang maaari ding hilingin ng DOJ ang mga multang ito para sa mga paglabag sa datos. Ilan sa mga multang ito ay maaaring ideposito sa CPF.

IPINATUTUPAD NG DOJ ANG MGA BATAS SA PAGKAPRIBADO NG MAMIMILI AT PAGLABAG SA DATOS

Ipinatutupad ng DOJ ang mga batas sa pagkapribado ng mamimili at paglabag sa datos ng estado sa dalawang pangunahing paraan. Una, bumubuo ang DOJ ng mga regulasyong nagbibigay ng mas maraming detalye sa kung paano dapat sumunod ang mga negosyo at mamimili sa mga batas. Halimbawa, kabilang sa mga regulasyong ito ang mga panuntunan sa kung paano dapat pangasiwaan ng mga negosyo ang mga kahilingang huwag ibenta ang personal na datos. Pangalawa, inuusig ng DOJ ang mga krimen (gaya ng pagnanakaw ng pagkakakilanlan) o naghahain ng kaso sa mga hukuman ng paglilitis ng estado laban sa sinumang lalabag sa mga batas na ito.

MUNGKAHI

Magagawa ng Proposisyon 24 na (1) babaguhin ang mga kasalukuyang batas sa pagkapribado ng datos ng mamimili, (2) magbigay ng mga bagong karapatan sa pagkapribado ng mamimili, (3) baguhin ang mga kasalukuyang multa at ang paggamit ng mga kita sa multa, at (4) gumawa ng bagong ahensiya ng estado para pamahalaan at ipatupad ang mga batas sa pagkapribado ng datos ng mamimili. Kung aaprubahan, karamihan sa proposisyong ito ay magkakaroon ng bisa sa Enero 2023. Ang ilang bahagi ng proposisyon, gaya ng paggawa ng bagong ahensiya ng estado at mga kinakailangan sa pagbuo ng mga bagong regulasyon, ay agad na magkakaroon ng bisa.

PAGSUSURI NG PAMBATASANG TAGASURI

IPINAGPATULOY

BABAGUHIN ANG MGA KASALUKUYANG BATAS SA PAGKAPRIBADO NG DATOS NG MAMIMILI

Babaguhin ang Mga Kinakailangan sa Pagkapribado ng Datos na Dapat Matugunan ng Mga Negosyo Babaguhin ng proposisyong ito kung aling mga negosyo ang kinakailangang tumugon sa mga kinakailangan sa pagkapribado ng datos ng mamimili ng estado. Karaniwang babawasan ng mga pagbabagong ito ang bilang ng mga negosyong kinakailangang tumugon sa mga kinakailangang ito. Halimbawa, kasalukuyang nalalapat ang mga kinakailangan sa pagkapribado ng datos ng mamimili sa mga negosyong bumibili, nagbebenta, o nagbabahagi para sa mga layunin ng negosyo ng personal na datos ng 50,000 o higit pang mamimili, sambahayan, o mga device taun-taon. (1) Hindi na isinasama ng proposisyon ang mga device at (2) dinaragdagan nito ang taunang limitasyon sa 100,000 o higit pang mamimili o sambahayan.

Babaguhin ang Mga Kasalukuyang Batas sa Pagkapribado ng Datos ng Mamimili. Babaguhin ng proposisyong ito ang mga kinakailangan sa pagkapribado ng datos ng mamimili na dapat na matugunan ng mga negosyo. Sa ilang sitwasyon, magdaragdag ito ng mga bagong kinakailangan. Halimbawa, iniaatas ng proposisyon sa mga negosyo na abisuhan na ngayon ang mga mamimili ang tagal ng panahon na papanatilihin nila ang personal na datos. Sa ilan pang sitwasyon, mag-aalis ito ng mga kinakailangan. Halimbawa, maaaring tumanggi ang mga negosyo na burahin ang mga grado ng mag-aaral o iba pang impormasyon sa ilalim ng mga partikular na kondisyon.

MAGBIBIGAY NG MGA BAGONG KARAPATAN SA PAGKAPRIBADO NG MAMIMILI

Magbibigay ang proposisyong ito ng mga bagong karapatan sa pagkapribado ng datos. Kabilang sa karapatang ito ang:

- ***Lilimitahan Ang Pagbabahagi ng Personal na Datos.*** Maaaring sabihin ng mga mamimili sa mga negosyo na huwag ibahagi ang kanilang personal na datos.
- ***Tamang Personal na Datos.*** Maaaring sabihin ng mga mamimili sa mga negosyo na magsagawa ng mga makatwirang pagsusumikap para itama ang personal na datos na mayroon sila.
- ***Lilimitahan ang Paggamit ng "Sensitibong" Personal na Datos.*** Inilalarawan ng proposisyon ang ilang partikular na bahagi ng personal na datos bilang sensitibo. Kabilang sa mga halimbawa ang mga numero ng social security, pag-log in ng account na may mga password, at datos sa kalusugan. Maaaring sabihin ng mga mamimili sa mga negosyo na limitahan ang paggamit ng kanilang sensitibong personal na datos para lang (1) magbigay ng mga hinihiling na serbisyo o produkto at (2) punan ang mga pangunahing layunin ng negosyo (gaya ng pagbibigay ng serbisyo para sa kustomer).

BABAGUHIN ANG MGA KASALUKUYANG MULTA AT LILIMITAHAN ANG PAGGAMIT NG MGA KITA SA MULTA

Pinapahintulutan ng proposisyong ito ang bagong multa na hanggang $7,500 para sa mga paglabag sa mga karapatan sa pagkapribado ng mga menor de edad na mamimili. Inaalis din ng proposisyon ang kakayahan ng mga negosyo na iwasan ang mga multa sa pamamagitan ng pagtugon sa mga paglabag sa loob ng 30 araw pagkatapos ipaalam ang paglabag. Bilang karagdagan, ipapailalim ng proposisyon sa mga multa ang mga paglabag sa datos ng mga email address kasama ng mga impormasyong magbibigay ng access sa isang account (gaya ng password). Tinutukoy rin ng proposisyon na ang mga negosyo na magkakaproblema sa paglabag sa datos dahil sa walang makatwirang pamamaraan ng seguridad ay hindi na maaaring umiwas sa mga multa sa pamamagitan ng pagbabalik sa mga ito sa loob ng 30 araw pagkatapos ng paglabag.

Bilang karagdagan, nililimitahan ng proposisyon ang kakayahan ng Lehislatura na gamitin ang mga kita ng CPF para sa layunin bukod pa sa pagkapribado ng mamimili. Pagkatapos bayaran ang hukuman ng paglilitis ng estado at mga gastusin ng DOJ bawat taon, iniaatas ng proposisyon ang 91 porsyento ng natitirang pondo sa pamumuhunan ng estado sa anumang interes o kita na ipapadala sa Pangkalahatang Pondo ng estado. Ang natitirang 9 na porsyento ng mga pondo ay susuporta sa pampublikong edukasyon sa pagkapribado ng mamimili at pagsugpo sa panloloko na magreresulta sa mga paglabag sa datos.

GAGAWA NG BAGONG AHENSIYA SA PAGPAPATUPAD NG ESTADO

Gagawa ang proposisyong ito ng bagong ahensya ng estado, ang Ahensiya ng Proteksyon sa Pagkapribado ng California (California Privacy Protection Agency, CPPA), para pamahalaan at ipatupad ang mga batas sa pagkapribado ng mamimili ng estado. Pamamahalaan ang CPPA ng limang miyembrong lupon na mayroong malawak na hanay ng mga responsibilidad. Halimbawa, iimbestigahan ng ahensiya ang mga paglabag, tatantiyahin ang mga multa, at bubuo ng mga regulasyon. Maaaring suriin ng mga hukuman ng paglilitis ng estado ang anumang desisyon ng CPPA kaugnay ng reklamo laban sa negosyo o isang multa.

PAGSUSURI NG PAMBATASANG TAGASURI IPINAGPATULOY

Magbibigay ang proposisyong ito ng $10 milyon taon-taon (isasaayos sa paglipas ng panahon) mula sa Pangkalahatang Pondo ng estado para suportahan ang mga operasyon ng ahenisya. Malilipat ang ilan sa mga kasalukuyang responsibilidad ng DOJ sa CPPA, gaya ng pagbuo ng mga regulasyon. Iniaatas ng proposisyon ang pagbuo ng malawak na hanay ng mga bagong regulasyon. Halimbawa, kabilang dito ang mga panuntunan sa pagtatama ng personal na datos ng mamimili at pagtukoy kung dapat na magsagawa ang mga negosyo ng pagsusuri sa kanilang kakayahang magprotekta ng datos. Gayunpaman, maaari pa ring ipatupad ng DOJ ang mga batas sa pagkapribado ng datos ng mamimili sa pamamagitan ng pag-uusig ng mga krimen at paghahain ng mga kaso sa mga hukuman ng paglilitis ng estado. Kung pipiliin ng DOJ na isagawa ang naturang pagkilos o magsagawa ng imbestigasyon, maaaring sabihin ng DOJ sa CPPA na ihinto ang anumang imbestigasyon o pagpapatupad ng mga aktibidad na posibleng sabay na isinasagawa ng ahensiya.

MGA EPEKTO SA PANANALAPI

Makakaapekto ang Proposisyon 24 sa mga gastusin ng estado at kita sa buwis ng estado at lokal. Ang aktwal na laki ng mga epektong ito, gayunpaman, ay hindi tiyak at nakadepende sa kung paano tutugon ang mga kustomer, negosyo, at pamahalaan sa proposisyon. Halimbawa, hindi malinaw kung paano babaguhin ng mga negosyo ang kanilang mga operasyon at kung ilang paglabag sa proposisyong ito ang iimbestigahan at magreresulta sa mga multa.

Papataasin ang Mga Gastusin ng Estado para sa Bagong Ahensiya. Gaya ng tinatalakay sa itaas, gagawa ang proposisyong ito ng bagong ahensya ng estado para pamahalaan at ipatupad ang mga batas sa pagkapribado ng mamimili. Bagama't malilipat ang ilang gawain mula sa DOJ, tataas din ang mga gastusin ng estado dahil sa bago o pinalawak na gawain. Magbibigay ang proposisyong ito ng hindi bababa sa **$10 milyon taon-taon** (isasaayos sa paglipas ng panahon) mula sa Pangkalahatang Pondo ng estado para suportahan ang pagtaas ng mga gastusin ng estado para sa mga operasyon ng CPPA. Ang halagang ito ay mas mababa sa 1 porsyento ng kasalukuyang badyet ng Pangkalahatang Pondo ng estado. Depende sa kung paano isasagawa ng ahensiya ang mga responsibilidad na ito, posibleng mas mataas ang mga aktwal na gastusin ng gawain ng CPPA.

Papataasin Ang Mga Gastusin ng DOJ at Hukuman ng Estado. Makakaapekto ang proposisyong ito sa gawain ng DOJ at hukuman ng estado. Maaaring madagdagan ang gawain ng DOJ kung pipiliin nitong mag-imbestiga at/o maghain ng mas maraming kaso laban sa mga negosyong hindi nakatutugon sa mga batas sa pagkapribado ng datos ng mamimili ng estado. Gayunpaman, maaaring bahagya o ganap na ma-balanse ang gawaing ito sa pamamagitan ng pagbabawas sa trabaho mula sa paglilipat ng mga responsibilidad mula sa DOJ papunta sa CPPA. Bilang karagdagan, maaaring madagdagan ang trabaho ng hukuman ng estado kung magreresulta ang proposisyon sa mas maraming kasong nahahain. Ang mga gastos sa madaragdag na trabaho ay nakadepende sa bilang ng mga imbestigasyong sisimulan at ang mga uri ng mga kasong ihahain sa mga hukuman ng estado. Sa kabuuan, ang pagtaas ng mga gastusin ng estado sa DOJ at ng mga hukuman ng paglilitis ay malamang na hindi lalampas sa mababang milyon-milyong dolyar taon-taon. Ang ilan o lahat ng gastos na ito ay mababayaran sa pamamagitan ng tumaas na kita mula sa mga multang nakolekta sa mga negosyo na lumabag sa mga batas sa pagkapribado ng mamimili.

Mga Potensyal na Epekto sa Mga Kita sa Buwis. Ang proposisyon ay magkakaroon ng iba't ibang epekto sa negosyo at mga mamimili, na maaaring makaapekto sa mga pang-estado at lokal na kita sa buwis. Sa kabilang banda, maaaring mabawasan ng proposisyon ang mga kita sa buwis. Mangyayari ito kung mababawasan ng gastos sa pagtugon sa mga kinakailangan ng proposisyon, gaya ng pagtama sa datos ng mamimili, ang kinikita ng mga negosyo. Bilang resulta, mas mababa ang babayaran ng mga negosyo sa mga buwis sa pang-estado at lokal na pamahalaan. Sa kabilang banda, maaaring madagdagan ng proposisyon ang mga kita sa buwis. Halimbawa, maaaring mabawasan ng proposisyong ito ang kalalaan o bilang ng mga paglabag sa datos. Kung magreresulta ito sa pagkabawas ng pera ng mga negosyo at mamimili, tataas ang mga kita sa buwis kung mas gagastos ang mga mamimili sa may mga buwis na bagay at/o mga negosyong mas kumikita. Hindi alam ang kabuuang netong epekto sa ekonomiya at kita ng estado at lokal na pamahalaan.

Bumisita sa *http://cal-access.sos.ca.gov/campaign/measures/* para sa listahan ng mga komite na pangunahing binuo upang suportahan o tutulan ang panukalang ito.

Bumisita sa *http://www.fppc.ca.gov/transparency/top-contributors.html* upang makita ang nangungunang 10 tagaambag ng komite.

Kung gusto ninyo ng kopya ng buong teksto ng panukalang ito ng estado, pakitawagan ang Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957 o maaari kayong mag-email sa *vigfeedback@sos.ca.gov* at libreng magpapadala sa inyo ng kopya sa pamamagitan ng mail.

★ PANGANGATWIRANG PABOR SA PROPOSISYON 24 ★

Kinokolekta ng pinakamalalaking korporasyon sa mundo ang pinakapersonal at pribadong impormasyong tungkol sa ating lahat. Sa kasamaang palad, ang ating kasalukuyang mga batas ay hindi ganoong kalakas para protektahan tayo o ang ating mga pamilya mula sa mga mang-aabuso sa ating pinakapersonal na impormasyon.

Noong 2018, ipinatupad ng Lehislatura ang California Consumer Privacy Act (Batas sa Pagkapribado ng Mamimili ng California). Pero simula noon, paulit-ulit na sinubukan ng industriya na pahinain at limitahan ang pagpapatupad ng batas na ito.

Kailangan ng mga mamimili ng mas matibay na proteksyon. Kaya naman sinimulan namin ang California Privacy Rights Act ng 2020 (Batas sa Mga Karapatan sa Pagkapribado ng California), para palakasin ang mga kasalukuyang batas sa pagkapribado.

Bilang karagdagan sa pagsubaybay sa ating mga anak, maraming korporasyon ang patuloy na sumusubaybay sa atin, mula sa gym papunta sa opisina hanggang sa klinika; kilala nila ang ating mga kaibigan, alam ang ating mga trabaho, timbang, kung saan tayo kakain at kung gaano tayo kabilis magmaneho, ang ating mga pribadong paghahanap at ano ang ating mga tinitingnan online. Nasusubaybayan at ibinebenta rin nila ang sensitibong impormasyon tulad ng ating lahi, sekswal na oryentasyon, at relihiyon.

Naniniwala kaming tayo dapat ang may kontrol sa ating sariling impormasyon, at may karapatan tayong ihinto ang paggamit sa ating pinakasensitibong personal na impormasyon.

ANG ATING PERSONAL NA IMPORMASYON—AT NG ATING MGA ANAK—AY NAAABUSO:

Kumikita ng bilyon-bilyon ang malalaking korporasyon sa pamamagitan ng pagbili at pagbebenta ng ating personal na impormasyon—patuloy na ibinebenta ng mga app, telepono, at sasakyan ang inyong lokasyon. Binibigyan kayo ng Batas sa Mga Karapatan sa Pagkapribado ng California ng kapangyarihan na patigilin ang mga negosyo sa tumpak na pagsubaybay sa inyo, tulad ng pagbebenta kung ilang beses kayong pumupunta sa gym o mga fast food restaurant hanggang sa mga tagaseguro ng kalusugan—nang hindi ninyo nalalaman o walang pahintulot ninyo.

Ang malala pa, hindi pinapanatiling ligtas ng mga korporasyong ito ang inyong impormasyon. Noong 2018, mayroong 1,244,000,000 paglabag sa datos sa U.S., na may lampas sa 446,000,000 talaang nailantad, na humahantong sa malawakang pagnanakaw ng pagkakakilanlan. Hawak ng panukalang ito ang malalaking negosyo na responsable sa pagpapataw ng malalaking multa kung hindi sila susunod at hindi nila pinapanatiling ligtas ang impormasyon sa kalusugan ninyo o ng inyong mga anak, o ang mga numero ng inyong Social Security.

GAGAWIN NG BATAS SA MGA KARAPATAN SA PAGKAPRIBADO NG CALIFORNIA ANG MGA SUMUSUNOD:

1. POPROTEKTAHAN ANG INYONG PINAKAPERSONAL NA IMPORMASYON, sa pamamagitan ng pagpapahintulot sa inyong pigilan ang mga negosyo sa paggamit o pagbabahagi ng sensitibong impormasyong tungkol sa inyong kalusugan, pananalapi, lahi, etnisidad, at tumpak na lokasyon;

2. Iingatan ang mga kabataan, TITRIPLEHIN ANG MGA MULTA para sa mga paglabag kaugnay ng impormasyon ng mga bata;

3. Maglalagay ng mga bagong limitasyon sa pangongolekta at paggamit ng mga kumpanya sa ating personal na impormasyon;

4. Magtatatag ng ahensiyang magpapatupad—ang California Privacy Protection Agency (Ahensiya sa Pagprotekta ng Pagkapribado ng California)—para depensahan ang mga karapatang ito at pananagutin ang mga kumpanya, at palawakin ang pagpapatupad kabilang ang PAGPAPATAW NG MGA MULTA PARA SA HINDI PAGSUNOD na magreresulta sa pagnanakaw ng mga email at password ng mga mamimili.

5. MAS PINAPAHIRAP ANG PAGPAPAHINA SA PAGKAPRIBADO sa California sa hinaharap, sa pamamagitan ng pagpigil sa mga may espesyal na interes at pulitiko mula sa pagpapabagsak sa mga karapatan sa pagkapribado ng mamamayan ng California, habang pinapayagan ang Lehislatura na amyendahan ang batas para mas paigtingin pa ang pangunahing layunin ng pagpapalakas sa pagkapribado ng mamimili para mas maprotektahan kayo at ang inyong anak, gaya ng pag-pili sa paggamit ng datos, pagpapaigtingin sa mga proteksyon para sa mga natatanging mahinang menor de edad, at mas malaking kapangyarihan para sa mga indibidwal na pananagutin ang mga lalabas.

BUMOTO NG OO SA PROP. 24 PARA SUPORTAHAN ANG BATAS SA MGA KARAPATAN SA PAGKAPRIBADO NG CALIFORNIA:

Pinamunuan ng California ang bansa sa pagpapatibay ng mga karapatan sa pagkapribado, pero malalaking korporasyon ang gumagasta ng milyon-milyon para makahikayat na pahinain ang ating mga batas. Sa halip, kailangan nating mas palakasin ang mga batas sa pagkapribado ng California. Kailangan nating ingatan ang ating mga proteksyon sa pagkapribado, at panagutin ang mga korporasyon kapag nilabag nila ang ating pinakamahahalagang karapatan.

Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang: *www.caprivacy.org*.

Mangyaring samahan kami at BUMOTO SA OO SA PROP. 24.

JAMES P. STEYER, CEO
Common Sense Media

ALICE A. HUFFMAN, Presidente
California NAACP

CELINE MACTAGGART, Direktor
Mga Mamamayan ng California para sa Pagkapribado ng Mamimili

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PABOR SA PROPOSISYON 24 ★

Araw-araw tayong nagsusumikap para protektahan ang mga karapatan ng lahat ng mamamayan ng California. SINASALUNGAT namin ang Proposisyon 24 dahil dinaragdan nito ang pabor sa malalaking korporasyon ng teknolohiya at binabawasan ang mga karapatan sa pagkapribado.

Kung TALAGANG pinapalakas ng Proposisyon 24 ang mga proteksyon sa pagkapribado, ipaglalaban namin ito. Pero ang totoo, ang 52 pahina nito ay puno ng mga pamigay sa social media at malalaking korporasyon ng teknolohiya.

Umaasa ang tagapagpondo ng Proposisyon 24 na hindi ninyo babasahin ang mga mahahalagang bahagi nito. Kung babasahin ninyo, makikita ninyong binabawasan nito ang inyong karapatan sa ilalim ng kasalukuyang batas, nagbibigay sa malalaking negosyo ng teknolohiya ng mga bagong paraan para kolektahin ang inyong pribadong impormasyon, tulad ng datos mula sa mga app para sa kalusugan at pinansyal, at pagsubaybay kung saan kayo pupunta.

Hinihiling sa inyo ng Proposisyon 24 na aprubahan ang "magbayad para sa pagkapribado," na nagbibigay-daan sa mga kumpanya na mas dagdagan ang singil para ingatan ang inyong personal na impormasyon. Mahirap na para sa mga mamamayan ng California na hirap sa pananalapi na i-akseso ang mabilis na internet para sa mahahalagang serbisyo, pangangalagang pangkalusugan, at paaralan sa panahon ng pandemya. Ang bayad para sa pagkapribado ay may mga epektong nandidiskrimina sa lahi, desproporsyonadong nagpepresyo sa mga nagtatrabahong tao, nakakatanda, at mga pamilyang may lahing Itim at Latino. Karapatan ng lahat ng mamamayan ng California ang pagkapribado, hindi lang ng mayayaman.

Nililimitahan ng Proposisyon 24 ang mga mamamayan ng California mula sa pagpapatupad ng inyong mga sariling karapatan sa pagkapribado sa hukuman. Nais nitong magtiwala kayo sa bagong ahensiya ng estado, na ginawa sa panahon ng limitadong badyet, para protektahan ang inyong mga karapatan.

Palihim na isinulat ang Proposisyon 24 na may mungkahi mula sa parehong mga kumpanya ng teknolohiya na may mga kasaysayan ng pagkita mula sa inyong personal na impormasyon sa mga hindi patas at nandidiskriminang paraan. Nagbibigay ito ng mas malaking kapangyarihan sa mga kamay ng mga kumpanya ng teknolohiya tulad ng Facebook na mayroon nang masyadong maraming kapangyarihan. Pinoprotektahan nito ang negosyo sa teknolohiya, hindi ang mga tao. Bumoto ng HINDI sa Proposisyon 24.

KEVIN BAKER, Direktor
Sentro para sa Pagtataguyod at Patakaran, Unyon ng Mga Sibil na Kalayaan ng Amerikano (ACLU) ng California

NAN BRASMER, Presidente
Alyansa para sa Mga Retiradong Amerikano sa California

JOHN MATHIAS, Nakakataas na Kinatawang Direktor ng Kampanya Kulay ng Pagbabago

Ang mga nakalimbag na pangangatwiran sa pahinang ito ay opinyon ng mga may-akda, at hindi nasuri para sa katumpakan ng anumang opisyal na ahensiya.

★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 24 ★

Bumoto ng HINDI sa Proposisyon 24 dahil ito ay palihim na isinulat na may mungkahi mula sa malalaking korporasyon ng teknolohiya na nangongolekta at maling gumagamit ng ating personal na impormasyon—habang tinatanggihan ng tagapagtaguyod ng panukala ang halos lahat ng suhestyon mula sa 11 grupo para sa mga karapatan sa pagkapribado at mamimili. Binabawasan ng Proposisyon 24 ang mga proteksyon sa pagkapribado sa pamamagitan ng labis na pagpapahina sa inyong mga karapatan sa ilalim ng kasalukuyang batas ng California.

Huwag magkamali—nakasalalay ang pagkapribado ng bawat mamamayan ng California!

Ang mga tunay na magwawagi sa Proposisyon 24 ay ang malalaking plataporma ng social media, malalaking kumpanya ng teknolohiya, at mga korporasyong nag-uulat ng kredito na may mas kalayaan sa panghihimasok sa pagkapribado ng mga manggagawa at mamimili, at patuloy na pagbabahagi ng inyong datos ng kredito. Narito ang hindi nila ipapaalam sa inyo tungkol sa 52 pahina ng mga mahahalagang bahagi nito:

Hinihiling sa inyo ng Proposisyon 24 na mag-apruba ng diskarte sa Internet na "magbayad para sa pagkapribado". Ang mga hindi makakapagbayad ng mas malaki ay makakatanggap ng mas mababang serbisyo—mga hindi magandang koneksyon, mabagal na pag-download, at mas maraming nagpa-pop up na ad. Isa itong elektronikong bersyon ng freeway na mabilis na linya para sa mayayaman at masikip na trapiko para sa ibang tao.

Sa kasalukuyan, maaaring makakuha ang mga taga-empleyo ng lahat ng uri ng personal na impormasyon tungkol sa kanilang mga manggagawa at sa mga aplikante sa trabaho, kabilang ang mga bagay tulad ng paggamit ng pregnancy tracking app, kung saan ka nagsisimba, o kung dumadalo ka sa mga pampulitikang protesta. Pinapayagan ng Proposisyon 24 ang mga taga-empleyo na patuloy na palihim na kunin ang impormasyong ito sa loob ng maraming taon na darating, na nagsasantabi sa bagong batas na nagbibigay-daan sa mga manggagawa na malaman kung anong sensitibong pribadong impormasyon ang mayroon ang kanilang mga amo simula Enero 1, 2021.

Sa ilalim ng batas ng California, susundan kayo ng inyong mga karapatan sa pagkapribado saan ka man pupunta. Pero sa Proposisyon 24, sa oras na bumiyahe sa labas ng estado na may dalang telepono, nasusuot na aparato, o kompyuter, nabibigyang-daan ang malalaking kumpanya na kunin ang impormasyon sa kalusugan, pinansyal, at iba pang kompidensiyal na impormasyon na itinatabi ninyo sa inyong aparato.

Maaari ninyong itakda ang mga web browser at cell phone na magpadala ng signal sa bawat website na binibisita ninyo at app na ginagamit ninyo na itigil ang pagbebenta ng inyong personal na datos, para hindi na ninyo ito kailangang isipin bawat oras. Papayagan ng Proposisyon 24 ang mga kumpanya na ipagsawalang-bahala ang mga tagubiling iyon at ililipat sa inyo ang pasanin para abisuhan ang bawat isa at lahat ng website at app nang indibidwal para protektahan ang inyong datos.

Mukhang maganda ang bagong ahensiya sa pagpapatupad ng Proposisyon 24, pero kapag nahuli ang mga korporasyon ng teknolohiya na nilalabag ang inyong pagkapribado, ang kailangan lang nilang gawin ay makipagtulungan sa ahensiya at maliit na parusa lang ang kanilang makukuha.

Nagkaroon lang ng bisa ang bagong batas ng pagkapribado ng California ngayong taon. Gumagastos ang maliliit na negosyo ng malalaking pera para sumunod sa mga bagong regulasyon. Bago pa namin malaman kung paano iiral ang bagong batas na ito, isinusulat ito ulit ng Proposisyon 24, pinupuwersa ang maliliit na negosyo na akuin ang mas malalaki pang gastusin sa oras na nagdulot ang pagbagal ng ekonomiko sa maraming negosyo ng malapit nang pagsasara ng kanilang mga pinto.

Isinulat ang Proposisyon 24 para payagan ang malalaking plataporma ng social media at mga kumpanya ng Internet at teknolohiya na gumagastos ng milyon-milyong dolyar sa isang taon para impluwensyahan ang pamahalaan sa lahat ng antas para iwasan ang mga batas na maaaring makasira sa kanilang mga tubo. Malaking tagumpay para sa kanila ang Proposisyon 24—at isang malaking pagsuko para sa pagkapribado ng mamimili. Mangyaring bumoto ng HINDI sa Proposisyon 24.

www.CaliforniansForRealPrivacy.org

TRACY ROSENBERG, Presidente
Mga Mamamayan ng California para sa Pagkapribado Ngayon

RICHARD HOLOBER, Presidente
Pederasyon ng Mamimili ng California

DOLORES HUERTA, Pinuno ng Mga Karapatan sa Paggawa at Sibil

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 24 ★

SINUSUPORTAHAN NG MGA PINUNO NG KOMUNIDAD ANG PROP. 24

Nagbibigay-daan ang Prop. 24 sa Lehislatura para ipasa ang mas malalakas na batas sa pagkapribado, kabilang ang mas mahigpit na pagbabawal sa mga kumpanya na tratuhin ang mga mamimili nang iba dahil sa kanilang mga pasya sa pagkapribado.

OO SA 24 PARA ITIGIL ANG MGA PAGSUBOK NA PAHINAIN ANG PAGKAPRIBADO

"Nasaksihan ko ang maraming pagsubok na pahinain ang mga batas sa pagkapribado ng California sa pamamagitan ng mga mapanlinlang na pinangalanang grupo. Pinoprotektahan ng Prop. 24 ang sensitibong personal na impormasyon, pagkapribado ng mga bata, at tumutulong para patigilin ang pagnanakaw sa pagkakakilanlan. Mas malakas pa ito kumpara sa Batas sa Pagkapribado ng Mamimili ng California. Mangyaring bumoto ng OO sa Prop. 24."—*Senator Robert M. Hertzberg, Kasamang Awtor, Batas sa Pagkapribado ng Mamimili ng California*

OO SA 24 PARA SUPORTAHAN ANG PAGIGING PATAS SA EKONOMIYA

"Ang mga monopolyong tulad ng Facebook at Google ay kumikita ng malaki sa pamamagitan ng paggamit sa inyong pribadong impormasyon para manipulahin kung ano ang makikita ninyo online. Bumoto ng OO sa PROP. 24, para maibalik ang kontrol sa inyong pinakamahahalagang bagay: ang inyong personal na impormasyon."—*Paul Romer, Nanalo ng Nobel Prize sa Ekonomiko*

OO SA 24 PARA PATIGILIN ANG PAG-HUGIS NG LAHI ONLINE

"Pinapayagan ng Prop. 24 ang mga mamimili na patigilin ang mga kumpanya mula sa paggamit ng online na pag-hugis ng lahi para idiskrimina sila."—*Alice Huffman, Presidente, California NAACP*

OO SA 24 PARA PROTEKTAHAN ANG DATOS SA KALUSUGAN

"Papatigilin ang mga negosyo sa paggamit ng inyong pinakapersonal na impormasyon sa kalusugan nang wala ang inyong pahintulot. Bumoto ng oo sa Prop. 24."—*Brad Jacobs, MD, Dating Tagapangulo, Akademya ng Integratibong Kalusugan at Medisina*

OO SA 24 PARA PALAKASIN ANG MGA BATAS SA PAGKAPRIBADO NG CALIFORNIA

"Ikinagagalak namin ang Batas sa Mga Karapatan sa Pagkapribado ng California ay magsasara ng mga kakulangan, papalakasin ang pagpapatupad, at tutulong sa pagpigil sa Lehislatura mula sa pagpapahina sa panukala."—*Maureen Mahoney, PhD, Mga Ulat ng Mamimili*

OO SA 24 PARA PROTEKTAHAN ANG MGA BATA ONLINE

"Naglalaan ang mga bata ng napakaraming oras online sa taong ito! Protektahan sila sa pamamagitan ng pagboto ng OO sa Prop. 24, na tinitriple ang mga multa para sa paglabag sa pagkapribado ng mga bata."—*Alex Traverso, Presidente, Theodore Judah PTA*

JAMES P. STEYER, CEO
Common Sense Media

ALICE A. HUFFMAN, Presidente
California NAACP

CELINE MACTAGGART, Direktor
Mga Mamamayan ng California para sa Pagkapribado ng Mamimili

PROPOSISYON

25

REPERENDUM SA BATAS NA MAGPAPALIT SA PIYANSANG PERA NG SISTEMANG BATAY SA PAMPUBLIKONG KALIGTASAN AT PANGANIB NG PAGTAKAS SA IBANG LUGAR.

OPISYAL NA TITULO AT BUOD

INIHANDA NG PANGKALAHATANG ABUGADO

Makikita ang teksto ng panukalang ito sa website ng Kalihim ng Estado sa *voterguide.sos.ca.gov.*

Ang botong "Oo" ay mag-aapruba, at ang botong "Hindi" ay tatanggi, sa batas noong 2018 na:

- Pinalitan ang sistema ng piyansang pera (para mapalabas ng bilangguan bago ang paglilitis) ng sistemang batay sa pagpapasya sa pampublikong kaligtasan at panganib ng pagtakas sa ibang lugar.
- Naglilimita sa pagkulong sa isang tao sa bilangguan bago ang paglilitis para sa karamihan ng maliliit na pagkakasala.

BUOD NG TANTIYA NG PAMBATASANG TAGASURI SA NETONG PISKAL NA EPEKTO SA PANG-ESTADO AT LOKAL NA PAMAHALAAN:

- Tumaas na mga pang-estado at lokal na gastusing posibleng nasa kalagitnaan ng daan-daang milyong dolyar taun-taon para sa bagong proseso para mapalabas ang mga tao sa bilangguan bago ang paglilitis. Hindi malinaw kung ang ilan sa tumaas na mga pang-estadong gastusin ay mababawi ng mga lokal na pondong kasalukuyang ginagastos sa ganitong uri ng gawain.
- Bumabang mga gastusin sa mga bilangguan ng county na posibleng nasa mataas na milyon-milyong dolyar taon-taon.
- Hindi batid na netong epekto sa mga pang-estado at lokal na kita sa buwis na karaniwang nauugnay sa mga taong ginagastos ang pera sa mga bagay sa halip na pagbabayad para mapalabas ng bilangguan bago ang paglilitis.

PAGSUSURI NG PAMBATASANG TAGASURI

BATAYAN

MAAARING MAGANAP ANG PAGLABAS SA BILANGGUAN BAGO ANG PAGLILITIS SA DALAWANG PARAAN

Pagkakalagay sa Bilangguan Pagkatapos ng Pag-aresto. Dapat dumalo ang mga taong nakasuhan ng krimen sa maraming paglilitis sa hukuman ng paglilitis bago maaaring dinggin ang mga aktwal na kaso sa hukuman ng paglilitis. Kasama sa unang paglilitis sa hukuman—na kilala rin bilang pagsasakdal—ang pagsasabi ng korte sa mga tao ng mga kasong inihain laban sa kanila at pagtatalaga ng abugado kung kinakailangan. Dadalhin sa bilangguan ng county ang ilang taong inaresto bago ang pagsasakdal. Maaaring piliin ng mga sheriff ng county na nagpapatakbo ng bilangguan na palayain kaagad ang tao o ilagay ang tao sa bilangguan.

Paglabas sa Bilangguan Bago ang Paglilitis. Sa ilalim ng Saligang-Batas ng Estado, ang taong inaresto at inilagay sa bilangguan ng county—maliban na lang kung dahil sa mga partikular na krimen ng peloni—ay may karapatang mapalaya bago ang paglilitis. Tinutukoy ng Saligang-Batas na dapat palayain ang mga taong ito sa ilalim ng mga kundisyong hindi labis. Kapag gagawa ng mga pagpapasyang nauugnay sa pagpapalaya ng isang tao bago ang paglilitis, dapat isaalang-alang ng mga hukuman ng paglilitis ang (1) bigat ng krimeng inakusa sa tao, (2) dating kriminal na rekord ng tao, at (3) posibilidad ng pagpapakita ng tao sa hukuman. Maaaring gumamit ang mga hukuman ng impormasyon, kabilang ang mga kasangkapan sa pagtatasa ng panganib (tatalakayin nang mas detalyado sa ibaba), upang makatulong na gawin ang mga pagpapasyang ito.

Sa ilalim ng batas ng estado, karaniwang pinapalaya ang mga tao sa bilangguan bago ang paglilitis sa isa sa dalawang paraan:

- ***Sariling Obligasyon.*** Maaaring palayain ng mga hukuman ng paglilitis ang mga tao sa kanilang "sariling obligasyon" (own recognizance o OR), na karaniwang tumutukoy sa pangako ng tao na magpakita sa mga kinakailangang paglilitis ng hukuman sa hinaharap. Ang mga sheriff ng county na nagpapatakbo ng mga bilangguan ay maaari ding magpalaya ng mga tao sa pamamagitan ng OR sa ilalim ng mga partikular na kundisyon.
- ***Piyansa.*** Maaaring palayain ang mga tao sa pamamagitan ng piyansa. Ang pagpiyansa ay tumutukoy sa pinansyal na garantiya na magpapakita ang isang tao sa hukuman ayon sa kinakailangan.

Mga Kasangkapan sa Pagtatasa ng Panganib Bago ang Paglilitis. Upang makatulong sa mga pagpapasya tungkol sa kung palalayain ang mga tao bago ang paglilitis, gumagamit ang karamihan ng mga hukuman ng mga kasangkapan upang itasa ang panganib (o posibilidad) na ang palalayaing tao ay gagawa ng bagong krimen o hindi magpapakita sa hukuman. Binuo ang mga kasangkapang ito batay sa pananaliksik na nagpapakitang ang mga taong may mga partikular na katangian (tulad ng pagiging mas bata) ay mas malamang na gumawa ng bagong krimen o hindi magpakita sa hukuman. Nagtatalaga ang mga kasangkapan ng mga puntos batay sa mga katangian ng tao. Halimbawa, magtatalaga ang isang kasangkapan ng mas maraming puntos sa mga taong mas bata sa 22 taong gulang dahil mas malamang na gumawa sila

PAGSUSURI NG PAMBATASANG TAGASURI

IPINAGPATULOY

ng mga krimen kaysa sa mas matatandang tao. Katulad nito, ang mga taong hindi nagpakita sa hukuman nang maraming beses dati ay mas malamang na hindi magpakita sa hinaharap at makakatanggap ng mas maraming puntos. Tutukuyin ang antas ng panganib ng tao sa pamamagitan ng kabuuang bilang ng mga puntos na matatanggap. At pagkatapos ay gagamitin ang antas ng panganib na ito upang makatulong na magpasya kung ang tao ay dapat palayain at sa ilalim ng anong mga kundisyon.

PAGLAYA SA PAMAMAGITAN NG PIYANSA

Halaga ng Piyansang Tinukoy ng Bawat Hukuman ng Paglilitis. Ipinag-aatas ng batas ng estado na gumamit ang mga hukuman ng paglilitis ng iskedyul ng pagpiyansa. Inililista ng iskedyul na ito ang halaga ng piyansa na kailangan sa pagpapalaya para sa bawat krimen. Ang mga iskedyul ng pagpiyansa ay karaniwang naiiba ayon sa county ngunit nangangailangan ng mas mataas na piyansa para sa mas mabibigat na krimen. Halimbawa, nag-aatas ang iskedyul ng pagpiyansa sa County ng Los Angeles ng $20,000 para sa panghuhuwad at $250,000 para sa panununog ng bahay.

Piyansang Ibinigay sa Dalawang Paraan. Ang mga paraang ito ay:

- ***Ibinigay ng Tao sa Hukuman.*** Maaaring magbigay ang isang tao ng pera, ari-arian, o ibang gamit sa hukuman ng paglilitis na katumbas ng halaga ng piyansang kinakailangan para sa pagpapalaya. Karaniwang ibinabalik ito kung magpapakita ang tao sa hukuman ayon sa kinakailangan.
- ***Ibinigay ng Ahente ng Pagpiyansa.*** Maaaring magbayad ang isang tao ng hindi ibabalik na bayarin sa isang ahente ng pagpiyansa upang bumili ng bono ng piyansa na sinusuportahan ng kumpanya ng seguro. Ang bayaring ito ay karaniwang hindi mas mataas sa 10 porsyento ng halaga ng piyansa ng tao. Sa pamamagitan ng pagbibigay ng bono, sumasang-ayon ang ahente ng pagpiyansa na bayaran ang buong halaga ng piyansa kung hindi magpapakita ang tao sa hukuman ayon sa kinakailangan. Kung mangyayari ito, maaaring maghabol ang ahente ng pagpiyansa ng pagbabalik ng bayad mula sa tao.

Bihirang Magresulta sa Pagbabayad ng Buong Halaga ng Piyansa ang Hindi Pagpapakita. Kung hindi magpapakita ang isang tao sa hukuman ayon sa kinakailangan, maaaring magpasya ang hukuman na utang ang piyansa. Inilalarawan ng batas ng estado kung kailan dapat bayaran ang buong halaga ng piyansa. Halimbawa, hindi bayad ang piyansa kung ang tao ay ibabalik sa kustodiya ng tagapagpatupad ng batas o ng tauhan ng pagbabalik ng piyansa (na tinatawag minsan na “mga bounty hunter”) sa loob ng 180 araw mula sa pagpapasya ng hukuman. Hindi rin bayad ang piyansa sa ibang kaso, tulad ng kung hindi maayos na maaabisuhan ng hukuman ang kumpanya ng seguro na dapat bayaran ang piyansa. Bilang resulta, talagang bayad lang ang piyansa sa mababang bilang ng mga kaso. Tatanggapin ng mga county at lungsod ang binayarang piyansang ito.

Industriya ng Bono ng Piyansa na Pinamamahalaan ng Estado. Kasama rito ang pagbibigay ng lisensya sa halos 2,500 ahente ng pagpiyansa at pagsubaybay sa bayaring siningil para sa bono ng piyansa na itinalaga ng halos 20 kumpanya ng seguro na sumusuporta sa mga naturang bono. Ang estado ay nag-iimbestiga rin at maaaring tumugon sa administratibong paraan laban sa mga ahente ng pagpiyansa at kumpanya ng seguro. Bilang karagdagan, nakikipagtulungan ang estado sa mga lokal na pamahalaan upang mausig ang mga kriminal na paglabag ng mga ahente ng pagpiyansa at kumpanya ng seguro sa mga hukuman. Naniningil ang estado ng mga bayarin upang makatulog na suportahan ang mga gastusin ng regulasyon.

Noong 2018, nag-isyu ang industriya ng piyansa ng halos $6 bilyon sa mga bono ng piyansa at nangolekta ito ng halos $560 milyon sa mga bayarin sa bono ng piyansa. Kinakailangang magbayad ang mga kumpanya ng seguro ng 2.4 na porsyento ng buwis sa seguro ng estado sa mga bayaring ito—halos $13 milyon noong 2018.

MAAARING MAGANAP ANG PAGLABAS SA BILANGGUAN NANG IBA-IBANG PAGKAKATAON BAGO ANG PAGLILITIS

Proseso ng Pagpapalaya Bago ang Pagsasakdal. Karaniwang maaaring palayain ang mga tao sa bilangguan bago ang pagsasakdal pagkatapos magbigay ng piyansa ayon sa nakalista sa iskedyul ng pagpiyansa para sa mga partikular na krimen. Sa ilang county, maaaring payagan ng mga hukuman ng paglilitis ang ibang mga entidad (tulad ng mga kagawaran ng probasyon ng county) na palayain ang mga partikular na tao sa OR bago ang pagsasakdal. Maaaring ipag-atas sa mga taong ito na sumunod sa mga partikular na kundisyon (tulad ng regular na pakikipag-ugnayan sa tauhan ng probasyon ng county). Ang mga hindi magbibigay ng piyansa o hindi palalayain sa pamamagitan ng OR ay ikukulong hanggang sa pagsasakdal.

Proseso ng Pagpapalaya Pagkatapos ng Pagsasakdal. Sa pagsasakdal, pagpapasyahan ng hukuman kung (1) pananatilihin ang mga tao sa bilangguan, (2) babaguhin ang halaga ng piyansang kinakailangan sa pagpapalaya, o (3) palalayain ang tao sa pamamagitan ng OR. Ang mga taong hindi palalayain sa pamamagitan ng OR at hindi makakapagbigay ng kinakailangang piyansa ay karaniwang mananatili sa bilangguan ng county. Maaaring ipag-atas ng hukuman sa mga palalayain na sumunod sa mga partikular na kundisyon. Sa ilang mga kaso, sisingilin ang mga tao ng bayaring nauugnay sa paglaya bago ang paglilitis. Halimbawa, maaaring singilin ang isang tao para sa halaga ng elektronikong pagsubaybay, na maaaring maging isang kundisyong ipinag-utos ng hukuman. Maaaring baguhin ng hukuman ang mga pagpapasyang ito hanggang sa paglilitis o hanggang sa maresolba ang kaso.

PAGSUSURI NG PAMBATASANG TAGASURI

IPINAGPATULOY

PAGPASA NG BAGONG BATAS SA PIYANSA AT BAGO ANG PAGLILITIS NOONG 2018

Noong 2018, ipinasa ang Lehislatura at nilagdaan ng Gobernador ang batas—Batas ng Senado (Senate Bill o SB) 10—upang alisin ang pagpiyansa at baguhin ang mga proseso para sa paglabas sa bilangguan bago ang paglilitis. Magkakaroon dapat ng bisa ang batas na ito noong Oktubre 1, 2019. Gayunpaman, hindi ito nangyari dahil naging kwalipikado sa balotang ito ang reperendum sa SB 10 noong Enero 2019. Sa ilalim ng Saligang-Batas ng Estado, kapag naging kwalipikado sa balota ang reperendum sa bagong batas ng estado, mananatiling nakabinbin ang batas hanggang sa matukoy ng mga botante kung bibigyan ito ng bisa.

MUNGKAHI

Tutukuyin kung Magkakaroon ng Bisa ang Bagong Batas sa Piyansa at Bago ang Paglilitis. Ang Proposisyon 25 ay isang reperendum sa SB 10 at tutukuyin nito kung magkakaroon ng bisa ang batas. Ang botong "oo" ay nangangahulugang magkakaroon ng bisa ang SB 10 at ang botong "hindi" ay tatanggi sa SB 10. Sa partikular, ang pag-apruba sa proposisyong ito ay (1) mag-aalis ng paglaya sa pamamagitan ng pagpiyansa, (2) gagawa ng bagong proseso para sa paglaya bago ang pagsasakdal, at (3) magbabago ng kasalukuyang proseso para sa paglaya sa pagsasakdal.

AALISIN ANG PAGLAYA SA PAMAMAGITAN NG PAGPIYANSA

Aalisin ng Proposisyon 25 ang paglabas sa bilangguan ng county sa pamamagitan ng pagpiyansa bago ang paglilitis.

GAGAWA NG BAGONG PROSESO PARA SA PAGLAYA BAGO ANG PAGSASAKDAL

Mag-aatas ng Awtomatikong Paglaya para sa Pinakamaliliit na Pagkakasalang Krimen. Ipag-aatas ng proposisyong ito na ang mga taong inilagay sa bilangguan ng county para sa pinakamaliliit na pagkakasala, na mas hindi seryosong krimen kaysa sa mga peloni, ay awtomatikong palayain sa loob ng 12 oras ng pagkakalagay sa bilangguan. Ang mga partikular na taong inilagay sa bilangguan para sa maliliit na pagkakasala, tulad ng mga taong inilagay sa bilangguan para sa karahasan sa tahanan o mga taong hindi nagpakita sa hukuman nang mahigit dalawang beses sa nakalipas na taon, ay hindi awtomatikong palalayain.

Mangangailangan ng Pagtatasa ang Paglaya para sa Mga Peloni at Ilang Maliit na Pagkakasala. Ipag-aatas ng proposisyong ito na suriin ang mga taong inilagay sa bilangguan dahil sa (1) mga peloni at (2) maliliit na pagkakasala na hindi karapat-dapat sa awtomatikong paglaya para sa kanilang panganib ng paggawa ng bagong krimen o hindi pagpapakita sa hukuman kung palalayain. Mangongolekta ang tauhan ng pagtatasa ng partikular na impormasyon, kabilang ang antas ng panganib ng bawat tao na pagpapasyahan ng kasangkapan sa pagtatasa ng panganib bago ang paglilitis. Karaniwang kakailanganin ng tauhan na palayain ang mga taong makikitang may mababang panganib. Batay sa mga batas na ginawa ng bawat hukuman ng paglilitis, palalayain din ng tauhan ng pagtatasa o ng hukom ang mga partikular na taong may katamtamang panganib. Maaaring kailanganin ng mga taong palalayain na sumunod sa mga partikular na kundisyon. Maaaring kasama sa mga kundisyong ito ang pagsubaybay, tulad ng regular na pakikipag-ugnayan sa tauhan ng probasyon ng county o elektronikong pagsubaybay. Gayunpaman, maaaring hindi kasama sa mga kundisyon ng mga taong may mababang panganib ang pagsubaybay. Maaaring baguhin ng hukuman ang mga kundisyon para sa magandang dahilan. Hindi tulad ng kasalukuyang batas, walang bayarin na maaaring singilin bilang kundisyon ng pagpapalaya. Ang mga taong may mataas na panganib at katamtamang panganib na hindi palalayain, at ang ilang partikular pa (tulad ng mga taong kinasuhan ng mga partikular na malalang krimen kabilang ang pagpatay ng tao o panununog ng tahanan) ay mananatili sa bilangguan hanggang sa pagsasakdal. Ang pagtatasa at anumang paglaya ay kakailanganing makumpleto nang hindi mas matagal sa 36 na oras mula sa pagkakalagay ng tao sa bilangguan.

Responsable ang Mga Hukuman ng Paglilitis para sa Pagtatasa Bago ang Paglilitis. Gagawin ng Proposisyon 25 na responsable ang mga hukuman ng paglilitis ng estado para sa pagtatasa bago ang paglilitis. Kasama rito ang iba't ibang aktibidad, tulad ng: (1) pagtukoy ng mga antas ng panganib gamit ang mga kasangkapan sa pagtatasa ng panganib bago ang paglilitis, (2) pangongolekta ng karagdagang impormasyong nauugnay sa panganib ng tao, (3) pagpapalaya ng mga partikular na tao batay sa kanilang antas ng panganib, at (4) pagmumungkahi sa korte ng paglaya bago ang paglilitis. Ang hukuman ng paglilitis ay maaaring gumamit ng mga empleyado ng hukuman bilang tauhan sa pagtatasa o makipagkontrata sa mga partikular na lokal na pampublikong ahensiya (tulad ng kagawaran ng probasyon ng county) upang maisagawa ang mga aktibidad na ito. Kung wala sa hukuman o kasalukuyang lokal na pampublikong ahensiya ang papayag na gawin ito o makakagawa nito, makikipagkontrata ang hukuman sa bagong lokal na pampublikong ahensiya na partikular na binuo upang isagawa ang mga aktibidad na ito.

BABAGUHIN ANG PROSESO PARA SA PAGLAYA SA PAGSASAKDAL

Sa pagsasakdal, karaniwang palalayain sa pamamagitan ng OR ang mga taong nasa bilangguan. Maaaring humiling ang mga abugado ng distrito ng pagdinig upang makulong ang mga tao sa bilangguan hanggang sa paglilitis kahit na dati na silang pinalaya. Ikukulong lang ang mga tao sa mga partikular na sitwasyon—tulad ng kung napagpasyahan ng hukuman na walang kundisyong makakatiyak na hindi sila gagawa ng krimen o hindi sila mabibigong magpakita sa hukuman. Ang mga pinalaya ay maaaring kailanganing sumunod sa

PAGSUSURI NG PAMBATASANG TAGASURI IPINAGPATULOY

mga partikular na kundisyon ngunit hindi sisingilin ng mga bayarin bilang kundisyon ng paglaya. Pagkatapos ng pagsasakdal, maaaring humiling ang abugado ng distrito o pampublikong tagapagtanggol ng pagdinig sa pagkulong sa mga partikular na sitwasyon, tulad ng kung may bagong ebidensya sa kaso. Maaaring baguhin ng hukuman ang pagdedesisyon ng OR at mga kundisyon ng paglaya sa mga partikular na sitwasyon, tulad ng kung may bagong impormasyong ibinigay ng tauhan sa pagtatasa bago ang paglilitis.

MGA PISKAL NA EPEKTO

Maaapektuhan ng Proposisyon 25 ang mga pang-estado at lokal na gastos. Ang aktwal na laki ng mga epektong ito ay hindi tiyak at magbabatay sa kung paano bibigyang-kahulugan at ipapatupad ang proposisyon. Halimbawa, hindi malinaw kung ilang tao ang palalayain ng mga hukuman bago ang paglilitis at ang mga kundisyon na kakailanganin nilang sundin. Sa nabanggit, maaaring maging mas mataas o mas mababa ang mga epekto kaysa sa mga pagtatantiya sa ibaba.

Tumaas na Mga Gastusin ng Estado at Lokal na Paglaya Bago ang Paglilitis. Dadagdagan ng bagong proseso ng paglaya bago ang paglilitis ang gawain ng mga hukuman ng paglilitis ng estado, pati na rin ng mga abugado ng distrito ng county at pampublikong tagapagligtas. Halimbawa, magkakaroon ng gawaing nauugnay sa mga bagong pagdinig sa pagkulong. Ang pagdagdag sa gawaing ito ay maaaring mabawi sa pamamagitan ng mga pagbabawas sa ibang gawain. Halimbawa, aalisin ang gawain mula sa mga pagdinig tungkol sa halaga ng piyansang kinakailangan.

Bilang karagdagan, tataas ang mga gastusin ng estado dahil magiging responsable ang mga hukuman ng paglilitis ng estado sa pagtatasa bago ang paglilitis. Malamang na maaari ding magkaroon ang estado ng tumaas na mga gastusin sa pagsubaybay, tulad ng dahil sa pagtaas ng bilang ng mga taong sinusubaybayan pagkatapos palayain bago ang paglilitis.

Sa kabuuan, **ang tumaas na mga pang-estado at lokal na gastusin bago ang paglilitis ay maaaring nasa kalagitnaan ng daan-daang milyong dolyar taon-taon**. Ang halagang ito ay mas mababa sa 1 porsyento ng kasalukuyang badyet ng Pangkalahatang Pondo ng estado. Ang aktwal na laki ng pagtaas ng mga gastusin ay magbabatay sa iba't ibang salik. Kasama sa mga pangunahing salik ang bilang ng mga taong pinalaya bago ang paglilitis, ang kanilang kondisyon ng paglaya, (tulad ng kung gaano katinding pagsubaybay ang kinakailangan), at ang mga gastusin ng mga kundisyong ito. Hindi malinaw kung ang ilan sa mga tumaas na gastusin ng estado ay mababawi ng kasalukuyang paggasta ng lokal na pamahalaan sa gawain bago ang paglilitis.

Bumabang Mga Gastusin sa Bilangguan ng County. Babawasan ng proposisyong ito ang mga populasyon sa bilangguan ng county. Ito ay madalas na dahil sa mas maraming tao ang malamang na palalayain bago ang paglilitis sa pamamagitan ng OR kaysa sa manatili sa bilangguan. Halimbawa, ang ilang taong hindi makakapagbayad ng piyansa ay palalayain sa ilalim ng bagong proseso bago ang paglilitis. Gayunpaman, ang ilan sa pagbaba sa populasyon sa bilangguan na ito ay maaaring mabawi ng ibang mga salik. Halimbawa, ang ilang tao—na sa ibang paraan ay mapapalaya sa pamamagitan ng pagpiyansa—ay maaaring makulong hanggang sa paglilitis. Sa neto, tinatantiya naming ang pagbabawas sa populasyon sa bilangguan ay magbabawas ng mga gastusin sa mga lokal na bilangguan ng county, nang posibleng nasa mataas na milyon-milyong dolyar taon-taon. Ang aktwal na pagbaba ay babatay sa bilang ng mga taong inilagay sa bilangguan pati na rin sa mga pagpapasya sa paglaya na ginawa ng mga hukuman. Ang mga mapagkukunang ito ay malamang na gamitin sa ibang aktibidad ng county.

Epekto sa Mga Pang-Estado at Lokal na Kita sa Buwis. Maaapektuhan ng proposisyong ito ang mga pang-estado at lokal na kita sa buwis. Sa kabilang banda, babawasan nito ang mga pang-estado at lokal na kita sa buwis. Halimbawa, hindi na magbabayad ang mga kumpanya ng seguro ng mga buwis sa mga bayarin sa bono ng piyansa. Sa kabilang banda, maaaring tumaas ang mga pang-estado at lokal na kita sa buwis. Halimbawa, maaaring bumili ang mga tao ng mga produkto gamit ang pera na sa ibang paraan ay gagastusin sa mga bayarin sa bono ng piyansa. Kung ang mga produktong ito ay napailalim sa mga buwis sa pagbebenta, itataas nito ang mga pang-estado at lokal na kita sa buwis. Hindi alam ang kabuuang netong epekto sa mga pang-estado at lokal na kita sa buwis.

Bumisita sa *http://cal-access.sos.ca.gov/campaign/measures/* para sa listahan ng mga komite na pangunahing binuo upang suportahan o tutulan ang panukalang ito.

Bumisita sa *http://www.fppc.ca.gov/transparency/top-contributors.html* upang makita ang nangungunang 10 tagaambag ng komite.

Kung gusto ninyo ng kopya ng buong teksto ng panukalang ito ng estado, pakitawagan ang Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957 o maaari kayong mag-email sa *vigfeedback@sos.ca.gov* at libreng magpapadala sa inyo ng kopya sa pamamagitan ng koreo.

★ PANGANGATWIRANG PABOR SA PROPOSISYON 25 ★

Panahon na upang palitan ang sistema ng piyansang salapi ng California ng isang nakabatay sa kaligtasan at katarungan.

Wakasan ang piyansang salapi. Bumoto ng OO sa Proposisyon 25 para sa mas ligtas, mas patas, at mas matipid na sistema.

HINDI MAKATARUNGAN ANG PIYANSANG SALAPI:

Sa ilalim ng kasalukuyang sistema ng piyansang salapi, kung kaya mong magbayad ng piyansa, magiging malaya ka hanggang sa iyong paglilitis. Kung hindi mo kayang magbayad ng piyansa, kailangan mong manatili sa bilangguan. Kaya, maaaring maging malaya ang mayayaman, kahit na inakusahan sila ng matitinding mararahas na krimen, habang ang mahihirap ay nananatili sa bilangguan kahit na sila ay inosente o inakusahan ng mababaha at hindi mararahas na pagkakasala Hindi tayo ginagawang mas ligtas ng piyansang salapi, at nagreresulta ito sa kawalan ng hustisya.

Isang halimbawa lang, inakusahan ang nakatatandang mamamayan na si Kenneth Humphrey ng pagnanakaw ng $5 at isang bote ng pabango. Napilitan siyang maghintay ng halos isang taon bago ang kanyang petsa sa hukuman, hindi dahil mapanganib siya, ngunit dahil hindi siya makapagbayad ng piyansa. Ipinahayag ng isang hukuman ng pag-aapela sa California na si G. Humphrey ay "ibinilanggo dahil lang sa kahirapan." Sa kasamaang palad, libo-libo ang mga uri ng ganitong mga kwento.

HINDI LIGTAS ANG PIYANSANG SALAPI:

Nangangahulugan ang Proposisyon 25 na ang mga pagpapasya ay magiging batay sa panganib sa ating kaligtasan, hindi ang kakayahan ng taong magbayad. Magpapasya ang mga hukom kung ang isang tao ay may panganib na gumawa ng mga bagong krimen o tumakas kapag magpapasya kung sino ang hahawakan bago ang paglilitis—hindi magpapasiya batay sa laki ng laman ng pitaka ng taong iyon.

Ginagawang mas ligtas ng Proposisyon 25 ang ating mga komunidad sa pamamagitan ng pagtitiyak na ang espasyo sa bilangguan ay nakareserba para sa mga taong aktuwal na mapanganib at hindi dapat pakawalan, sa halip na ang mahihirap.

MAGASTOS ANG PIYANSANG SALAPI:

Sa Proposisyon 25, makakatipid ang mga nagbabayad ng buwis ng milyon-milyong dolyar sa isang taon. Sa ilalim ng kasalukyang sistema, humigit-kumulang 46,000 taga-California ang naghihintay ng paglilitis o pagsesentensiya sa mga lokal na bilangguan dahil hindi nila kayang magbayad ng piyansang salapi, na nagpapagastos sa mga nagbabayad ng buwis ng $5 milyon araw-araw.

Wakasan natin ang piyansang salapi. Bumoto ng OO sa Proposisyon 25 para sa MAS LIGTAS, MAS PATAS, AT MAS MATIPID na sistema.

NAGDURUSA ANG MGA INOSENTENG TAO:

Kayang puwersahin ng sistema ng piyansang salapi ang mga inosenteng tao na umamin sa mga krimeng hindi nila ginawa.

Kapag hindi kayang magbayad ng mga inosente ng hindi mababawing bayarin na $5,000 o mahigit sa isang kumpanya ng bono ng piyansa, at hindi rin kayang manatili sa bilangguan, nang nalalagay sa panganib ang kanilang mga trabaho o tirahan habang hinihintay nila ang kanilang paglilitis, aamin ng pagkakasala ang iba, na magreresulta sa permanenteng kriminal na rekord. Sa bilangguan, halos lahat ay kaunti o walang matatanggap na pangangalagang pangkalusugan sa kaisipan, at para sa marami, magiging mas malala ang kanilang mga kasalukuyang kondisyon dahil sa pagkakakulong.

Ang pagboto ng OO ay makakatulong na matiyak na ang mga inosenteng tao ay hindi na mapipilitang magdusa sa bilangguan o umamin sa mga krimeng hindi nila ginawa.

Bumoto ng OO sa Proposisyon 25.

WALANG PAKIALAM SA ATING MGA KOMUNIDAD ANG GAHAMANG INDUSTRIYA NG PIYANSANG SALAPI:

Ngunit huwag asahan na mawawala nang tahimik ang industriya ng piyansang salapi. Isa itong $2 bilyong nagtutubong industriya, na pinamumunuan ng mga gahamang korporasyon ng seguro sa bono ng piyansa na yumayaman dahil sa mga mahihirap. Wawakasan ng Proposisyon 25 ang hindi makatarungang sistema na pinagkakakitaan ang mga taong nagtatrabaho, kung kaya gumagastos ng milyon-milyon ang industriya ng piyansang salapi upang labanan ang panukalang ito.

Kaligtasan ang prinsipyong dapat na gumagabay sa atin, hindi ang laki ng pitaka ng sinuman.

Bumoto ng OO sa Proposisyon 25.

www.YesOnCAProp25.com

LENORE ANDERSON, Presidente
Mga Taga-California para sa Kaligtasan at Hustisya

DIANA BECTON, Abugada ng Distrito ng County ng Contra Costa

HEIDI L. STRUNK, Presidente
Kalusugan ng Isip America ng California

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PABOR SA PROPOSISYON 25 ★

PROP. 25: HINDI PATAS, HINDI LIGTAS, AT MAGASTOS

Isinulat ng mga pulitiko ng Sacramento, inaalis ng Prop. 25 ang opsyon na magbayad ng piyansa para sa bawat taga-California, at pinapalitan ang karapatang ito ng isang sistemang pinangangasiwaan ng county na COMPUTER-BASED NA PAG-PROFILE na tumutukoy kung sino ang makakalaya at kung sino ang mananatiling nakabilanggo bago ang paglilitis. Basahin kung bakit ang mga grupo ng karapatang sibil, tagapagtaguyod ng mga biktima ng krimen, at opisyal ng tagapagpatupad ng batas at lokal na pamahalaan, ay nagsasabing HINDI sa Prop. 25.

HINDI MAKATARUNGAN ANG PROP. 25

Ang computer na pag-profile ng Prop. 25 ay naipakitang nandidiskrimina laban sa mga minorya at taong mula sa mga kapitbahayan na may matataas na bilang ng mga imigrante at residenteng may mababang kita, *kung kaya ang mga grupo ng karapatang sibil gaya ng NAACP at Nagkaisang Boto ng Mga Latino ay nagsasabing HINDI sa Prop. 25*.

HINDI LIGTAS ANG PROP. 25

Ang pagpiyansa ay mahalagang karapatan ayon sa saligang-batas at nagtitiyak na natutugunan ng mga nasasakdal ang mga tuntunin ng kanilang paglaya sa bilangguan at humarap sa paglilitis, at pananagutin sila kung hindi. Naging mapaminsala ang kamakailang eksperimento ng California sa "walang piyansa" sa panahon ng pandemya ng coronavirus, kung saan maraming nasasakdal ang inaresto, pinakawalan, at muling inaresto nang maraming beses sa isang araw. Gagawing permanente ng Prop. 25 ang walang piyansa, *kung kaya ang tagapagpatupad ng batas at mga grupo* ng *karapatan* ng *mga biktima ay nagsasabing HINDI sa Prop. 25*.

MAGASTOS ANG PROP. 25

Mangangailangan ang Prop. 25 ng mga karagdagang pandinig sa hukuman upang panaigin ang pasya ng kompyuter, na magdudulot ng higit na pagkaantala sa ating mga hukumang marami nang nakabinbin. Habang humaharap ang mga lungsod at county sa mga makasaysayang kakulangan sa badyet at malulubhang pagbabawas sa mahahalagang serbisyo, ang Prop. 25 ay magpapagastos sa mga lokal na pamahalaan at California ng dagdag na daan-daang milyong dolyar kada taon upang bumuo at mangasiwa ng bagong burukrasya—*kung kaya ang mga lokal na opisyal at tagapagtaguyod ng nagbabayad ng buwis ay nagsasabing HINDI sa Prop. 25*.

BUMOTO NG HINDI SA PROP. 25!

ALICE HUFFMAN, Presidente
Komperensya ng Estado ng California ng NAACP

CHRISTINE WARD, Direktor na Tagapagpaganap
Alyansa ng Mga Biktima ng Krimen

JOE COTO, Presidente
Nagkaisang Boto ng Mga Latino

★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 25 ★

INAALIS NG PROP. 25 ANG KARAPATANG MAGPIYANSA PARA SA BAWAT TAGA-CALIFORNIA

Ginagarantiya ng sistema ng katarungan ng California na ang mga inakusahan ng hindi marahas na krimen ay mayroong OPSYONG tiyakin ang kanilang paglaya sa pamamagitan ng pagbayad ng piyansa o pag-aatas ng hukom. Ngunit pinapalitan ng Prop. 25 ang karapatang ito gamit ng awtomatikong sistema ng computer-generated na nanghuhulang pagmodelo batay sa mga matematikong algoritmo na pinangangasiwaan ng 58 magkakaibang county. Basahin kung bakit ang mga lider ng karapatang sibil, tagapagpatupad ng batas, mga grupo ng karapatan ng mga biktima, at mga opisyal ng county, ay nagsasabing HINDI sa Prop. 25.

NAGBABABALA ANG MGA GRUPO NG KARAPATANG SIBIL: ANG PROP. 25 AY MAS MAY PAGKIKILING LABAN SA MGA MINORYA AT MAHIHIRAP

Nag-aatas ang Prop. 25 ng computer-based na sistema ng mga algoritmo upang gumawa ng mahahalagang pagpapasya sa katarungan para sa kriminal. Tumututol ng mga grupo ng karapatang sibil gaya ng NAACP sa Prop. 25 dahil gagawa ito ng mga mas may pagkikiling na resulta laban sa ibang lahi at sa mga mula sa mga lugar na may dehadong ekonomiya.

• "Higit na mas mandidiskrimina ang Prop. 25 laban sa mga African-American, Latino, at iba pang minorya. Maaaring mainam ang mga modelo ng kompyuter para sa pagrerekomenda ng mga awit at pelikula, ngunit ang paggamit ng mga pamamaraan ng pag-profile na ito upang magpasya kung sino ang mapapalaya sa bilangguan, o kung sino ang magkakaroon ng utang, ay napatunayang nakakapaminsala sa mga komunidad na iba ang lahi.."—*Alice Huffman, Presidente, Komperensya ng Estado ng California ng NAACP*

PROP. 25: INILALAGAY SA PANGANIB ANG MGA KOMUNIDAD

Ang eksperimento ng California sa "walang piyansa" sa panahon ng pandemya ay nagkaroon ng mga mapansimalang resulta, dahil maraming nasasakdal ang inaresto—pinakawalan sa mga kalye at gumawa ng mga bagong krimen sa loob ng ilang oras—at muling inaresto sa parehong araw. Gagawing permanente ng Prop. 25 ang "walang piyansa", kung kaya ang tagapagpatupad ng batas sa buong estado ay tumututol dito.

• "Ilalagay sa panganib ng Prop. 25 ang kaligtasan ng publiko, at gagawin nitong mas mahirap para sa mga kagawaran ng pulisya at sheriff na gawin ang aming mga trabaho."—*Chad Bianco, Sheriff ng Riverside County*

PROP. 25: NAGTATANGGI NG KATARUNGAN

Nagbibigay ng katarungan ang kasalukuyang sistema ng California sa pamamagitan ng pagtiyak na ang mga taong inakusahan ng krimen ay humarap sa paglilitis at pagpapanagot sa mga nasasakdal sa kanilang mga pagkilos kapag hindi nila ito ginawa.

• "Sinisira ng Prop. 25 ang isa sa mga pinakamahusay na kasangkapan upang tiyakin na magpakita sa, at haharapin ng mga nasasakdal ang kanilang araw sa hukuman."—*Christine Ward, Direktor na Tagapagpaganap, Alyansa ng Mga Biktima ng Krimen*

PROP. 25: NAGPAPAGASTOS SA MGA NAGBABAYAD NG BUWIS NG DAAN-DAANG LIBONG DOLYAR KADA TAON

Pinupuwersa ng Prop. 25 ang mga county upang gumawa ng bagong burukrasya upang magpasya kung sino ang palalayain at hindi palalayain mula sa bilangguan bago ang paglilitis. Ang bagong mandatong ito ng estado ay magpapagastos sa mga nagbabayad ng buwis ng daan-daang libong dolyar upang ipatupad, sa panahong ang mga badyet ng estado at county ay humaharap sa makasaysayang pagbabawas sa badyet dahil sa coronavirus.

• "Ang Prop. 25 ay magpapagastos sa mga pang-estado at lokal na pamahalaan ng daan-daang milyong dolyar kada taon. Magpupuwersa ito sa ating magbawas ng mahahalagang pampublikong serbisyo o magtaas ng mga buwis, na hindi kaya ng ating mga lokal na komunidad sa ngayon."—*Sue Frost, Superbisor ng County ng Sacramento*

PROP. 25: PAHIHIRAPAN ANG MASISIKIP NANG HUKUMAN

Papalitan ng Prop. 25 ang sistema ng piyansa na epektibo at halos walang gastos sa mga nagbabayad ng buwis ng bagong sistema na mangangailangan ng karagdagang pandinig sa hukuman upang panaigin ang pasya ng kompyuter, na magdudulot ng mas matagal na pagkaantala sa ating mga hukumang maraming nakabinbin.

• "Isipin ang isang asawa, anak, o malapit na kaibigang nakakulong sa bilangguan sa awa ng mga kompyuter at ng burukrasya, sa halip na magkaroon ng agarang opsyong makalaya sa piyansa o ang kakayahang makipag-usap nang direkta sa isang hukom."—*Quentin L. Kopp, Retiradong Hukom ng Hukumang Superyor ng California*

BUMOTO NG HINDI SA PROP. 25!

ALICE HUFFMAN, Presidente
Komperensya ng Estado ng California ng NAACP

CHRISTINE WARD, Direktor na Tagapagpaganap
Alyansa ng Mga Biktima ng Krimen

QUENTIN L. KOPP, Retiradong Hukom ng Hukumang Superyor ng California

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 25 ★

Ang piyansang salapi ay isang mapandiskrimina at mapanirang sistema.

Tulungan kaming wakasan ito. Bumoto ng OO sa Prop. 25.

Ngayon, kayang bayaran ng mayayaman ang kanilang piyansa at makalaya sa bilangguan, gaano man karahas ang krimeng isinampa. Hindi makatarungan at hindi patas ang piyansang salapi.

Bakit mananatiling nakakulong ang mahihirap na taong kinasuhan ng hindi mararahas na pagkakasala, habang ang mayayaman ay nakakalaya, dahil hindi nila kayang magbayad ng piyansa? Hindi dapat. Ang piyansang salapi ay "karapatan" lang para sa mga may kayang magbayad nito. Ni hindi nababawi ng mga tao ang kanilang piyansang salapi kung sila ay inosente o ibinasura ang kanilang mga kaso.

Ginagastos ng napakalaking industriya ng piyansa, kabilang ang Bankers Insurance Company at Lexington National Insurance Corporation, ang kanilang mga bilyon upang protektahan ang kanilang mga tubo at magpanatili ng sira at nandidiskriminang sistema. Tumututol sila sa Prop. 25 dahil sa kasakiman. Makikita ninyo kung paano nila pinopondohan ang kanilang kampanyang HINDI sa *http://cal-access.sos.ca.gov/Campaign/Measures.*

Pinpalitan ng Prop. 25 ang piyansang salapi ng sistema kung saan magpapasya ang mga hukom batay sa kaligtasan. Ang mga hukom, hindi ang mga algoritmo ng kompyuter ang nagpapasya.

Ayon sa Panghukumang Konseho ng California, ang Proposisyon 25 "ay mangangalap ng impormasyon at magbibigay ng mga ulat upang makatulong sa mga hukom sa pagpapasya kung ang isang nasasakdal ay isang panganib sa publiko, o malamang na babalik sa hukuman kung palalayain bago ang paglilitis."

Magdaragdag din ang Prop. 25 ng katapatan at pampublikong pagsusuri upang alisin ang pagkikiling at hindi pagkakapantay sa lahi.

Ang Prop. 25 ay WALANG KAUGNAYAN sa "walang piyansa," na isang pansamantalang pampublikong kalusugang pagtugon sa COVID-19.

Panghuli, para sa tunay na reporma sa katarungang panlipunan—tulungang baguhin ang sistema sa pamamagitan ng pagboto ng OO sa Prop. 25.

Wakasan natin ang piyansang salapi!

STEVEN BRADFORD, Pangalawang Tagapangulo
California Legislative Black Caucus

LESLI CALDWELL, Punong Pampublikong Tagapagtanggol ng County, Retirado

JESSICA BARTHOLOW, Tagapagtaguyod ng Patakaran
Western Center on Law & Poverty

KABUUANG IDEYA SA UTANG SA BONO NG ESTADO

INIHANDA NG PAMBATASANG TAGASURI

Inilalarawan ng seksyong ito ang utang sa bono ng estado. Tinatalakay din nito kung paano maaapektuhan ng panukalang bono sa balota, kung maaaprubahan ng mga botante, ang mga gastos ng estado upang mabayaran ang mga bono.

Mga Bono ng Estado at mga Gastusin ng mga Ito

Ano ang mga Bono? Ang mga bono ay isang paraan ng pag-utang ng pera ng mga pamahalaan at kumpanya. Ang estado ay nagbebenta ng mga bono sa mga mamumuhunan upang makatanggap ng "maagang" pagpopondo para sa mga proyektong ito at pagkatapos ay babayaran nito ang mga mamumuhunan, nang may interes, sa loob ng isang partikular na tagal ng panahon. Ang pangunahing dahilan ng pamahalaan ng estado sa paggamit ng mga bono ay upang magbayad para sa pagpaplano, konstruksiyon, at pagpapaayos ng mga proyekto ng imprastraktura gaya ng mga tulay, dam, bilangguan, parke, paaralan, at mga gusali ng opisina.

Bakit Ginagamit ang Mga Bono? Isang pangunahing dahilan para sa pag-isyu ng mga bono ay karaniwang naghahatid ng serbisyo ang mga imprastraktura sa loob ng maraming taon. Samakatuwid, makatuwiran lang na tumulong ang mga tao, sa kasalukuyan atsa hinaharap, sa pagbabayad para sa mga proyekto. Maaaring maging mahirap ding bayaran nang buo ang malalaking gastusin para sa mga proyektong ito.

Ano ang Mga Pangunahing Uri ng Mga Bono? Ang dalawang pangunahing uri ng bonong ginagamit ng estado ay ang mga pangkalahatang obligasyong bono at mga bono ng kita. Ang isang pagkakaiba sa pagitan ng mga pangkalahatang obligasyong bono at bono ng kita ay ang paraan ng pagbabayad sa mga ito. Binabayaran ng estado ang mga pangkalahatang obligasyong bono gamit ang Pangkalahatang Pondo ng estado (ang pangunahing gumaganang account ng estado, na ginagamit nito upang magbayad para sa edukasyon, mga bilangguan, pangangalagang pangkalusugan, at iba pang serbisyo). Ang Pangkalahatang Pondo ay pangunahing sinusuportahan ng buwis sa kita at mga kita sa buwis sa pagbebenta. Binabayaran ng estado ang mga bono ng kita mula sa Pangkalahatang Bono ngunit mula din sa iba pang pinagmumulan, gaya ng mga ibinabayad ng mga gumagamit ng pinondohang proyekto (gaya ng mula sa mga toll sa tulay). Ang isa pang pagkakaiba sa pagitan ng mga pangkalahatang obligasyong bono ng estado at bono ng kita ay ang paraan ng pag-apruba sa mga ito. Kinakailangang aprubahan ng mga botante ang mga pangkalahatang obligasyong bonong inilabas ng estado, habang ang mga bono ng kita ay karaniwang hindi.

Ano ang Mga Halaga ng Pagtustos sa Bono? Pagkatapos magbenta ng mga bono, magbibigay ng mga regular na pagbabayad ang estado sa loob ng ilang susunod na dekada hanggang sa mabayaran ang mga bono. (Malaki ang pagkakatulad nito sa paraan ng pagbabayad ng isang pamilya sa pautang sa bahay.) Nagbabayad ang estado nang medyo mas madami para sa mga proyektong pinopondohan nito sa pamamagitan ng mga bono kaysa sa mga proyketong pinopondohan nito nang maaga dahil sa interes. Pangunahing nakadepende ang halaga ng karagdagang gastos sa antas ng interes at sa haba ng panahon kung kailan kailangang mabayaran ang mga bono.

Mga Bono at Paggasta ng Estado

Halaga ng Utang sa Pangkalahatang Pondo. Ang estado ay may humigit-kumulang $80 bilyon ng mga bonong sinusuportahan ng Pangkalahatang Pondo kung saan nagbabayad ito ng mga taunang prinsipal at interes. Bukod dito, inaprubahan ng mga botante at Lehislatura ang humigit-kumulang $38 bilyon ng mga bonong sinusuportahan ng Pangkalahatang Pondo na hindi pa nabebenta. Ang karamihan sa mga bonong ito ay inaasahang mabebenta sa mga susunod na taon dahil kailangan ng mga karagdagang proyekto ng pagpopondo. Sa kasalukuyan, tinatantiya naming nagbabayad ang estado ng humigit-kumulang $7 bilyon kada taon mula sa Pangkalahatang Pondo upang mabayaran ang mga bono.

Proposisyon sa Balotang Ito. Mayroong isang panukala sa pangkalahatang obligasyong bono sa balotang ito. Pahihintulutan ng Proposisyon

14 ang estado na humiram ng $5.5 bilyon na pangunahing para sa pananaliksik sa stem cell at pagpapahusay ng mga bagong medikal na paggamot sa California.

Ang Epekto ng Halalang ito sa Mga Pagbabayad sa Utang. Tinatantiya namin na ang kabuuang gastos (kasama ang interes) upang mabayaran ang panukala sa pangkalahatang obligasyong bono sa balotang ito ay humigit-kumulang $7.8 bilyon. Ang kabuuang ito ay magiging katumbas ng average ng humigit-kumulang $260 milyon kada taon nang humigit-kumulang 30 taon, na halos mahigit 4 na porsyento kaysa sa kasalukuyang ginagastos ng estado mula sa Pangkalahatang Pondo sa utang nito sa bono. Ang mga eksaktong gastusin ay nakadepende sa mga partikular na detalye ng mga pagbebenta ng bono.

Ang Epekto ng Halalang ito sa Gagamiting Bahagi ng Mga Kita ng Estado sa Pagbabayad sa Utang. Isang tagapagpahiwatig ng sitwasyon sa utang ng estado ay ang bahagi ng mga taunang kita ng Pangkalahatang Pondo ng estado na dapat itabi para sa mga pagbabayad sa utang sa bono. Kilala ito bilang ang ratio ng utang at serbisyo (DSR) ng estado. Dahil dapat gamitin ang mga kitang ito sa pagbabayad ng utang, hindi magagamit ang mga ito sa paggastos sa iba pang programa ng estado, gaya ng pagpapatakbo ng mga kolehiyo o para sa pagbabayad ng pangangalagang pangkalusugan.

Tulad ng ipinapakita sa Pigura 1, nasa halos 4 na porsiyento na ang DSR. Kung hindi aaprubahan ng mga botante ang iminungkahing bono sa balotang ito, sa tantiya namin, lalaki ang DSR ng estado sa mga naaprubahan nang bono sa loob ng susunod na dalawang taon—pinakamataas sa humigit-kumulang 4.7 porsyento sa 2021–22—at pagkatapos ay magsisimula itong bumaba. Kung aaprubahan ng mga botante ang iminungkahing pangkalahatang obligasyong bono sa balotang ito, tinatantiya naming mapapataas nito ang DSR sa humigit-kumulang isang-ikalima ng isang punto ng porsiyento kumpara sa kung ano ang dapat na magiging antas nito sa loob ng susunod na dalawang taon. Ang DSR ng estado sa hinaharap ay magiging mas mataas sa ipinapakita sa larawan kung mag-aapruba ang mga botante ng mga karagdagang bono sa hinaharap.

Pigura 1

Proporsiyon ng Serbisyo sa Utang ng Pangkalahatang Pondo

Porsiyento ng mga Kita ng Pangkalahatang Pondo na Nagastos sa Serbisyo sa Utang



Mga Halalan sa California

Iniaatas ng Batas sa Bukas na Primarya para sa Nangungunang Dalawang Kandidato na ilista ang lahat ng kandidato para sa isang iminumungkahi-ng-botante na katungkulan sa iisang balota. Kabilang sa mga iminumungkahi-ng-botante na katungkulan, na dating tinatawag na mga partidistang katungkulan, ang mga pambatasang katungkulan sa estado, katungkulan sa kongreso ng Estados Unidos, at katungkulan sa estado na naaayon sa saligang-batas.

Sa bukas na primarya at pangkalahatang halalan, maaari ninyong iboto ang sinumang kandidato, anuman ang kinakatigang partido na tinukoy ninyo sa inyong form sa pagpaparehistro ng botante. Sa primaryang halalan, ang dalawang kandidatong nakatanggap ng pinakamaraming boto—anuman ang kinakatigang partido—ay magpapatuloy sa pangkalahatang halalan. Kung ang isang kandidato ay makakatanggap ng karamihan ng boto (hindi bababa sa 50 porsyento + 1), dapat pa ring magsagawa ng pangkalahatang halalan.

Hindi nalalapat ang sistema ng bukas na primarya ng California sa mga kandidatong tumatakbo para sa pagiging Presidente ng Estados Unidos, mga sentral na komite ng county, o mga lokal na katungkulan.

Maaari pa ring tumakbo sa primaryang halalan ang mga isinusulat na kandidato para sa mga iminumungkahi-ng-botante na katungkulan. Gayunpaman, makakapagpatuloy lang sa pangkalahatang halalan ang isang isinusulat na kandidato kung ang kandidato ay isa sa nangungunang dalawa na may pinakamaraming nakuhang boto sa primaryang halalan. Bukod pa rito, walang proseso ng independiyenteng nominasyon para sa isang pangkalahatang halalan.

Inaatas ng batas ng California na ilathala ang sumusunod na impormasyon sa patnubay na ito.

Iminungkahi-ng-Partido/Mga Partidistang Katungkulan

Maaaring pormal na magmungkahi ang mga partidong pampulitika ng mga kandidato para sa mga iminumungkahi-ng-partido/partidistang katungkulan sa primaryang halalan. Kakatawanin ng iminungkahing kandidato ang partidong iyon bilang opisyal na kandidato nito para sa partikular na katungkulan sa pangkalahatang halalan at magpapakita ang balota ng opisyal na pagtatalaga. Ang nangungunang may pinakamaraming boto para sa bawat partido sa primaryang halalan ay magpapatuloy sa pangkalahatang halalan. Naghahalal din ang mga partido ng mga opisyal ng mga sentral na komite ng county sa primaryang halalan.

Makakaboto lang ang isang botante sa primaryang halalan ng pulitikal na partido na inihayag niyang kinakatigan niya noong nagparehistro upang bumoto. Gayunpaman, maaaring payagan ng isang pulitikal na partido ang isang taong tumangging ihayag ang kinakatigang partido na bumoto sa primaryang halalan ng partidong iyon.

Ang mga pahayag ng mga kandidato sa pagkapangulo ng U.S. ay makikita online sa *voterguide.sos.ca.gov*

Mga Iminumungkahi-ng-Botante na Katungkulan

Walang karapatan ang mga partidong pampulitika na pormal na magmungkahi ng mga kandidato para sa mga iminumungkahi-ng-botante na katungkulan sa primaryang halalan. Ang kandidatong imumungkahi para sa isang iminumungkahi-ng-botante na katungkulan sa primaryang halalan ang magiging nominado ng mga tao at hindi ang opisyal na nominado ng anumang partido sa pangkalahatang halalan. Dapat ihayag sa balota ng kandidato para sa nominasyon sa isang iminumungkahi-ng-botante na katungkulan ang kanyang kinakatigang kwalipikadong partido o ang kawalan niya ng kinakatigang kwalipikadong partido, ngunit ang kandidato lang ang pipili sa itatalagang kinakatigang partido, at ipapakita lang ito para sa impormasyon ng mga botante. Hindi ito nangangahulugan na ang kandidato ay iminumungkahi o inirerekomenda ng itinalagang partido, o na may ugnayan sa pagitan ng partido at kandidato, at hindi dapat ituring ang sinumang kandidatong iminungkahi ng mga botante bilang opisyal na iminumungkahing kandidato ng anumang partidong pampulitika. Sa Patnubay na Impormasyon para sa Botante ng county, maaaring ilista ng mga partido ang mga kandidato para sa mga iminumungkahi-ng-botante na katungkulan na nakatanggap ng opisyal na pag-endorso ng partido.

Maaaring iboto ng sinumang botante ang kahit na sinong kandidato para sa isang iminumungkahi-ng-botante na katungkulan kung matutugunan ng naturang botante ang iba pang kinakailangang kwalipikasyon upang makaboto sa katungkulang iyon. Ang nangungunang dalawang makakatanggap ng pinakamaraming boto sa primaryang halalan ay magpapatuloy sa pangkalahatang halalan para sa iminumungkahi-ng-botante na katungkulan kahit iisa lang ang isinaad na itinalagang kinakatigang partido ng mga kandidatong ito. Walang karapatan ang anumang partido na patuluyin sa pangkalahatang halalan ang isang kandidato na nagtalaga ng kanilang partido bilang kinakatigang partido nito, maliban na lang kung ang kandidato ay isa sa dalawa sa mga may pinakamaraming boto sa primaryang halalan.

Mga Di-partidistang Katungkulan

Walang karapatan ang mga partidong pampulitika na magmungkahi ng mga kandidato para sa mga di-partidistang katungkulan sa primaryang halalan, at ang isang kandidato sa primaryang halalan ay hindi opisyal na nominado ng anumang partido para sa partikular na katungkulan sa pangkalahatang halalan. Hindi maaaring italaga ng isang kandidato para sa nominasyon sa isang di-partidistang katungkulan ang kanyang kinakatigang partido, o ang kawalan niya ng kinakatigang partido, sa balota. Ang nangungunang dalawang may pinakamaraming boto sa primaryang halalan ay magpapatuloy sa pangkalahatang halalan para sa di-partidistang katungkulan.

Mga Nangungunang Tagaambag sa mga Pang-estadong Kandidato at Panukala sa Balota

Kapag sinuportahan o tinutulan ng isang komite (isang tao o grupo ng mga taong tumatanggap o gumagastos ng pera para sa layunin ng pag-impluwensiya sa mga botante na sumuporta o tumutol sa mga kandidato o mga panukala sa balota) ang isang panukala sa balota o kandidato at nakalikom ito ng hindi bababa sa $1 milyon, dapat iulat ng komite ang nangungunang 10 tagaambag nito sa Komisyon sa mga Makatarungang Gawaing Pampulitika ng California (California Fair Political Practices Commission o FPPC). Dapat isapanahon ng komite ang listahan ng nangungunang 10 kapag may anumang pagbabago.

Makikita ang mga listahang ito sa website ng FPPC sa *http://www.fppc.ca.gov/transparency/top-contributors.html*

Pagpaparehistro ng Botante

Kung nakarehistro na kayo upang bumoto, hindi na ninyo kailangang muling magparehistro ***maliban*** kung magpapalit kayo ng inyong pangalan, address ng tirahan, address na pangkoreo, o kung gusto ninyong magpalit o pumili ng partidong pampulitika.

Maaari kayong magparehistro upang bumoto online sa *registertovote.ca.gov* o tumawag sa walang bayad na Hotline ng Botante ng Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957 upang mapadalhan kayo ng form.

Makakakuha ng mga form sa pagpaparehistro ng botante sa karamihan ng mga tanggapan ng koreo, aklatan, opisina ng pamahalaan ng lungsod at county, opisina ng halalan sa county, at sa Opisina ng Kalihim ng Estado ng California

May-kondisyong Pagpaparehistro ng Botante

Sa loob ng 14 na araw bago ang Araw ng Halalan at pati sa Araw ng Halalan, maaari kayong pumunta sa opisina ng opisyal ng halalan, sa sentro ng pagboto, o sa lugar ng botohan sa inyong county upang magparehistro nang may kondisyon para makaboto, at saka bumoto. Upang matuto pa, bisitahin ang *sos.ca.gov/elections/voter-registration/same-day-reg/*.

Impormasyon Ukol sa Pagiging Pribado ng Pagpaparehistro ng Botante

Programang Ligtas sa Tahanan na Kumpidensyal na Pagpaparehistro ng Botante: Ang ilang partikular na botanteng humaharap sa mga sitwasyong may banta sa kanilang buhay (i.e. mga biktima ng, at nakaligtas sa karahasan sa loob ng tahanan, panunubaybay, sekswal na pag-atake, pagbebenta ng tao, abuso sa nakatatanda/dependiyenteng nasa hustong gulang) ay maaaring maging kwalipikado na maging isang kumpidensyal na botante kung sila ay mga aktibong miyembro ng programang Ligtas sa Tahanan. Para sa higit pang impormasyon, makipag-ugnayan sa walang bayad na programang Ligtas sa Tahanan ng Kalihim ng Estado sa (877) 322-5227 o bumisita sa *sos.ca.gov/registries/safe-home/*.

Pagiging Pribado ng Impormasyon ng Botante: Ang impormasyon sa inyong apidabit ng pagpaparehistro ng botante ay gagamitin ng mga opisyal ng halalan upang magpadala sa inyo ng opisyal na impormasyon tungkol sa proseso ng pagboto, gaya ng inyong lugar ng botohan, at ng mga isyu at kandidatong makikita sa balota. Ang pangkomersiyong paggamit ng impormasyon sa pagpaparehistro ng botante ay ipinagbabawal ng batas at itinuturing na maliit na pagkakasala. Maaaring ibigay ang impormasyon ng botante sa isang kumakandidato para sa katungkulan, isang komite sa panukalang-batas ukol sa balota, o ibang tao para sa mga layuning nauugnay sa halalan, pag-aaral, pamamahayag, pulitika, o pamahalaan, alinsunod sa mapagpapasyahan ng Kalihim ng Estado. Ang mga numero ng lisensiya sa pagmamaneho at social security, o ang inyong lagda gaya ng ipinakikita sa kard ng pagpaparehistro ng botante, ay hindi maaaring ibigay para sa mga layuning ito. Kung mayroon kayong anumang tanong tungkol sa paggamit ng impormasyon ng botante o kung gusto ninyong mag-ulat ng pinaghihinalaang maling paggamit ng naturang impormasyon, pakitawagan ang walang bayad ng Hotline ng Botante ng Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957.

Paunang magparehistro sa edad na labing-anim. Bumoto sa edad na labingwalo.

Magagamit ang paunang pagpaparehistro online para sa mga kwalipikadong 16 at 17 taong gulang sa *registertovote.ca.gov* o sa pamamagitan ng papel na form ng pagpaparehistro. Magiging aktibo ang pagpaparehistro ng mga kabataan sa California na paunang nagparehisto upang bumoto kapag tumungtong na sila sa edad na 18.

Paunang magparehistro sa 4 na madaling hakbang:

1. Bumisita sa *registertovote.ca.gov.*
2. I-click ang button na "Paunang Magparehistro upang Bumoto."
3. Awtomatikong marehistro sa inyong ika-18 kaarawan.
4. Ipatala ang inyong balota sa Araw ng Halalan!

Ano ang Paunang Pagpaparehistro?

Kung kayo ay 16 o 17 taong gulang at nakakatugon sa lahat ng iba pang kinakailangan sa pagiging kwalipikado na botante, maaari kayong paunang magparehistro upang bumoto sa *registertovote.ca.gov.*

Kumpletuhin lang ang online na aplikasyon sa paunang pagpaparehistro at pagdating ng inyong ika-18 kaarawan, awtomatiko kayong mararehistro upang bumoto.



Paano bumoto sa pamamagitan ng koreo

Sino ang maaaring bumoto sa pamamagitan ng koreo?

Ang bawat rehistradong botante ay makakatanggap ng balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo para sa Pangkalahatang Halalan sa Nobyembre 3, 2020. Magsisimulang magpadala ang mga opisyal ng halalan sa county ng mga balota sa mga botante sa Oktubre 5, 2020. Kung hindi ninyo matatanggap ang iyong balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo o kailangang humingi ng kapalit, mangyaring makipag-ugnayan sa inyong opisina ng halalan sa county. Makikita ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan opisina ng halalan sa county sa pahina 110 ng gabay na ito.

Paano ibalik ang inyong balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo

Pagkatapos markahan ang inyong balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo, ilagay ito sa opisyal na sobreng ibinigay ng inyong opisina ng halalan sa county at isara ito. **Lagdaan** ang sobre kung saan nakadirekta. Marami kayong opsyon sa pagbabalik ng inyong balota.

Tiyaking darating ang inyong balota sa huling araw, ibalik ito:

Sa pamamagitan ng koreo—dapat malagyan ng tatak bago ang **Nobyembre 3** at matanggap ng inyong opisina ng halalan sa county nang hindi lalampas sa **Nobyembre 20. Hindi kailangan ng selyo!**

Personal—ihulog sa inyong opisina ng halalan sa county o sa anumang sentro ng pagboto, lugar ng botohan, o lokasyon ng hulugan ng balota sa California bago magsara ang mga lugar ng botohan nang 8:00 p.m. sa Nobyembre 3.

Nagbibigay ang batas ng estado ng kalayaan sa mga botanteng magtalaga ng sinumang pipiliin nila upang ibalik ang kanilang mga balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo. Gayunpaman, inirerekomenda naming ibigay lang ang inyong nakumpletong balota sa taong pinagkakatiwalaan ninyo. At huwag ibigay ang inyong balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo kung hindi pa ninyo nasasara at nalalagdaan ang likod ng sobreng ibinigay ng inyong opisina ng halalan sa county.

Kahit na natanggap ninyo ang inyong balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo at sobre, maaari pa rin kayong bumoto nang personal sa inyong lugar ng botohan sa Araw ng Halalan. Dalhin ang inyong balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo sa lugar ng botohan at ibigay ito sa isang manggagawa sa botohan kapalit ng balota sa lugar ng botohan. Kung hindi ninyo dala ang inyong balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo at sobre, maaari kayong bumoto sa pamamagitan ng pansamantalang balota. Tinitiyak nitong hindi pa kayo nakapagpatala ng balota.

Nag-aalok ang lahat ng county ng opsyong madaling gamitin na tinatawag na magagamit sa malayo na pagboto sa pamamagitan ng koreo (RAVBM). Nagbibigay-daan ang RAVBM sa mga botanteng may mga kapansanan na matanggap ang kanilang mga balota sa tahanan at mamarkahan ang mga ito nang hindi sila tinutulungan at nang pribado, bago ipadala ang mga ito pabalik sa mga opisyal ng halalan. Makipag-ugnayan sa inyong opisyal ng halalan sa county para sa karagdagang impormasyon.



Gusto ba ninyong makita ang mga resulta ng Pangkalahatang Halalan ng Nobyembre 3, 2020, pagkatapos magsara ng mga lugar ng botohan nang 8:00 p.m.? Bisitahin ang website ng Mga Resulta ng Halalan ng Kalihim ng Estado ng California sa *electionresults.sos.ca.gov*.

Isinasapanahon ang website ng Mga Resulta ng Halalan bawat limang minuto sa Gabi ng Halalan habang iniuulat ng mga county ang mga resulta sa Kalihim ng Estado. Magpapadala ang mga opisyal ng halalan sa county ng mga bahagyang-opisyal na resulta ng halalan sa website ng Kalihim ng Estado pagkatapos magsara ng mga lugar ng botohan nang 8:00 p.m. at patuloy na magpapadala ng mga nasasa-panahong bilang nang hindi bababa sa bawat dalawang oras hanggang sa mabilang ang lahat ng balota sa araw ng halalan.

Simula sa Nobyembre 5 hanggang Disyembre 3, 2020, isasapanahon ang website ng Mga Resulta ng Halalan araw-araw nang 5:00 p.m. habang binibilang ng mga county ang mga natitirang balota.

Ipapaskil ang mga opisyal na resulta ng halalan sa Disyembre 11, 2020, sa *sos.ca.gov/elections/*.

Tulong para sa Mga Botanteng May Mga Kapansanan

Naninindigan ang California sa pagtitiyak na makakapagtala ang bawat botante ng kanilang balota nang pribado at independiyente.

Para sa mas detalyadong impormasyon tungkol sa kung anong tulong ang iniaalok ng inyong county sa mga botanteng may mga kapansanan, pakitingnan ang Patnubay na Impormasyon para sa Botante ng inyong county, o makipag-ugnayan sa inyong county. Makikita ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng county sa pahina 110 ng patnubay na ito.

Pagboto sa Lugar ng Botohan o Sentro ng Pagboto

Kung kailangan ninyo ng tulong sa pagmamarka ng inyong balota, maaari kayong pumili ng hanggang dalawang tao upang tumulong sa inyo. Ang taong ito ay hindi maaaring maging:

- Inyong taga-empleyo o sinumang taong nagtatrabaho para sa inyong taga-empleyo
- Ang lider ng inyong unyon ng paggawa o sinumang nagtatrabaho para sa inyong unyon ng paggawa

Ang pagboto sa gilid ng daan ay magbibigay-daan sa inyong iparada ang inyong sasakyan nang malapit sa lugar ng botohan hangga't maaari. Dadalhan kayo ng mga opisyal ng halalan ng isang listahan na dapat ninyong lagdaan, isang balota at iba pang materyal sa pagboto na maaaring kailanganin ninyo, nasa gilid man kayo ng daan o nasa nakaparadang sasakyan. Makipag-ugnayan sa opisina ng halalan sa inyong county upang malaman kung maaaring bumoto sa gilid ng daan sa inyong lugar ng botohan o sentro ng pagboto.

Ang lahat ng lugar ng botohan at sentro ng pagboto ay dapat na madaling mapuntahan ng mga botanteng may mga kapansanan at magkakaroon dito ng mga madaling magamit na aparato sa pagboto.

Pagboto sa Tahanan

Ang magagamit sa malayo na pagboto sa pamamagitan ng koreo (remote accessible vote-by-mail, RAVBM) ay nagbibigay ng madaling opsyon para sa mga botanteng may mga kapansanan na matanggap ang kanilang mga balota sa tahanan at mamarkahan ang mga ito nang hindi sila tinutulungan at nang pribado, bago ipadala ang mga ito pabalik sa mga opisyal ng halalan. Makipag-ugnayan sa inyong opisyal ng halalan sa county para sa karagdagang impormasyon.

Audio at Malaking Prenta na Mga Patnubay na Impormasyon para sa Botante

Makukuha ang patnubay na ito sa mga bersyong audio at malaking prenta. Libre ding makakakuha ng patnubay sa English, Chinese, Hindi, Japanese, Khmer, Korean, Spanish, Tagalog, Thai, at Vietnamese.

Upang humiling:

Tumawag sa walang bayad na Hotline para sa Botante ng Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957

Bumisita sa *voterguide.sos.ca.gov*

Mag-download ng audio na bersyong MP3 sa *voterguide.sos.ca.gov/audio/tl*

MGA MADALAS ITANONG

Nakarehistro ba ako upang bumoto?

Upang maging kuwalipikadong magparehistro para makaboto sa California, ikaw dapat ay:

- Isang mamamayan ng Estados Unidos at isang residente ng California,
- 18 taong gulang o mas matanda sa Araw ng Halalan,
- Kasalukuyang hindi nakapiit sa isang pang-estado o pederal na bilangguan o malaya sa bisa ng parol para sa pagkakahatol sa isang krimen, at
- Kasalukuyang hindi napagpasiyahan ng isang hukuman bilang walang kakayahan ang isipan.

Upang matingnan ang inyong katayuan sa pagpaparehistro bilang botante, bumisita sa *voterstatus.sos.ca.gov.*

Paano kung nakalimutan kong magparehistro upang bumoto, o isapanahon ang aking pagpaparehistro?

Walang problema! Kung nakaligtaan ninyo ang huling araw sa pagpaparehistro ng botante noong Oktubre 19, 2020, bibigyang-daan kayo ng batas ng California na magparehistro upang bumoto at bumoto hanggang 8:00 p.m. sa Araw ng Halalan sa opisina ng halalan sa county ninyo o sa anumang lokasyon ng pagboto sa inyong county. Tinatawag na May Kondisyong Pagpaparehistro ng Botante ang prosesong ito, at karaniwang tinatawag na Pagpaparehistro sa Parehong Araw.

Ganito ito ginagawa:

1. Bumisita sa opisina ng halalan sa county, sentro ng pagboto, o lugar ng botohan sa inyong county—makikita ang mga lokasyon sa inyong Patnubay na Impormasyon para sa Botante o sa *vote.ca.gov*.
2. Magkumpleto ng kard sa pagpaparehistro ng botante.
3. Ipatala ang inyong balota sa opisina ng halalan sa inyong county, sa sentro ng pagboto, o lugar ng botohan.
4. Kapag naiproseso na ng opisyal ng halalan sa inyong county ang inyong pagpaparehistro at natukoy na kwalipikado kayo, irerehistro kayo upang bumoto, at mabibilang ang inyong balota.
5. Tingnan kung nabilang ang inyong balota sa pamamagitan ng pagbisita sa *voterstatus.sos.ca.gov*. Mayroong hanggang 60 araw ang mga opisina ng halalan sa county pagkatapos ng Araw ng Halalan upang ibigay ang impormasyong ito.

Saan ako maaaring matuto tungkol sa mga kandidato at proposisyon?

Tingnan ang Patnubay na Impormasyon para sa Botante ng inyong county para sa impormasyon tungkol sa mga kandidato at panukala. Simula sa pahina 16 ng patnubay na ito, makikita ninyo ang impormasyon tungkol sa mga proposisyong pambuong estado.

Upang makahanap ng mga pahayag mula sa mga kandidato para sa pagkapangulo, bumisita sa website ng Kalihim ng Estado sa *vote.ca.gov*.

Upang makapagsaliksik kaugnay ng mga ambag sa kampanya para sa mga pang-estado at lokal na kandidato, bumisita sa website ng Kalihim ng Estado sa *powersearch.sos.ca.gov*.

Upang makapagsaliksik kaugnay ng mga ambag sa kampanya para sa mga kandidato para sa pagkapangulo at pagkakongreso, bumisita sa website ng Komisyon ng Pederal na Halalan sa *www.fec.gov*.

Anong mga pamamaraan ang magagamit sa website ng Kalihim ng Estado?

Bumisita sa *vote.ca.gov* para sa mga pamamaraan na makakatulong sa inyong:

- Tingnan ang iyong impormasyon ng pagpaparehistro ng botante
- Magparehistro o muling magparehistro upang bumoto
- Mag-sign up para sa pagsubaybay sa balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo
- Hanapin ang inyong lugar ng botohan o sentro ng pagboto
- Makipag-ugnayan sa opisina ng halalan sa inyong county

Saan ako boboto?

May nakabukas na lugar ng botohan o sentro ng pagboto ang bawat county sa Araw ng Halalan. Mayroon ding isa o mahigit na lokasyon ng personal na maagang pagboto ang bawat county. Upang mahanap ang mga lokasyon ng maagang pagboto ng inyong country, bumisita sa *vote.ca.gov* o tingnan ang Patnubay na Impormasyon para sa Botante ng inyong county.

Maaari din kayong tumawag sa walang bayad na Hotline para sa Botante ng Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957.

Maaari din kayong mag-text ng "Vote" sa GOVOTE (468683) upang hanapin ang lokasyon ng inyong lugar ng botohan.

Kung kayo'y nakatira sa isa sa mga county na ito: Amador, Butte, Calaveras, El Dorado, Fresno, Los Angeles, Madera, Mariposa, Napa, Nevada, Orange, Sacramento, San Mateo, Santa Clara, o Tuolumne, maaari kayong bumoto sa anumang sentro ng pagboto sa inyong county. Bumisita sa *voterschoice.sos.ca.gov*.

Paano ako boboto sa pamamagitan ng koreo?

Para sa halalang ito, awtomatikong makakatanggap ang bawat rehistradong botante sa California ng balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo. Magpapadala ang mga opisina ng halalan sa inyong county ng mga balota sa mga botante simula Oktubre 5, 2020. Para sa karagdagang impormasyon, pakitingnan ang pahina 83 ng patnubay na ito.

Magkano ang selyong kailangan upang ibalik ang aking balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo?

Walang selyo, walang problema! Ang selyo para sa mga sobre ng pagboto sa pamamagitan ng koreo ay bayad ng county at libre para sa lahat ng botante sa California.

Paano ko ibabalik ang aking balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo?

Pagkatapos markahan ang inyong balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo, ilagay ito sa opisyal na sobreng ibinigay ng inyong opisina ng halalan sa county at isara ito. Lagdaan ang sobre kung saan nakadirekta. Marami kayong opsyon sa pagbabalik ng inyong balota.

Tiyaking darating ang inyong balota sa huling araw, ibalik ito:

- Sa pamamagitan ng koreo—dapat malagyan ng tatak bago ang Nobyembre 3 at matanggap ng inyong opisina ng halalan sa county nang hindi lalampas sa Nobyembre 20. Hindi kailangan ng selyo!
- Personal—ihulog sa inyong opisina ng halalan sa county, sa anumang sentro ng pagboto, o lugar ng botohan sa California, o sa anumang lokasyon ng hulugan ng balota o drop box, bago magsara ang mga lugar ng botohan nang 8:00 p.m. sa Nobyembre 3.
- Nagbibigay ang batas ng estado ng kalayaan sa mga botanteng magtalaga ng sinumang pipiliin nila upang ibalik ang kanilang mga balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo. Gayunpaman, inirerekomenda naming ibigay lang ang inyong nakumpletong balota sa taong pinagkakatiwalaan ninyo. Huwag ibigay ang inyong balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo kung hindi pa ninyo nasasara at nalalagdaan ang likod ng sobreng ibinigay ng inyong opisina ng halalan sa county.

Maaari pa rin ba akong bumoto nang personal sa halalang ito?

Habang inirerekomenda naming bumoto kayo gamit ang inyong balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo, magkakaroon pa rin ng mga opsyon sa pagboto nang personal sa bawat county. Dalhin ang inyong balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo sa opisina ng halalan sa inyong county o lokasyon ng pagboto, at ibigay ito sa isang manggagawa sa botohan kapalit ng balota sa lugar ng botohan. Kung hindi ninyo dala ang inyong balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo at sobre, maaari kayong bumoto sa pamamagitan ng pansamantalang balota. Tinitiyak nitong hindi pa kayo nakakapagpatala ng balota.

Maaari bang bumoto sa pamamagitan ng koreo ang mga botanteng may mga kapansanan?

Nag-aalok ang lahat ng opisina ng halalan sa county ng opsyong madaling gamitin na tinatawag na magagamit sa malayo na pagboto sa pamamagitan ng koreo (RAVBM). Nagbibigay-daan ang RAVBM sa mga botanteng may mga kapansanan na matanggap ang kanilang balota sa tahanan at mamarkahan ito nang hindi sila tinutulungan at nang pribado, bago ito ipadala pabalik sa mga opisyal ng halalan. Para sa Pangkalahatang Halalan sa Nobyembre 3, 2020, maaaring gumamit ang lahat ng rehistradong botante ng opsyong RAVBM. Upang mag-sign up para sa RAVBM, bumisita sa *voterstatus.sos.ca.gov*.

Paano ko malalaman kung natanggap ng county ang aking balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo?

Maaaring makatanggap ng mga abiso ang mga botante tungkol sa katayuan ng kanilang balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo, sa pamamagitan ng pag-sign up sa pamamaraan na "Nasaan Ang Aking Balota?" Mag-sign up sa *wheresmyballot.sos.ca.gov* upang makatanggap ng mga awtomatikong napapanahong katayuan ng inyong balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo, sa pamamagitan ng mensahe sa text (SMS), email, o voice call.

Kapag nag-sign up kayo sa "Nasaan ang Aking Balota?" makakatanggap kayo ng mga awtomatikong napapanahong balita kapag ang inyong opisina ng halalan sa county ay:

- Ipinadala ang inyong balota,
- Natanggap ang inyong balota,
- Binibilang ang inyong balota, o
- May natukoy na isyu sa inyong balota.

Maaari ba akong kumuha ng oras ng pahinga mula sa trabaho upang bumoto?

Ang lahat ng empleyado ay karapat-dapat para sa may bayad na pahinga para sa layuning bumoto kung hindi sapat ang kanilang oras sa labas ng oras ng trabaho upang bumoto.

Maaaring bigyan ang mga empleyado ng gaano man karaming oras na kailangan nila upang bumoto, ngunit hanggang dalawang oras lang ang mababayaran. Maaaring kailanganin ng mga taga-empleyo na magbigay ang mga empleyado ng paunang abiso na kakailanganin nila ng karagdagang oras ng pahinga para sa pagboto. Maaaring kailanganin ng mga taga-empleyo na kunin lang ang oras ng pahinga sa simula o katapusan ng rilyebo ng empleyado.

Kung mayroon kayong mga tanong, tumawag sa walang bayad na Hotline para sa Botante ng Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957.

Kailangan ko bang magpakita ng ID upang bumoto?

Kadalasan, hindi kailangang magpakita ng mga botante sa California ng pagkakakilanlan bago sila bumoto.

Maaari ninyong kailanganing magpakita ng isang uri ng pagkakakilanlan sa lugar ng botohan kung kayo ay boboto sa unang beses pagkatapos magparehistro sa pamamagitan ng koreo o online, at HINDI ninyo ibinigay ang mga sumusunod sa inyong aplikasyon (o anupamang pagkakakilanlan):

- Lisensiya sa pagmamaneho o numero sa pagkakakilanlan na ibinigay ng estado, o
- Ang huling apat na numero ng inyong numero ng seguridad sosyal.

Ang mga sumusunod ay ilan sa mga katanggap-tanggap na uri ng pagkakakilanlan ayon sa pang-estado at pederal na batas:

- Lisensiya sa pagmamaneho o numero sa pagkakakilanlan na ibinigay ng estado
- Pasaporte
- Pagkakakilanlan ng empleyado
- Pagkakakilanlan ng militar
- Pagkakakilanlan ng estudyante
- Pagkakakilanlan ng club sa kalusugan
- Pagkakakilanlan ng plano ng seguro
- Credit card o debit card

Para sa kumpletong listahan, tingnan ang "Mga Kinakailangang ID sa Lugar ng Botohan" sa *sos.ca.gov/elections/hava-id-standards*.

Paano ako makakatulong?

Makilahok bilang manggagawa sa botohan! Magkaroon ng aktwal na karanasan at makibahagi sa nag-iisang pinakamahalagang bahagi ng ating demokrasya—ang pagboto!

Upang makapaglingkod bilang manggagawa sa botohan, ikaw ay dapat na:
- Mamamayan ng U.S. o permanenteng residente ayon sa batas, o
- Isang kwalipikadong estudyante ng mataas na paaralan

Ang mga manggagawa sa botohan ay:
- Nag-aayos at nagsasara ng lugar ng botohan
- Tinutulungan ang mga botanteng maunawaan ang kanilang mga karapatan
- Pinoprotektahan ang mga balota at kagamitan sa pagboto
- Nagkakaroon ng dagdag na kita (magkakaiba ang halaga ayon sa county)
- Nag-aambag sa kanilang komunidad at nakikilala ang kanilang mga kapitbahay

Upang maglingkod bilang manggagawa sa botohan na estudyante sa mataas na paaralan, ang isang estudyante ay dapat na:
- Mamamayan ng U.S. o permanenteng residente ayon sa batas
- May edad na 16 na taon pataas sa Araw na Halalan
- Pumapasok sa isang pampubliko o pribadong mataas na paaralan
- Mayroong hindi bababa sa 2.5 na grade point average
- Pinahintulutan ng kanilang mga magulang at paaralan
- Dumadalo sa sesyon ng pagsasanay

Para sa karagdagang impormasyong tungkol sa pagiging manggagawa sa botohan, makipag-ugnayan sa opisina ng halalan sa inyong county, o bumisita sa *vote.ca.gov.*

Tingnan ang Inyong Katayuan Bilang Botante Online

Bisitahin ang pahina na Aking Katayuan Bilang Botante ng Kalihim ng Estado sa *voterstatus.sos.ca.gov*, kung saan maaari ninyong tingnan ang inyong katayuan bilang botante, hanapin ang inyong lugar ng botohan o sentro ng pagboto, at marami pang iba.

Gamitin ang **Aking Katayuan Bilang Botante** upang:
- Tingnan kung nakarehistro kayo upang bumoto at kung ganoon nga, sa anong county
- Tingnan ang inyong kinakatigang partidong pampulitika
- Hanapin ang inyong lugar ng botohan o sentro ng pagboto
- Alamin ang mga nalalapit na halalan sa inyong lugar
- Matanggap ang inyong Patnubay na Impormasyon Para sa Botante (VIG) ng estado sa pamamagitan ng email bago ang bawat halalan sa buong estado (Tingnan sa ibaba ang higit pang impormasyon sa paghiling na hindi mapadalhan ng VIG)
- Alamin ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa inyong opisina ng halalan sa county
- Tingnan ang katayuan ng inyong pagboto sa pamamagitan ng koreo o pansamantalang balota

Upang matingnan ang inyong katayuan bilang botante, kakailanganin ninyong ilagay ang inyong pangalan, apelyido, lisensiya sa pagmamaneho sa California o numero ng kard ng pagkakakilanlan, ang huling apat na numero ng inyong numero ng seguridad sosyal, at petsa ng kapanganakan.

Maaari ninyong gamitin ang pamamaraan sa Aking Katayuan Bilang Botante upang hilinging hindi mapadalhan ng VIG ng estado. Gayunpaman, kung may isa pang rehistradong botante sa inyong sambahayan na humihiling na makatanggap nito sa pamamagitan ng koreo, magpapadala pa rin ng VIG ng estado sa inyong address sa pamamagitan ng koreo. Kung hiniling ninyong huwag mapadalhan at hindi kayo nakatanggap ng VIG ng estado sa pamamagitan ng koreo, makikita pa rin ang impormasyon ng mga kandidato sa buong estado at panukalang-batas ukol sa balota sa website ng VIG na *(voterguide.sos.ca.gov)* bago ang bawat halalan sa buong estado.

Pumunta sa *voterstatus.sos.ca.gov* upang makapagsimula.

PROPOSISYON 14

Ang panukalang inisyatibong ito ay isinumite sa mga tao alinsunod sa mga probisyon ng Seksyon 8 ng Artikulo II ng Saligang-Batas ng California.

Ang panukalang inisyatibong ito ay nagsususog at nagdaragdag sa mga seksyon sa Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan; dahil dito, ang mga kasalukuyang probisyong iminumungkahing tanggalin ay nakalimbag nang ~~naka-strikeout~~ at ang mga bagong probisyong iminumungkahing idagdag ay nakalimbag nang *naka-italic* upang ipabatid na ang mga ito ay bago.

IMINUMUNGKAHING BATAS

Ang Inisyatibo ng California sa Pananaliksik, Mga Paggamot, at Mga Lunas na Nauugnay sa Stem Cell para sa Taong 2020 (California Stem Cell Research, Treatments, and Cures Initiative of 2020)

SEKSYON 1. Titulo.

Ang panukalang ito ay tatawagin, at maaaring tukuyin, bilang "Inisyatiba ng California sa Pananaliksik, Mga Paggamot, at Mga Lunas na Nauugnay sa Stem Cell para sa Taong 2020."

SEK. 2. Mga Pagpapasiya at Pagpapahayag.

Sa bisa nito, kinikilala at inihahayag ng mga tao mula sa Estado ng California ang lahat ng sumusunod:

(a) Noong 2004, tinanggihan ng mga botante sa California ang mga pagsisikap ng pederal na pamahalaan na limitahan ang pananaliksik na nauugnay sa stem cell sa pamamagitan ng pagtatatag ng sariling institusyon sa pagpopondo ng California para sa pagpapahusay ng pananaliksik at therapy na nauugnay sa stem cell, dahilan upang makilala ang California sa buong mundo bilang nangunguna sa makabagong larangan ng pananaliksik na nauugnay sa stem cell.

(b) Mula noon, ang institusyon ng California para sa pananaliksik na nauugnay sa stem cell, na itinatag ng mga botante sa California, ay nakapagpondo na ng mahigit sa 1,000 proyekto sa pananaliksik sa 70 institusyon at negosyo sa buong estado, na nakapagbigay-daan sa mahigit 2,500 pagtuklas sa medikal na pananaliksik na sinuri ng mga kapwa doktor o siyentipiko, kabilang ang mga pagtuklas na nakapag-ambag sa mahigit 70 klinikal na pagsubok sa tao na nakatuon sa paghahanap ng mga paggamot at lunas para sa mga pangmatagalang pinsala at sakit. Marami sa iba pang pagtuklas ang nananatili pa rin sa nagbabagong proseso habang naghihintay ng karagdagang pondo upang maiusad ang mga ito sa mga klinikal na pagsubok. Sa ngayon, nasa humigit-kumulang 2,000 pasyente na ang nagamot o inaasahang magamot sa pamamagitan ng mga klinikal na pagsubok na pinopondohan ng institusyon o sa mga sentro ng kahusayan ng institusyon, at mahigit sa 4,000 pasyente na ang naipatala o inaasahang maipatala sa mga klinikal na pagsubok sa tao kung saan pinopondohan ng institusyon ng California para sa pananaliksik na nauugnay sa stem cell ang pagpapahusay ng pananaliksik o therapy o sa mga sentro ng kahusayan ng institusyon.

(c) Nagtutulungan ang mga mananaliksik na pinopondohan ng institusyon ng California para sa pananaliksik na nauugnay sa stem cell na makabuo ng mga therapy at lunas para sa mga malulubhang sakit at pinsala, kabilang nang walang limitasyon ang, kanser, diyabetis, sakit sa puso, mga sakit sa lower respiratory, sakit sa kidney, Alzheimer's, Parkinson's, mga pinsala sa spinal cord, pagkabulag, amyotrophic lateral sclerosis (ALS), HIV/AIDS, multiple sclerosis, at mga sakit sa isip, gaya ng schizophrenia, depresyon, at autism.

(d) Malaki na ang progresong nagagawa ng mga mananaliksik na pinopondohan ng institusyon sa pagpapahusay ng mga therapy para sa maraming malulubhang sakit, mula sa mga paggamot para sa kanser hanggang sa pagtulong sa paghahanap ng lunas para sa "bubble baby" na sakit, na nakasagip na sa buhay ng maraming bata, ngunit nangangailangan pa ng karagdagang pondo ang marami sa mga proyektong ito upang makausad mula sa yugto ng pananaliksik papunta sa klinikal na pagsubok.

(e) Marami nang nabagong buhay ang mga paggamot na nabuo sa tulong ng institusyon ng California para sa pananaliksik na nauugnay sa stem cell. Salamat sa pananaliksik na ito, nagawa ng isang high school na estudyante na maibalik ang paggana ng itaas na bahagi ng kanyang katawan at makapasok sa kolehiyo matapos maparalisa dahil sa isang aksidente sa pagsisid; muling nakakita ang isang inang nabulag dahil sa isang genetic na sakit; at may nahanap na lunas para sa isang sakit na nakakapagdulot ng pagkamatay ng isang fetus.

(f) Sa loob ng buong 2018, ang mga proyekto sa pananaliksik na pinopondohan ng institusyon ay tinatayang nakalikom na ng mahigit $3 bilyon sa mga itinumbas na pondo, nakagawa na ng mahigit 55,000 trabahong katumbas ng full-time na trabaho sa California, nagresulta na sa humigit-kumulang $641 milyon sa pang-estado at lokal na kita sa buwis, at nakabuo na ng $10.7 bilyong pagtaas sa pang-ekonomiyang aktibidad ng California. Ang institusyon ng California para sa pananaliksik na nauugnay sa stem cell ay nakapang-engganyo na ng daan-daang mananaliksik mula sa labas ng estado at maraming kumpanya sa California, dahilan upang makilala ang California bilang pandaigdigang lider sa larangang ito. Pinapatunayan ng mahigit sa $3 bilyon sa mga itinumbas na pondo na nalikom ng mga proyektong ito ang kahalagahan ng pasya ng mga botante na mamuhunan sa pananaliksik at mga therapy upang magamot at mabigyan ng lunas ang pangmatagalang sakit at pinsala.

(g) Bagama't marami nang nakamit na tagumpay ang institusyon ng California sa pagpopondo ng pananaliksik na nauugnay sa stem cell, marami pa ring kailangang gawin. Sa pagkakaroon ng mga bagong pederal na paghihigpit sa mahahalagang pananaliksik, dumaraming agenda na laban sa siyensiya, at mga banta sa pagbabawas ng pondo para sa pederal na pananaliksik at pagpapahusay, kinakailangan ulit ng California na pangunahan ang pagtiyak na magpapatuloy ang may potensyal na larangang ito ng pananaliksik at maiusad ang mga proyekto mula sa yugto ng pananaliksik papunta sa klinikal na pagsubok.

(h) Kung walang karagdagang pondo, marami sa mga may potensyal na proyekto sa pananaliksik at pagpapahusay na ito ang mapipilitang ihinto ang isinasagawa nilang trabaho kaugnay ng mga medikal na therapy na posibleng makapagpabago ng buhay. Nangangailangan ang institusyon ng California para sa pananaliksik na nauugnay sa stem cell ng karagdagang pondo upang maiusad ang mga pagtuklas na may mataas na potensyal sa proseso ng pagpapahusay, kabilang ang mga klinikal na pagsubok, nang may layuning maihatid ang mga paggamot sa mga pasyenteng taga-California na may mga pangmatagalang sakit at pinsala.

SEK. 3. Layunin at Intensyon.

Sa pagsasabatas ng inisyatibang ito, layunin at intensyon ng mga tao mula sa Estado ng California na patuloy na suportahan ang pananaliksik na nauugnay sa stem cell

14

upang maibsan o malunasan ang pangmatagalang sakit at pinsala at nang sa gayon ay mabawasan o maibsan ang paghihirap ng tao at ang gastos para sa pangangalaga at mapagbuti ang kalusugan at pagiging produktibo ng mga taga-California sa pamamagitan ng:

(a) Pagbibigay ng $5.5 bilyon sa pondo sa bono upang mabigyang-daan ang institusyon ng California para sa pananaliksik na nauugnay sa stem cell na patuloy na mapondohan ang stem cell at iba pang mahahalagang pananaliksik para sa pagbuo ng mga paggamot at lunas para sa malulubhang sakit at kundisyon tulad ng diyabetis, kanser, HIV/AIDS, sakit sa puso, pagkaparalisa, pagkabulag, sakit sa kidney, mga sakit sa baga, at marami pang iba.

(b) Paglalaan ng $1.5 bilyon para sa pagsuporta sa pananaliksik at sa pagbuo ng mga paggamot para sa mga sakit at kundisyon na nauugnay sa utak at sa central nervous system, gaya ng Alzheimer's disease, Parkinson's disease, stroke, dementia, epilepsy, depresyon, kanser sa utak, schizophrenia, autism, at iba pang sakit at kundisyon sa utak.

(c) Pagsusulong sa pagiging accessible at pagiging abot-kaya ng mga paggamot at lunas sa pamamagitan ng pagtiyak na marami sa mga taga-California ang magkakaroon ng pagkakataong makalahok sa mga klinikal na pagsubok para sa mga may potensyal na bagong paggamot para sa mga pangmatagalang sakit at pinsala, nang pinapalawak ang bilang at heograpikong abot ng mga klinika kung saan maaaring makuha ang mga dalubhasang paggamot at lunas, kabilang ang mga sentro ng kahusayan tulad ng Mga Alpha Stem Cell Clinic at Mga Sentro ng Kahusayan para sa Pangkomunidad na Pangangalaga, na sumusuporta sa mga klinikal na pagsubok at magsisilbing pundasyon para sa paghahatid ng mga paggamot sa hinaharap, at sa pamamagitan ng pagtulong sa mga pasyente sa California na makuha ang mga paggamot at lunas na mabubuo mula sa pananaliksik at pagpapahusay na pinopondohan ng institusyon.

(d) Pag-aatas ng mahigpit na responsibilidad at pagiging malinaw, kabilang ang matitibay na panuntunan sa salungatan ng interes na ina-update kada apat na taon, limitasyon sa bilang ng mga empleyadong maaaring i-hire ng institusyon, at limitasyon sa administratibong pondo para sa institusyon upang matiyak na magagasta ang hindi bababa sa 92.5 porsyento ng mga malilikom sa bono sa pananaliksik at sa pagpapahusay at paghahatid ng mga paggamot at lunas.

(e) Paggawa ng mga trabaho para sa mga manggagawa na kinakailangan upang matiyak na maiuusad ang may potensyal na mga pagpapahusay sa pananaliksik sa klinikal na pagsubok at magagawang available ang mga resulta nitong paggamot para sa mga pasyente sa California.

(f) Pagpapatatag sa posisyon ng California bilang isang pandaigdigang lider sa pagpapahusay ng mga paggamot at lunas na nauugnay sa stem cell para sa mga pasyente.

(g) Pagsusulong ng pribadong pamumuhunan sa mga proyektong pinopondohan ng institusyon upang mapakinabangan ang mga pondo ng institusyon nang sa gayon ay makapagsulong ang kritikal na pananaliksik na ito ng mga bagong paggamot nang mas mabilis patungo sa layuning magawang available ang mga ito sa mga pasyente sa California.

(h) Pagprotekta sa Pangkalahatang Pondo sa pamamagitan ng pagpapaliban sa pagbabayad ng Pangkalahatang Pondo sa mga bono para sa unang limang taon, paghihigpit sa pag-iisyu ng mga bono sa alinmang isang taon sa hindi hihigit sa kalahati ng isang porsyento ng kabuuang halaga ng hindi pa nababayaran at awtorisadong pangkalahatang obligasyong bono ng estado, sa pinagsama-samang kabuuan, mula Enero 1, 2020, na nag-aatas na maibenta ang mga bono sa loob ng hindi bababa sa 10 taon, at pamamahagi ng gastos sa loob ng hanggang 40 taon, nang sa gayon ay nakahanay ang muling pagbabayad sa yugto ng panahon kung kailan inaasahang makinabang ang mga pasyente sa California sa pananaliksik na pinopondohan ng institusyon.

SEK. 4. Ang Seksyon 125290.72 ay idinaragdag sa Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan, upang mabasang:

125290.72. Palawakin ang Programa para sa Alpha Stem Cell Clinic at Itatag ang Programa para sa Mga Sentro ng Kahusayan para sa Pangkomunidad na Pangangalaga

(a) Papalawakin ng institusyon ang Programa para sa Alpha Stem Cell Clinic at itatatag ang Programa para sa Mga Sentro ng Kahusayan para sa Pangkomunidad na Pangangalaga upang pondohan ang establisimiyento ng mga sentro ng kahusayan kung saan isinasagawa ang mga klinikal na pagsubok at ginagawang available ang mga paggamot at lunas para sa lahat ng pasyente. Ang layunin ng Programa para sa Mga Sentro ng Kahusayan para sa Pangkomunidad na Pangangalaga ay palawakin ang kapasidad ng Programa para sa Alpha Stem Cell Clinic upang maisulong ang access sa mga klinikal na pagsubok sa tao at ang pagiging accessible ng mga paggamot at lunas mula sa pananaliksik na pinopondohan ng institusyon para sa mga pasyente sa California sa pamamagitan ng pagtatatag ng iba't ibang sentro ng kahusayan na nakabatay sa heograpikong lokasyon upang makapagsagawa ng mga klinikal na pagsubok at magawang available nang malawakan ang mga magreresultang paggamot at lunas sa mga pasyente sa California.

(b) Dapat na bigyan ng prayoridad ng institusyon ang pagpopondo sa mga aplikasyon para sa Mga Sentro ng Kahusayan para sa Pangkomunidad na Pangangalaga na nagpapahusay sa heograpikong pagpapamahagi ng Mga Sentro ng Kahusayan para sa Pangkomunidad na Pangangalaga sa buong estado, nang isinasaalang-alang ang lokasyon ng Mga Alpha Stem Cell Clinic, upang maisulong ang access ng pasyente. Dapat na bigyan ng prayoridad ng institusyon ang mga aplikasyon para sa Mga Alpha Stem Cell Clinic at Mga Sentro ng Kahusayan para sa Pangkomunidad na Pangangalaga na nag-aalok ng mga itinumbas na pondo o naberipikang suporta na hindi sa pamamagitan ng pera, na nakakasunod sa pinakamatataas na medikal na pamantayan, gaya ng itinatag ng namamahalang lupon ng institusyon.

(c) Ang mga aplikasyon para sa grant sa Alpha Stem Cell Clinic at Mga Sentro ng Kahusayan para sa Pangkomunidad na Pangangalaga ay dapat atasang magsama ng isang plano para sa pagpapahusay ng access sa mga klinikal na pagsubok para sa mga pasyente sa California at gawing pangmalawakang available ang mga paggamot at lunas mula sa pananaliksik na pinopondohan ng institusyon sa mga pasyente sa California, kabilang ang pagtugon sa kung paano susuportahan ng aplikante ang karagdagang gastos sa ospital at sa access ng mga pasyenteng makikilahok sa mga klinikal na pagsubok upang mapahusay ang access sa mga pagsubok para sa mga pasyente sa California, anuman ang kanilang pinansyal na mapagkukunan at heograpikong lokasyon.

(d) Ang mga paggawad para sa Alpha Stem Cell Clinic at Mga Sentro ng Kahusayan para sa Pangkomunidad na Pangangalaga ay dapat gawin alinsunod sa mga

pamamaraang itinakda sa Artikulo 1 (simula sa Seksyon 125290.10) ng Kabanata 3 ng Bahagi 5 ng Dibisyon 106.

SEK. 5. Ang Seksyon 125290.73 ay idinaragdag sa Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan, upang mabasang:

125290.73. Mga Programa para sa Siyentipiko at Medikal na Pagsasanay at Fellowship

(a) Dapat na magtatag ang institusyon ng mga programa para sa pagsasanay at fellowship. Ang layunin ng mga programa para sa pagsasanay at fellowship ay:

(1) Matiyak na mayroon ang California ng kinakailangang workforce upang maiusad ang mga bagong pagtuklas mula sa yugto ng pananaliksik papunta sa mga klinikal na pagsubok.

(2) Pabilisin ang pagiging accessible ng mga paggamot at lunas, at gawing available ang mga paggamot at lunas mula sa pananaliksik na pinopondohan ng institusyon sa mga pasyente sa California.

(3) Ihanda ang mga undergraduate na estudyante at mga estudyante ng master's sa California para sa mga karera sa pananaliksik na nauugnay sa stem cell at iba pang mahahalagang oportunidad sa pananaliksik at sa pagpapahusay at paghahatid ng mga paggamot at lunas.

(4) Suportahan ang mga graduate, mga estudyante sa postdoctoral na pag-aaral, at mga estudyante ng medisina, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa mga intern, resident, at mga kapwa graduate na nagtatrabaho sa larangang nauugnay sa stem cell at iba pang mahahalagang oportunidad sa pananaliksik at sa paglilinang at paghahatid ng mga paggamot at lunas, kasama ang mga fellowship.

(b) (1) (A) Dapat magbigay ng mga paggawad ang programa sa mga campus ng mga Kolehiyo sa Komunidad ng California at California State University upang makapagtatag ng mga programa sa pagsasanay na maghahanda sa mga undergraduate at makapagbigay ng mga fellowship para sa mga estudyante ng master's graduate para sa mga advanced na degree at teknikal na karera sa pananaliksik na nauugnay sa stem cell at iba pang mahahalagang oportunidad sa pananaliksik at sa pagpapahusay at paghahatid ng mga paggamot at lunas, kabilang ang mga hands-on na pagsasanay at edukasyon tungkol sa pananaliksik na nauugnay sa stem cell at iba pang mahahalagang oportunidad sa pananaliksik at sa pagbuo at paghahatid ng mga paggamot at lunas. Ang direktang pakikipag-ugnayan sa pasyente at mga aktibidad ng outreach na nakapanghihikayat sa iba't ibang komunidad sa California na tiyaking alam ng at may access ang lahat ng komunidad sa mga paggamot at lunas na pinopondohan ng institusyon ay dapat na magsilbing prayoridad na resulta ng programang ito. Dapat na bigyan ng prayoridad ng institusyon ang pagpopondo ng mga aplikasyon mula sa mga institusyon na nagpapahusay sa heograpikong pagpapamahagi ng pagsasanay sa buong estado at sa pagkakaiba-iba na nauugnay sa lipunan at kabuhayan, at mga aplikasyon na nag-aalok ng mga itinumbas na pondo o naberipikang suporta na hindi sa pamamagitan ng pera.

(B) Maaaring magsagawa ng mga coinvestment at na-sponsor na apprenticeship ang institusyon bilang bahagi ng programa para sa pagsasanay upang magamit ang pagpopondo ng institusyon at gumawa ng mga oportunidad sa pagtatrabaho para sa mga estudyante sa mga teknikal na posisyon na nagpapahusay sa larangang nauugnay sa stem cell at iba pang mahahalagang oportunidad sa pananaliksik at sa pagpapahusay at paghahatid ng mga paggamot at lunas.

(2) (A) Ang programa para sa fellowship ay dapat magbigay ng mga paggawad sa mga akademiko at non-profit na institusyon para sa pananaliksik sa California upang makapagkaloob ng mga paggawad sa fellowship sa mga graduate at postdoctoral na estudyante at estudyante ng medisina, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa mga intern, resident, at kapwa graduate, na nagsasagawa ng pananaliksik na nauugnay sa stem cell at iba pang mahahalagang oportunidad sa pananaliksik at sa pagpapahusay at paghahatid ng mga paggamot at lunas. Ang mga paggawad sa fellowship ay maaaring maging walang suporta ng iba o karagdagan sa iba pang mapagkukunan ng pondo.

(B) Maaaring magtatag ang institusyon ng programa upang mabigyang kakayahan ang mga fellow na magtrabaho sa mga Alpha Stem Cell Clinic at Mga Sentro ng Kahusayan para sa Pangkomunidad na Pangangalaga bilang bahagi ng kanilang pakikilahok sa programa para sa fellowship.

(c) Ang mga paggawad para sa pagsasanay at fellowship ay dapat gawin alinsunod sa mga pamamaraang itinakda sa Artikulo 1 (simula sa Seksyon 125290.10) ng Kabanata 3 ng Bahagi 5 ng Dibisyon 106.

SEK. 6. Ang Seksyon 125290.74 ay idinaragdag sa Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan, upang mabasang:

125290.74. Programa para sa Pinagbabahaginang Laboratoryo para sa Pananaliksik

(a) Ang institusyon ay dapat na magtatag ulit ng Programa para sa Pinagbabahaginang Laboratoryo para sa Pananaliksik upang makapagbigay ng pondo sa mga akademiko at non-profit na institusyon para sa pananaliksik sa California para sa mga espesyal na kagamitan o instrumento, suplay ng mga cell line, mga materyal para sa pag-culture, at mga tagubilin at pagsasanay sa mga paraan at diskarte sa pananaliksik. Ang mga gagawaran ng mga gawad para sa Pinagbabahaginang Laboratoryo para sa Pananaliksik ay dapat na atasang mag-alok ng paggamit ng laboratoryo para sa pananaliksik sa mga tagapagsiyasat na nagsasagawa ng pananaliksik sa institusyon ng ginawaran at magbigay ng makatuwirang plano sa pag-access para sa mga kalapit na institusyon para sa pananaliksik, at mag-alok ng tagubilin at mga oportunidad sa pagsasanay sa mga estudyante at tagapagsiyasat sa institusyon ng ginawaran at magbigay ng makatuwirang plano sa pag-access para sa mga kalapit na institusyon para sa pananaliksik.

(b) Dapat na isapriyoridad ng institusyon ang pagpopondo ng mga aplikasyon na nagpapahusay sa heograpikong pagpapamahagi ng Pinagbabahaginang Laboratoryo para sa Pananaliksik sa buong estado at mga aplikasyon na nag-aalok ng mga matching fund o naberipikang in-kind na suporta.

(c) Ang mga paggawad para sa Programa para sa Pinagbabahaginang Laboratoryo para sa Pananaliksik ay dapat gawin alinsunod sa mga pamamaraang itinakda sa Artikulo 1 (simula sa Seksyon 125290.10) ng Kabanata 3 ng Bahagi 5 ng Dibisyon 106.

SEC. 7. Ang Seksyon 125290.75 ay idinaragdag sa Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan, upang mabasang:

125290.75. Komite para sa Pagiging Accessible at Pagiging Abot-kaya ng Mga Paggamot at Lunas

(a) Pagiging miyembro

Ang Komite para sa Pagiging Accessible at Pagiging Abot-kaya ng Mga Paggamot at Lunas ay dapat magkaroon ng 17 miyembrong inonomina ng chairperson o vice chairperson at aaprubahan ng lupon, gaya sa sumusunod:

14

(1) Limang miyembro ng ICOC (ang namamahalang lupon), kung saan ang dalawa sa mga miyembrong ito ay kinuha mula sa mga pagtatalagang ginawa alinsunod sa talata (3), (4), (5), o (6) ng subdibisyon (a) ng Seksyon 125290.20.

(2) Isang indibiduwal na may karanasan sa pribadong sektor kaugnay ng mga tuntunin sa medikal na pagsaklaw, mga kuwalipikasyon, at ang proseso ng pag-reimburse para sa makabagong therapy, kabilang ang, kung posible, karanasan sa pakikipag-negosasyon para sa saklaw sa mga pribadong insurer, organisasyong namamahala sa kalusugan, o mga pang-korporasyong planong pangkalusugan sa self-insurance.

(3) Isang eksperto o maalam na indibiduwal na may karanasan sa pagsaklaw, mga kuwalipikasyon, at proseso ng pag-reimburse para sa pederal na therapy, kabilang ang, kung posible, karanasan sa Mga Sentro para sa Mga Serbisyo ng Medicare at Medicaid.

(4) Isang eksperto o maalam na indibiduwal na may karanasan sa programa, pagsaklaw, kuwalipikasyon sa pampublikong insurance sa California (Covered California), at sa proseso ng pag-reimburse ng mga makabagong therapy.

(5) Dalawang kinatawan mula sa mga ospital sa California na nakikilahok sa mga klinikal na pagsubok na nauugnay sa stem cell o nanggagamot ng mga pasyenteng mayroong mga therapy na nauugnay sa stem cell o genetic na therapy na inaprubahan ng pederal ng Food and Drug Administration.

(6) Isang kinatawan mula sa isang pilantropikong organisasyon na may karanasan sa pagtulong sa mga pasyente kaugnay ng pag-access sa at sa pagiging abot-kaya ng mga klinikal na pagsubok, o sa pag-access sa, at sa pagiging abot-kaya ng, mga makabagong therapy.

(7) Dalawang kinatawan mula sa mga organisasyon ng adbokasiya para sa pasyente na may teknikal na kaalaman o karanasan sa pagsaklaw, mga kuwalipikasyon, at sa proseso ng pag-reimburse ng mga makabagong therapy.

(8) Isang ekonomista sa pangangalagang pangkalusugan na may karanasan sa pagpapayo o pakikipag-negosasyon sa mga pribadong insurer, mga insurer ng pamahalaan, o mga pang-korporasyong programa sa self-insurance tungkol sa pagsaklaw para sa mga makabagong therapy o pagsubok sa tao, kabilang ang karanasan sa pagtulong sa mga ospital at klinika sa pagsaklaw sa mga pinansyal na gap sa saklaw ng mga direkta o hindi direktang gastos ng mga makabagong therapy.

(9) Isang patient navigator na sumailalim sa pagsasanay at may karanasan sa pagtulong sa mga pasyente na makakuha ng pinansyal na suporta mula sa mga pribadong insurer, pampublikong suporta, o suporta mula sa non-profit, at pagtulong sa mga pasyente na makakuha ng suporta sa panlipunang serbisyo upang mapangasiwaan ang kanilang paglahok sa mga pagsubok sa tao na inaprubahan ng pederal na Food and Drug Administration o sa kanilang kuwalipikasyon para sa pag-access at tulong pinansyal para sa mga makabagong therapy.

(10) Ang chairperson at vice chairperson ng namamahalang lupon.

(b) Mga Tungkulin

Ang Komite para sa Pagiging Accessible at Pagiging Abot-kaya ng Mga Paggamot at Lunas ay magkakaroon ng mga sumusunod na tungkulin:

(1) Suriin, pahusayin at tumulong sa pagpapatupad ng mga pinansyal na modelo upang mapahusay ang pagiging accessible at pagiging abot-kaya ng mga paggamot at lunas na magmumula sa pananaliksik na pinopondohan ng institusyon para sa mga taga-California at upang mapahusay ang access sa mga klinikal na pagsubok, kabilang ang mga alternatibo para sa pag-reimburse para sa mga gastos ng kuwalipikadong pasyente upang makatulong na makamit ang layuning sasaklawin ng pag-reimburse ang mga gastos ng pasyente, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa mga medikal na gastos, matutuluyan, pagkain, at pagbiyahe para sa mga kalahok sa pananaliksik at ang kanilang mga tagapag-alaga.

(2) Magrekomenda ng mga patakaran at programa sa namamahalang lupon upang matulungan ang mga taga-California na makakuha ng access sa mga klinikal na pagsubok sa tao at magawang available ang mga paggamot at lunas na magmumula sa pananaliksik na pinopondohan ng institusyon sa mga pasyente sa California sa buong California.

(3) Magrekomenda ng mga patakaran at programa sa namamahalang lupon upang matulungan ang mga taga-California na magkaroon ng kakayahang makilahok sa mga klinikal na pagsubok sa tao at gawing abot-kaya ang mga paggamot at lunas na magmumula sa pananaliksik na pinopondohan ng institusyon para sa mga pasyente sa California, anuman ang kanilang pinansyal na mapagkukunan.

(4) Makipagtulungan sa mga Alpha Stem Cell Clinic at Mga Sentro ng Kahusayan para sa Pangkomunidad na Pangangalaga at iba pang institusyon para sa pangangalagang pangkalusugan sa California, at mga tagapagbayad para sa pangangalagang pangkalusugan, kabilang ang mga pribadong insurer, mga programa ng pamahalaan, at mga foundation, upang makabuo ng mga modelong programa at mga modelo sa pagsaklaw upang maisulong ang access at pagiging abot-kaya ng mga paggamot at lunas na magmumula sa pananaliksik na pinopondohan ng institusyon para sa mga pasyente sa California, anuman ang kanilang pinansyal na mapagkukunan, o ang sakit, pinsala, o kundisyon sa kalusugan na mayroon sila.

(5) Payuhan ang namamahalang lupon tungkol sa mga pamantayan sa pagsaklaw at ang proseso para sa pag-reimburse ng mga makabagong therapy at lunas na magmumula sa pananaliksik na pinopondohan ng institusyon at ginawang available sa mga pasyente sa pamamagitan ng mga programang pampubliko o pribadong pinopondohan sa California nang may layuning mapalawak ang access at pagiging abot-kaya ng mga ito.

SEK. 8. Ang Seksyon 125290.76 ay idinaragdag sa Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan, upang mabasang:

125290.76. Mga Task Force para sa Pagpapayo

(a) Pagiging miyembro

Ang chairperson at ang pangulo ay maaaring magtalaga ng isa o higit pang task force para sa pagpapayo na magbibigay ng ekspertong gabay upang matugunan ang mga partikular na layunin sa mga larangan ng kaalamang napapailalim sa hurisdiksyon ng institusyon, kabilang ang mga siyentipiko, pampatakaran, etikal, pinansyal, at teknikal na usapin. Ang chairperson at pangulo ay dapat magtalaga ng parehong bilang ng mga miyembrong eksperto sa larangan o mga larangan ng kaalaman kung saan kinakailangan ang pagpapayo, kabilang ang kahit isang miyembro lang na may pananaw na naaayon sa ikabubuti ng pasyente.

(b) Mga Tungkulin

Dapat payuhan ng mga task force para sa pagpapayo ang lupon sa pamamagitan ng chairperson at ng pangulo, tungkol sa mga siyentipiko, pampatakaran, pinansyal, etikal, at teknikal na usapin na napapailalim sa hurisdiksyon ng institusyon.

(c) Mga Operasyon

(1) Ang mga task force para sa pagpapayo ay dapat lang na magsilbing tagapayo at ang kanilang mga operasyon ay mapapailalim sa mga kinakailangan na naaangkop sa mga komite alinsunod sa Seksyon 125290.50, at kailangang magkita nang nasa publiko ang mga task force para sa pagpapayo kapag bumoto sila kaugnay ng mga rekomendasyon sa patakaran.

(2) Ang mga miyembro ng mga task force para sa pagpapayo ay dapat na mapasailalim sa mga kinakailangan sa salungatan sa interes na naaangkop sa mga miyembro ng mga komite, kung saan ang mga task force para sa pagpapayo ay hindi dapat magsuri ng, magbigay ng komento sa, o magkaroon ng hurisdiksyon sa, anumang gawad sa indibidwal o pag-apruba ng loan.

SEK. 9. Ang Seksyon 125290.20 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan ay inaamyendahan upang mabasang:

125290.20. Pagiging miyembro; Mga Pagtatalaga; Mga Termino ng Katungkulan sa ICOC

(a) Pagiging miyembro sa ICOC

Ang ICOC ay magkakaroon ng ~~29~~ *35* miyembrong itatalaga gaya ng sumusunod:

(1) Ang bawat isa sa mga Chancellor ng Unibersidad ng California sa San Francisco, Davis, San Diego, Los Angeles, ~~at~~ Irvine*, at Riverside* ay dapat na magtalaga ng ehekutibong opisyal mula sa kanyang campus. *Dagdag pa rito, ang Chancellor ng Unibersidad ng California sa San Francisco (UCSF) ay dapat ding magtalaga ng miyembro ng faculty, doktor/siyentipiko, mananaliksik, o ehekutibong opisyal mula sa UCSF Fresno/Clovis campus upang maisulong ang heograpikong pagkakaiba-iba at access.*

(2) Ang Gobernador, ang Tenyente Gobernador, ang Ingat-Yaman, at ang Kontroler ay dapat na magtalaga ng ehekutibong opisyal mula sa sumusunod na tatlong kategorya:

(A) Isang unibersidad sa California, hindi kasama ang ~~lima~~ sa *pitong* campus ng Unibersidad ng California na inilarawan sa talata (1), na nagpakita ng tagumpay at pangunguna sa pananaliksik na nauugnay sa stem cell, *iba pang mahahalagang oportunidad sa pananaliksik, pagpapahusay ng therapy, o paghahatid ng therapy,* at mayroong:

(i) Isang ospital para sa pananaliksik at paaralan sa medisina na may pambansang rank; ang pamantayang ito ay magagamit lang sa dalawa sa apat na pagtatalaga.

(ii) Isang kamakailang napatunayang kasaysayan ng pagbibigay ng mga siyentipiko at/o medikal na gawad at kontrata sa pananaliksik sa average na taunang range na lumalampas sa isang daang milyong dolyar ($100,000,000).

(iii) Isang ranking, sa loob ng nakalipas na limang taon, sa nangungunang 10 unibersidad sa Estados Unidos na may pinakamataas na bilang ng mga patent sa life science o may faculty na nakatuon sa pananaliksik o sa klinikal na propesyon na miyembro ng National Academy of Sciences.

(iv) Para sa mga layunin ng kategoryang ito, maaaring magtalaga ang Gobernador ng ehekutibong opisyal mula sa system ng California State University na may advanced na degree sa biological science.

(B) Isang non-profit na akademikong institusyon at institusyon para sa pananaliksik sa California na hindi bahagi ng Unibersidad ng California, na nagpakita ng tagumpay at pangunguna sa pananaliksik na nauugnay sa stem cell*, iba pang mahahalagang oportunidad sa pananaliksik, pagpapahusay ng therapy, o paghahatid ng therapy* at mayroong:

(i) Isang ospital para sa pananaliksik na may pambansang rank o may faculty na nakatuon sa pananaliksik o sa klinikal na propesyon na miyembro ng National Academy of Sciences.

(ii) Isang napatunayang kasaysayan sa nakalipas na limang taon sa pamamahala ng badyet para sa pananaliksik sa life sciences na lumalampas sa dalawampung milyong dolyar ($20,000,000) *taon-taon*.

(C) Isang komersyal na entidad sa life science sa California na hindi aktibong nagsasagawa ng pananaliksik o pagpapahusay ng mga therapy *o paghahatid ng therapy* sa mga pluripotent o progenitor na stem cell *o mga medikal na paggamot na may kinalaman sa genetics,* ~~,~~ na may background sa pagpapatupad ng mga ~~matagumpay~~ *o umuunlad na* eksperimental na medikal na therapy, *kabilang ang pagsasagawa ng mga klinikal na pagsubok sa tao,* at hindi pa nagawaran ng, o nagawan ng aplikasyon para sa, pagpopondo ng institusyon sa panahon ng pagtatalaga. Ang miyembro ng lupon ng entidad na iyon *na pangkalahatang nakakatugon sa mga kuwalipikasyon* ~~na may matagumpay na kasaysayan ng pagpapahusay ng mga makabagong medikal na therapy~~ ay maaaring maitalaga sa halip na isang ehekutibong opisyal.

(D) Isang miyembro lang ang dapat na maitalaga mula sa isang unibersidad, institusyon, o entidad *para sa mga layunin ng talata (2)*. Ang ehekutibong opisyal ng isang unibersidad sa California, ang isang non-profit na institusyon para sa pananaliksik o komersyal na entidad sa life science na naitalaga bilang isang miyembro, ay maaaring pana-panahong magtalaga ng mga tungkuling iyon sa isang ehekutibong opisyal ng entidad o sa dean ng paaralan sa medisina, kung naaangkop.

(3) Ang Gobernador, ang Tenyente Gobernador, ang Ingat-Yaman, at ang Kontroler ay dapat na magtalaga ng mga miyembro mula sa mga kinatawan sa California ng mga rehiyonal, pang-estado, o pambansang grupo ng adbokasiya laban sa sakit sa California, gaya ng sumusunod:

(A) Ang Gobernador ay dapat magtalaga ng ~~dalawa hanggang~~ *tatlong* miyembro, isa sa bawat isa sa mga sumusunod na grupo ng adbokasiya laban sa sakit: pinsala sa spinal cord*;* ~~at sakit na~~ Alzheimer's *; at mga kundisyon sa kalusugan ng isip*.

(B) Ang Tenyente Gobernador ay dapat magtalaga ng ~~dalawa hanggang~~ *tatlong* miyembro, isa sa bawat isa sa mga sumusunod na grupo ng adbokasiya laban sa sakit: type II na diyabetis*;* ~~at~~ multiple sclerosis o amyotrophic lateral sclerosis*; at mga kundisyon sa kalusugan ng isip*.

(C) Ang Ingat-Yaman ay dapat magtalaga ng dalawang miyembro, isa sa bawat isa sa mga sumusunod na grupo ng sakit: type I na diyabetis at sakit sa puso.

(D) Ang Kontroler ay dapat magtalaga ng miyembro, isa sa bawat isa sa mga sumusunod na grupo ng sakit: kanser at sakit na Parkinson's.

(4) Ang Tagapagsalita ng Kapulungan ay dapat magtalaga ng miyembro mula sa mga kinatawan sa California ng

14

rehiyonal, pang-estado, o pambansang grupo ng adbokasiya kaugnay ng sakit na nauugnay sa kalusugan ng isip *o mga kundisyon sa kalusugan ng isip* sa California.

(5) Ang pansamantalang (pro tempore) Pangulo ng Senado ay dapat magtalaga ng miyembro mula sa mga kinatawan sa California ng rehiyonal, pang-estado, o pambansang grupo ng adbokasiya kaugnay ng sakit na HIV/AIDS sa California.

(6) Ang Ingat-Yaman at Kontroler ay dapat magtalaga ng isang nurse na may karanasan sa pamamahala ng klinikal na pagsubok o paghahatid ng therapy na nauugnay sa stem cell o genetic na therapy.

~~(6)~~ *(7)* Isang chairperson at vice chairperson na dapat ihalal ng mga miyembro ng ICOC. Ang bawat isa sa mga opisyal ng konstitusyon ay dapat na magnomina ng kandidato para sa pagiging chairperson at isa pang kandidato para sa pagiging vice chairperson. Ang chairperson at vice chairperson ay dapat na ihalal para sa anim na taong termino. Ang chairperson at vice chairperson ng ICOC ay dapat na full-time o part-time na mga empleyado ng institusyon at dapat na makatugon sa mga sumusunod na pamantayan:

(A) Mandatoryong Pamantayan para sa Chairperson

(i) Naidokumentong kasaysayan sa matagumpay na adbokasiya sa pananaliksik na nauugnay sa stem cell *o iba pang oportunidad sa pananaliksik sa pagpapahusay ng therapy o paghahatid ng therapy* .

(ii) Karanasan sa mga pang-estado at pederal na pambatasang proseso na dapat ay may kasamang ilang karanasan sa mga medikal na pambatasang pag-apruba ng mga pamantayan at/o pagpopondo.

(iii) Kuwalipikado para sa pagtatalaga alinsunod sa talata (3), (4), o (5) ng subdibisyon (a).

(iv) Hindi maaaring kaalinsabay na nagtatrabaho sa o naka-leave mula sa anumang institusyon para sa inaasahang gawad o tumatanggap ng loan sa California.

(B) Karagdagang Pamantayang Maaaring Isaalang-alang:

(i) Karanasan sa mga ahensya o institusyon ng pamahalaan (alinman sa posisyon sa ehekutibong sangay o posisyon sa lupon).

(ii) Karanasan sa proseso ng pagtatatag ng mga pamantayan at pamamaraan ng pamahalaan.

(iii) Legal na karanasan sa legal na pagsusuri ng awtoridad ng pamahalaan para sa paggamit ng mga kapangyarihang ibinigay ng ahensiya ng pamahalaan o ng institusyon ng pamahalaan.

(iv) Direktang kaalaman at karanasan sa paglalaan ng pananalapi para sa bono.

Ang vice chairperson ay dapat na makatugon sa mga sugnay (i), (iii), at (iv) ng sub na talata (A). Ang vice chairperson ay dapat na piliin mula sa mga indibidwal na mayroong mga katangian at karanasang katulad ng sa chairperson, mas mainam pa kung masasaklaw niya ang mga pamantayan na hindi ipinapakita ng mga kredensyal at karanasan ng chairperson.

(b) Pagtatalaga sa Mga Miyembro ng ICOC

(1) Ang lahat ng pagtatalaga ay dapat magawa sa loob ng 40 araw mula sa petsa ng pagkakaroon ng bisa ng batas na ito. Kung sakaling hindi makumpleto ang alinman sa mga pagtatalaga sa loob ng pinapahintulutang yugto ng panahon, dapat na magpatuloy sa operasyon ang ICOC sa mga naitakda nang pagtatalaga, kung nasa 60 porsyento na ng mga pagtatalaga ang naisagawa.

(2) Pagkalipas ng apatnapu't limang araw mula sa petsa ng pagkakaroon ng bisa ng ~~panukalang nagdaragdag sa kabanatang ito~~ *sa batas na ito*, ang Kontroler at ang Ingat-Yaman, o kung isa lang ang available sa loob ng 45 araw, ang isa sa kanila ay magpapatawag ng pagpupulong ng mga naitalagang miyembro ng ICOC upang maghalal ng chairperson at vice chairperson mula sa mga indibiduwal na ninomina ng mga opisyal ng konstitusyon alinsunod sa talata ~~(6)~~ *(7)* ng subdibisyon (a).

(c) Mga Termino ng Katungkulan ng Miyembro ng ICOC

(1) Ang mga miyembrong maitatalaga alinsunod sa mga talata (1), (3), (4), ~~at~~ (5)*, at (6)* ng subdibisyon (a) ay dapat manungkulan nang walong taong termino, at ang lahat ng iba pang miyembro ay dapat manungkulan nang anim na taong termino. Ang mga miyembro ay dapat manungkulan sa loob ng maximum na dalawang termino*, maliban kung matatanggal nang maaga sa posisyon alinsunod sa talata (5)*.

(2) Kung magkakaroon ng bakanteng posisyon sa loob ng panahon ng isang termino, dapat makapagtalaga ng pamalit na miyembro ang awtoridad sa pagtatalaga sa loob ng ~~30~~ *90* araw na siyang manunungkulan para sa natitirang panahon ng termino.

(3) Kapag tapos na ang isang termino, dapat makapagtalaga ng miyembro ang awtoridad sa pagtatalaga sa loob ng ~~30~~ *90* araw. Magpapatuloy sa panunungkulan ang mga miyembro ng ICOC hanggang sa makapagtalaga ng mga kapalit nila.

(4) Sa kabila ng nakasaad sa talata (1), maaaring palitan ng awtoridad sa pagtatalaga ang isang miyembro, bukod sa chairperson o vice chairperson, na nanungkulan, simula sa petsa ng pagkakaroon ng bisa ng batas na idinaragdag sa talatang ito, sa panahong hindi bababa sa kalahati ng kasalukuyang termino ng miyembro, sa pamamagitan ng pagtatalaga ng bagong miyembro, na karapat-dapat manungkulan ng buong termino. Gagawin ang mga pagtatalagang ito sa loob ng 90 araw simula sa petsa ng pagkakaroon ng bisa ng inisyatibang idinaragdag sa talatang ito.

(5) Maaaring isagawa ng ICOC, sa pamamagitan ng boto ng 60 porsyento ng korum, ang pagrerekomenda sa pag-aalis sa miyembro ng awtoridad sa pagtatalaga ng miyembro, o sa sitwasyon ng chairperson at vice chairperson, ng awtoridad sa pagnomina o mga awtoridad sa pagnomina, kung mahigit sa isang opisyal ayon sa saligang-batas ang nagnomina sa chairperson o vice chairperson. Magkakaroon ng awtoridad ang awtoridad sa pagtatalaga o ang awtoridad o mga awtoridad sa pagnomina sa sitwasyon ng chairperson at vice chairperson, na alisin ang miyembro, chairperson, o vice chairperson, ayon sa pagkakabanggit, kapag natanggap na nila ang rekomendasyon ng ICOC. Kung mahigit sa isang opisyal ayon sa saligang-batas ang nagnomina sa chairperson o vice chairperson, dapat sumang-ayon ang bawat isa sa kanila upang maalis ang chairperson o vice chairperson.

SEK. 10. Ang Seksyon 125290.30 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan ay inamyendahan upang mabasang:

125290.30. Mga Pamantayan ng Pananagutan sa Publiko at Pananalapi

(a) Taunang Ulat sa Publiko

Dapat maglabas ang institusyon ng taunang ulat sa publiko na nagpapahayag ng mga aktibidad, gawad na ibinigay, gawad na kasalukuyang pinoproseso, tagumpay sa pananaliksik, at direksyon ng programa sa hinaharap nito. Kasama dapat sa bawat taunang ulat ang, ngunit hindi

limitado sa, sumusunod: ang bilang at mga halaga sa dolyar ng mga gawad para sa pananaliksik at mga pasilidad; mga grantee sa nakaraang taon; mga gastos ng pangasiwaan ng institusyon; isang pagtatasa sa pagkakaroon ng magagamit na pondo para sa pananaliksik sa stem cell mula sa mga mapagkukunan na bukod sa institusyon; isang buod ng mga natuklasan sa pananaliksik, kabilang ang mga potensyal na larangan ng bagong pananaliksik; isang pagtatasa sa ugnayan sa pagitan ng mga gawad ng institusyon at sa pangkalahatang istratehiya ng programa sa pananaliksik nito; at isang ulat sa mga istratehikong plano sa pananaliksik at pananalapi ng institusyon.

(b) Hiwalay na Pag-audit sa Pananalapi na Susuriin ng Kontroler

Dapat ay taunang mag-atas ang institusyon ng hiwalay na pag-audit sa pananalapi ng mga aktibidad nito mula sa isang sertipikadong kumpanya ng pampublikong pagtutuos, na ibibigay sa Kontroler, na susuri sa pag-audit at taunang maglalabas ng pampublikong ulat tungkol sa pagsusuring iyon.

(c) Mag-aatas ng pagsusuri sa pagganap ang institusyon sa bawat tatlong taon na magsisimula sa pagsusuri para sa taon ng pananalapi na 2010–11. Sa pagsusuri sa pagganap, na maaaring isagawa ng Kawanihan ng Mga Pagsusuri sa Estado, susuriin ang mga sistema ng paggawa, operasyon, pamamahala, at ang mga patakaran at pamamaraan ng institusyon upang matasa kung may nakakamit na katipiran, kainaman sa gawain, at pagiging mabisa ang institusyon sa paggamit ng mga tagapagdulot. Isasagawa ang pagsusuri sa pagganap nang alinsunod sa mga pamantayan sa pagsusuri ng pamahalaan, at magsasama rito ng pagsusuri kung sumusunod ang institusyon sa mga patakaran at pamamaraan ng ICOC. Hindi kakailanganin sa pagsusuri sa pagganap na magsama ng pagsusuri sa siyentipikong pagganap. Isasama sa unang pagsusuri sa pagganap ang, ngunit hindi limitado sa, lahat ng sumusunod:

(1) Mga patakaran at pamamaraan para sa pag-isyu ng mga kontrata at gawad at pagsusuri ng mga halimbawang kontrata ng kinatawan, gawad, at utang na ipinatutupad ng institusyon.

(2) Mga patakaran at pamamaraang nauugnay sa pagprotekta o pagtalakay sa mga karapatan sa intelektwal na ari-arian na nauugnay sa pananaliksik na pinondohan o iniatas ng institusyon.

(d) Ang lahat ng gastos sa pangangasiwa ng mga pagsusuring kinakailangan ng subdibisyon (b) at (c) ay babayaran ng institusyon.

(e) Komite sa Pagbabantay ng Pananagutan sa Pananalapi ng Mga Mamamayan

Magkakaroon ng Komite sa Pagbabantay ng Pananagutan sa Pananalapi ng Mga Mamamayan na pamumunuan ng Kontroler. Susuriin ng komite na ito ang taunang pag-audit sa pananalapi, ang ulat at ebalwasyon ng Kontroler sa pag-audit na iyon, at ang mga gawi sa pananalapi ng institusyon. Ang Kontroler, ang Ingat-yaman, ang Pansamantalang (pro tempore) Pangulo ng Senado, ang Tagapagsalita ng Kapulungan, at ang Chairperson ng ICOC ay dapat magtalaga bawat isa ng pampublikong miyembro ng komite. Ang mga miyembro ng komite ay dapat mayroong mga karanasan sa *pagtataguyod* sa medisina *o pasyente* at kaalaman tungkol sa mga nauugnay na usapin sa pananalapi. Dapat magbigay ang komite ng mga rekomendasyon sa mga gawi sa pananalapi at pagganap ng institusyon. Dapat magbigay ng suporta sa kawani ang Kontroler. Magdadaos ng pampublikong pulong ang komite, nang may naaangkop na abiso, at may kasamang pormal na panahon ng komento ng publiko. Susuriin ng komite ang mga komento ng publiko at magsasama ito ng mga naaangkop na buod sa mga taunang ulat nito. Magbibigay ang ICOC ng mga pondo para sa lahat ng gastos na nauugnay sa mga gastusin sa bawat araw ng mga miyembro ng komite at para sa paglalathala ng taunang ulat.

(f) Mga Batas sa Pampublikong Pulong

(1) Dapat magdaos ang ICOC ng hindi bababa sa ~~dalawa~~ *apat* na pampublikong pulong bawat taon, kung saan ang isa sa mga ito ay itatalaga bilang taunang pulong ng institusyon. Maaaring magdaos ng mga karagdagang pulong ang ICOC kung mapagpapasyahan nitong kinakailangan o naaangkop ang mga iyon.

(2) Ang Bagley-Keene na Batas sa Bukas na Pulong (Bagley-Keene Open Meeting Act), Artikulo 9 (nagsisimula sa Seksyon 11120) ng Kabanata 1 ng Bahagi 1 ng Dibisyon 3 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan, ay ilalapat sa lahat ng pulong ng ICOC, maliban kung may ibang nakasaad sa seksyong ito. Dapat ibigay ng ICOC ang lahat ng gawad, utang, at kontrata sa mga pampublikong pulong at dapat nitong pagtibayin ang lahat ng pampamahalaan, siyentipiko, medikal, at panregulatoryong pamantayan sa mga pampublikong pulong.

(3) Maaaring magsagawa ang ICOC ng mga saradong sesyon kung pahihintulutan ng Bagley-Keene na Batas sa Bukas na Pulong, sa ilalim ng Seksyon 11126 ng Kodigo ng Pamahalaan. Dagdag dito, maaaring magsagawa ang ICOC ng mga saradong sesyon kapag nagpupulong ito upang mapag-isipan o matalakay ang:

(A) Mga usaping nauugnay sa impormasyon tungkol sa mga pasyente o medikal na paksa, kung saan ang paghahayag nito ay magbubunsod ng hindi pinahihintulutang panghihimasok sa personal na pagkapribado.

(B) Mga usaping nauugnay sa kumpidensyal na intelektwal na ari-arian o produkto ng trabaho, nakukuhanan man ng patent o hindi, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, anumang formula, plano, modelo, proseso, tool, mekanismo, compound, pamamaraan, data ng produksyon, o koleksyon ng impormasyon, na walang patent, na alam lang ng ilang partikular na indibidwal na gumagamit nito upang bumuo, gumawa, o magsama ng artikulo ng pakikipagkalakalan o ng serbisyong may komersyal na halaga at nagbibigay sa gumagamit nito ng pagkakataong magkaroon ng kalamangan sa negosyo kaysa sa mga kalaban na hindi alam ang tungkol dito o hindi gumagamit nito.

(C) Mga usaping nauugnay sa kumpidensyal na pananaliksik o data sa agham bago ang paglalathala.

(D) Mga usaping nauugnay sa pagtatalaga, trabaho, pagganap, suweldo, o pagkakatanggal ng mga opisyal at empleyado ng institusyon. Ang pagkilos tungkol sa suweldo ng mga opisyal at empleyado ng institusyon ay gagawin lang sa bukas na sesyon.

(4) Ang pulong na iniaatas sa talata (2) ng subdibisyon (b) ng Seksyon 125290.20 ay ituturing na espesyal na pulong para sa mga layunin ng Seksyon 11125.4 ng Kodigo ng Pamahalaan.

(g) Mga Pampublikong Talaan

(1) Ang Batas sa Mga Pampublikong Talaan ng California (California Public Records Act), Artikulo 1 (nagsisimula sa Seksyon 6250) ng Kabanata 3.5 ng Dibisyon 7 ng Titulo 1 ng Kodigo ng Pamahalaan, ay ilalapat sa lahat ng talaan ng institusyon, maliban kung may ibang nakasaad sa seksyong ito.

14

(2) Wala sa seksyong ito ang bibigyang-kahulugan na nag-aatas sa paghahayag ng alinman sa mga sumusunod na talaan:

(A) Mga dokumento ng mga tauhan, medikal na dokumento, o mga katulad na dokumento, kung saan ang paghahayag nito ay magbubunsod ng hindi pinahihintulutang panghihimasok sa personal na pagkapribado.

(B) Mga talaang naglalaman o nagpapakita ng kumpidensyal na intelektwal na ari-arian o produkto ng trabaho, nakukuhanan man ng patent o hindi, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, anumang formula, plano, modelo, proseso, tool, mekanismo, compound, pamamaraan, data ng produksyon, o koleksyon ng impormasyon, na walang patent, na alam lang ng ilang partikular na indibidwal na gumagamit nito upang bumuo, gumawa, o magsama ng artikulo ng kalakalan o ng serbisyong may komersyal na halaga at nagbibigay sa gumagamit nito ng pagkakataong magkaroon ng kalamangan sa negosyo kaysa sa mga kalaban na hindi alam ang tungkol dito o hindi gumagamit nito.

(C) Mga siyentipikong working paper o data sa pananaliksik bago ang paglalathala*, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga ulat tungkol sa aplikasyon at pag-usad*.

(3) Dapat isama ng institusyon, sa lahat ng tala ng pulong, ang buod ng mga bilang ng boto at ang paghahayag ng mga boto at pagtanggi ng bawat miyembro ng lupon sa lahat ng item sa pagkilos.

(h) Mapagkumpitensiyang Pag-bid

(1) Maliban kung may ibang nakasaad sa seksyong ito, nasasaklawan ang institusyon ng mga kinakailangan sa mapagkumpitensiyang pag-bid na nalalapat sa Unibersidad ng California, gaya ng nakatakda sa Kabanata 2.1 (nagsisimula sa Seksyon 10500) ng Bahagi 2 ng Dibisyon 2 ng Kodigo ng Pampublikong Kontrata.

(2) Para sa lahat ng kontrata ng institusyon, dapat sundin ng ICOC ang mga pamamaraang iniaatas ng Mga Rehente sa pamamagitan ng Kabanata 2.1 (nagsisimula sa Seksyon 10500) ng Bahagi 2 ng Dibisyon 2 ng Kodigo ng Pampublikong Kontrata alinsunod sa mga kontratang pinapayagan ng Unibersidad ng California.

(3) Hindi mailalapat ang mga iniaatas sa seksyong ito sa mga gawad o utang na inaprubahan ng ICOC.

(4) Maliban kung may nakalagay sa seksyong ito, hindi ilalapat ang Kodigo ng Pampublikong Kontrata sa mga kontratang pinapayagan ng institusyon.

(i) Mga Salungatan ng Interes

(1) Ang Batas sa Pulitikal na Reporma (Political Reform Act), Titulo 9 (nagsisimula sa Seksyon 81000) ng Kodigo ng Pamahalaan, ay nalalapat sa institusyon at sa ICOC, maliban kung may nakasaad sa seksyong ito at sa subdibisyon (e) ng Seksyon 125290.50.

(A) Walang sinumang miyembro ng ICOC ang dapat magsagawa, makibahagi sa pagsasagawa, o sa anumang paraan, ng pagtatangka na gamitin ang kanyang opisyal na posisyon para impluwensyahan ang isang desisyong aprubahan o ibigay ang isang gawad, utang, o kontrata sa kanyang employer, ngunit maaaring lumahok ang isang miyembro sa pagdedesisyong aprubahan o ibigay ang isang gawad, utang, o kontrata sa ~~isang nonprofit~~ *isang* entidad na nasa larangang kapareho ng kanyang employer.

(B) Ang miyembro ng ICOC ay maaaring makibahagi sa isang pagdedesisyon na aprubahan o ibigay ang isang gawad, utang, o kontrata sa isang entidad para sa layunin ng pananaliksik na nauugnay sa sakit na nararanasan ng kanyang ~~malapit~~ na pamilya o kung saan may interes ang miyembro bilang kinatawan ng organisasyon sa pagtataguyod laban sa sakit.

(C) Ang pagdedesisyon para sa pagpapatibay ng mga pamantayan*, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga istratehikong plano, plano ng konsepto, at badyet sa pananaliksik,* ay hindi napapailalim sa seksyong ito.

(2) Ang panunungkulan bilang miyembro ng ICOC ng isang miyembro ng mga guro o pangasiwaan ng alinmang sistema ng Unibersidad ng California ay hindi dapat maipagpalagay, batay lang dito, na hindi naaayon, hindi tumutugma, sumasalungat sa, o nakakaapekto sa mga tungkulin ng miyembro ng ICOC bilang miyembro ng mga guro o pangasiwaan ng alinmang sistema ng Unibersidad ng California at hindi dapat ito magresulta sa awtomatikong pagkakaalis sa alinman sa naturang tanggapan. Ang panunungkulan bilang miyembro ng ICOC ng isang kinatawan o empleyado ng organisasyon sa pagtataguyod laban sa sakit, isang nonprofit na institusyon sa akademya at pananaliksik, o komersyal na entidad sa life science at mga nabubuhay na organismo ay hindi dapat ipagpalagay na hindi naaayon, hindi tumutugma, sumasalungat sa, o nakakaapekto sa mga tungkulin ng miyembro ng ICOC bilang kinatawan o empleyado ng organisasyon, institusyon, o entidad na iyon.

(3) Hindi malalapat ang Seksyon 1090 ng Kodigo ng Pamahalaan sa anumang gawad, utang, kontratang isinasagawa ng ICOC maliban kung natutugunan sa mga ito ang parehong sumusunod na kundisyon:

(A) Ang gawad, utang, o kontrata ay direktang nauugnay sa mga serbisyong ibibigay ng sinumang miyembro ng ICOC o ng entitad na kinakatawan ng miyembro o may mga pinansyal na benepisyo sa miyembro o sa entidad na kinakatawan niya.

(B) Hindi nagawa ng miyembrong tumanggi sa pagsasagawa, pakikibahagi sa pagsasagawa, o sa anumang paraan, ng pagtatangkang gamitin ang kanyang opisyal na posisyon para impluwensyahan ang isang desisyon sa gawad*,* utang*,* o kontrata.

(j) Mga Royalty sa Patent at Mga Kita sa Lisensya na Binabayaran sa Estado ng California

(1) Dapat magtakda ang ICOC ng mga pamantayan na nag-aatas sa lahat ng pagbibigay ng mga gawad at utang na mapailalim sa mga kasunduan sa intelektwal na ari-arian na nagbabalanse sa pagkakataon ng Estado ng California na makinabang sa mga patent, royalty, at lisensya na nagreresulta mula sa pangunahing pananaliksik, pagpapahusay ng therapy, at mga klinikal na pagsubok na may pangangailangang tiyakin na hindi mahahadlangan sa hindi makatuwirang paraan ng mga kasunduan sa intelektwal na ari-arian ang mahalagang medikal na pananaliksik. Ang lahat ng kita sa *royalty* na natanggap sa pamamagitan ng mga kasunduan sa intelektwal na ari-ariang itinakda nang alinsunod sa subdibisyong ito ay dapat ideposito sa *isang account na may tumutubong interest sa* Pangkalahatang Pondo*, at sa sukdulang pinahihintulutan ng batas, ang halagang nadeposito at ang interes doon ay dapat ilaan para sa layunin ng pag-offset sa mga gastos ng pagbibigay ng mga paggamot at lunas na magmumula sa pananaliksik na pinopondohan ng institusyon para sa mga pasyente sa California na walang sapat na kakayahang bumili ng naturang paggamot o lunas, kabilang ang pagbabalik ng ibinayad sa mga gastos sa kwalipikadong pasyente para sa mga kalahok sa pananaliksik*.

(2) Kasama dapat sa mga pamantayang ito ang kahit man lang pag-aatas sa mga grantee ng CIRM, bukod sa mga tatanggap ng utang at tatanggap ng gawad sa mga pasilidad, na magbigay ng bahagi ng kitang matatanggap nila mula sa paglilisensya o sariling komersyalisasyon ng imbensyon o teknolohiyang magmumula sa pananaliksik na pinopondohan ng CIRM, gaya ng nakatakda sa ibaba. ~~Ang lahat ng kitang matatanggap alinsunod sa talatang ito o sa mga regulasyong pinagtibay upang maipatupad ang talatang ito ay dapat ideposito sa Pangkalahatang Pondo para magamit nang naaayon sa Seksyon 202(c)(7) ng Titulo 35 ng Kodigo ng Estados Unidos, kung nalalapat.~~

(A) (i) Ang grantee na naglilisensya ng imbensyon o teknolohiyang nagmumula sa isang *programa* sa pananaliksik na pinopondohan ng CIRM*, ilan man ang ibinigay na mga gawad sa programa sa pananaliksik na iyon,* ay dapat magbayad ng 25 porsyento ng mga kitang natatanggap nito na labis sa limang daang libong dolyar ($500,000), kapag pinagsama-sama, sa Pangkalahatang Pondo. Ang halaga ng threshold na limang daang libong dolyar ($500,000) ay taunang isasaayos nang batay sa multiple ng fraction, kung saan ang denominator ay ang Indise ng Presyo ng Mamimili, Lahat ng Mamimili sa Lungsod, Lahat ng Bagay (San Francisco-Oakland-San Jose; 1982–84=100) ayon sa inihanda ng Kawanihan ng Estadistika ng Paggawa ng Kagawaran ng Paggawa ng Estados Unidos at inilathala para sa buwan ng Oktubre 2009, at kung saan ang numerator ay ang indise na inilathala para sa buwan kung kailan matatanggap ng grantee ang gawad. *Para sa mga gawad na ibibigay sa o pagkatapos ng Nobyembre 5, 2020, ang halaga ng threshold na limang daang libong dolyar ($500,000) ay taunang isasaayos nang batay sa multiple ng fraction, kung saan ang denominator ay ang Indise ng Presyo ng Mamimili, Lahat ng Mamimili sa Lungsod, Lahat ng Bagay (San Francisco-Oakland-San Jose; 1982–84=100) ayon sa inihanda ng Kawanihan ng Estadistika ng Paggawa ng Kagawaran ng Paggawa ng Estados Unidos at inilathala para sa buwan ng Oktubre 2020, at kung saan ang numerator ay ang indise na inilathala para sa buwan kung kailan matatanggap ng grantee ang gawad.*

(ii) Kung ang mga pinagkukunan ng pondo na bukod sa CIRM ay direktang nag-aambag sa pagpapahusay ng imbensyon o teknolohiya, kakalkulahin ang balik sa Pangkalahatang Pondo nang gaya ng sumusunod: Hahatiin ang halaga ng pagpopondo ng CIRM para sa imbensyon o teknolohiya sa kabuuan ng pagpopondong ibinibigay ng lahat ng pinagkukunan, at imu-multipy ang fraction na iyon sa 25. Ang numerong iyon ay ang porsyento na dapat ilagay sa Pangkalahatang Pondo.

(B) (i) Ang grantee na sariling nagkakalakal ng produktong resulta ng imbensyon o teknolohiyang nagmumula sa pananaliksik na pinopondohan ng CIRM ay dapat magbayad ng halaga sa Pangkalahatang Pondo na katumbas ng tatlong beses ng kabuuang halaga ng gawad o mga gawad ng CIRM na natanggap ng grantee bilang suporta sa pananaliksik na nakatulong sa paggawa ng produkto. Ang antas ng pagbabayad ng royalty ay sa antas dapat na 3 porsyento ng taunang net na kitang natanggap ng grantee mula sa produkto.

(ii) Bukod sa kinakailangang pagbabayad sa sugnay (i), sa unang pagkakataon na kumita ang grantee ng mga net na komersyal na kita mula sa produkto na lampas sa dalawang daan at limampung milyong dolyar ($250,000,000) sa isang taon ng kalendaryo, dapat magsagawa ang grantee ng isang beses na pagbabayad sa Pangkalahatang Pondo na katumbas ng tatlong beses ng kabuuang halaga ng gawad o mga gawad na ibinigay ng CIRM sa grantee bilang suporta sa pananaliksik na nakatulong sa paggawa ng produkto.

(iii) Bukod sa kinakailangang mga pagbabayad sa sugnay (i) at (ii), sa unang pagkakataon na kumita ang grantee ng mga net na komersyal na kita mula sa produkto na lampas sa limang daang milyong dolyar ($500,000,000) sa isang taon ng kalendaryo, dapat magsagawa ang grantee ng karagdagang isang beses na pagbabayad sa Pangkalahatang Pondo na katumbas ng tatlong beses ng kabuuang halaga ng grant o mga grant na ibinigay ng CIRM sa grantee bilang suporta sa pananaliksik na nakatulong sa paglikha ng produkto.

(iv) Bukod sa kinakailangang mga pagbabayad sa sugnay (i), (ii), at (iii), sa unang pagkakataon na kumita ang grantee ng mga net na komersyal na kita mula sa produkto na katumbas o lagpas sa limang daang milyong dolyar ($500,000,000) sa isang taon ng kalendaryo, dapat ay taunang magbayad ang grantee sa Pangkalahatang Pondo ng 1 porsyento ng net na komersyal na kita na labis sa limang daang milyong dolyar ($500,000,000) sa panahon ng anumang patent na sumasaklaw sa imbensyon o teknolohiya, kung kinuhanan ng grantee ng patent ang imbensyon o teknolohiya nito at tumanggap ito ng gawad o mga gawad ng CIRM na nagkakahalaga nang mahigit sa limang milyong dolyar ($5,000,000) bilang suporta sa pananaliksik na nakatulong sa paglikha ng produkto.

(3) May awtoridad ang ICOC na pagtibayin ang mga regulasyon upang maipatupad ang subdibisyong ito. May awtoridad din ang ICOC na baguhin ang mga formula na tinukoy sa subparagraph (A) at (B) ng talata (2) sa pamamagitan ng mga regulasyon kung mapagpapasyahan ng ICOC alinsunod sa talata (1) na kinakailangan ang pagbabago upang matiyak na hindi mahahadlangan sa hindi makatuwirang paraan ang mahalagang medikal na pananaliksik, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, pagpapaunlad ng therapy at malawakang paghahatid ng mga therapy sa mga pasyente, o upang matiyak na may pagkakataon ang Estado ng California na makinabang sa mga patent, royalty, at lisensya na resulta ng pangunahing pananaliksik, pagpapahusay ng therapy, at klinikal na pagsubok. Dapat abisuhan ng ICOC ang naaangkop na piskal at mga komite sa patakaran tungkol sa Lehislatura 10 araw ng kalendaryo bago nito gamitin ang awtoridad nitong bumoto sa pagbabago ng mga formula na tinukoy sa subparagraph (A) at (B) ng talata (2). *Hindi nilalayon sa mga amyendang ginawa sa subdibisyong ito na maapektuhan ang awtoridad ng institusyon na baguhin ang mga probisyong nakatakda sa subdibisyong ito alinsunod sa talatang ito, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, anumang pagbabagong ginawa bago ang petsa ng pagkakaroon ng bisa ng inisyatibang nag-aamyenda sa subdibisyong ito.*

(k) Kagustuhan para sa Mga Supplier sa California

Dapat magtakda ang ICOC ng mga pamantayan upang matiyak na bibili ang mga grantee ng mga produkto at serbisyo mula sa mga supplier sa California sa lawak na makatwiran hangga't maaari, sa pagsisikap nang may magandang hangarin na makamit ang layunin ng mahigit sa 50 porsyento ng mga naturang pagbili mula sa mga supplier sa California.

(l) Mga Karagdagang Kinakailangan sa Pananagutan

Upang matiyak ang mahigpit na pananagutan at pagiging malinaw, kabilang ang mga mahigpit na panuntunan sa salungatan ng interes, etikal na pamantayan sa pananaliksik at pagtalakay, at hiwalay na pag-audit sa pananalapi, dapat isapanahon ng ICOC kada apat na taon, sa sarili nitong

pagpapasya, ang mga pamantayang nauugnay sa mga panuntunan sa salungatan ng interes, etikal na pananaliksik at pagtalakay, at hiwalay na pag-audit sa pananalapi, upang maihanay sa pangkalahatan sa mga pamantayang pinagtibay ng National Academy of Sciences sa lawak na naaayon ang mga pamantayang iyon sa mga kinakailangan ayon sa saligang-batas at legal na kinakailangang nalalapat sa institusyon.

SEK. 11. Ang Seksyon 125290.35 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan ay inamyendahan upang mabasang:

125290.35. Mga Pamantayan sa Medikal at Siyentipikong Pananagutan

(a) Mga Medikal na Pamantayan

Upang maiwasan ang pagdodoble o mga salungatan sa mga teknikal na pamantayan para sa siyentipiko at medikal na pananaliksik, sa mga alternatibong programa ng estado, bubuo ang institusyon ng sarili nitong mga pamantayan sa agham at medisina upang maisagawa ang mga partikular na kontrol at layunin ng batas, sa kabila ng ~~subdibisyon (b) ng Seksyon~~ *Seksyon* 125300, ~~Sections~~ 125320, 125118, ~~125118.5,~~ 125119, 125119.3, at 125119.5, o anupamang batas o regulasyon ng estado sa kasalukuyan o hinaharap na tumatalakay sa pag-aaral at pananaliksik ng mga pluripotent stem cell at/o progenitor cell, o iba pang mahalagang oportunidad sa pananaliksik, maliban sa Seksyon 125315. Ang ICOC, ang mga komiteng nagtatrabaho rito, at ang mga grantee nito ay papamahalaan lang ng mga probisyon ng batas na ito sa pagtatakda ng mga pamantayan, sa pagbibigay ng mga gawad, at sa pagsasagawa ng mga gawad na ibinigay alinsunod sa batas na ito.

(b) Dapat magtakda ng mga pamantayan ang ICOC gaya ng sumusunod:

(1) May-kabatirang Pahintulot

Mga pamantayan sa pagkuha ng may-kabatirang pahintulot ng mga donor, pasyente, o kalahok sa pananaliksik, na sa umpisa ay pangkalahatang ibabatay sa mga pamantayang ipinatupad noong Enero 1, 2003, para sa lahat ng pananaliksik na pinopondohan ng National Institutes of Health, na may mga pagbabago upang umakma sa misyon at mga layunin ng institusyon.

(2) Mga Kontrol sa Pananaliksik na Kinauugnayan ng Mga Tao

Mga pamantayan para sa pagsusuri ng pananaliksik na kinabibilangan ng mga taong kalahok na sa umpisa ay pangkalahatang ibabatay sa mga pamantayan ng Lupon sa Pagsusuri ng Institusyon na ipinahayag ng National Institutes of Health at nagkaroon ng bisa noong Enero 1, 2003, na may mga pagbabago upang umakma sa misyon at mga layunin ng institusyon.

(3) Pagbabawal sa Pagbabayad

Mga pamantayang nagbabawal sa pagbabayad sa mga donor o kalahok sa pananaliksik, pero nagpapahintulot sa pagbabayad ng mga gastos.

(4) Pinahihintulutang Pagbabayad ng Ginastos

Mga pamantayang nagpapahintulot sa pagbabayad ng mga gastos, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga medikal na gastos at gastos sa matutuluyan, mga pagkain, at pagbiyahe, sa mga kalahok sa pananaliksik at tagapag-alaga upang matiyak na magagawang makapunta sa mga klinikal na pagsubok. Para sa mga layunin ng talatang ito, kabilang sa "mga caregiver" ang mga miyembro ng pamilya, kaibigan, at mga propesyonal na caregiver na nagbibigay ng suportang pangangalaga.

~~(4)~~ *(5)* Mga Batas sa Pagkapribado ng Pasyente

Mga pamantayan upang matiyak ang pagsunod sa mga pang-estado at pederal na batas sa pagkapribado ng pasyente.

~~(5)~~ *(6)* Mga Limitasyon sa Mga Pagbabayad para sa Mga Cell

Mga pamantayang naglilimita sa mga pagbabayad para sa pagbili ng mga stem cell o stem cell line sa makatuwirang pagbabayad para sa *mga gastos* sa pag-aalis, pagproseso, pagtatapon, pagpreserba, pagkontrol sa kalidad, pag-iimbak, pag-transplant, o pag-implant o legal na ~~transaksyon~~ o iba pang gastos sa pangangasiwa na nauugnay sa mga medikal na pamamaraang ito at partikular na nagsasama ng anumang kinakailangang pagbabayad para sa mga medikal o siyentipikong teknolohiya, produkto, o proseso para sa mga bayarin sa royalty, patent, o paglilisensya o iba pang gastos para sa intelektwal na ari-arian.

~~(6)~~ *(7)* Mga Limitasyon sa Panahon ng Pagkuha ng Mga Cell

Mga pamantayang nagtatakda ng limitasyon sa panahon kung kailan maaaring kumuha ng cell sa mga blastocyst, na magsisimula sa ~~8~~ *hanggang* 12 araw pagkatapos magsimula ang dibisyon ng cell, na hindi kasama ang anumang panahon na nagyeyelong nakaimbak ang mga blastocyst at/o cell.

(8) Mga Pamantayan para sa Mga Genetic na Medikal na Paggamot at Pananaliksik

Mga pamantayan para sa pananaliksik na kinabibilangan ng mga genetic na medikal na paggamot na, sa pagpapasya ng ICOC, ay pangkalahatang ibabatay sa mga pamantayang pinagtibay ng National Academy of Sciences.

SEK. 12. Ang Seksyon 125290.40 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan ay inamyendahan upang mabasang:

125290.40. Mga Tungkulin ng ICOC

Isasagawa ng ICOC ang mga sumusunod na tungkulin:

(a) Bantayan ang mga pagpapatakbo ng institusyon.

(b) Bumuo ng mga taunan at pangmatagalang estratehikong plano sa pananaliksik at pananalapi para sa institusyon.

(c) Gumawa ng mga pinal na desisyon tungkol sa mga pamantayan sa pananaliksik at ibinibigay na gawad sa California *sa buong espektro ng pagpapaunlad at paghahatid ng pananaliksik at therapy, mula sa pananaliksik para sa pagtuklas at maagang pagbuo ng stem cell hanggang sa mga klinikal na pagsubok at paghahatid ng therapy*.

(d) Tiyakin ang pagkumpleto ng taunang pag-audit sa pananalapi ng mga pagpapatakbo ng institusyon.

(e) Mag-isyu ng mga pampublikong ulat sa mga aktibidad ng institusyon.

(f) ~~Magtakda~~ *Bumuo at magpatupad ng mga programa upang mapahusay ang access ng pasyente sa mga abot-kayang stem cell at mga nauugnay na paggamot at lunas sa pamamagitan ng mga pampublikong ospital at klinika at magtakda ng* mga patakaran tungkol sa mga karapatan sa intelektwal na ari-arian na nagmumula sa pananaliksik na pinopondohan ng institusyon.

(g) Magtakda at magbantay ng mga programa sa pananaliksik, pagpapaunlad ng therapy, at paghahatid ng therapy ng institusyon, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga programa ng Alpha Stem Cell Clinic at Mga Sentro

ng Kahusayan sa Pangangalaga sa Komunidad, pagsasanay at fellowship, at pinaghahatiang laboratoryo sa pananaliksik.

(h) Magtakda at magbantay ng pagbuo ng mga patakaran at programa na nakakatulong upang maging available at abot-kaya ang mga paggamot at lunas mula sa pananaliksik na pinopondohan ng institusyon para sa mga pasyente sa California, sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mga tagabigay ng pangangalagang pangkalusugan, institusyon sa pagpapahusay ng pananaliksik at therapy, negosyo, ahensiya ng pamahalaan, pilantropo, foundation, at pangkat sa pagtataguyod ng pasyente, at batay sa mga rekomendasyon ng Working Group para sa Pagiging Accessible at Pagiging Abot-kaya ng Mga Paggamot at Lunas.

~~(g)~~ *(i)* Magtakda ng mga panuntunan at alituntunin para sa pagpapatakbo ng ICOC at mga working group nito.

~~(h)~~ *(j)* Magsagawa ng lahat ng iba pang pagkilos na kinakailangan o naaangkop sa paggamit ng kapangyarihan, awtoridad, at hurisdiksyon nito sa institusyon.

~~(i)~~ *(k)* Pumili ng mga miyembro ng mga working group.

~~(j)~~ *(l)* Pagtibayin, amyendahan, at ipawalang-bisa ang mga panuntunan at regulasyon upang maisagawa ang mga layunin at probisyon ng kabanatang ito, at upang mapamahalaan ang mga pamamaraan ng ICOC. Maliban kung may nakasaad sa subdibisyon ~~(k)~~ *(m)*, dapat pagtibayin ang mga panuntunan at regulasyong ito nang alinsunod sa Batas sa Pamamaraan ng Pangangasiwa (Administrative Procedure Act) (Kodigo ng Pamahalaan, Titulo 2, Dibisyon 3, Bahagi 1, Kabanata ~~4.5~~ *3.5*, Seksyon ~~11371~~ *11340* at mga kasunod).

~~(k)~~ *(m)* Sa kabila ng nakasaad sa Batas sa Pamamaraan ng Pangangasiwa (APA), at para mapabilis ang agarang pagsisimula ng pananaliksik na nasasaklawan ng kabanatang ito, maaaring pagtibayin ng ICOC ang mga pansamantalang regulasyon nang hindi sumusunod sa mga pamamaraang nakatakda sa APA. Mananatiling may-bisa ang mga pansamantalang regulasyon sa loob ng 270 araw maliban na lang kung mas maagang mapapawalang-bisa ng mga regulasyong pinagtibay nang alinsunod sa APA. *Para sa mga layunin ng subdibisyon (l), hindi ituturing na mga regulasyon ang mga kahilingan para sa mga aplikasyon, pag-aanunsyo ng programa, at abiso tungkol sa gawad.*

~~(l)~~ *(n)* Hilingin ang pag-isyu ng mga bono mula sa Komite sa Pananalapi ng Pananaliksik at Mga Lunas na Nauugnay sa Stem Cell ng California at utang mula sa Pooled Money Investment Board.

~~(m)~~ *(o)* Maaaring baguhin sa bawat taon ang mga programa sa pagpopondo at pananalapi nito upang masulit ang kakayahan ng institusyon na makamit ang layuning maging positibo ang kita ng mga aktibidad nito para sa Estado ng California sa unang limang taon nito ng pagpapatakbo nang hindi naaapektuhan ang pag-usad ng pangunahing programa nito sa medikal at siyentipikong pananaliksik.

~~(n)~~ *(p)* Sa kabila ng nakasaad sa Seksyon 11005 ng Kodigo ng Pamahalaan, tumanggap ng karagdagang kita at tunay at personal na ari-arian, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga regalo, royalty, interes, at paglalaan na maaaring gamiting pandagdag sa taunang pagpopondo ng gawad sa pananaliksik at sa mga pagpapatakbo ng institusyon.

~~(o) Sa ilalim ng patnubay ng ICOC, dapat magsawa ang institusyon ng plano sa paghalili na tumutugon sa mga pagbabago sa pamumuno sa institusyon at sa ICOC na ginawa upang mabawasan ang pagkaantala at mga hindi kaaya-ayang epekto sa mga aktibidad ng institusyon. Magpapadala ng kopya ng plano sa paghalili sa Gobernador, Kontroler, at sa Lehislatura sa loob ng 30 araw mula nang magawa ito. Kabilang dapat sa plano sa paghalili ang, ngunit hindi limitado sa:~~

~~(1) Pagtatasa ng pamumunong kinakailangan bago magsimula ng paghahanap.~~

~~(2) Balangkas ng mga pamamaraan sa paghahali.~~

~~(3) Mga istratehiya upang matiyak ang matagumpay na pagpasa ng kaalaman.~~

(q) Sa ilalim ng mga paghihigpit na itinakda sa artikulong ito, bumuo ng mga pamantayan sa salungatan ng interes, at sa pagpapasya nito, kumonsulta sa National Academy of Sciences at sa Working Group para sa Mga Pamantayan sa Siyentipiko at Medikal na Pananagutan, para sa pagsasaalang-alang ng mga gawad na pagpopondo batay sa pinakamahuhusay na kasanayang itinakda ng National Academy of Sciences upang maiwasan ang mga salungatan ng interes sa pagbibigay ng pondo sa pananaliksik at maisapanahon ang mga pamantayang iyon nang hindi bababa sa kada apat na taon upang, sa pagpapasya ng ICOC, pangkalahatang maiakma sa mga pamantayang pinagtibay ng National Academy of Sciences, sa ilalim ng mga kinakailangan ayon sa saligang-batas at legal na kinakailangang nalalapat sa institusyon.

SEK. 13. Ang Seksyon 125290.45 ng Kodigo ng Kalusugan at Kaligtasan ay inamyendahan upang mabasang:

125290.45. Mga Pagpapatakbo ng ICOC

(a) Mga Legal na Pagkilos at Pananagutan

(1) Maaaring magdemanda at mademanda ang institusyon.

(2) Batay sa mga pamantayan ng ICOC, ang mga grantee ng institusyon ay dapat magbayad ng danyos o magseguro at hindi panagutin ang institusyon laban sa anuman at sa lahat ng pagkalugi, paghahabol, pinsala, gastusin, o pananagutan, kabilang ang mga bayarin sa abugado, na magreresulta mula sa pananaliksik na isinagawa ng grantee alinsunod sa gawad, at/o, bilang alternatibo, dapat pangalanan ng mga grantee ang institusyon bilang karagdagang nakaseguro at dapat silang magsumite ng patunay ng naturang seguro.

(3) Dahil sa siyentipiko, medikal, at teknikal na katangian ng mga isyung kinakaharap ng ICOC, at sa kabila ng nakasaad sa Seksyon 11042 ng Kodigo ng Pamahalaan, awtorisado ang institusyon na magpanatili ng abugado mula sa labas kapag napagpasyahan ng ICOC na kinakailangan ng institusyon ng mga espesyal na serbisyong hindi ibinibigay ng tanggapan ng Pangkalahatang Abugado.

(4) Maaaring pumasok ang institusyon sa anumang kontrata o obligasyon na awtorisado o pinahihintulutan ng batas.

(b) Mga Tauhan

(1) Dapat ay pana-panahong tukuyin ng ICOC ang kabuuang bilang ng mga awtorisadong empleyado para sa institusyon, *kung saan hindi dapat lumampas ang bilang sa 70 empleyado (katumbas ng full-time),* hindi kasama ang mga miyembro ng mga working group *at ang mga miyembro ng ICOC,* na hindi dapat ituring na mga empleyado ng institusyon*, at hindi kasama ang hanggang sa 15 karagdagang empleyado ng institusyon (katumbas ng full-time) na sumusuporta sa pagbuo ng mga patakaran at programang makakatulong sa pagiging available at abot-kaya para sa mga taga-California ng mga paggamot at lunas na manggagaling sa pananaliksik na pinopondohan ng institusyon. Ang limitasyon sa mga empleyado ay hindi dapat malapat sa mga empleyadong pinopondohan sa pamamagitan ng mga mapagkukunang maliban sa mga kita sa bono o sa Pangkalahatang Pondo.* Ang ICOC ay dapat

pumili ng chairperson, vice chairperson, at pangulo na gagamit sa mga kapangyarihang inilaan sa kanila ng ICOC. Ang mga sumusunod na tungkulin ay nalalapat sa chairperson, vice chairperson, at pangulo:

(A) Ang mga pangunahing responsibilidad ng chairperson ay pamahalaan ang agenda at daloy ng trabaho ng ICOC kabilang ang lahat ng ebaluwasyon at pag-apruba ng mga gawad, loan, pasilidad, at pamantayang ebaluwasyon ng mga siyentipiko at medikal na working group, at pangasiwaan ang lahat ng taunang ulat at mga kinakailangan para sa pananagutan sa publiko; pamahalaan at optimisahin ang mga plano sa paglalaan ng pananalapi sa bono at plano sa daloy ng pera sa pagpopondo ng institusyon; makipag-ugnayan sa Lehislatura ng California, sa Kongreso ng United States, sa sistema ng pangangalagang pangkalusugan ng California, at sa publiko ng California; optimisahin ang lahat ng oportunidad sa pagpapalawig ng pananalapi para sa institusyon*, kabilang nang walang limitasyon ang, pagbuo ng mga matching fund o karagdagang pondo sa pamamagitan ng mga kolaborasyon sa iba pang estado, bansa, teritoryo, o institusyon;* at pangunahan ang mga negosasyon para sa mga kasunduan, patakaran, at tuntunin ng kontrata sa intelektwal na ari-arian. Ang chairperson ay dapat ding magsilbi bilang isang miyembro ng *Working Group para sa Pagiging Accessible at Pagiging Abot-kaya ng Mga Paggamot at Lunas,* Working Group para sa Mga Pamantayan sa Siyentipiko at Medikal na Pananagutan*,* at Working Group para sa Mga Siyentipiko at Medikal na Pasilidad para sa Pananaliksik at bilang isang ex officio na miyembro ng Working Group para sa Pagpopondo ng Siyentipiko at Medikal na Pananaliksik. Ang mga pangunahing responsibilidad ng vice chairperson ay suportahan ang chairperson sa lahat ng tungkulin at isagawa ang mga tungkuling iyon kapag wala ang chairperson.

(B) Ang mga pangunahing tungkulin ng pangulo ay magsilbi bilang punong tagapagpaganap ng institusyon; mag-recruit ng pinakamagagaling na siyentipiko at doktor sa United States upang manungkulan sa mga working group nito; magsilbi sa institusyon sa mga working group nito; pangasiwaan ang mga tauhan ng ICOC at lumahok sa proseso ng pagsuporta sa lahat ng kinakailangan ng working group upang makabuo ng mga rekomendasyon sa mga gawad, loan, pasilidad, at pamantayan pati na upang pangasiwaan at suportahan ang proseso ng ICOC sa pagsusuri at pagkilos sa mga rekomendasyon na iyon, sa pagpapatupad ng lahat ng pasya sa mga ito at sa mga pangkalahatang usapin ng ICOC; mag-hire, mangasiwa, at mamahala ng mga tauhan ng institusyon; bumuo ng mga programa sa pagkontrol ng badyet at gastos ng institusyon; pamahalaan ang pagsunod sa lahat ng panuntunan at regulasyon ng ICOC, kabilang ang performance ng lahat ng tatanggap ng gawad; at pamahalaan at ipatupad ang lahat ng kasunduan sa intelektwal na ari-arian at anupamang kontratang nauugnay sa institusyon o sa pananaliksik na pinopondohan nito.

(2) Ang bawat miyembro ng ICOC, maliban sa chairperson, vice chairperson, at ~~pangulo~~ *ang mga miyembrong itinalaga alinsunod sa mga talata (3), (4), (5), at (6) ng subdibisyon (a) ng Seksyon 125290.20, na dapat suwelduhan alinsunod sa talata (3),* ay dapat na makatanggap ng per diem na isang daang dolyar ($100) kada araw (ina-adjust taon-taon para sa gastos sa pamumuhay) para sa bawat araw na tunay na ginugol para sa pagsasagawa ng mga tungkulin ng miyembro, kasama ang makatuwiran at kinakailangang pagbiyahe at iba pang gastusing natamo sa pagsasagawa ng mga tungkulin ng miyembro.

(3) Ang ICOC ay dapat na magtakda ng pang-araw-araw na pamantayan sa rate sa pagpapakonsulta at pag-reimburse ng gastos para sa mga miyembro ng lahat ng working group nito*, kabilang ang mga miyembrong itinalaga ng ICOC alinsunod sa mga talata (3), (4), (5), at (6) ng subdibisyon (a) ng Seksyon 125290.20. Dapat na kasama sa pang-araw-araw na rate sa pagpapakonsulta ang oras na ginugol sa paghahanda para sa, at pakikilahok sa, mga pagpupulong ng institusyon, working group, at ICOC at dapat na magsama ng kabayaran at pag-reimburse ng gastos para sa mga caregiver kapag kinakailangan upang mapangasiwaan ang pakikilahok ng isang miyembro sa isang pagpupulong bilang resulta ng medikal na kundisyon ng miyembro*.

(4) Sa kabila ng anumang sumasalungat sa Seksyon 19825 ng Kodigo ng Pamahalaan, dapat na magtakda ang ICOC ng kabayaran para sa chairperson, vice chairperson, at pangulo at iba pang opisyal, at para sa mga siyentipiko, medikal, teknikal, at administratibong tauhan ng institusyon na nasa hanay ng mga antas ng kabayaran para sa mga ehekutibong opisyal at mga siyentipiko, medikal, teknikal, at administratibong tauhan ng mga paaralan sa medisina sa loob ng system ng Unibersidad ng California at ng non-profit na akademikong institusyon at institusyon para sa pananaliksik na inilalarawan sa talata (2) ng subdibisyon (a) ng Seksyon 125290.20*, at mga rate para sa pag-reimburse ng gastos sa pagbiyahe at mga limitasyon sa gastos sa paglipat at relokasyon*.

SEK. 14. Ang Seksyon 125290.50 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan ay inaamyendahan upang mabasang:

125290.50. Mga Siyentipiko at Medikal na Working Group—Pangkalahatan

(a) Ang institusyon ay dapat magkaroon ng naitatag na ~~tatlo~~ *apat* na magkakahiwalay na siyentipiko at medikal na working group gaya sa sumusunod:

(1) Working Group para sa Pagpopondo ng Siyentipiko at Medikal na Pananaliksik.

(2) Working Group para sa Mga Pamantayan sa Siyentipiko at Medikal na Pananagutan.

(3) Working Group para sa Mga Pasilidad sa Siyentipiko at Medikal na Pananaliksik.

(4) *Working Group para sa Pagiging Accessible at Pagiging Abot-kaya ng Mga Paggamot at Lunas.*

(b) Mga Miyembro ng Working Group

(1) Ang mga pagtatalaga ng mga miyembro ng mga siyentipiko at medikal na working group ay dapat na isagawa sa pamamagitan ng mayoryang bilang ng boto ng korum ng ICOC, sa loob ng 30 araw mula sa petsa ng eleksyon at pagtatalaga ng mga inisyal na miyembro ng ICOC. Ang termino ng mga miyembro ng working group ay anim na taon ngunit, pagkatapos ng mga unang anim na taong termino, ang mga termino ng mga miyembro ay pagsasalit-salitin nang sa gayon, ang isangkatlo sa mga miyembro ay mahahalal para sa isang terminong magtatapos pagkalipas ng dalawang taon, ang isangkatlo ng mga miyembro ay mahahalal para sa isang terminong magtatapos pagkalipas ng apat na taon, at ang isangkatlo pa ng mga miyembro ay mahahalal para sa isang terminong magtatapos pagkalipas ng anim na taon. Anim na taon ang tagal ng magkakasunod na termino. Ang mga miyembro ng working group ay maaaring manungkulan sa loob ng maximum na dalawang magkasunod na termino*, kung muling magtatalaga ang ICOC, sa pamamagitan ng dalawang-katlo ng mga boto ng korum, ng mga miyembro nghindi ICOC na working group*

upang manungkulan sa loob ng mahigit sa dalawang magkasunod na termino.

(2) Ang pagtatalaga ng mga miyembro ng Working Group para sa Pagiging Accessible at Pagiging Abot-kaya ng Mga Paggamot at Lunas ay dapat gawin sa pamamagitan ng mayoryang boto ng korum ng ICOC, sa loob ng 90 araw mula sa petsa ng pagkakaroon ng bisa ng inisyatibong nagdaragdag sa talatang ito. Ang termino ng mga miyembro ng working group ay anim na taon, at maaaring manungkulan ang mga miyembro nang dalawang magkasunod na termino, kung muling magtatalaga ang ICOC, sa pamamagitan ng dalawang-katlo ng boto ng korum, ng mga miyembro ng hindi ICOC na working group upang manungkulan sa loob ng mahigit sa dalawang magkasunod na termino.

(3) Ang ICOC ay maaaring magtalaga ng mga miyembro para sa isang ad hoc na pagboto sa bawat working group kung kinakailangan upang makamit ang kadalubhasaan para sa isang partikular na session para sa pagsusuri ng eksperto, na hindi hihigit sa tatlong miyembro para sa anumang isang session para sa pagsusuri ng eksperto.

(c) Mga Pagpupulong ng Working Group

Ang bawat ~~siyentipiko at medikal na~~ working group ay dapat na magdaos ng pagpupulong nang hindi bababa sa apat na beses kada taon, kung saan ang isa sa mga ito at dapat na itakda bilang taunang pagpupulong nito*, maliban kung iba ang tutukuyin ng institusyon*.

(d) Mga Rekomendasyon ng Working Group sa ICOC

Ang mga rekomendasyon ng bawat *panel* ng mga working group ay maaari lamang maipadala sa ICOC sa pamamagitan ng boto ng mayorya ng isang korum ng mga miyembro ng bawat *panel para sa* working group na iyon. Kung 35 porsyento ng mga miyembro ng anumang panel ng working group ~~ang magsasama sa isang minoryang posisyon~~ *ang maggagawad ng puntos sa range ng pagpopondo*, isang ulat *ng rekomendasyon* ng minorya*, kabilang ang buod ng mga kalakasan at kahinaan ng aplikasyon at pagsalungat sa rekomendasyon ng mayorya, ang* ~~maaari~~ dapat na isumite sa ICOC. Dapat na isaalang-alang ng ICOC ang mga rekomendasyon ng mga working group sa paggawa nito ng mga pagpapasya kaugnay ng mga aplikasyon para sa pananaliksik at mga grant para sa pasilidad at mga paggawad ng loan at sa pagpapairal ng mga pamantayan*, patakaran, at programa* sa regulasyon. Ang bawat working group ay dapat na magrekomenda sa ICOC ng mga panuntunan, pamamaraan, at kasanayan para sa working group na iyon.

(e) Salungatan ng Interes

(1) Dapat magkaroon ang ICOC ng mga panuntunan sa salungatan ng interes, batay sa mga pamantayang nalalapat sa mga miyembro ng mga komite sa siyentipikong pagsusuri ng National Institutes of Health, upang mapangasiwaan ang pakikilahok ng mga miyembro ng hindi ICOC na working group.

(2) Dapat na magtalaga ang ICOC ng opisyal sa etika mula sa mga tauhan ng institusyon.

(3) Dahil tagapayo lang ang mga working group at walang awtoridad para sa pinal na pagpapasya ang mga ito, ang mga miyembro ng mga working group ay hindi dapat ituring na pampublikong opisyal, empleyado, o consultant para sa mga layunin ng Batas sa Pulitikal na Reporma (Titulo 9 (simula sa Seksyon 81000) ng Kodigo ng Pamahalaan), Seksyon 1090 at 19990 ng Kodigo ng Pamahalaan, at Seksyon 10516 at 10517 ng Kodigo ng Pampublikong Kontrata.

(f) Mga Talaan ng Working Group

Ang lahat ng talaan ng mga working group na isusumite bilang bahagi ng mga rekomendasyon ng mga working group sa ICOC para sa pag-apruba ay dapat na mapailalim sa Batas sa mga Pampublikong Talaan. Maliban kung nakalagay sa subdibisyong ito, hindi dapat mapasailalim ang mga working group sa mga probisyon ng Artikulo 9 (simula sa Seksyon 11120) ng Kabanata 1 ng Bahagi 1 ng Dibisyon 3 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan, o Artikulo 1 (simula sa Seksyon 6250) ng Kabanata 3.5 ng Dibisyon 7 ng Titulo 1 ng Kodigo ng Pamahalaan.

SEK. 15. Ang Seksyon 125290.55 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan ay inaamyendahan upang mabasang:

125290.55. Working Group para sa Mga Pamantayan sa Siyentipiko at Medikal na Pananagutan

(a) Pagiging miyembro

Ang Working Group para sa Mga Pamantayan sa Siyentipiko at Medikal na Pananagutan ay dapat na magkaroon ng 19 na miyembro gaya ng sumusunod:

(1) Limang miyembro ng ICOC mula sa 10 grupong nakatuon sa mga larangang partikular sa isang sakit na inilalarawan sa mga talata (3), (4), at (5) ng subdibisyon (a) ng Seksyon 125290.20 *o mula sa mga miyembrong itinalaga alinsunod sa talata (6) ng subdibisyon (a) ng Seksyon 125290.20*.

(2) Siyam na siyentipiko at clinician na kilala sa bansa sa larangan ng pananaliksik sa pluripotent at progenitor cell.

(3) Apat na medical ethicist.

(4) Ang Chairperson ng ICOC.

(b) Mga Tungkulin

Ang Working Group para sa Mga Pamantayan sa Siyentipiko at Medikal na Pananagutan ay dapat magkaroon ng sumusunod na tungkulin:

(1) Magrekomenda ng mga siyentipiko, medikal, at etikal na pamantayan sa ICOC.

(2) Magrekomenda sa ICOC ng mga pamantayan para sa lahat ng medikal, socioeconomic, at pinansyal na aspeto ng mga klinikal na pagsubok at paghahatid ng therapy sa mga pasyente, kabilang, higit sa lahat, ang mga pamantayan para sa mga ligtas at etikal na pamamaraan sa pagkuha ng mga materyal at cell para sa pananaliksik at mga klinikal na pagsisikap para sa naaangkop na paggamot ng mga subject na tao sa medikal na pananaliksik alinsunod sa talata (2) ng subdibisyon (b) ng Seksyon 125290.35, at upang matiyak ang pagsunod sa mga batas sa privacy ng pasyente.

(3) Magrekomenda sa ICOC ng pagbabago ng mga pamantayang inilalarawan sa mga talata (1) at (2) kung kinakailangan.

(4) Magbigay ng mga rekomendasyon sa ICOC kaugnay ng pangangasiwa ng pinopondohang pananaliksik upang matiyak ang pagsunod sa mga pamantayang inilalarawan sa mga talata (1) at (2).

(5) Payuhan ang ICOC, ang Working Group para sa Pagpopondo ng Siyentipiko at Medikal na Pananaliksik, at ang Working Group para sa Siyentipiko at Medikal na Pasilidad para sa Pananaliksik, sa isang tuloy-tuloy na paraan, batay sa nauugnay na isyu sa etika at regulasyon.

SEK. 16. Ang Seksyon 125290.60 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan ay inaamyendahan upang mabasang:

125290.60. Working Group para sa Pagpopondo ng Siyentipiko at Medikal na Pananaliksik

(a) Pagiging miyembro

Ang Working Group para sa Pagpopondo ng Siyentipiko at Medikal na Pananaliksik ay dapat na magkaroon ng hindi bababa sa 23 miyembro gaya ng sumusunod:

(1) Pitong miyembro ng ICOC mula sa mga miyembro ng ~~10~~ *12* grupo ng adbokasiya laban sa sakit na inilalarawan sa mga talata (3), (4), at (5) ng subdibisyon (a) ng Seksyon 125290.20 *o mula sa mga miyembrong inilalarawan sa talata (6) ng subdibisyon (a) ng Seksyon 125290.20*.

(2) Hindi bababa sa 15 siyentipikong kilala sa bansa sa larangan ng pananaliksik na nauugnay sa stem cell *o iba pang mahahalagang oportunidad sa pananaliksik, kung saan ang 15 sa kanila ay itatalaga upang manungkulan sa bawat panel para sa pagsusuri ng eksperto*.

(3) Ang Chairperson ng ICOC.

(b) Mga Tungkulin

Dapat isagawa ng Working Group para sa Pagpopondo ng Siyentipiko at Medikal na Pananaliksik ang mga sumusunod na tungkulin:

(1) Magrekomenda sa ICOC ng mga interim at pinal na batayan, pamantayan, at kinakailangan para sa pagsasaalang-alang ng mga aplikasyon sa pagpopondo at para sa paggawad ng mga gawad at loan para sa pananaliksik.

(2) Magrekomenda sa ICOC ng mga pamantayan para sa siyentipiko at medikal na pangangasiwa ng mga paggawad.

(3) Magrekomenda sa ICOC ng anumang pagbabago sa mga batayan, pamantayan, at kinakailangang inilalarawan sa mga talata (1) at (2) sa itaas kung kinakailangan.

(4) Magsuri ng mga aplikasyon sa gawad at loan batay sa mga batayan, kinakailangan, at pamantayang binuo ng ICOC at magbigay ng mga rekomendasyon sa ICOC para sa paggawad ng mga grant at loan para sa pananaliksik, paglilinang ng therapy, ~~at~~ klinikal na pagsubok*, at paghahatid ng therapy*.

(5) Magsagawa ng ~~peer group~~ *ekspertong pagsusuri ng kasamahan at* mga pagsusuri sa pangangasiwa ng progreso ng mga grantee upang matiyak ang pagsunod sa mga tuntunin ng paggawad, at makapag-ulat sa ICOC ng anumang rekomendasyon para sa mga susunod na pagkilos.

(6) Magrekomenda sa ICOC ng mga pamantayan para sa ebaluwasyon ng mga grantee upang matiyak na sumusunod sila sa lahat ng naaangkop na kinakailangan. Ang mga naturang pamantayan ay dapat na mag-atas ng pana-panahong pag-uulat ng mga grantee at magbigay ng awtorisasyon sa Working Group para sa Pagpopondo ng Siyentipiko at Medikal na Pananaliksik upang ma-audit ang isang grantee at maipasa sa ICOC ang anumang rekomendasyon para sa pagkilos.

(7) Magrekomenda ng mga unang paggawad nito ng grant sa loob ng 60 araw mula sa paglalabas ng mga interim na pamantayan.

(c) Mga Rekomendasyon para sa Mga Paggawad

Ang mga rekomendasyon sa paggawad ay dapat na nakabatay sa isang mahusay na ebaluwasyon gaya ng sumusunod:

Ang isang panel para sa ~~peer~~ *ekspertong* pagsusuri ng kasamahan ay dapat na binubuo ng parehong mga siyentipiko at mga tagapagtaguyod ng pasyente. Dapat ay mayroong 15 siyentipiko sa ~~isang peer~~ *bawat* panel *para sa ekspertong* pagsusuri ng kasamahan. Ang mga siyentipikong miyembro lang ng Working Group para sa Pagpopondo ng Siyentipiko at Medikal na Pananaliksik ang dapat na mag-score ng mga aplikasyon para sa paggawad ng gawad at loan para sa siyentipikong merito. Ang naturang pag-score ay dapat na nakabatay sa tatlong magkakahiwalay na klasipikasyon—pananaliksik, paglilinang ng therapy, at mga klinikal na pagsubok, sa batayang kinabibilangan ng sumusunod:

(1) Isang naipamalas na rekord ng pagtatagumpay sa mga larangan ng pluripotent stem cell at progenitor cell biology at medisina, ~~maliban kung natukoy ang pananaliksik bilang isang mahalagang oportunidad sa pananaliksik~~ *o sa iba pang mahahalagang oportunidad sa pananaliksik*.

(2) Ang kalidad ng proposal para sa pananaliksik, ang potensyal para sa pagkamit ng makabuluhang pananaliksik, o mga klinikal na resulta, ang timetable para sa pagkamit ng mga naturang makabuluhang resulta, ang kahalagahan ng mga layunin ng pananaliksik, at ang pagiging makabago ng iminumungkahing pananaliksik.

(3) Upang matiyak na hindi madodoble ang pagpopondo ng institusyon o masasapawan ang isang kasalukuyang pagpopondo, dapat na mas bigyan ng prayoridad ang pagpopondo sa pananaliksik na nauugnay sa pluripotent stem cell at progenitor na hindi, o malamang na hindi, makatanggap ng napapanahon o sapat na pederal na pagpopondo, na hindi nahahadlangan ng mga limitasyon na maaaring makasagabal sa pananaliksik. Alinsunod dito, ang iba pang kategorya ng pananaliksik na pinopondohan ng National Institutes of Health ay hindi dapat pondohan ng institusyon, *maliban kung hindi napapanahon o sapat ang naturang pagpopondo sa pananaliksik*.

(4) Sa kabila ng anumang sumasalungat sa talata (3), ang iba pang siyentipiko at medikal na pananaliksik at teknolohiya at/o anumang proposal para sa pananaliksik na nauugnay sa stem cell na hindi aktwal na pinopondohan ng institusyon sa ilalim ng talata (3) ay maaaring pondohan ng institusyon kung irerekomenda ng hindi bababa sa dalawang-katlo ng korum ng mga miyembro ng Working Group para sa Pagpopondo ng Siyentipiko at Medikal na Pananaliksik sa ICOC*, o kung tutukuyin ng mayorya ng mga korum ng mga miyembro ng ICOC,* na ang naturang proposal para sa pananaliksik ay isang mahalagang oportunidad sa pananaliksik.

SEK. 17. Ang Seksyon 125290.70.5 ay idinaragdag sa Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan, upang mabasang:

125290.70.5. Paglalaan at Alokasyon ng Pondo

(a) Ang mga pera sa Pondo ng California para sa Pananaliksik at Mga Lunas na Nauugnay sa Stem Cell ay dapat na hati-hatiin ayon sa sumusunod:

(1) (A) Ang hindi bababa sa 95.5 porsyento ng mga kita sa mga bonong inawtorisa alinsunod sa Seksyon 125291.110, neto ng mga kita sa bono na inilaan para sa mga layuning inilalarawan sa mga talata (4) at (5) ng subdibisyon (a) ng Seksyon 125291.100, ay dapat na gamitin para sa mga grant at pangangasiwa ng grant gaya ng inilalarawan sa kabanatang ito.

(B) Ang hindi bababa sa 98 porsyento ng mga kita sa mga bonong ginamit para sa mga gawad ay dapat na gamitin para sa mga gawad sa pananaliksik, pagpapahusay ng therapy, at paghahatid ng therapy, nang hindi sumosobra sa mga sumusunod na halaga, gaya ng isinasaad sa ibaba, na ibibigay sa panahon ng unang 10 taon kasunod ng petsa ng pagkakaroon ng bisa ng inisyatibang nagdaragdag sa

subparagraph na ito, kung saan ang pagbibigay ng pondo para sa bawat taon ay isasagawa nang maaga sa loob ng isa hanggang pitong taon, maliban na lang kung ang anumang naturang pondo na hindi maibibigay ay maaaring palawigin sa loob ng isa o higit pa sa mga susunod na taon. Ang maximum na halaga ng pondo para sa pananaliksik na ilalaan taon-taon ay: taon 1, 11 porsyento; taon 2, 11 porsyento; taon 3 hanggang 10, 9 na porsyento; at taon 11 at sa bawat taon pagkatapos nito, 6 na porsyento bilang kabuuan. Upang maisagawa ang mga layunin ng Seksyon 125290.75, maaaring gamitin ang hanggang sa 2 porsyento ng halagang magagamit para sa mga gawad para sa mga pagpapakonsulta sa pananaliksik bilang pagsuporta sa access sa, at sa pagiging abot-kaya ng, mga paggamot at lunas na magmumula sa pananaliksik at pagpapahusay at paghahatid ng therapy na pinopondohan ng institusyon, gaya ng matutukoy ng namamahalang lupon ng institusyon batay sa mga rekomendasyon ng Working Group para sa Pagiging Accessible at Pagiging Abot-kaya ng Mga Paggamot at Lunas at ng pangulo.

(C) Ang hindi hihigit sa 3 porsyento ng mga kita sa mga bonong inawtorisa sa pamamagitan ng Seksyon 125291.110 ay maaaring gamitin ng institusyon para sa mga gastos sa pagpapatupad ng pananaliksik at mga pasilidad para sa pananaliksik, kabilang ang pagpapahusay, administrasyon, at pangangasiwa sa proseso ng paggawa ng gawad.

(2) (A) Ang hindi hihigit sa 3.5 porsyento ng mga kita sa mga bonong inawtorisa alinsunod sa Seksyon 125291.110 ay dapat gamitin para sa gastos sa pangkalahatang administrasyon ng institusyon.

(B) Ang hindi hihigit sa 1 porsyento ng mga kita sa mga bonong inawtorisa alinsunod sa Seksyon 125291.110 ay maaaring gamitin ng institusyon upang mabayaran ang gastos ng hanggang sa 15 full-time na empleyado sa loob ng 10 hanggang 15 o higit pang taon, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, pang-administratibong suporta, mga gastos sa mga pasilidad, suweldo, mga benepisyo, pag-reimburse para sa pagbiyahe, at mga gastos sa pagpupulong, upang masuportahan ang trabaho ng institusyon upang makabuo ng mga patakaran at programang makakatulong sa mga taga-California na makakuha ng access sa mga klinikal na pagsubok sa tao, mga therapy, mga paggamot na pang-mitigate, at mga lunas na magmumula sa pananaliksik na pinopondohan ng institusyon at upang maisulong ang pagiging accessible at pagiging abot-kaya ng mga klinikal na pagsubok sa tao, mga paggamot, at mga lunas para sa mga taga-California.

(3) Sa alinmang taon, ang anumang bagong pagpopondo para sa pananaliksik sa sinumang grantee para sa anumang taon ng programa ay limitado lang sa hindi hihigit sa 1 porsyento ng kabuuang bonong inawtorisa alinsunod sa Seksyon 125291.110. Ang limitasyong ito ay dapat na hiwalay na isaalang-alang para sa bawat bagong proposal nang hindi isinasama ang anumang pag-apruba sa nakalipas na taon na maaaring magpondo sa mga aktibidad sa pananaliksik. Dapat na magsilbing batayan ang kinakailangang ito, maliban kung aaprubahan ng 65 porsyento ng korum ng ICOC ang mas mataas na limitasyon para sa grantee na iyon.

(4) Ang hanggang 1.5 porsyento ng mga kita sa mga bonong inawtorisa alinsunod sa Seksyon 125291.110, neto ng mga gastos na inilalarawan sa mga talata (2), (4), at (5) ng subdibisyon (a) ng Seksyon 125291.100, ay dapat na ilaan para sa mga grant upang maitatag, masuportahan, o mapondohan ang mga operasyon ng Mga Sentro ng Kahusayan para sa Pangkomunidad na Pangangalaga at ang hanggang sa kalahati ng 1 porsyento ay dapat na ilaan upang maitatag o masuportahan ang mga pinagbabahagiang laboratoryo, na nilalayong maging operational sa unang limang taon kasunod ng petsa ng pagkakaroon ng bisa ng inisyatibang nagdaragdag sa seksyong ito. Ang pagpopondong matatanggap ng isang grantee mula sa isang paggawad ng institusyon para sa konstruksyon ay dapat na mapailalim sa mga umiiral na batas sa sahod.

(5) Dapat limitahan ng institusyon ang mga hindi direktang gastos sa hindi hihigit sa 25 porsyento ng paggawad sa pananaliksik, nang ibinubukod ang mga halagang kasama sa isang paggawad sa pasilidad, maliban na lang kung ang limitasyon sa gastos ay maaaring pataasin sa halagang iyon kung saan nagbibigay ang grantee ng mga itinumbas na pondo na sobra sa 20 porsyento ng halaga ng gawad.

(b) Idinisenyo ang iskedyul sa pagpopondo ng institusyon upang makagawa ng positibong stream ng kita sa buwis para sa Estado ng California sa panahon ng unang limang taon sa kalendaryo kasunod ng pag-apruba ng mga botante sa inisyatibong nagdaragdag sa seksyong ito, nang hindi kumukuha ng mga pondo mula sa Pangkalahatang Pondo ng estado para sa mga pagbabayad ng principal at interes para sa unang limang taon sa kalendaryo na iyon.

(c) Dapat maglaan ang institusyon ng hindi bababa sa isang bilyon at limang daang milyong dolyar ($1,500,000,000) ng mga kita sa mga bonong inawtorisa alinsunod sa Seksyon 125291.110 upang makagawa ng mga gawad para sa pananaliksik, pagpapahusay ng therapy, at paghahatid ng therapy kaugnay ng mga sakit at kundisyong nauugnay sa utak at central nervous system, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa sakit na Alzheimer's, Parkinson', stroke, dementia, epilepsy, schizophrenia, depresyon, traumatic brain injury, kanser sa utak, at autism, at para sa pangangasiwa ng gawad at mga pangkalahatang gastos ng administrasyon na nauugnay sa mga gawad at loan na ito, na napapailalim sa mga limitasyon sa subparagraph (C) ng talata (1) at subparagraph (A) ng talata (2) ng subdibisyon (a).

(d) Ang alokasyon ng mga kita sa mga bonong inawtorisa alinsunod sa Seksyon 125291.30 ay dapat patuloy na pamahalaan ayon sa Seksyon 125290.70.

SEK. 18. Ang Seksyon 125291.15 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan ay inaamyendahan upang mabasang:

125291.15. Gaya ng pagkakagamit sa artikulong ito, *ang Batas sa Bono ng California sa Pananaliksik at Mga Lunas na Nauugnay sa Stem Cell para sa Taong 2004 (California Stem Cell Research and Cures Bond Act of 2004),* ang mga sumusunod na termino ay mayroon ng mga sumusunod na kahulugan:

(a) Ang salitang "batas" ay tumutukoy sa Batas ng California sa Bono sa Pananaliksik at Mga Lunas na Nauugnay sa Stem Cell na bumubuo sa Kabanata 3 (simula sa Seksyon 125290.10) ng Bahagi 5 ng Dibisyon 106.

(b) Ang salitang "lupon" o "institusyon" ay tumutukoy sa Institusyon ng California para sa Regenerative na Medisina na itinalaga alinsunod sa subdibisyon (b) ng Seksyon 125291.40.

(c) Ang salitang "komite" ay tumutukoy sa Komite sa Pananalapi ng California para sa Pananaliksik at Mga Lunas na Nauugnay sa Stem Cell na ginawa alinsunod sa subdibisyon (a) ng Seksyon 125291.40.

(d) Ang salitang "pondo" ay tumutukoy sa Pondo ng California para sa Pananaliksik at Mga Lunas na Nauugnay sa Stem Cell na ginawa alinsunod sa Seksyon 125291.25.

(e) Ang salitang "interim na utang" ay tumutukoy sa anumang interim na loan alinsunod sa ~~subdibisyon (b) ng Seksyon 125290.70, at~~ Seksyon 125291.60 at 125291.65, mga bond anticipation note o commercial paper note na inisyu upang makapagsagawa ng mga deposito sa pondo at babayaran mula sa mga kita sa mga bonong inisyu alinsunod sa artikulong ito.

SEK. 19. Ang Seksyon 125291.35 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan ay inaamyendahan upang mabasang:

125291.35. Ang mga bonong inaawtorisa ng artikulong ito ay dapat na ihanda, isagawa, ilabas, ibenta, bayaran, at tubusin gaya ng nakasaad sa Batas ng Estado sa Pangkalahatang Obligasyong Bono (Kabanata 4 (simula sa Seksyon 16720) ng Bahagi 3 ng Dibisyon 4 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan), at ang lahat ng probisyon ng batas na iyon*, gaya ng pana-panahong inaamyendahan,* maliban sa *mga subdibisyon (a) at (b) ng* Seksyon 16727 *ng Kodigo ng Pamahalaan* ay nalalapat sa mga bono at sa artikulong ito at isinasama sa artikulong ito na waring nakasaad nang buo sa artikulong ito.

SEC. 20. Ang Seksyon 125291.60 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan ay inaamyendahan upang mabasang:

125291.60. ~~Ang~~ *Para sa layuning isakatuparan ang artikulong ito, maaaring iawtorisa ng* Direktor ng Pananalapi ang pag-withdraw mula sa Pangkalahatang Pondo ng halaga o mga halagang, hindi lalampas sa halaga ng mga hindi pa naibebentang bono na inawtorisa ng komite, na ibenta para sa layuning isakatuparan ang artikulong ito, *hindi kasama ang anumang muling pinopondohang bono na inawtorisa alinsunod sa Seksyon 125291.75, ibinawas ang anumang halagang ipinautang alinsunod sa Seksyon 125291.65 at hindi pa nababayaran, at anumang halagang na-withdraw mula sa Pangkalahatang Pondo alinsunod sa seksyong ito at hindi pa naibabalik sa Pangkalahatang Pondo*. Dapat ideposito sa pondo ang anumang halagang na-withdraw. Dapat ibalik sa Pangkalahatang Pondo ang anumang perang ginawang magagamit sa ilalim ng seksyong ito, kasama ang halagang katumbas ng interes na dapat sana ay kinita ng pera sa Pooled Money Investment Account, mula sa perang natanggap mula sa pagbebenta ng mga bono para sa layuning isakatuparan ang artikulong ito.

SEK. 21. Ang Seksyon 125291.65 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan ay inaamyendahan upang mabasang:

125291.65. Maaaring hilingin ng institusyon na magsagawa ng loan ang Pooled Money Investment Board mula sa Pooled Money Investment Account alinsunod sa Seksyon 16312 ng Kodigo ng Pamahalaan para sa mga layuning maisakatuparan ang artikulong ito*, hindi kasama ang anumang muling pinopondohang bonong inawtorisa alinsunod sa Seksyon 125291.75, ibinawas ang anumang halagang ipinautang alinsunod sa seksyong ito at hindi pa nababayaran, at anumang halagang na-withdraw mula sa Pangkalahatang Pondo alinsunod sa Seksyon 125291.60 at hindi pa naibabalik sa Pangkalahatang Pondo*. Ang halaga ng kahilingan ay hindi dapat humigit sa halaga ng mga hindi pa naibebentang bono na inawtorisa ng komite, sa pamamagitan ng resolusyon, na ibenta para sa layuning isakatuparan ang artikulong ito. Dapat pagtibayin ng institusyon ang anumang dokumentong kinakailangan ng Pooled Money Investment Board upang makuha at mabayaran ang loan. Ang anumang halagang inutang ay dapat ideposito sa pondo na ilalaan ng institusyon alinsunod sa artikulong ito.

SEK. 22. Ang Seksyon 125291.70 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan ay inaamyendahan upang mabasang:

125291.70. Ang lahat ng perang nakadeposito sa pondo na galing sa premium at naipong interes sa mga naibentang bono ay dapat ireserba sa pondo at dapat na magawang ilipat sa Pangkalahatang Pondo bilang isang kredito sa mga paggasta para sa interes ng bono*, maliban na lang kung ang mga halagang galing sa premium ay maaaring ireserba at gamiting pambayad sa halaga ng pag-isyu nito bago ang anumang paglilipat sa Pangkalahatang Pondo*.

SEK. 23. Ang Seksyon 125291.75 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan ay inaamyendahan upang mabasang:

125291.75. Ang mga bonong *inisyu at ibinenta alinsunod sa artikulong ito* ay maaaring ibalik alinsunod sa Artikulo 6 (simula sa Seksyon 16780) ng Kabanata 4 ng Bahagi 3 ng Dibisyon 4 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan, na isang bahagi ng Batas ng Estado sa Pangkalahatang Obligasyong Bono. Kasama sa pag-apruba ng mga botante ng estado para sa pag-isyu ng mga bonong inilalarawan sa artikulong ito ang pag-apruba sa pag-isyu ng anumang bonong inilabas upang maibalik ang anumang bonong orihinal na na-isyu sa ilalim ng artikulong ito o ng mga muling pinopondohang bono na dati nang na-isyu. *Ang anumang ibabalik na bono gamit ang mga nalikom ng mga muling pinopondohang bono na inawtorisa ng seksyong ito ay maaaring legal na pawalan ng bisa hanggang sa lawak na pinapahintulutan ng batas sa paraan at sa hangganang itinakda sa resolusyon, na pana-panahong inaamyendahan, na nag-aawtorisa sa ibinalik na bono na iyon.*

SEK. 24. Ang Artikulo 2.5 (simula sa Seksyon 125291.90) ay idinaragdag sa Kabanata 3 ng Bahagi 5 ng Dibisyon 106 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan, upang mabasang:

Artikulo 2.5. Batas sa Bono ng California sa Pananaliksik, Mga Paggamot, at Mga Lunas na Nauugnay sa Stem Cell para sa Taong 2020 (California Stem Cell Research, Treatments, and Cures Bond Act of 2020)

125291.90. Ang artikulong ito ay tatawagin, at maaaring tukuyin, bilang Batas sa Bono ng California sa Pananaliksik, Mga Paggamot, at Mga Lunas na Nauugnay sa Stem Cell para sa Taong 2020.

125291.95. Gaya ng pagkakagamit sa artikulong ito, ang mga sumusunod na termino ay mayroon ng mga sumusunod na kahulugan:

(a) Ang salitang "batas" ay tumutukoy sa Batas ng California sa Pananaliksik at Mga Lunas na Nauugnay sa Stem Cell na bumubuo sa kabanatang ito, gaya ng inamyendahan ng Inisyatibo ng California sa Pananaliksik, Mga Paggamot, at Mga Lunas na Nauugnay sa Stem Cell para sa Taong 2020.

(b) Ang salitang "lupon" o "institusyon" ay tumutukoy sa Institusyon ng California para sa Regenerative na Medisina na itinalaga alinsunod sa subdibisyon (b) ng Seksyon 125291.120.

(c) Ang salitang "komite" ay tumutukoy sa Komite sa Pananalapi ng California para sa Pananaliksik at Mga Lunas na Nauugnay sa Stem Cell na ginawa alinsunod sa subdibisyon (a) ng Seksyon 125291.40 at itinalaga alinsunod sa subdibisyon (a) ng Seksyon 125291.120.

(d) Ang salitang "pondo" ay tumutukoy sa Pondo ng California para sa Pananaliksik at Mga Lunas na Nauugnay sa Stem Cell para sa Taong 2020 na ginawa alinsunod sa Seksyon 125291.105.

(e) Ang salitang "interim na utang" ay tumutukoy sa anumang interim na loan alinsunod sa Seksyon 125291.140 at 125291.145, mga bond anticipation note, o mga commercial paper note na inilabas upang makapagsagawa ng mga deposito sa pondo at babayaran mula sa mga kita sa mga bonong inilabas alinsunod sa artikulong ito.

125291.100. (a) Sa kabila ng anumang sumasalungat sa Seksyon 13340 ng Kodigo ng Pamahalaan o anupamang probisyon ng batas, ang mga pera sa pondo ay inilalaan nang hindi isinasaalang-alang ang mga taon ng pananalapi sa institusyon para sa mga sumusunod na layunin:

(1) Pagbibigay ng mga gawad o loan upang mapondohan ang isang pananaliksik at makapagtayo ng mga pasilidad para sa pananaliksik, gaya ng inilalarawan sa at alinsunod sa Seksyon 125290.70.5.

(2) Pagbabayad ng pangkalahatang administratibong gastos ng institusyon (hindi dapat lumampas sa 3.5 porsyento alinsunod sa subparagraph (A) ng talata (2) ng subdibisyon (a) ng Seksyon 125290.70.5).

(3) Pagbabayad ng taunang gastos ng administrasyon ng anumang interim na utang o bono pagkalipas ng Disyembre 31 ng ikalimang buong taon sa kalendaryo pagkatapos magkabisa ang seksyong ito.

(4) Pagbabayad sa mga gastos ng paglalabas ng interim na utang, pagbabayad sa taunang gastos ng administrasyon ng interim na utang hanggang sa at kasama ang Disyembre 31 ng ikalimang buong taon sa kalendaryo pagkatapos magkabisa ng seksyong ito, at pagbabayad ng interes sa interim na utang, kung ang naturang interim na utang ay natamo o inilabas nang o bago ang Disyembre 31 ng ikalimang buong taon sa kalendaryo pagkatapos magkabisa ng seksyong ito.

(5) Pagbabayad sa mga gastos ng paglalabas ng mga bono, pagbabayad sa taunang gastos ng administrasyon ng mga bono hanggang sa at kasama ang Disyembre 31 ng ikalimang buong taon sa kalendaryo pagkatapos magkabisa ng seksyong ito, at pagbabayad ng interes sa mga bonong naipon nang o bago ang Disyembre 31 ng ikalimang buong taon sa kalendaryo pagkatapos magkabisa ng seksyong ito, maliban na lang kung ang mga naturang limitasyon ay hindi nalalapat sa premium at naipong interes gaya ng isinasaad sa Seksyon 125291.150.

(b) Ang mga pera sa pondo o iba pang kita mula sa pagbebenta ng mga bono na inawtorisa ng artikulong ito ay maaaring gamitin upang mabayaran ang principal ng, presyo ng pagtubos, kabilang ang naipong interes, o premium sa anumang interim na utang na inilabas bago ang inisyal na paglalabas ng mga bonong inawtorisa ng artikulong ito. Ang mga perang idineposito sa pondo mula sa mga kita sa interim na utang ay maaaring gamiting pambayad sa pangkalahatang administratibong gastos ng institusyon nang hindi isinasaalang-alang ang 3.5 porsyentong limitasyong itinakda sa talata (2) ng subdibisyon (a), hangga't ang naturang 3.5 porsyentong limitasyon ay natutugunan para sa bawat paglalabas ng mga bono.

(c) Ang pagbabayad sa principal at interes sa anumang loan na ginawa ng institusyon alinsunod sa artikulong ito ay dapat na ideposito sa pondo at gamitin para sa mga layunin ng Seksyon 125290.70.5, kabilang ang mga administratibong gastos ng institusyon, o para sa pagbabayad ng mga gastos sa pagpapatuloy ng mga taunang administrasyon ng mga hindi pa nababayarang bono.

125291.105. Ang mga kita sa interim na utang at mga bono na inilabas at ibinenta alinsunod sa artikulong ito ay dapat ideposito sa Tesorerya ng Estado para sa kredito ng Pondo ng California sa Pananaliksik at Mga Lunas na Nauugnay sa Stem Cell para sa Taong 2020, na ginawa ng State Treasury, maliban sa hangganang ang mga kita sa pagpapalabas ng mga bono ay direktang ginamit upang mabayaran ang interim na utang.

125291.110. Ang mga bono na nasa kabuuang halagang limang bilyon at limang daang milyong dolyar ($5,500,000,000), hindi kasama ang halaga ng anumang muling pinopondohang bono na inilabas alinsunod sa Seksyon 125291.155, o sa halagang kinakailangan, ay maaaring ilabas at ibenta upang magkaloob ng isang pondong magagamit sa pagsasakatuparan ng mga layuning inilahad sa artikulong ito, magagamit at maibebenta para sa pagsasakatuparan ng mga layunin ng Seksyon 125291.100, at matubos ang Umiikot na Pondo sa Paggasta ng Pangkalahatang Obligasyong Bono alinsunod sa Seksyon 16724.5 ng Kodigo ng Pamahalaan. Ang mga bono, kapag naibenta, ay dapat bumuo ng isang balido at may-bisang obligasyon ng estado, at ang buong katapatan at kredito ng estado, sa pamamagitan nito, ay ipinapangako para sa nasa oras na pagbabayad ng parehong principal ng, at interes sa, mga bono kapag ang principal at interes ay dapat at maaari nang bayaran.

125291.115. Ang mga bonong inaawtorisa ng artikulong ito ay dapat na ihanda, isagawa, ilabas, ibenta, bayaran, at tubusin gaya ng itinatadhana sa Batas ng Estado sa Pangkalahatang Obligasyong Bono (Kabanata 4 (simula sa Seksyon 16720) ng Bahagi 3 ng Dibisyon 4 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan) at ang lahat ng probisyon ng batas na iyon, gaya ng pana-panahong inaamyendahan, maliban sa mga subdibisyon (a) at (b) ng Seksyon 16727 ay nalalapat sa mga bono at sa artikulong ito at isinasama sa artikulong ito na waring nakasaad nang buo sa artikulong ito.

125291.120. (a) Para lang sa layuning awtorisahan ang paglalabas at pagbebenta, alinsunod sa Batas ng Estado sa Pangkalahatang Obligasyong Bono (Kabanata 4 (simula sa Seksyon 16720) ng Bahagi 3 ng Dibisyon 4 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan), ng mga bono at interim na utang na inawtorisa ng artikulong ito, ng Komite sa Pananalapi ng California para sa Pananaliksik at Mga Lunas na Nauugnay sa Stem Cell, na itinatag alinsunod sa Seksyon 125291.40, ay itinatalaga sa pamamagitan nito, bilang "ang komite" gaya ng pagkakagamit sa terminong iyon sa Batas ng Estado sa Pangkalahatang Obligasyong Bono.

(b) Para sa mga layunin ng Batas ng Estado sa Pangkalahatang Obligasyong Bono, ang Namamahalang Lupon ng Institusyon ng California para sa Regenerative na Medisina ay itinatalaga bilang "lupon."

125291.125. (a) Ang komite ang dapat magpasiya kung kinakailangan o kanais-nais o hindi na mag-isyu ng mga bonong inawtorisa alinsunod sa artikulong ito upang maisakatuparan ang mga aksyong tinukoy sa artikulong ito at, kung ganoon, ang halaga ng mga bonong mai-isyu at ibebenta. Dapat magsagawa ng makatuwirang pagsisikap ang Ingat-yaman upang maibenta ang mga bono sa presyong orihinal o mas mataas at bayaran ang mga gastos sa paglalabas mula sa hulog kung makatuwirang magagawa at sa pinakamabuting interes ng estado, sa pagpapasiya ng Ingat-yaman. Ang magkakasunod na pag-isyu ng mga bono ay maaaring iawtorisa at ibenta upang maisakatuparan ang mga aksyon nang progresibo, at hindi kailangang ang lahat

ng bonong inawtorisang ma-isyu ay ibenta sa anumang isang pagkakataon. Ang mga bono ay maaaring magtaglay ng interes, na maisasama sa kabuuang kita para sa mga layunin ng pederal na buwis sa kita kung tutukuyin ng komite na kinakailangan ang nasabing pangangasiwa upang makapagbigay ng mga pondo para sa mga layunin ng batas. Ang mga gastos sa bawat paglalabas ng bono na naibenta sa o pagkatapos ng ika-61 buwan pagkatapos magkaroon ng bisa ang artikulong ito ay dapat nasa pagpapasiya ng Ingat-yaman at maaaring bayaran nang hulugan sa loob ng o hanggang 40 taon.

(b) Ang kabuuang halaga ng mga bonong inawtorisa ng Seksyon 125291.110 na maaaring ma-isyu sa anumang taon ng kalendaryo, na magsisimula sa 2021, ay hindi dapat lumampas sa pinagsama-samang average na limang daan at apatnapung milyong dolyar ($540,000,000). Kung mag-iisyu ng mas maliit sa halagang ito ng mga bono sa anumang taon, ang matitirang pinapahintulutang halaga ay maaaring idagdag sa isa o higit pang kasunod na taon. Alinsunod sa Seksyon 125291.140, maaaring iawtorisa ng Direktor ng Pananalapi, sa pagpapasiya ng direktor, ang pautang mula sa Pangkalahatang Pondo sa institusyon sa o pagkatapos ng petsa ng pagkakaroon ng bisa ng artikulong ito.

(c) Hanggang sa Disyembre 31 ng ika-limang buong taon ng kalendaryo pagkatapos magkaroon ng bisa ang seksyong ito, ang lahat ng interes sa anumang pansamantalang utang o mga bono na inisyu sa ilalim ng artikulong ito ay babayaran mula sa mga malilikom mula sa pagbebenta ng pansamantalang utang o mga bonong iyon alinsunod sa layunin ng inisyatibang ito na iwasan ang anumang pagbabayad sa serbisyo sa utang mula sa Pangkalahatang Pondo, ng prinsipal at interes, sa inisyal na panahon ng pangkaraniwang pananaliksik at development sa pamamagitan ng therapy kasunod ng petsa ng pagkakaroon ng bisa ng seksyong ito.

125291.130. Dapat kolektahin ang mga ito kada taon at sa parehong paraan at sa parehong oras kagaya ng pagkolekta sa iba pang kita ng estado, bilang karagdagan sa mga ordinaryong kita ng estado, isang kabuuan sa halagang kinakailangan upang mabayaran ang prinsipal ng, at interes sa, mga bonong dapat bayaran kada taon. Tungkulin ng lahat ng opisyal na inaatasan ng batas ng anumang tungkuling nauugnay sa pagsingil ng kita na gawin at gampanan ang bawat kinakailangang aksyon upang makolekta ang nabanggit na karagdagang halaga.

125291.135. Sa kabila ng Seksyon 13340 ng Kodigo ng Pamahalaan, sa pamamagitan nito, may inilalaang halaga mula sa Pangkalahatang Pondo ng State Treasury, para sa mga layunin ng artikulong ito, ang halagang katumbas ng kabuuan ng sumusunod:

(a) Ang halagang kailangan taun-taon upang mabayaran ang prinsipal ng, at interes sa, mga bonong inilabas at ibinenta alinsunod sa artikulong ito, kapag kailangan at maaari nang bayaran ang nabanggit na prinsipal at interes.

(b) Ang halagang kailangan upang maisagawa ang Seksyon 125291.140, na inilaan nang hindi isinasaalang-alang ang mga taon ng pananalapi.

125291.140. Para sa mga layuning isakatuparan ang artikulong ito, maaaring iawtorisa ng Direktor ng Pananalapi ang pag-withdraw mula sa Pangkalahatang Pondo ng halaga o mga halagang, hindi lalampas sa halaga ng mga hindi pa naibebentang bono na inawtorisa ng komite, na ibenta para sa layuning isakatuparan ang artikulong ito, hindi kasama ang anumang muling nagpopondong bono na inawtorisa alinsunod sa Seksyon 125291.155, ibinawas ang anumang halagang ipinautang alinsunod sa Seksyon 125291.145 at hindi pa nababayaran, at anumang halagang na-withdraw mula sa Pangkalahatang Pondo alinsunod sa seksyong ito at hindi pa naibabalik sa Pangkalahatang Pondo. Dapat ideposito sa pondo ang anumang halagang na-withdraw. Dapat ibalik sa Pangkalahatang Pondo ang anumang perang ginawang magagamit sa ilalim ng seksyong ito, kasama ang halagang katumbas ng interes na dapat sana ay kinita ng pera sa Kuwenta ng Pamumuhunan ng Pinagsama-samang Pera, mula sa perang natanggap mula sa pagbebenta ng mga bono para sa layuning isakatuparan ang artikulong ito.

125291.145. Ang institusyon ay maaaring humiling sa Pooled Money Investment Board na gumawa ng pautang mula sa Pooled Money Investment Account, alinsunod sa Seksyon 16312 ng Kodigo ng Pamahalaan para sa mga layuning isakatuparan ang artikulong ito. Ang halaga ng pautang ay hindi dapat humigit sa halaga ng hindi pa naibebentang mga bono na inawtorisa ng komite, sa pamamagitan ng resolusyon, na ibenta, para sa layuning isakatuparan ang artikulong ito, hindi kasama ang anumang muling nagpopondong bono na inawtorisa alinsunod sa Seksyon 125291.155, ibinawas ang anumang halagang ipinautang alinsunod sa seksyong ito at hindi pa nababayaran, at anumang halagang na-withdraw mula sa Pangkalahatang Pondo alinsunod sa Seksyon 125291.140 at hindi pa naibabalik sa Pangkalahatang Pondo. Dapat pagtibayin ng institusyon ang mga dokumentong iniaatas ng Pooled Money Investment Board upang makuha at mabayaran ang utang. Ang anumang halagang inutang ay dapat ideposito sa pondo upang mailaan ng institusyon alinsunod sa artikulong ito.

125291.150. Ang lahat ng perang nakadeposito sa pondo na galing sa premium at naipong interes ng mga naibentang bono ay dapat ireserba sa pondo at dapat magawang ilipat sa Pangkalahatang Pondo bilang isang kredito sa mga paggasta para sa interes ng bono, maliban na lang kung ang mga halagang galing sa premium ay maaaring ireserba at gamiting pambayad sa mga halaga ng pagpapalabas bago ang anumang paglipat sa Pangkalahatang Pondo.

125291.155. Ang mga bonong inilabas at ibinenta alinsunod sa artikulong ito ay maaaring ibalik alinsunod sa Artikulo 6 (na nagsisimula sa Seksyon 16780) ng Kabanata 4 ng Bahagi 3 ng Dibisyon 4 ng Titulo 2 ng Kodigo ng Pamahalaan, na isang bahagi ng Batas sa Pangkalahatang Obligasyong Bono ng Estado. Kasama sa pag-aproba ng mga botante ng estado sa pag-isyu ng mga bonong inilalarawan sa artikulong ito ang pag-aproba sa pagpapalabas ng anumang mga bonong inisyu upang ibalik ang anumang mga bonong orihinal na inisyu alinsunod sa artikulong ito, o anumang mga muling nagpopondong bono na dati nang inisyu. Ang anumang ibabalik na bono gamit ang mga nalikom ng mga muling nagpopondong bono na inawtorisa ng seksyong ito ay maaaring legal na pawalan ng bisa hanggang sa lawak na pinahihintulutan ng batas sa paraan at sa hangganang itinakda sa resolusyon, na pana-panahong sinususugan, na nag-aawtorisa sa ibinalik na bono na iyon.

125291.160. Sa kabila ng anumang probisyon ng artikulong ito o ng Batas sa Pangkalahatang Obligasyong Boto ng Estado (Kabanata 4 (nagsisimula sa Seksyon 16720) ng Bahagi 3 ng Dibisyon 4 ng Titulo 2 ng Kodigo sa Pamahalaan), kung ang Ingat-yaman ay nagbenta ng mga bono alinsunod sa artikulong ito na kinabibilangan ng isang opinyon ng abugado ng bono na may epekto na ang interes sa mga bono ay hindi isinama mula sa kabuuang kita para sa mga layunin ng pederal na buwis, sa ilalim ng mga itinalagang kondisyon, ang Ingat-yaman ay maaaring

magpanatili ng nakahiwalay na mga kuwenta para sa pamumuhunan ng mga nalikom ng bono at mga kinita sa pamumuhunan sa mga nalikom na iyon. Ang Ingat-yaman ay maaaring gumamit o mag-utos ng paggamit ng mga nalikom o kinitang iyon upang bayaran ang anumang pagsasauli, multa, o ibang pagbabayad na iniaatas sa ilalim ng pederal na batas o gumawa ng anumang aksyon na nauukol sa pamumuhunan at paggamit ng mga nalikom sa mga bono na iniaatas o kanais-nais sa ilalim ng pederal na batas upang panatilihin ang libre sa buwis na katayuan ng mga bonong iyon at upang kumuha ng anumang ibang makakabuti sa ilalim ng pederal na batas sa ngalan ng mga pondo ng estadong ito.

125291.165. Ang mga nalikom mula sa pagbebenta ng mga bono na inawtorisa ng artikulong ito ay hindi "mga nalikom ng mga buwis" kung paano ginamit ang terminong iyon sa Artikulo XIII B ng Saligang-Batas ng California, at hindi napapailalim ang pagbabayad sa mga nalikom na ito sa mga limitasyong ipinataw ng artikulong iyon.

SEK. 25. Ang Seksyon 125292.10 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan ay sinususugan upang mabasang:

125292.10. *Mga Pagpapakahulugan*

Gaya ng paggamit sa kabanatang ito at sa Artikulo XXXV ng Saligang-Batas ng California, ang mga sumusunod na termino ay may mga sumusunod na kahulugan:

(a) Ang "batas" ay tumutukoy sa Batas sa Bono ng California sa Pananaliksik at Mga Lunas na Nauugnay sa Stem Cell na bumubuo sa Kabanata 3 (na nagsisimula sa Seksyon 125290.10) ng Bahagi 5 ng Dibisyon 106 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan.

(b) Ang "stem cell ng nasa hustong gulang" ay tumutukoy sa undifferentiated cell na makikita sa differentiated tissue sa isang organismong nasa hustong gulang na makakapag-renew ng sarili nito at maaaring, nang may ilang partikular na limitasyon, mag-differentiate upang magkaroon ng lahat ng espesyal na uri ng cell ng tissue kung saan ito nagmula, *kasama ang isang cell na nakatuong gawin ang lahat ng functional cell ng tissue o organ kung saan ito namamalagi at nagre-regenerate ngunit undifferentiated din ito mismo.*

(c) Ang "pangkaraniwang pananaliksik" ay tumutukoy sa pagsisiyasat sa mga pangkaraniwang mekanismong pinagbabatayan ng stem cell biology, cellular plasticity, cellular differentiation, at iba pang mahahalagang oportunidad sa pananaliksik.

~~(c)~~ *(d)* Ang "naka-kapital na interes" ay tumutukoy sa interes na pinopondohan sa pamamagitan ng mga nalikom sa bono.

~~(d)~~ *(e)* Ang "komite" ay tumutukoy sa Komite sa Pananalapi ng California para sa Pananaliksik at Mga Lunas na Nauugnay sa Stem Cell na ginawa alinsunod sa subdibisyon (a) ng Seksyon 125291.40.

~~(e)~~ *(f)* Ang "mga opisyal ayon sa saligang-batas" ay tumutukoy sa Gobernador, Tenyente Gobernador, Ingat-yaman, at Kontroler ng California.

(g) Ang "paunang development" ay tumutukoy sa pagtuklas ng mga may potensyal na bagong teknolohiyang nakabatay sa stem cell na maaaring isalin upang bigyang-daan ang malawakang paggamit at lalong mapahusay ang pangangalaga sa pasyente.

~~(f)~~ *(h)* Ang "mga pasilidad" ay tumutukoy sa mga gusali, mga pagpapaupa ng gusali, o kapital na kagamitan.

~~(g)~~ *(i)* Ang "mga bonong may nagbabagong antas" ay tumutukoy sa mga bonong walang nakapirming antas ng interes hanggang sa panghuling petsa ng maturity ng mga ito, kasama na ang mga pangkomersiyong papel na tala.

~~(h)~~ *(j)* Ang "pondo" ay tumutukoy sa Pondo ng California sa Pananaliksik at Mga Lunas sa Sakit na Nauugnay sa Stem Cell na ginawa alinsunod sa Seksyon 125291.25.

~~(i)~~ *(k)* Ang "gawad" ay tumutukoy sa gawad, pautang, o garantiya.

~~(j)~~ *(l)* Ang "gagawaran" may tumutukoy sa tatanggap ng isang gawad mula sa institusyon. Ang lahat ng institusyong gagawaran ng Unibersidad ng California ay dapat na isalang-alang bilang mga hiwalay at indibidwal na institusyong gagawaran.

~~(k)~~ *(m)* Ang "pag-clone sa pagpaparami ng tao" ay tumutukoy sa kasanayan ng paggawa o pagsubok na gumawa ng isang tao sa pamamagitan ng paglilipat ng nucleus mula sa isang cell ng tao papunta sa isang cell ng itlog kung saan inalis ang nucleus para sa layuning i-implant ang magreresultang produkto sa isang bahay-bata upang magpasimula ng pagbubuntis.

~~(l)~~ *(n)* Ang "mga hindi direktang gastos" ay tumutukoy sa mga gastos ng tatanggap sa pamamahala, pagkuwenta, pangkalahatang overhead, at mga pangkalahatang gastos sa suporta para sa pagpapatupad ng isang gawad o pautang ng institusyon. Gagamitin ang mga pagpapakahulugan ng NIH sa mga hindi direktang gastos bilang isa sa mga batayan ng Working Group para sa Mga Pamantayan sa Siyentipiko at Medikal na Pananaliksik upang makagawa ng alituntunin para sa mga tatanggap sa pagpapakahulugang ito, nang may mga pagbabago upang salaminin ang patnubay ng ICOC at ng batas na ito.

~~(m)~~ *(o) Ang* "institusyon" ay tumutukoy sa Institusyon ng California para sa Regenerative na Medisina.

~~(n)~~ *(p)* Ang "mga pansamantalang pamantayan" ay tumutukoy sa mga pansamantalang pamantayan na nagsasagawa ng mga parehong tungkulin gaya ng "mga pang-emergency na regulasyon" sa ilalim ng Batas sa Pampangasiwaang Pamamaraan (Kodigo ng Pamahalaan, Titulo 2, Dibisyon 3, Bahagi 1, Kabanata ~~4.5~~ *3.5*, Seksyon 11340 at kasunod) maliban upang makapagbigay ng mas magandang pagkakataon para sa komento ng publiko sa mga permanenteng regulasyon, mananatiling may bisa sa loob ng 270 araw sa halip na 180 araw.

~~(o)~~ *(q)* Ang "pangkomersiyong entidad ng life science" ay tumutukoy sa isang kumpanya o organisasyon, na may himpilan sa California, na may mga modelo ng negosyo na biomedical o biotechnology na pag-develop ng produkto at komersyalisasyon.

~~(p)~~ *(r)* Ang "medikal na ethicist" ay tumutukoy sa indibidwal na may advanced na pagsasanay sa etika na may Ph.D., MA, o katumbas na pagsasanay *sa biological sciences o sa larangan ng klinikal na medisina o klinikal na etika* at gumugugol o gumugol ng maraming oras sa (1) pananaliksik at pagsusulat tungkol sa mga isyung etikal na nauugnay sa medisina, at (2) pangangasiwa sa mga etikal na pag-iingat habang isinasagawa ang proseso ng klinikal na pagsubok, sa partikular sa pamamagitan ng serbisyo sa mga lupon ng pagsusuring pang-institusyon.

~~(q)~~ *(s)* Ang "mga pluripotent cell" ay tumutukoy sa mga cell na may kakayahang mag-self renew, at may malawak na potensyal na mag-differentiate sa maraming uri ng cell ng nasa hustong gulang. Maaaring makuha ang mga pluripotent stem cell mula sa mga paglilipat ng nucleus ng somatic cell

14

o mula sa mga sobrang produkto ng mga paggamot na in vitro fertilization kapag ibinigay ang mga nasabing produkto sa ilalim ng mga naaangkop na pamamaraan ng may-kabatirang pahintulot. Ang mga sobrang cell na ito mula sa mga paggamot na in vitro fertilization ay itatapon na lang kung hindi magagamit para sa medikal na pananaliksik.

~~(r)~~ *(t)* Ang "mga progenitor cell" ay tumutukoy sa mga multipotent o precursor cell na bahagyang differentiated ngunit nananatili ang kakayahang maghiwa-hiwalay at magbigay-daan sa mga differentiated cell.

~~(s)~~ *(u) Ang* "korum" ay tumutukoy sa hindi bababa sa 65 porsiyento ng mga miyembrong karapat-dapat bumoto.

~~(t)~~ *(v)* Ang "donor sa pananaliksik" ay tumutukoy sa taong nagdo-donate ng mga biological na materyal para sa mga layunin ng pananaliksik pagkatapos ng buong paghahayag at pahintulot.

~~(u)~~ *(w)* Kasama sa "pagpopondo sa pananaliksik" ang interdisciplinary na siyentipiko at medikal na pagpopondo para sa ~~pangkaraniwang pananaliksik,~~ *lahat ng antas ng pananaliksik, kasama na ang, ngunit hindi limitado sa, pananaliksik na pagtuklas sa stem cell, paunang development, pananaliksik na pagsasalin,* development sa pamamagitan ng terapiya, at ang development ng ~~mga pharmacology at~~ paggamot sa pamamagitan ng mga klinikal na pagsubok*, kasama, nang walang limitasyon, ang pag-reimburse ng mga gastos na kuwalipikado sa pasyente para sa mga kalahok sa pananaliksik at kanilang mga tagapag-alaga alinsunod sa talata (4) ng subdibisyon (b) ng Seksyon 125290.35; ang operasyon ng mga working group, kasama ang mga gastos na nauugnay sa pagsusuri ng dalubhasa sa mga aplikasyon; ang mga gastos sa mga advisory group at consultant na itinakda o pinanatili upang suriin at payuhan ang namumunong lupon, ang mga working group, at mga gagawaran; at mga kumperensiya sa pananaliksik*. Kapag hindi ibinigay ang gawad o pautang ng isang pasilidad upang tugunan ang lahat ng elemento ng pananaliksik, development sa pamamagitan ng terapiya, at/o mga klinikal na pagsubok, kasama dapat sa pagpopondo ng pananaliksik ang allowance para sa antas ng pag-reimburse sa pagpapaupa sa merkado para sa pasilidad. Sa lahat ng kaso, ang mga gastos sa operasyon ng pasilidad, kasama ang, ngunit hindi limitado sa, silid-aklatan at mga serbisyo sa komunikasyon, mga utilidad, pagpapanatili, paglilinis, at seguridad, ay dapat na isama bilang mga direktang gastos sa pagpopondo sa pananaliksik. Ang mga legal na gastos ng institusyon na naipon upang makipagnegosasyon sa mga pamantayan sa mga pederal at pang-estadong pamahalaan at institusyon ng pananaliksik; upang ipatupad ang mga pamantayan o regulasyon; upang lutasin ang mga pagtatalo; at/o upang isagawa ang lahat ng iba pang aksyon na kinakailangan upang depensahan at/o isulong ang misyon ng institusyon ay dapat ituring na mga direktang gastos sa pagpopondo sa pananaliksik.

~~(v)~~ *(x)* Ang "kalahok sa pananaliksik" ay tumutukoy sa taong nakatala na may buong paghahayag at pahintulot, at lumalahok sa mga klinikal na pagsubok.

(y) Ang "programa ng pananaliksik" ay tumutukoy sa mga proyekto ng pananaliksik na dinisenyo upang isulong ang parehong pangunahing layunin sa kahabaan ng pananaliksik at na isinasagawa ng mga pareho o nag-o-overlap na imbestigador.

~~(w)~~ *(z)* Ang "positibong kita" ay tumutukoy sa lahat ng kita sa buwis ng estado na direkta o hindi direktang nalikom sa pamamagitan ng pananaliksik at ang mga pasilidad ng institusyon ay mas malaki kaysa sa serbisyo sa utang sa mga bono ng estado na aktuwal na binayaran ng Pangkalahatang Pondo sa parehong taon.

~~(x)~~ *(aa)* Ang "mga stem cell" ay tumutukoy sa mga nonspecialized cell na may kakayahang maghiwa-hiwalay sa culture at mag-differentiate sa mas maraming mature na cell na may mga espesyal na tungkulin.

(ab) Ang "pananaliksik na pagtuklas sa stem cell" ay tumutukoy sa pangkaraniwang pananaliksik, paunang development, at sa pagtuklas, pagsusuri, o pagpapahusay sa mga kagamitan at teknolohiya sa mga larangan ng pananaliksik sa stem cell at sa genes at iba pang mahahalagang oportunidad sa pananaliksik.

~~(y)~~ *(ac)* Ang "mahalagang oportunidad sa pananaliksik" ay tumutukoy sa siyentipiko at medikal na pananaliksik at mga teknolohiya*, kasama na ang, ngunit hindi limitado sa, genetics, naka-personalize na gamot, at pagtanda bilang patolohiya,* at/o anumang pananaliksik sa stem cell na hindi aktuwal na pinopondohan ng institusyon sa ilalim ng ~~subparagraph (C) ng talata (1)~~ *talata (3)* ng subdibisyon (c) ng Seksyon 125290.60 na magbibigay ng talagang napakagandang oportunidad sa pananaliksik, na mahalaga upang maisulong ang medikal na agham na tutukuyin sa pamamagitan ng hindi bababa sa dalawang-katlong boto ng isang korum ng mga miyembro ng Working Group para sa Pagpopondo sa Siyentipiko at Medikal na Pananaliksik at irerekomenda ng working group na iyon sa ICOC*, o ayon sa tutukuyin sa pamamagitan ng boto ng mayoriya ng korum ng mga miyembro ng ICOC*. Ang pag-clone sa pagpaparami ng tao ay hindi dapat isang mahalagang oportunidad sa pananaliksik.

SEK. 26. Susog.

Ang mga probisyon ng inisyatibang ito, maliban sa mga probisyon ng bono, ay hindi maaaring susugan bago maaprubahan ng mga botante ang panukala. Maaaring susugan ang mga probisyon ng inisyatibang ito pagkatapos itong aprubahan ng mga botante sa pamamagitan ng isang batas na ipinasa sa pamamagitan ng botong 70 porsiyento ng mga miyembro ng bawat kapulungan ng Lehislatura at nilagdaan ng Gobernador, basta't ang mga nasabing susog ay sumusunod sa at isinusulong ang layunin ng mga programa ng gawad at utang na ginawa ng inisyatibang ito.

SEK. 27. Kakayahang Ihiwalay.

Kung ang anumang probisyon ng inisyatibang ito, o ang bahagi ng inisyatibang ito, o ang aplikasyon ng anumang probisyon o bahagi sa sinumang tao o anumang mga pangyayari, sa anumang dahilan ay ituturing na walang bisa, ang mga natitirang probisyon, o aplikasyon ng mga probisyon, ay hindi dapat maapektuhan, ngunit dapat ay manatili itong may buong kapangyarihan at bisa, at dahil dito ay maihihiwalay ang mga probisyon ng inisyatibang ito. Kung mapag-alaman ng hukuman na ang isang panghuli at hindi masusuring pagpapasiya na ang pagbubukod ng isa o higit pang entidad o aktibidad mula sa pagiging nalalapat ng inisyatiba ay magreresulta sa pagiging labag sa saligang-batas ng inisyatiba, dapat ihiwalay ang mga pagbubukod na iyon at ang inisyatiba ay dapat ilapat sa mga entidad o aktibidad na dating ibinukod sa inisyatiba. Layunin ng mga botante na ipatupad ang inisyatibang ito nagsama man o hindi ng anumang walang bisang probisyon o nagsagawa ng anumang walang bisang aplikasyon.

SEK. 28. Mga Magkasalungat na Inisyatiba.

(a) Sakaling lumabas ang inisyatibang ito at iba pang panukalang tumutugon sa medikal na pananaliksik o development sa pamamagitan ng therapy sa iisang balota sa buong estado, ang mga probisyon ng ibang panukala o mga panukala ay dapat na ituring na sumasalungat sa panukalang ito. Sakaling makatanggap ang inisyatibang ito ng mas malaking bilang ng sumasang-ayong boto kaysa sa panukalang itinuturing na sumasalungat dito, dapat mangibabaw ang mga probisyon ng inisyatibang ito sa kabuuan ng mga ito, at dapat mawalan ng bisa ang ibang panukala o mga panukala.

(b) Kung aaprubahan ng mga botante ang inisyatibang ito ngunit pinawalang-saysay ng batas sa pamamagitan ng anupamang sumasalungat na panukalang inaprubahan ng mga botante na may mas malaking bilang ng mga boto sa parehong halalan, at kalaunan ay ipinawalang-bisa ang sumasalungat na panukala sa balota, ang inisyatibang ito ay dapat na nakakaganap sa sarili at bigyan ng buong kapangyarihan at bisa.

SEK. 29. Paninindigan.

Sa kabila ng anumang ibang probisyon ng batas, kung ang estado, o alinman sa mga opisyal nito ay nabigong ipagtanggol ang pagiging ayon sa saligang-batas ng inisyatibang ito, kasunod ng pag-aproba nito ng mga botante, ang anumang ibang ahensiya ng pamahalaan ng estado ng estadong ito ay dapat magkaroon ng awtoridad na mamagitan sa anumang aksyon ng hukuman na humahamon sa pagiging ayon sa saligang-batas ng inisyatibang ito para sa layunin ng pagtatanggol sa pagiging ayon sa saligang-batas nito, ang nasabing aksyon man ay nasa sa pang-estado o pederal na hukuman sa paglilitis, nasa apela, o nasa pagsusuring diskresiyonaryo ng Korte Suprema ng California o ng Korte Suprema ng Estados Unidos. Ang mga makatwirang bayarin at gastos sa pagtatanggol sa aksyon ay dapat singilin sa mga pondong inilaan ng Kagawaran ng Hustisya, na dapat tugunan agad.

SEK. 30. Liberal na Konstruksyon.

Ang inisyatibang ito ay dapat na liberal na bigyang-kahulugan upang matupad ang mga layunin nito.

Teksto ng mga Iminumungkahing Batas

Ayon sa iniaatas ng batas, ang teksto ng Proposisyon 14 ay kasama sa gabay na ito dahil isa itong panukalang bono. Ang teksto ng mga iminumungkahing batas para sa lahat ng iba pang proposisyon ay makikita online sa *voterguide.sos.ca.gov*.

Kung gusto ninyo ng nakalimbag na kopya ng teksto para sa Mga Proposisyon 15–25:

Magpadala ng email sa Kalihim ng Estado sa *vigfeedback@sos.ca.gov*

Makipag-ugnayan sa walang bayad na Hotline para sa Botante ng Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957

Mga Opisina ng Halalan sa County

County ng Alameda
(510) 272-6933
www.acvote.org

County ng Alpine
(530) 694-2281
www.alpinecountyca.gov

County ng Amador
(209) 223-6465
www.amadorgov.org/government/elections

County ng Butte
(530) 538-7761 o (800) 894-7761
www.buttevotes.net

County ng Calaveras
(209) 754-6376
www.calaverasgov.us

County ng Colusa
(530) 458-0500 o (877) 458-0501
www.countyofcolusa.org/elections

County ng Contra Costa
(925) 335-7800
www.contracostacore.us

County ng Del Norte
(707) 464-7216
www.co.del-norte.ca.us

County ng El Dorado
(530) 621-7480 o (800) 730-4322
www.edcgov.us/Elections

County ng Fresno
(559) 600-8683
www.fresnovote.com

County ng Glenn
(530) 934-6414
www.countyofglenn.net/dept/elections/welcome

County ng Humboldt
(707) 445-7481
www.humboldtgov.org/890/Elections-Voter-Registration

County ng Imperial
(442) 265-1074
www.co.imperial.ca.us/regvoters

County ng Inyo
(760) 878-0224
elections.inyocounty.us

County ng Kern
(661) 868-3590
www.kernvote.com

County ng Kings
(559) 852-4401
www.countyofkings.com

County ng Lake
(707) 263-2372
www.lakecountyca.gov/Government/Directory/ROV.htm

County ng Lassen
(530) 251-8217
http://www.lassencounty.org/dept/county-clerk-recorder/elections

County ng Los Angeles
(800) 815-2666
www.lavote.net

County ng Madera
(559) 675-7720 o (800) 435-0509
www.votemadera.com

County ng Marin
(415) 473-6456
marinvotes.org

County ng Mariposa
(209) 966-2007
www.mariposacounty.org/87/Elections

County ng Mendocino
(707) 234-6819
www.mendocinocounty.org/government/assessor-county-clerk-recorder-elections/elections

County ng Merced
(209) 385-7541 o (800) 561-0619
www.mercedelections.org

County ng Modoc
(530) 233-6205
www.co.modoc.ca.us/departments/elections

County ng Mono
(760) 932-5537 o (760) 932-5530
monocounty.ca.gov/elections

County ng Monterey
(831) 796-1499 o (866) 887-9274
www.montereycountyelections.us

County ng Napa
(707) 253-4321
www.countyofnapa.org

County ng Nevada
(530) 265-1298
http://www.mynevadacounty.com/1847/Elections-Voting

County ng Orange
(714) 567-7600
www.ocvote.com

County ng Placer
(530) 886-5650
www.placerelections.com

County ng Plumas
(530) 283-6256 o (844) 676-VOTE
https://www.plumascounty.us/142/Elections-Division-Home

County ng Riverside
(951) 486-7200
www.voteinfo.net

County ng Sacramento
(916) 875-6451
www.elections.saccounty.net

County ng San Benito
(831) 636-4016
sbcvote.us

County ng San Bernardino
(909) 387-8300
www.sbcountyelections.com

County ng San Diego
(858) 565-5800 o (800) 696-0136
www.sdvote.com

County ng San Francisco
(415) 554-4375
sfelections.org

County ng San Joaquin
(209) 468-2890 o (209) 468-2885
www.sjcrov.org

County ng San Luis Obispo
(805) 781-5228 o (805) 781-5080
www.slovote.com

County ng San Mateo
(650) 312-5222
www.smcacre.org

County ng Santa Barbara
(805) 568-2200
www.sbcvote.com

County ng Santa Clara
(408) 299-8683 o (866) 430-8683
www.sccvote.org

County ng Santa Cruz
(831) 454-2060
www.votescount.com

County ng Shasta
(530) 225-5730 o (888) 560-8683
www.elections.co.shasta.ca.us

County ng Sierra
(530) 289-3295
http://www.sierracounty.ca.gov/214/Elections

County ng Siskiyou
(530) 842-8084 o
(888) 854-2000 ext. 8084
www.sisqvotes.org

County ng Solano
(707) 784-6675
www.solanocounty.com/elections

County ng Sonoma
(707) 565-6800
vote.sonoma-county.org

County ng Stanislaus
(209) 525-5200
http://www.stanvote.com

County ng Sutter
(530) 822-7122
www.suttercounty.org/elections

County ng Tehama
(530) 527-8190
http://www.co.tehama.ca.us/gov-departments/elections

County ng Trinity
(530) 623-1220
https://www.trinitycounty.org/Elections

County ng Tulare
(559) 624-7300
http://www.tularecoelections.org/elections

County ng Tuolumne
(209) 533-5570
www.co.tuolumne.ca.us/elections

County ng Ventura
(805) 654-2664
https://recorder.countyofventura.org/elections

County ng Yolo
(530) 666-8133
yoloelections.org

County ng Yuba
(530) 749-7855
www.yubaelections.org

MGA PETSANG DAPAT TANDAAN!

HUWAG KALIMUTANG BUMOTO!

Bukas ang mga lugar ng botohan mula 7:00 a.m. hanggang 8:00 p.m. sa Araw ng Halalan!

OKTUBRE

Linggo	Lunes	Martes	Miyerkules	Huwebes	Biyernes	Sabado
				1	2	3
4	5	6	7	8	9	10
11	12	13	14	15	16	17
18	19	20	21	22	23	24
25	26	27	28	29	30	31

Oktubre 5, 2020

Magsisimulang magpadala ang mga county ng mga balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo.

Oktubre 19, 2020

Huling araw ng pagpaparehistro upang makaboto. Maaari kayong magparehistro “nang may kondisyon” at bumoto sa opisina ng halalan sa inyong county o lokasyon ng pagboto pagkatapos ng 15 araw na huling araw sa pagpaparehistro ng botante.

NOBYEMBRE

Linggo	Lunes	Martes	Miyerkules	Huwebes	Biyernes	Sabado
1	2	**3**	4	5	6	7
8	9	10	11	12	13	14
15	16	17	18	19	20	21
22	23	24	25	26	27	28
29	30					

Nobyembre 3, 2020
Araw ng Halalan!

California Secretary of State
Elections Division
1500 11th Street
Sacramento, CA 95814

NONPROFIT
U.S. POSTAGE
PAID
CALIFORNIA
SECRETARY
OF STATE

BUMOTO NANG LIGTAS
CALIFORNIA

All California voters will receive a vote-by-mail ballot for the November 3, 2020, election. Learn more inside.
English: (800) 345-VOTE (8683) **TTY/TDD: (800) 833-8683**

អ្នកបោះឆ្នោតទាំងអស់ក្នុងរដ្ឋ California នឹងទទួលបាន សន្លឹកឆ្នោតបោះតាមសំបុត្រសម្រាប់ការបោះឆ្នោតនៅថ្ងៃទី **3 ខែវិច្ឆិកា ឆ្នាំ 2020** ។ សម្រាប់សំណួរ ឬជំនួយអ្នកបោះឆ្នោត សូមហៅមកលេខខាងក្រោម ។
ខ្មែរ/Khmer: (888) 345-4917

Todos los votantes de California recibirán una boleta electoral de voto por correo para la elección del 3 de noviembre de 2020. Para preguntas o asistencia al votante, llame al número a continuación.
Español/Spanish: (800) 232-VOTA (8682)

모든 캘리포니아 유권자는 **2020**년 **11**월 **3**일 선거를 위한 우편 투표지 받게 됩니다. 문의 사항 또는 유권자 지원을 원하시면, 아 래 전화번호로 연락해주십시오.
한국어**/Korean: (866) 575-1558**

所有加州選民將收到用於 **2020** 年 **11** 月 **3** 日選舉的郵寄投票選票。如有疑問或需要提供選民協助，請致電下列號碼。
中文**/Chinese: (800) 339-2857**

Tatanggap ang lahat ng botante ng California ng balota para sa pagboto sa pamamagitan ng koreo para sa halalan sa Nobyembre 3, 2020. Para sa mga katanungan o tulong sa botante, mangyaring tawagan ang numero sa ibaba.
Tagalog: (800) 339-2957

कैलिफोर्निया के सभी मतदाताओं को **3 नवंबर, 2020** के चुनाव के लिए 'डाक-द्वारा-मतदान करें' मतपत्र प्राप्त होगा। प्रश्नों या मतदाता सहायता के लिए, कृपया नीचे दिए गए नंबर पर कॉल करें।
हिन्दी /Hindi: (888) 345-2692

ผู้ออกเสียงลงคะแนนในรัฐแคลิฟอร์เนียทุกคนจะ ได้รับบัตรเลือกตั้งประเภทลงคะแนนเสียงผ่านทาง ไปรษณีย์สำหรับการเลือกตั้ งที่จะจัดขึ้น ในวันที่ **3** พฤศจิกายน **2020** หากมีขอสงสัยหรือตองการความช่วยเหลือ โปรดโทรติดตอหมายเลขดานลาง
ภาษาไทย **/Thai: (855) 345-3933**

すべてのカリフォルニア州有権者には 2020 年 11 月 3 日選挙の郵便投票用紙が送られます。お問い合わせまたは有権者の支援に関しては、以下 の番号までお電話ください。
日本語 **/Japanese: (800) 339-2865**

Tất cả các cử tri California đều sẽ nhận được lá phiếu bầu bằng thư cho kỳ bầu cử vào **ngày 3 tháng Mười Một, 2020.** Nếu có thắc mắc hoặc cần giúp về bầu cử, xin gọi số điện thoại dưới đây.
Việt ngữ **/Vietnamese: (800) 339-8163**

TAGALOG

OSP 20 150102